

Dalúyan

Journal ng Wikang Filipino

TOMO XXIX, BLG. 1, 2023



ISSN 01117-1275 (print) | ISSN 2244-6001 (online)

Tomo XXIX, Blg. 1, 2023

Ang mga artikulo ng Dalúyan ay pawang opinyon ng mga may-akda
at hindi nangangahulugang opisyal na pahayag ng
Sentro ng Wikang Filipino - UP Diliman.

Jayson D. Petras, PhD
jdpetras@up.edu.ph
Dinektor, Sentro ng Wikang Filipino - UP Diliman

Raniela E. Barbaza, PhD
pebarbaza@up.edu.ph
Karlo Mikhail I. Mongaya, M.A.
kimongaya@up.edu.ph
Mary Jane B. Rodriguez-Tatel, PhD
mbrodriguez@up.edu.ph
Mga Editor ng Isyu

Larry Boy B. Sabangan
lbsabangan@up.edu.ph
Tagapamahalaang Editor

Kirt John C. Segui
kjsegui@kwf.gov.ph
Editor Pangwika

John Vincent K. Forteza
jkforteza@cbzrc.pshs.edu.ph
Tagadiseno ng Aklat at Pabalat

Inilalathala ng Unibersidad ng Pilipinas sa pamamagitan
ng Sentro ng Wikang Filipino - UP Diliman dalawang beses sa isang taon.
Maaaring maakses ang elektronikong bersiyon ng Dalúyan
sa <https://journals.upd.edu.ph/index.php/djwf/issue/archive>
at sa <https://sentrofilipino.upd.edu.ph/>

Sentro ng Wikang Filipino - UP Diliman 3/F, Gusali ng Linangan ng Maliliit na Industriya (ISSI),
Unibersidad ng Pilipinas Diliman, Lungsod Quezon

Telepono blg.: +632-8924-4747 at +632-8981-8500 lok. 4583.
Email: daluyan.swf.upd.edu.ph

Nilalaman

- 05 TALÂ NG MGA EDITOR
Garbo, Rukyaw: Pagdiriwang
ng Panitikang Pilipino sa Iba't ibang Wika

RANIELA E. BARBAZA
KARLO MIKHAIL I. MONGAYA
MARY JANE B. RODRIGUEZ-TATEL
- 12 Ang Banal na Búhay at Ang Karima-rimarim
na Katawan: Pagsusuri ng Isang Vidang Bikol

SHAUNNAH YSABEL V. CLEDERA
- 23 Doon Po sa may Dakong-Hulo:
Panimulang Pananalambaw
sa mga Kuwentong-Bayan ng Valenzuela

ANTHONY BACULBAS GABUMPA
- 37 Apat na Dulâ ukol sa Adbokasiya
ng Positibong Disiplina

FREDYL B. HERNANDEZ
- 50 Mga Tula sa Filipino-SOX na Zines:
Túngo sa Pagpapakilala
ng Multilingguwal at Multikultural
na Komunidad sa Timog Mindanao

HANNAH A. LECENÑA

60 Kayamanan, Pag-aasam, at Paghilom sa Ad-dëm ng mga Ibaloy

L.A. E. PILUDEN

69 Pagsibol, Pagsulong, Paglihis, at Pagwawasto: Mga Talâ hinggil sa Kasaysayan ng Pag-unlad ng Rebolusyonaryong Gawaing Pangkultura at Pampanitikan sa Panay (1975–2005)

ROGER FELIX SALDITOS

Salin sa Filipino ni:

KARLO MIKHAIL I. MONGAYA

Garbo, Rukyaw: Pagdiriwang ng Panitikang Pilipino sa Iba't ibang Wika

RANIELA E. BARBAZA

KARLO MIKHAIL I. MONGAYA

MARY JANE B. RODRIGUEZ-TATEL

Unibersidad ng Pilipinas Diliman

Garbo! Rukyaw! Ipagdiwang! Ipagbunyi! Ipagmalaki natin ang yaman ng ating panitikan sa iba't ibang wika, sa iba't ibang panahon, sa iba't ibang posisyong diskursibo. Pilipino tayo. Panitikang Pilipino ang panitikan natin.

Garbo ang salitang Sugbuhanon para sa pagmamalaki. Humigit kumulang ay ito rin ang pagpapakahulugan ng “rukyaw” sa wikang Bikolnon. Sinasagisag ng dalawang salita ang pananagumpay ng tao sa anumang hamon sa buhay, bunga ng kaniyang pagpupursige. Ano pa’t nakahabi sa pagdiriwang ang pagdakila at pagmamalaki.

Ipinagdiriwang ng isyung ito ng *Dalúyan* ang yaman ng Panitikan ng Pilipinas. Tapos na ang panahong kailangan nating igiit na mayroong Panitikan ng Pilipinas. Tapos na rin ang panahon para itangging disyerto ang larang ng Panitikan ng Pilipinas. Katunayan, malalim ang bukal ng yaman ng ating panitikan—dumadaloy mula sa iba’t ibang mga wika sa kapuluan. Kung kaya, garbo, rukyaw!

Sa lalim nitó sinusuhayan ang lakas at sigla ng ating kolektibong SARILI, ng ating pagka-Pilipino. Isang mahalagang tagpo ang ipinipinta ng salimbayan ng rukyaw (pagdiriwang) at garbo (pagmamalaki) sa panitikang Pilipino. Lumilikha ang nasabing tagpo ng isang punto ng pagninilay para sa pagmamalay ng kolektibong SARILI. Sino o ano nga ba ang Pilipino?

Mahigit tatlong daang taon ng kolonyalismong Español bago natin inangkin ang pangalang “Pilipino”

upang sumagisag sa ating paglaya at pagsasabansa. Masalimuot at liko-likong proseso ang pag-aangkin mula sa kolonyal nitóng kaligirang “Filipino” sa pagtatapos ng ikalabinsiyam dantaon—ang maduláng yugto ng Himagsikan at pagkilala sa tunay na Inang Bayan. Batbat ito ng hamon at mga kontradiksiyong kakabit ng pagmamalay sa “sarili.” Una, isinunod ang “Filipino” sa ngalan ni Haring Felipe II na inilapat sa noo’y bago niyang posesyon—ang *Las Islas Filipinas*. At mga Español sa Pilipinas o insulares ang unang “Filipino” habang tayong mga sakop ay “Indio.”

Ikalawa, sa punyaging ibangon ang dangal ng liping inaaaglahi, kahit ang katagang “Indio” ay pinapagbagong anyo bilang “Indios Bravos” (Rizal 1889, sinipi sa Sohn 2010, 552). Hanggang sa magpasya silang angkinin ang “Filipino.” Kung kaya, mga ilustrado o Hispanisadong Pilipino ang unang nag-angkin dito. Ito ang ikatlong kabalintunaan. “Filipinisasyon” ng “indio” ang naging daan sa pagsasabanyaga o Hispanisasyon ng sariling diwa (Salazar 1999, 21–32). Kinailangang matutong mangastila upang maging “Filipino.” Sapagkat sa wika ng mananakop pinadadaloy ang karahasan ng kaalamang nang-aalipusta, wika rin ng mananakop ang sinandata. Nagpatuloy ang kabalintunaan ng “Filipinisasyon”

na sa panahon ng sumunod na kolonyalismo ay nag-anyo namang “Amerikanisasyon. Ang ilustrado ng ikalabinsiyam dantaon ay nag-anyong pensionado ng ikadalawampung dantaon, mga akulturadong Pilipinong nagpatuloy sa pagsasabanyaga ng sariling diwa.

Ikaapat na hamon at kontradiksiyon, kung sa sinapupunan ng mga akulturadong intelektuwal naipunla ang “Filipino” matapos ang kolonyalismo, taglay rin o minana nitó ang mapanaklaw (homogenizing) at nanggagahum (hegemonic) na tendensiya ng kolonyal na nasyon-estadong nagsilang dito. Nakamtan diumano natin ang politikal na independensiya subalit hindi pa rin naman tayo ang nagpapasya. Bihag na kamalayan ang mabunying pamana ng kolonyalismo at ang Pilipinong elit sa kanilang mga susing papel bilang politiko at akademiko ang nagsilbing tagapagmana. Sa panukat at pamantayan ng progreso, sibilisasyon, at intelektuwalismo ng dating kolonisador, nag-asta silang anino o copy-cat sa nagpapatuloy na naratibo ng “little brown brother” (Taft 1901, 35; Cullinane 2003; Salazar 1999).

Isang kritikal na bagtasang sa ating kasaysayan ang interkolonyal na transisyon mula Español patungong Amerikanong kolonyalismo. Matinding hamon ang iniumang nitó para sa tinaguriang “cerebro del país”—ang mga Pilipinong intelektuwal. Nangangabay sila sa dalawang magkaiba, kundi man ay magkasalungat na realidad: una, bilang anak ng “*La Ilustracion*” [mula sa natamong kanluraning edukasyon] at ikalawa, bilang mga “anak ng Bayan” [mula sa lupang tinubuan]. Bilang “utak” paano nila pagagalawin ang “katawan”? Mula sa dalawa nilang pinagmumulan, saan nila ito dadalhin? Tila nanghihingi ng malalim na pagmumuni ang pahayag na ito ni Resil Mojares sa kaniyang aklat na nakapatungkol sa mga “utak ng Bayan” (*Brains of the Nation*, 2006) ang pamagat. Niya,

When Rizal spoke of intellectuals as the “brains of the nation,” by what alchemy of history did he imagine that the brain could become one with the body itself? Rizal was enough of a realist to know the extreme difficulty, even essential impossibility, of the dream but he understood that nations live on such dreams. (Mojares 2006, 505)

Hindi panaginip na nalilikha sa pagtulog ang tinutukoy rito, kundi pangarap na kakabit ng pagmamalay sa paligid habang inihahabi sa kasalukuyan ang kinabukasan. Subalit ang pagmamalay ay hindi lamang dayalogo ng kasalukuyan at kinabukasan. Makapangyarihang aktor ang nakaraan sapagkat sa kahapon nag-uugat ang ngayon. At kung hindi matatag ang pagkakaugat, mababansot o kundi ma’y hindi susuloy ang bukas. Higit pa sa mga pagbabago, mga katuluyan (continuities) ang nagbibigay-saysay sa ating kolektibong salaysay.

Kung sa ibaba tayo tutunghay masisipat nating patuloy, walang patid ang paggigiit at paninindigan. Kung kaya, ang ibaba, ang pinagmumulang pamayanan

ang siyang sumusuhay sa ating “pagpapaka” (“becoming”). Sa simula pa lang ng pagdating ng mga mananakop inaapuhap na ang pinagmulan – ang lugar ng mga “pre-Hispanikong Pilipino” (Scott). Upang lábanan ang diskurso ng “gentes salvajes” na ipinaparatang sa sangka-“Indiohan” bumuo ang mga ilustrado ng isang kontra-diskursong pangkalinangan gamit ang “la antigua civilizacion” (ginintuang panahon ng sinaunang kabihasnan”) (Paterno 1887 sinipi sa Reyes 2011) gayundin ang “el saber popular” (kaalamang bayan) na nasa kaibuturan ng dadalumating “el folk-lore filipino” ni Isabelo de los Reyes (1889) (Mojares 354, 472). Ito rin ang dahilan sa likod ng anotasyon ni Rizal (1890) sa *Sucesos de las Islas Filipinas* (1609) ni Antonio de Morga. Lahat ng ito ay nagtatanghal sa katatagan, lakas at sigla ng ating mga dunong katutubo—kaalaman at kasanayan, teknolohiya at praktika ng mga sinaunang pamayanan: “bayan,” “balen,” “baley,” “ili,” “banwa,” “inged,” “bungto,” “nasud/lungsud/pungsod,” “dalepa” atbp.—mga katawagang nagsisilbing artikulasyon ng “kabuoang wika-at-kalinangan” o “grupong etnolingguwistiko.” Tinawag din ito ng historyador-etnologong si Zeus Salazar na “estadong bayan” o “estadong etniko” bilang pinakamataas na yugto ng politikal na organisasyong naabot ng ating mga ninuno sa bisperang ng kolonyalismo.

Lampas pa sa barangay o grupo ng mga mag-anak, ang estadong bayan ay bukluran ng mga bayan-bayan sa loob ng isang partikular na grupong etnolingguwistiko (Rodriguez 2006/2020). Interdependensiya ang bumabalangkas sa nasabing kabuoan. Produkto ito ng mga resiprokal na ugnayan sa pagitan at sa hanay ng mga pamayanan sa bisa ng pagpapangasawan (intermarriage), palitan ng kalakal, maging sa pamamagitan din ng digmaang lumulundo sa mga kasunduang pangkapayapaan. Sentral sa mga ugnayang ito ang daloy ng ilog. Mula sa mga pamayanan sa-raya o uluhan (headwater) sa kabundukan, nagsasangasanga ang mga ito patungo sa-laud (ang dinadalúyan sa ibaba) habang binabaybay ang karagatan (Rodriguez-Tatel 2007; 2020). At sa pagsasang-sanga, lumilikha ito ng isang kawing ng mga ugnayang ipinapahayag sa salitang “salapongan” ng mga Tagalog, “serepungan” o “salapungan” ng mga Menuvu, “salabpungan” ng mga Ata Manobo, “beddeng” ng mga Ilokano. Ibig sabihin, sentral ang ilog/kailugan bilang batayan ng ating lugar o puunan (pinagmulan) at identidad. Kung kaya nasambit ng isang Talaandig ng Bukidnon, “Lahat naman tayo taga-ilog.” Mula hilagang Pilipinas hanggang sa katimugan, marami tayong maaapuhap na katibayan: ang Itneg ay mula sa ilog Tineg, ang Kapampangan ay mula sa pampang ng ilog, Umayamnon ay mula sa ilog Umayam; ang Tinananen, mula sa ilog Tinanan; Tigwahanon, mula sa ilog Tigwa; Pulangiyan, mula sa ilog Pulangi; A/Eruanan ne Menuvu, mula sa maalamat na sapang “Aroman” (Ayuman sa ulahingan) at marami pang iba (Rodriguez 2021). Bilang paggalang at pagpapahalaga sa pinagmulan, itinuturing din nila itong banal. Isang sapang tributaryo ng Pulangi ang “Nelendangan” ng mga Eruanan na kanilang isinaalamat sa ulahingan

bilang “Paraiso sa Lupa” (Babelon sinipi sa Rodriguez 2021, 551).

Makapangyarihan kung gayon ang kailugan sa pagbalangkas ng ating mga pamayanan at kakaniyahan. Katunayan, napagtanto na ito noon ng Katipunan (KKK) kung kaya nila dinalumat ang ating kabansaan sa “Katagalugan”—upang hubdan ng hibong kolonyal ang ating pangalan. Pamalit sa “Las Islas Filipinas” nais nilang umugat sa ating sariling sensibilidad. Sa puntong iyon, pinapagbagong-anyo ang salitang “Tagalog” bilang pantukoy sa “lahat ng tumubo sa Sangkapuluang ito... Bisaya man, Iloko man, Kapampangan man, atbp., ay Tagalog din” ani Emilio Jacinto (1896, sinipi sa Almarion 1993, 156). Simple lang ang paliwanag ng rebolusyonaryong si Carlos V. Ronquillo ukol dito. Tinawag niyang “tagailog” ang “tanang anak ng Pilipinas, saa’t saan mang pulo at bayan” dahil sa tayo’y “maibiging manirahan sa tabi ng ilog” at ito’y “di maikakaila na siyang talagang hilig” natin.

Samakatwid, itinakda na ng kalikasan ang isang talinghaga ng ating pagkakaugnay-ugnay at patuloy na ugnayan. Mauulingan ito sa sinabi ni Prospero Covar sa agenda ng ating pagsasabansa. Aniya: “Ang ating karanasan ay pagbubuo ng Pilipinong kultura buhat sa iba’t ibang daloy at batis na mayroong katangiang kaayusan” (Covar 1991/2007, 69). Sa talinghaga ng daloy, naitatampok ang magkakaiba (kung kaya natatangi) subalit magkakaugnay na kakaniyahan. Di nga kasi’y wala umano tayong “great traditions,” puna ni Prop. Niels Mulder ng Unibersidad ng Bielefeld, Alemanya, bagkus “shared culture” (*Ibid.*); samakatwid, isang tagpuan o bahaginan ng magkakaiba at natatangi subalit magkakaugnay at patuloy na nag-uugnayang mga kalinangan.

Salungguhitan natin ang pagkakaiba-iba at pagkanatatangi. Batid nating taliwas ito sa diskurso ng “culture center” na batayan ng pagtatakda ng “great” at “little traditions”—ang sinasandigan ng isang hegemonikong estado. Sa nasabing “pinagsasaluhang kalinangan” may bumubukal na organikong kaisahang nakabatay hindi sa nakababaog na unipormidad, bagkus sa masiglang palitan o bahaginan ng magkakaiba-iba. Sapagkat walang magkaparehong nagkakapalitan. Hugpungan ito sa anyo ng “salapungan”—ang talinghaga ng nagsasanga-sangang mga daloy ng kailugan. Dalawang magkaibang bahagi ang pinaghuhugpong. Magkapatid o magkaputol. Ibig sabihin, sa kabila ng pagkilala sa iisang pinamulan isinasaalang-alang ang pagkaroon ng “katangiang kaayusan.” Hindi ito isang kaisahan o “kabuoang-walang-lamat” o walang putol. Ano pa nga’t magkaputol talaga ang pinaghuhugpong. Subalit sa kabila ng mga pagkakaiba-iba na maaaring singawan ng tunggalian o hidwaan, hangga’t may pagtatalaban, nagkakaroon ng bisa sa isa’t isa (Rodriguez-Tatel 2007, 2008). At ito ang malaking hamon sa atin ngayon: paano paghuhugpong-hugpungin ang mga pinolitikang kaibahan upang maipihit ang ating pananaw patungo sa isang mas makabuluhang talában?

Wika ang pangunahing susi sa nasabing “talában” na maihalalintulad sa isang “serepungan/salapungan”

ng iba’t ibang daloy ng kailugan patungo sa inaadhikang pagpapaka-Pilipino. Nakasaad sa Saligang Batas ng 1987 (Art. 14, Sek. 6): “Ang wikang pambansa ng Pilipinas ay Filipino. Samantalang nalilinaang ito ay dapat payabugin at pagyamanin pa salig sa umiiral na mga wika ng Pilipinas, gayundin ang mga likhang sining.” Samakatwid, magkakaharap ngayon ang lahat ng mga wika sa Pilipinas upang lamnan ang patuloy na paglilinaang. Magkakaharap gayundin ang mga panitikang dinadalúyan ng mga wikang ito. Nakatindig at naninindigan tayo ngayon sa para sa isang “serepungan/salapungan”—tagpuan, salimbayan, talában ng iba’t ibang grupong etnolingguwistiko. Sapagkat ang pagmamalay sa sarili ay pagmamalay rin sa kapuwa bilang makabuluhang kabahagi ng sarili.

Matagal na proseso ang pagmamalay sa sarili bilang isang sarili ayon na rin sa isinalaysay ni Lumbea (2000, 3-4). Naganap ang pagkagulantang ni Lumbea na siya nga pala’y hindi lamang isang akademiko kundi isang akademikong Pilipino noong huling bahagi ng dekada limampu. Sa parehong dekada rin na iyon, nananaliksik na rin sina Felipe Landa Jocano (sugidanon ng Panay), Maria Lilia F. Realubit (panitikan ng Bikol), at Damiana Eugenio (awit at korido). Bagama’t si Jocano ay nanaliksik bilang isang antropologo, isa sa mahalagang ibinunga ng kaniyang pananaliksik ang narekord niyang bersiyon ng Hinilawod na inawit ni Hugan-an. Itinulak kapuwa sina Jocano at Realubit ng hangaring mapatunayan na mayroon ang pakiwari noon na wala/hindi (negasyon/absence): walang sugidanong Pilipino (Jocano 2011, ix), at walang panitikang Bikol. Samantalang si Eugenio naman ay nagnais na mailugar ang korido ng Pilipinas sa pandaigdigang tradisyon ng panitikang popular (1987, ix). Hinarap ni Realubit ang tinanong sa kaniya sa isang klaseng gradwado niya noon: “Bikol literature—is there such one?” (1983 i). Ngunit ilang dekada pa ang magdadaan bago mailathala ang mga pananaliksik nila. Dekada otsenta na mailalathala ang pag-aaral ni Realubit. Isasalin ni Jocano sa wikang Ingles ang unang bahagi ng nirekord niyang inawit na sugidanon ni Hugan-an noong dekada sitenta at ilalathala ito noong 2000. Dekada otsenta na rin nailathala ang pananaliksik ni Eugenio.

Tiyak na ang hugis ng pagpihit ng pananaw ng mga iskolar na Pilipino noong dekada sitenta. Panahon ito na ng paglalatag ng ano at paano gagawin ang mga susunod na mga pag-aaral at pananaliksik. Taóng 1976 unang nalathala ang sanaysay ni Lumbea na “Towards a Revised History of Philippine Literature” samantalang taóng 1973 naman nalathala ang artikulong “Towards a Re-Oriented of Literary Studies” ni Rolando Tinio. Ang pagkilala sa dalawang kritiko bilang pambansang alagad ng sining sa panitikan ay tanda ng kanilang papel sa pagsasapilipino ng produksiyon ng kaalaman. Ang reoryentasyon, katunayan, ayon kay Tinio ay paghahanap ng nawawalang sarili: “we are looking for a lost consciousness” na isang gawain ng panunuring pampanitikan dahil ito rin ay paghahanap ng “lost literary sense” (356). Sa isa pang sanaysay na nalathala sa dekada sitenta rin, upang maisagawa

ang reoryentasyon sa pananaliksik ng panitikan ng bansa, tinukoy ni Lumbera na isa sa mga suliranin sa pananaliksik sa tinatawag pa niya noon na panitikang “bernakular” ang kakulangan ng mga taóngmay nais manaliksik dito. Aniya, sampung taon bago niya isulat ang artikulo, “any young Filipino who had an interest in literary studies automatically turned to the study of English and American literature” (1984, 107). Kaya nga inilarawan niyang bako-bako ang daan sa pananaliksik ng panitikan ng Pilipinas sa sariling mga wika nitó.

Halos limampung taon na ang nakararaan mula nang nilathala ang mga artikulong ito. Ngayo’y marahil masasabi natin na may liwanag na at hindi na gaanong baku-bako ang dinadaanang landas ng mga mananaliksik ng panitikan ng Pilipinas sa sariling mga wika nitó. Makikita natin sa mga artikulong kasáma sa isyung ito ng *Dalúyan* na may kabataang mananaliksik na rin tayong pumipiling paksain ang sariling panitikan. Pumupunta ang kabataang mananaliksik ngayon sa mga arkibo, sa mismong mga pamayanan, sa mismong mga pagtatanghal ng mga likha, sa pagtitipon ng mga manunulat, sa kanayunan.

Malinaw na malay ang mga mananaliksik ngayon ng at sa kanilang pagkaPilipino. Hindi na lamang hindi nakakagulantang para sa kanila na saliksikin ang sariling panitikan bagkus ito ay sa wari ay otomatiko nang pinipili ng kabataang mananaliksik ngayon. Kung ang rebisyon at reoryentasyon na tinakdang gawain nina Tinio at Lumbera ay isang pagbabalik sa sarili, makikita natin na masigasig na ginagampanan ito ngayon ng ating kabataang mananaliksik. Bahagi ng reoryentasyon ang pagkawala sa hindi-sariling pamantayan sa panunuring pampanitikan kaya ang pagkalaya mula sa pamantayang hindi-sarili ay nagbunsod ng pananaliksik sa iba’t ibang anyong pampanitikan. Lumilitaw ito sa mga artikulo sa isyu na ito ng *Dalúyan*.

Hindi na natatakot sa pagkakaiba-iba ang mga mananaliksik natin ngayon. Sa halip, ipinagdiriwang pa at iniigiban ng kaalaman tungkol sa sarili. Ang pagkaPilipino na sinasaliksik ng mga mananaliksik natin ngayon ay hindi na ang isahang tumbasang ang Tagalog ay Pilipino. Bagkus, kinikila ng mga artikulo sa isyung ito ng *Dalúyan* na maraming pangalan ang Pilipino.

Sa pananaliksik ni Leceña, ang Pilipino tulad ng wika niya’y maaring tulad ng varayti ng Filipino na tinatawag na Filipino Sox na sinasalita sa Rehiyon 12. Pinapakita ng saliksik ni Leceña ang papel ng mga bagong dalúyang pampanitikan tulad ng zine at mga komunidad ng manunulat at mambabasa na tumatangkilik nitó sa higit na pagpapayaman ng wikang ito.

Bikolnon naman ang Pilipino sa pag-aaral ng koridong Bikol ni Cledera na sinusundan ang pananaliksik na sinimulan pa ni Eugenio at ni Carpio para sa koridong Bikol. Hindi na prinopoblema ng pananaliksik ni Cledera kung tama bang saliksikin ang korido tulad ng hinarap na suliranin ni Eugenio. Mahalagang saliksiksin katunayan ang korido dahil sa kasikatan nitó sa buong kapuluan sa matagal na panahon kaya nga nilayon ng pag-aaral ni Cledera na unawain ang mga ito bílang lunan ng tunggalian ng puwersa ng

sarili at ng hindi-sarili.

Pilipino din nga ang mga Ibaloi kaya’t hikayat ni Piluden sa kaniyang papel na *matmatnëng* [maingat (na) makinig] sa mga addem ng Ibaloi na bahagi ng chiva sapagkat “may potensiyal ito na magdala ng mensahe ng paghilom at paghaharaya ng isang mas makatarungang mundo.” Napapanahon din ang pagpapatampok ni Piluden sa mga katutubong kaalamang Ibaloi na pumapatungkol sa pananatili at pagtatanggol sa kalikasan, bagay na kamakailan na lamang binibigyan ng pagkilala ng mga siyentista, mananaliksik, at mga otoridad.

Pilipino ang mga mangingisda sa barangay ng Tagalog at Coloong sa Valenzuela kaya’t nanalambaw (nangisda gamit ang lambat na tinatawag na lambaw sa Valenzuela) si Gabumpa ng mga kuwentong bayan sa dalawang barangay na ito upang *matmatnëng* ng mga naiatala sa mga kuwento na “kasaysayan, kaalamang-bayan, at mga paniniwala” ng mga Pilipinong Valenzuelan. Mahalagang lunan ng mga pagbabagong sosyo-ekonomiko ang mga hanggahan ng lungsod at nayon (Borras), isang prosesong panlipunan na tumatawid sa mga kuwentong bayan na tuon ng saliksik ni Gabumpa.

Pilipino ang mga bata paalala sa atin ni Angeles sa kaniyang papel. Isang katotohanang marahil nalilimutan nga sa isang lipunang tulad ng Pilipinas na may mataas na pagtingin sa nakatatanda. Tuon ng papel ni Angeles ang mga dulá ng Arts Zone Project ng PETA na nagtatanggol sa mga karapatan ng mga bata. Mahalagang banggitin ang pagsisikap ng proyekto na dalhin at itanghal sa iba’t ibang dako ng bansa ang mga dulá at ang bitbit nitóng pandaigdigang pandaigdigang diskurso hinggil sa karapatan ng mga bata.

Rebolusyonaryo naman ang Pilipino sa sanaysay ni Salditos. Natatangi ang artikulo ni Salditos hindi lamang dahil salin ito kundi dahil malawak ang sakop nitó hindi lamang temporal kundi pulitikal din. Tinalakay ng artikulo ang mga pangyayari sa kasaysayan ng Panay at ang produksiyong pampanitikan dito na hindi natatalakay ng ibang mananaliksik dahil marahil sa kawalan ng akses sa mga ito.

Kalikasan ng wika sa mga Pilipinas na magtiyak ng pangngalan sa pamamagitan ng pag-uuri ng isang pangngalan gamit ang isa pang pangngalan na kumikilos bílang pang-uri tulad ng Bikolnong Pilipino, Bisayang Pilipino, Pilipinong Ibaloi, mangingisdang Pilipino, rebolusyonaryong Pilipino, batang Pilipino.

Samakatwid, mismong wika natin ang kumikilala na maraming pangalan ang Pilipino. Ipagdiwang natin sa ating panitikan.

MGA SANGGUNIAN

Almario, Virgilio S. *Panitikan ng Rebolusyon(g) 1896*, Lungsod Quezon: UP Press, 1993.

Borras, Saturnino Jr. “Contemporary Agrarian, Rural and Rural–Urban Movements and Alliances.” *Journal*

of *Agrarian Change* 23, blg. 3 (2023): 453–76.

Covar, Prospero. "Pilipinolohiya." *Nasa Mga Babasahin sa Agham Panlipunang Pilipino: Sikolohiyang Pilipino, Pilipinolohiya, at Pantayong Pananaw*, inedit nina Arthur M. Navarro at Flordeliza Lagbao-Bolante, 62-71. Quezon City: C & E Publishing Inc., 2007.

Cullinane, Michael. *Ilustrado Politics: Filipino Elite Responses to American Rule, 1898-1908*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2003.

Eugenio, Damiana. *Awit and Corrido: Philippine Metrical Romances*. Lungsod Quezon: University of the Philippine Press, 1987.

Jocano, Felipe L. *Hinilawod: The Adventures of Humadapnon (Tarangban)*. Trans. Felipe Jocano. Lungsod Quezon: Punlad Research, Inc, 2000.

Lumbera, Bienvenido. "Towards a Revised History of Philippine Literature." *Revaluation: Essays on Philippine Literature, Cinema, and Popular Culture*. Lungsod Quezon: Index Press, 1984.

Mojares, Resil. *Brains of the Nation: Pedro Paterno, T.H. Pardo de Tavera, Isabelo delos Reyes and the Production of Modern Knowledge*. Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press, 2006.

Realubit, Maria Lilia F. *Bikols of the Philippines*. Naga City: A.M.S. Press, 1983.

Reyes, Portia. *Panahon at Pagsasalaysay ni Pedro Paterno, 1858-1911: Isang Pag-aaral sa Intelektuwalismo*. Lungsod Quezon: Vibal Publishing, Inc. at BAKAS, 2012.

Rizal, Jose. "Mga Pangyayari sa Sangkapuluang Pilipinas" ("Events in the Philippine Islands"/ (Sucesos de las islas filipinas por Antonio de Morga) recently brought to light and annotated by José

Rizal, 1890 https://issuu.com/filipinasheritagelibrary/docs/mga_pangyayari_sa_sangkapuluang_pil?e=18015266/13675952. Inilimbag noong Hunyo 19, 2015; inakses noong Hunyo 15, 2022.

Rodriguez-Tatel, Mary Jane. "Ang Dalumat ng 'Bayan' sa Kamalayan at Kasaysayang Pilipino." Bagong Kasaysayan: Mga Pag-aaral sa Kasaysayan ng Pilipinas. Monograf/Lathalain Blg. 15 (Revised Edition). Lungsod Quezon: Palimbagan ng Lahi, 2006/2020.

Rodriguez-Tatel, Mary Jane. "Beddeng ken Pakasaritaan: Ang Salaysay ng Paracelis, Mt. Province sa Hugpungang Kailokuan-Kaigorotan." *Philippine Humanities Review* (2007), Vol. 9, 204–238.

Rodriguez, Mary Jane. "Serepungan: Ang 'Katutubo' sa Hugpungan ng mga Diskurso (Isang Pag-aaral sa mga Erumanen ne Menuvu at Teduray-Lambangan), PhD Disertasyon, University of the Philippines, 2021.

Salazar, Zeus. "Wika ng Himagsikan, Lengguwahe ng Rebolusyon," *BAKAS*, Lathalain Blg. 8, 1999.

Scott, William Henry. *Prehispanic Source Materials for the Study of Philippine History*. Lungsod Quezon: New Day Publishers, 1984.

Sohn, Stephen Hong. "Los Indios Bravos: The Filipino/American Lyric and the Cosmopoetics of Comparative Indigeneity." *American Quarterly*, 62, no. 3, 2010, 547–68.

Taft, William H. "Report of the United States Philippine Commission". In *Report of The United States Philippine Commission to the Secretary Of War* (December 1, 1900–October 15, 1901), 35–38. Washington: Government Printing Office, 1901.

Tinio, Rolando. "Towards a Re-Orientation of Literary Studies." *Philippine Studies* 2, Blg. 4, (1973): 438–442.





Ang Banal na Búhay at ang Karima-rimarim: Pagtawid sa Sagrado at Di-Banal ng Materyalidad ng Katawan sa Isang Vidang Bikol

SHAUNNAH YSABEL CLEDERA

svcledera@up.edu.ph

Unibersidad ng Pilipinas Los Baños

ABSTRAK

Kapansin-pansin ang kawalan ng pananaliksik sa isinaromansang banal na búhay o koridong vida sa kabila ng espasyong inookupa nitó sa kasaysayang pampanitikan ng Pilipinas. Madaling maisantabi ang halaga nitó sa kasaysayang pampanitikan dahil sa pananaw na ginamit lámang ito bilang kasangkapan ng kolonyal at relihiyosong propaganda, lalo pa't pawang mga Europeong tauhan at tagpuan ang tampok sa mga ito. May pananaw rin na hindi mahalaga sa panitikan ang koridong vida dahil sa paggamit nitó ng mga anakronismo't kalabisan. Ngunit katangi-tangi ang koridong vida dahil nag-iisa itong panitikang sekular na nanatiling popular sa iba't ibang wika ng kapuluan kahit matapos na umalis ang mga mananakop na Kastila't Americano. Naging posible ang ganitong popularidad ng koridong vida dahil sa magkapanabay na sirkulasyon nitó sa parehong anyong limbag at binibigkas. Mababakás din ang pag-unlad nitó mula sa mga pook na pinaglahuan ng epiko at ang kinahantungan nitó sa realismo ng nobelang Filipino.

Sinusuri ang *Vida o Agui-Agui ni Santa Isideria na Aquí nin Magna Para-Asin*, isang koridong Bikol mula sa artsibo ng Museo Historico de Universidad de Santa Isabel ng Camarines Sur, upang maghain ng lápit sa koridong banal na búhay bilang panitikang búnga ng palítan ng mánanákop at katutubo, limbag at binibigkas, at sekular at relihiyoso- di-daktiko. Tumututok ang papel sa mga pormulang leksikal at gramatikal, taludturan, at ang sentral na motif ng katawang karima-rimarim o “grotesque body” at kung paano ng mga ito naisasaestruktura ang akda bilang popular na panitikan, artifact na sosyohistorikal, at paksain ng pananaliksik na nagbubukás ng mga ugnayan ng panitikan ng Pilipinas sa medyibal na tradisyon ng hagyograpiya sa labas ng Pilipinas.

Mga susing salita: korido, vida, grotesque body, hagyograpiya, saliksik-artsibo

ABSTRACT

There is a glaring lack of study on the *vida* or the saint's life rewritten as metrical romance despite the significant space it occupies in Philippine literary history. Its literary historical value is easily dismissed because of the impression that it merely served as instruments of colonial and religious propaganda, especially because it featured European characters and settings. Likewise, there is a perception that the *koridong vida* is inferior because of its prominent use of anachronisms and exaggerations. But the *koridong vida* is noteworthy as the only secular literature that retained popularity in different languages in the archipelago even after the Spanish and American colonizers fled. This popularity was possible through its circulation in both print and oral forms. Its development can also be traced from the places where the epic has disappeared, and to how it has developed into the realism of the Philippine novel.



This paper analyzes *Vida o Agui-Agui ni Santa Isideria na Aquí nin Magna Para-Asin*, a Bikol *korido* from the archive of Museo Historico de Universidad de Santa Isabel in Camarines Sur, to offer an approach to the *korido* of the life of a saint as a literature borne out of the exchange of colonizer and native, print and oral, secular and religious-didactic. This paper focuses on lexical and grammatical formulae, versification, and the use of the central motif of the grotesque body, and how it structures the text as popular literature, sociohistorical artifact, and subject of academic study that opens a connection between the study of Philippine literature to medieval hagiographic tradition outside the country.

Katangi-tangi ang *korido* o metrical romance sa kasaysayang pampanitikan ng Pilipinas: samantálang may malaking bilang ng *koridong naitalâ* sa iba't ibang wika sa kapuluan sa loob ng higit dalawang siglo (Manuel, 46–7), may malaking kakulangan sa pag-aaral na nakatuon dito kompara sa ibang mga panitikang popular at mga panitikang binibigkas. Higit pa rito ang pagsasantabi sa mga *koridong banal* na búhay, o isinaromansang búhay ng mga santo at banal na tao, bilang akademikong paksain, lalo pa sa larang ng pampanitikang pananaliksik. Ang mga tinatawag na *vida*, *buhay*, *casaysayan*, o *pinagdaanan* ng mga santo at banal na tao ay bumubuo ng makabuluhang bahagi ng maliit na korpus ng mga *koridong nailigtas* ng mga antolohiya't artsibo ngunit madaling maisantabi ang mga ito bilang kasangkapan lámang ng kolonyal at relihiyosong propaganda. Layunin ng papel na ito na maghain ng lápit para sa kritikal na pagbalik sa *korido*, partikular na sa *koridong vida*, upang ipakita ang kahalagahan nitó bilang panitikang búnga ng palitan ng mánanákop at katutubo, limbag at binibigkas, at sekular at relihiyoso-didaktiko. Ang papel na ito ay paunang pananaliksik sa *vida* bilang isinaromansang *hagyograpiya* na may batis sa medyibal na *hagyograpiya* ng Europa. Lumitaw ang *korido* sa mga pook na pinaglahuan ng mga epiko at lumaganap bilang sekular na panitikang higit na nakatagos sa pang-araw-araw na búhay ng karaniwang tao mula pa noong magkaroon ng lokal na bersiyon nitó noong ikalabingwalong dantaon (Eugenio, *Awit and Corrido*, xvi).

Lilimitahan ang pag-aaral sa pagsusuri ng *Vida o Agui-Agui ni Santa Isideria na Aquí nin Magna Para-Asin* (*Vida ni Santa Isideria* mula ngayon),¹ isang *koridong Bikol* ni Caring Gañolo (walang petsa ng paglimbag) na ang makinilyadong libretto ay matatagpuan sa arstibo ng Museo Historico de la Universidad de Sta. Isabel sa

Naga, Camarines Sur.

Sa pag-aaral na ito, susundan ko ang paggamit ni Damiana Eugenio sa “*korido*” bilang katawagan sa metrical romances ng Pilipinas, at sa “*vida*” upang tukuyin ang *koridong tungkol* sa búhay ng santo at banal na tao. Ginagamit ang “*vida*” sa wikang Bikol, Tagalog, at Hiligaynon (Eugenio, “Metrical Romance”). Inilulugar ng salitáng “*vida*” ang *korido* sa praktika ng *hagyograpiya* o pagsusulat ng talambuhay ng mga santo. Sa *hagyograpiya*, ang salitáng Latin na *vita*, na ang salin sa Filipino ay búhay at tinutumbasan sa Ingles na *life*, ay tumutukoy sa mga tekstong patungkol sa búhay ng táong maaabot ang pagiging santo sa paraan ng kaniyang pamumuhay, na ‘di tulad sa *passio*, o pasyon, na sinusundan ang búhay ng isang táong magiging santo sa pamamagitan ng direktang pagtulad sa sakripisyo ni Kristo (Hinterberger, 25). Isinasalaysay ng *vita* ang búhay ng santo sa paraang linyar na magsisimula hanggang maaari sa kapanganakan at magtatapos sa kaniyang kamatayan. Maaari itong magsimula sa pook ng kapanganakan ng santo, kasáma ang kaniyang magulang, at sakâ isasalaysay ang paglalaglag nitó (Hinterberger, 30). Sa pag-aaral ni Resil Mojares ng early colonial narratives sa tradisyon ng nobelang Filipino, tinalakay niya ang mahabang prosa na *Barlaan at Josaphat* (1712) ng Heswitang si Antonio de Borja bilang isang pinahabang *vida* (57–59). Tinalakay rin niya ang pagsasaromansa ng mga layko sa *hagyograpiya* (Mojares, 57). Pinahihiwatigan na magkakapareho ang mga tema ng maraming akda ng pagiging bukás ng *hagyograpiya* sa pagpapasalin-salin sa iba't ibang anyo (Radulescu, 1). Ayon sa muhong pag-aaral ni Eugenio na *Awit and Corrido: Philippine Metrical Romances*, isa sa tatlong temang karaniwan sa mga *korido* ay ang relihiyoso-didaktikong tema na makikita sa mahimalang kuwento ng búhay ng mga santo at banal na tao (xvii).



LARAWAN 1 (kaliwa). Libretto ng *Vida o Agui-Agui ni Santa Isideria na Agui nin Magna Para-Asin*. Mapapansin ang side sewn stitch binding at ang pinaikling pamagat na makinilyado sa pabalat ng libretto. LARAWAN 2 (kanan). Sa unang pahina ng libretto makikitang hindi nahahati sa mga saknong ang mga linya at makikita ang mga salitang pinuputol ng gitling upang ipagpatuloy sa sumusunod na linya. Mapapansin din ang mga marka ng pagtatama, pati na ang tinta ng kabilang pahina na tumatagos at nasisilip sa manipis na papel. Parehong aking retrato.

Mayroon ding tema ng kagalantihan at karangyaan ng mga hari't reyna, at tema ng maalamat na kuwento (xvii). Upang makilates ang vida sa labas ng reputasyon ng korido bilang mababang uri ng panitikan, susuriin kung paanong naisasaestruktura ng mga leksikal, gramatikal, at tematikal na pormula ang akda alinsunod sa panukala ng mananaliksik ng panitikang medyibal na si Franz Bäuml. Nagmumula si Bäuml sa kaniyang kritisismo ng teoryang Oral-Formulaic ng mga klasisista at iskolar ng panitikang oral na sina Albert Lord at Millman Parry. Partikular na susundan ang bersipikasyon ng *Vida ni Santa Isideria* at ang paggamit ng sentral na motif ng karima-rimarim na katawan, sakâ ito iuugnay sa tradisyong pampanitikan ng Pilipinas at sa tradisyon ng medyibal na hagyoograpiya upang masipat ito bilang panitikang proto-nobelang Filipino at artifact na sosyohistorikal.

PORMAL AT MATERYAL NA PAGLALARAWAN NG ISANG KORIDONG BIKOL

Makikita sa *Vida o Agui-Agui ni Santa Isideria na Agui nin Magna Para-Asin*, o *Vida o Agui-Agui ni Santa Isideria na Anak ng Mga Mag-aasin*, ang mga katangiang karaniwan sa korido: walang

impormasyon hinggil sa may-akda at publikasyon nitó, mayroon itong temang relihiyoso-didaktiko, sinusundan nitó ang kuwento ng isang búhay na dumadaloy sa kronolohikal na pagkakasunod-sunod, naglalaman ito ng mga anakronismo na búnga ng pagtatagpo ng dayuhang tagpo at lokal na tauhan at sensibilidad, at mayroong sinusundang súkat at tugma (Eugenio, *Awit and Corrido*, xiii–xiv).

Interesante ang *Vida ni Santa Isideria* bilang koridong Bikol sa tatlong kadahilanan: una, ang makinilyadong libretto nitó ay ang tanging makinilyadong libretto kasáma ang mga limbag na libretto sa koleksiyon ng Museo Historico. Wala pang talaan ng mga korido ang bumabanggit sa búhay ni Santa Isideria o baryasyon nitó sa korido ng ibang wika. Kompara sa makinilyadong manuskrito ng mga korido sa kalapit na artsibo ng VCA Cecilio Press Collection sa OBikoliana Section ng Ateneo de Naga James J. OBrien Library, na nakabigkis ng metal paper fastener sa humigit-kumulang súkat na quarto (nása 21.5 cm x 27.5 cm), kapansin-pansing gumagamit ng side sewn stitch binding at mas maliit na súkat na sextodecimo (nása 14.5 x 10 cm) ang libretto ng *Vida ni Santa Isideria*. Ayon sa overview ng paglalathala ng panitikan ng Pilipinas ni Patricia May Jurilla sa *Tagalog Bestsellers of the Twentieth Century: A History of the Book in the Philippines*, ang súkat na sextodecimo ay karaniwan sa paglilimbag ng korido

bilang pamphlet o chapbook sa ikalabinsiyam dantaon (61). Ipinahihiwatig ng ganitong materyal na katangian kung paano itinuturing ang mga korido sa panahong iyon bilang maliliit, mumurahin, at hindi gaanong mahalagang lathalaing katabi ang higit na seryoso, kapaki-pakinabang, at mas mapagkakakitaang trabaho ng paggawa ng mga diksiyonaryo, aklat-balarila, at iba pang lathalaing pangmisa (Jurilla, 61). Ngunit marahil hindi sasang-ayon ang karaniwang mambabasa sa pananaw na hindi kasinseryoso at hindi kasinghalaga ng mga relihiyosong teksto ang mga korido sa ruok ng kasikatan nitó. Kinakabesado at isinasalaysay ng karaniwang tao ang mga korido, inaawit, sinasayawan ang tugtog na inilalapat sa mga ito, sinisipi upang suhayan ang pinangangatuwiranangsinasabi, at bumabaling sa mga ito sa tuwing naghahanap ng libángo habang nagpapahinga mula sa trabaho ng pagsasáka (Manuel, 46). Bagaman natukoy ang may akda na nagngangalang Caring Gañolo, may malaking posibilidad na ang pangalang ito ay pseudonym at walang ibang impormasyon sa libretto hinggil sa pag aakda at publikasyon nitó, isang katangiang karaniwan sa mga korido (Jurilla, 61), at ayon din kay Eugenio, higit na karaniwan sa mga mas luma at mas tanyag na korido ang pagiging anonimo ng may-akda (xxi). Mula rito, maaaring sabihing nilikha ang *Vida ni Santa Isideria* nang higit pang mas maaga sa mga makinilyadong manuskrito ng VCA Cecilio Press, na inilathala sa mga taóng 1950s. Maaari ding tingnan ang posibilidad na mas malápit ito sa mga pinakalumang korido sa koleksiyon ng Museo Historico, na inilathala noong 1920s.

Ikalawa, nagtutuloy-tuloy ang 457 na linya ng vida sa pahina ng libretto nang walang pagkakahati sa mga saknong at walang agarang makikitang taludturan: mistulang sinisiksik sa maliit na espasyo ng labinsiyam na pahina ng libretto ang mga salita. Matatagpuan sa halos lahat ng pahina ang mga salitáng pinutol ng gitling at pinatuloy sa sumusunod na linya. Kakabit nitó ang ikatlo,

na sa kabila ng tila kawalan ng malinaw na taludturan, lumalabas sa mas malapitang pagbása na sinusundan pa rin nitó ang monorhyming quatrain na oktosilabiko. Ang taludturan ng korido ang isa sa mga pangunahing nagtatangi sa anyo nitó, bukod sa karaniwang mga tema at elemento, karaniwang binubuo ng tig-aapat na linya at may tukóy na estrukturang ritmik na nagmumula sa iisang tugma na nása hulíng pantig ng bawat okto-o dodekasilabikong linya (monorhyming at may end rhyme ang tigwalo o tiglabindalawang pantig) (Eugenio, *Awit and Corrido*, xxvi). Sa kabila ng ‘di paggamit ng biswal na pagkakahati ng mga taludtod at saknong sa *Vida ni Santa Isideria*, sa kalakhan nitó ay tumutugma ang ika walong pantig sa mga kasáma nitó sa quatrain:

Sa pitóng linyang sinipi mula sa unang pahina ng vida, makikita ang dalawang oktosilabikong quatrain, na ang una ay tumutugma sa tunog na “o” at ang ikalawa ay tumutugma sa tunog na “on.” Makikita ang pagtatapos ng ilang pangungusap sa gitna ng linya at ang pagkakaputol ng ilang salita sa dulo ng ilan pa. Mahihinuhan ang pagputol sa mga taludtod ay dalá ng praktikal na konsiderasyon, lalo na kung gagamiting pahiwatig ang pagsagad ng pagmakiniya sa mga pahina ng papel. Ngunit makikita kung paanong ang ritmik na estruktura ay parehong sintaktiko at semantiko rin sa mga linyang mistulang may misplaced modifiers o nakalilitong ayos, lalo na sa kawalan ng bantas dito. Sa ikaanim na linya, makikitang hinihingi ng súkat at tugma na piliing basahin ang salitáng “caiyán” bilang “ka-yan,” samantálang karaniwang binabása rin itong “ka-i-yan” upang pumasok sa bilang ng walong pantig ang rima ng “Rosario.” Naitatakda ng mga pormula ng taludturan ang paraan ng pagbása o pagbigkas ng vida.

Titutukoy ni Eugenio sa kaniyang pag-aaral ang pagkiling sa dodekasilabikong linya ng mga Pilipinong makata, na kaiba sa gámit ng oktosilabikong súkat na madalas ay ginagamit ng mga Kastila at miyembro ng mga relihiyosong orden (*Awit and Corrido*,

Gnaran. Can aqui pa gnaning gayo

Devota na siyang totoo sa magayon

Na retrato caiyan Virgen del

Rosario. Ano man saiyang guibo-

Hon iyo gnonang eenoton, an pami-

Bi pagpaanpon sa Virgen na mamomo-

Ton. Minsan sia natotorog, daing

(Gañolo linya 4-10), aking diin

Ngalan. Nang bata pa ngang totoo

Debota na siyang totoo sa maganda

Na retrato niyang Birhen del

Rosario. Ano an kanyang ga-

Win ito munang uunahin, ang pana-

Langin ampunin ng Birhen na ma-

Sintahin. Minsan siya natutulog, walang

Gañolo linya 4-10, aking salin

xxvii). Higit na di-pangkaraniwan ang koridong may oktosilabikong linya, kilalá rin bílang bersipikasyong korido o bersipikasyong plosa, kompara sa koridong may dodekasilabikong linya, na kilalá naman bílang bersipikasyong awit. Ayon sa talâ patungkol sa metrical romance sa *CCP Encyclopedia of Philippine Art* na isinulat ni Eugenio at isinapanahon ni Ma. Cecilia Locsin Nava, sa 229 na koridong naitalâ, siyam na korido² lámang ang sumusunod sa bersipikasyong oktosilabiko. Mahalagang banggitin na pinagpasiyahan ni Eugenio sa kaniyang pag-aaral na maliban sa súkat ng pantig, walang pagkakaiba ang awit at korido at mas ginagamit ang katawagang korido upang tumukoy sa pangkalahatang metrical romances ng Pilipinas (*Awit and Corrido*, xxv). Maging sa paunang natatanging masteradong tesis tungkol sa koridong Bikol, na A study of Bikol metrical romances ni Cecilia Carpio, ipinahayag niyang hindi makabuluhan ang pag-iiba ng bersipikasyon dahil lahat ng koridong Bikol ay sumusunod sa dodekasilabikong metro (5–6).

ANG VIDA NI SANTA ISIDERIA BÍLANG ROMANSANG HAGYOGRAPIKO

Sumasang-ayon ang poklorikong si Dean S. Fansler alinsunod sa kasulatan ng Español na manunulat na si Vicente Barrantes sa kaniyang nangungunang pag-aaral noong 1916, na iipinakilala ang romansa sa mga katutubo ng mga mananakop na Español sa pamamagitan ng pagkukuwento ng mga sundalo ni Lopez bago pa magsimula ang ika-17 na siglo (204). Ngunit, sa introduksiyon ng *Anthology of Asean Literatures: Philippine Metrical Romances*, giit na panukala ni Jovita Ventura Castro na nakapasok sa kapuluan ang mga romansa bílang mga lathalaing matiyagang naipuslit ng mga barko sa Pilipinas, sa kabila ng lehislasyong nagbabawal ng pagdadalá ng di-relihiyosong lathalain sa mga kolonya (2). Nananatili ang ilang mga dati na nating alam tungkol sa mga korido. Una, na popular itong binibigkas, inaawit, at sinisipi. At ikalawa, na sa kabila ng naging gampanin ng mga korido para sa proselitasyon at indoktrinasyon, sekular na uri ito ng panitikan na noo’y ibinabahagi bílang popular na libángan.

Sumasabay sa kasikatan ng pasyon ang búhay ng santo, na unang lumitaw bílang maikling prosa o berso na kalakip ng mga nobena (Mojares, 56). Pangunahing katangian nitó ang pagiging larawan ng kabanalan ng tao, sa halip na tunguhin na maging salaysay ng partikular na búhay at imahen ng isang partikular na tao (Mojares, 56–57). Ayon sa hagiograpo na si Hippolyte Delehayé, para maging hagiograpikal ang isang akda, kinakailangang may katangian itong relihiyoso, layuning maging instruktibo sa pagpapaunlad ng moralidad ng mámbabasa, at kung gayon, sa pamamagitan ng debosyon sa mga santo ay may layunin ding pagyamanin ang debosyong iyon (3). Sa paglilina ni Delehayé ng pagkakaiba ng hagiograpiya at historya, mauunawaan

ang sinasabi ni Mojares na higit itong vulnerable sa “secularizing tendencies” (57):

the work of the hagiographer may be historical, but it is not necessarily so. It may take any literary form suited to honouring the saints, from an official record adapted to the needs of the faithful, to a highly exuberant poem that has nothing to do with factual reality (4).

Sinasabi nga ni Mojares na higit na naisasaestruktura ito ng paglalahad ng ideal na pormula kaysa makatotohanang representasyon ng kasaysayan at isang búhay (57). Nalilina ng paglulugar na ito sa tradisyon ng hagiograpiya ang pagtatása sa pagiging hindi realistiko ng korido, na isa sa mga dahilan ng masamang reputasyon nitó (Pardo de Tavera, 14; Eugenio, *Awit and Corrido*, xiii; Carpio, 111). Ang kawalan ng iisa at malina na makatotohanang batayang búhay ng vida ay hindi pagkakamali, kundi isa sa mga kumbensiyon ng nasabing genre. Walang pagkakatulad ang búhay ni Isideria na isinasalaysay sa *Vida ni Santa Isideria* sa anumang historikal na talâ ng búhay ng isang Santa Isideria. Walang talâ ng anumang Santa Isideria o baryasyon ng pangalang Isideria sa pinakamalaki at pinakakomprehensibong online na repositoryo ng mga santo at mga banal na tao na *Ökumenische Heiligenlexikon* o *Ecumenical Lexicon of Saints* (Schäfer). Ang talâng pinakamalapit sa pangalang Isideria sa repositoryong ito ay ang mga santong nagngangalang Isidro o Isidore³, ngunit walang kahit anong pagkakatulad ang kanilang mga kuwento sa kuwento ni Santa Isideria.

Sinusundan ng *Vida ni Santa Isideria* ang daloy ng karaniwang búhay ng mga santo—pagsubok, paghihirap, at mga milagro na nagwawakas sa pagmamartir (Mojares, 56). Si Isideria ay isang “dalagang banal” na deboto ng retrato ng Birhen del Rosario at nag-iisang anak ng mag-asawang nagtatrabaho sa asinan. Ang unang pagsubok na pagdaraan ni Isideria ay ang “dalawang tampalasan” (linya 44–45) na susubukan siyang pagsamantalahan. Pagkatapos nitó, mapapadpad si Isideria sa kaharian ng Granada, doon siya maiipit sa lábanán ng mga armada ng Granada at ng mga Moro. Ang huli ay ang pag-uwi niya sa kaniyang mga magulang matapos ang ilang buwan sa Granada, at ang pagmamalupit ng kaniyang mga magulang na naghihinalang ang hindi niya pag-uwi ay dalá ng kaniyang “pagkakasala” at “pagdeshonra” o pagdalá ng kahihiyan sa pamilya, pahiwatig na ang ginawa ni Isideria ay “karungisan” o pagsira ng “kadalisan” ng kaniyang pagkadalaga. Dalá ng paghagupit ng kaniyang magulang, binawian ng búhay si Isideria, sakâ inililing. Binuhay siyang muli ng Diyos sa tulong ng Birhen, ngunit noong muling nilapitan ang magulang upang isalaysay ang mga kinasapitan, itinakwil siya ng mga ito. Kayâ, tumúngo siya sa beaterya kung saan siya sinalubong ng Madre Rectora at nagsimulang magpenitensiya. Sa unang hagupit ni Isideria ng pangpenitensiya, naglaglagan ang mga uod sa kaniyang katawan. Isang umaga, nagising ang beaterya sa pagkalat ng isang di-matukoy na halimuyak. Nalaman nilang nagmumula ang halimuyak sa katawan ni Isideria, na binawian na muli ng búhay habang

nagdarasal nang nakaluhod at may hawak na liham sa kaniyang nakakuyom na palad. Mabubuksan lámang ang kaniyang hawak ng kaniyang mga magulang. Sa wakas ng vida, babasáhin ang liham at matututuhan ang tunay na pinagdaanan ng kanilang anak, na binendisyanan, ginawang santo, at naging uliran ang búhay.

Naipapasok sa uri ng hagygropiyan tinatawag na “hagiographic romance” o “secular hagiography” ang pagpapahalaga sa “Job-like patience” (Radulescu, 1) ni Isideria ang *Vida ni Santa Isideria*. Sinusundan ng ganitong uri ng hagygropiya ang hulma ng kuwento ni Job sa bibliya, na umani ng gantimpala sa Panginoon dahil sa katatagan ng kaniyang pananampalataya. May transpormasyon ang inapi at pinagmalabisang bidang asawa o babaeng anak patúngo sa pagiging isang huwarang babae. Kapag laláki ang bida, madalas sila ay maglalakbay patúngo sa pagiging “peninent knight to saintly hero” (Radulescu, 1). Ginagamit sa *Vida ni Santa Isideria* ang formulaic expression na “daragang banal” o dalagang banal upang ilarawan ang pagiging “manini-santa” (linya 24) o malasanta na bida ng kuwento. Nag-iiba-iba ang pariralang ito sa kahabaan ng vida ayon sa kahingian ng súkat sa partikular na tagpong isinasalaysay: nagiging “banal na daraga” [banal na dalaga], “mahal na daraga” [mahal na dalaga], “daragang mahal” [dalagang mahal], at iba pa, ngunit hindi iniihiwalay ang mga pang-uring nagpapahiwatig ng kabanalan sa salitáng “daraga” o dalaga. Kaagad na naiuugnay ng ganitong pormula ng paglalarawan ang bida sa imahen ng Birheng Maria, pati na rin sa iba pang kuwento ng mga kababaihan sa bibliya, partikular na sa motif na “the calumniated wife,” “the innocent wife persecuted unjustly,” at “the woman unjustly accused” (Radulescu, 4).

KATAWANG BANAL, KATAWANG LUPA: MATERYALIDAD NG KARIMA-RIMARIM

Sentral na motif ng *Vida ni Santa Isideria* ang katawan. Tinatahi ng katawan ang mga tagpong malabis, mistulang walang kinalaman sa isa’t isa, at walang malinaw na sinusundang motibo: ang pagtatagpo ni Isideria at ang dalawang tampalasan, ang kaniyang pagkakaipit sa lábanán sa Granada kung saan niya kinailangang magpanggap na laláki at maging sundalo, at ang pagmamalupit sa kaniya ng mga magulang, pati ang mga eksena ng kaniyang penitensiya at muling pagkamatay sa beaterya. Sa kaniyang pag-aaral ng kababaihan sa romansang hagygropiko ng Pransiya, pinuna ni Cazelles ang kabalintunaan ng medyibal na paniniwala na kinakailangang itakwil ang materyal na mundo para sa kabanalan, at ang tendensiya ng mga romansang hagygropiko na bumuo ng kuwentong hahantong sa sukdulán ayon sa korporeal na halaga ng bidang babae, sa halip ng kaniyang espiritwal na halaga (43). Magsisimula ang katawan ni Isideria bilang malinis at dalisay na katawan ng isang dalagang banal, at hahamunin ng mga pasákit na madaraan niya ang kalinisang ito. Bilang unang pagsubok, pagtatangkaang

“dungisan” ang malinis na katawan ni Isideria ng mga mapanamantalang laláki na masasalubong niya noong siya ay patúngo sa asinan. Hindi nakaapekto sa kapalaran ni Isideria ang inaakala nating magiging makabuluhan sa kuwento na maaksiyong pakikidigma ni Isideria sa Granada habang siya’y nakabihis-laláki, dahil sa huli, bumalik pa rin ito sa halaga ng kalinisan at kadalisan ng kaniyang katawan. Itutulak ang kuwento sa sukdulán nitó ng paghihinala ng kaniyang mga magulang na dinungisan niya ang kaniyang puri. Ang rurok ng kaniyang mga pagdaraanang pasákit ay ang pisikal na parusa ng sariling magulang, hanggang sa mapatíd ang kaniyang hininga o “ginhaua”:

Pagca-quita qui Isideria
nin ama patin ina nia
an angot daing casama
boot tolos gadanon na.
Tara gnaya gaing galang
daing boot cadiquit man
nacasopog sa magurang
baco ta cang aqui gnonian.
Ba[c]o mo man cong ama na
daing sopog deshonorada
ano dao ta nabuhay ca
di ta ca boot maquita.
Ining daragang maboot
nanenero naglolohod
nagsasabi nin matanos
cundi dai nadadagnog.
Na con hinaniogon lamang
magna sabing catanosan
sucat dao na maangotan
an aquing dai casalan?
Pinapacol sinosontoc,
sicad, tampal, tinotolod
Quinacaptan pa sa bohoc
na pinaggogoyodgoyod.
(Gañolo linya 164–180).⁴

Pagkakita kay Isideria
ng ama pati ina niya
ang gálit walang ‘sing samâ.
Nais agad patayin na.
Halika aniya walang-galang,
walang bait kaunti man
na hiya sa magulang
hindi kitá anak ngayon.
Hindi mo rin ako Ama
na walang hiyang ipinahiya,
ano pa at nabuhay ka
hindi kitá nais makita.
Itong dalagang mabait
nagmakaawa lumuluhod
nagsasabi nang totoo
ngunit hindi naririnig.
Na kung papakinggan lámang
mga sinabing katotohanan
bakit pa kagagalan

ang anak walang kasalanan?
Pinapalo, sinusuntok,
sipa, sampal, tinutulak
sinasakmal pa sa buhok
na pinagkakaladkad.
(Akin ang salin)

Nakapagpapalitaw ng pagiging maninisanta ng bida ang imahen ng nakaluhod, nagmamakaawa, at matiising Isideria na ang tanging ginawa ay tumangis at manalangin sa Birhen del Rosario (Radulescu 1, 4). Mahalaga ang mga episode ng pagsubok ng bida at ng kaniyang labis-labis na pagdurusa sa kaniyang pagiging maninisanta dahil bumubukal ang pagkamatiising ito sa katatagan ng kanilang pananampalataya (4).

Tumungo tayo sa susunod na imahen ng katawan: ang katawang lupa na binuhay muli. Isa sa mga pinakamatingkad na bahagi ng vida ang paglalarawan sa katawan ni Isideria sa umpisa ng kaniyang penitensiya sa beaterya:

Paglaog pa sanang bago
duman cadtong monasterio
pinagnalasan na gayo
an guibong pagcicilicio.
Daing panahon o oras
an pamibi paghampac
ronot na bilog na hauac
magna olod nagrarcadag.
Tara bilog na inferno
nagmomomondong totoo
caning daragang iniho,
santang esposa ni Cristo.
(Gañolo linya 252–260)

Pagpasok pa lamang bago
doon sa monasteryo
pinaggilalasang totoo
ang gawaing pagsisilisyo.
Wala pang panahon o oras
ang dasal paghagupit
durog na buong katawan
mga uod nagsilaglag.
Ito nga't buong impiyerno
na nalulumbay na totoo
nitóng dalagang ito,
santang esposa ni Kristo.
(Aking salin)⁵

Sa pagkakataongito, nagiging karima-rimarim ang katawan o ang tinatawag ni Mikhail Bakhtin na “the grotesque body” na imahen ng “degradation, that is, the lowering of all that is high, spiritual, ideal, abstract” (19). Pagtatanghal ito ng eksaherasyon, hyperbolismo, at pagkamalabis na mga pangunahing tanda ng karima-rimarim (Bakhtin, 303).

Ang pinakamatingkad na pagtatanghal ng sinasabing degradasyon ay ang eksena ng pagpepenitensiya ni Isideria sa beaterya. Ang sinasabi ni Bakhtin na paibabang galaw

“downward motion” (21) ng degradasyon ng katawan ay ipinakikita at ipinaririnig ng paggamit ng salitang “nagrarcadag,” na hindi sapat na isalin sa Filipino “nagsilaglag.” “Racdag” ang parehong salita para sa mumó o pira-pirasong nalalaglag mula sa isang nakatigil na bagay o katawan, na nagmumula rin sa onomatopeya para sa ganitong galaw. Ang mga uod na “nagrarcadag” mula sa katawan ni Isideria, higit sa pagiging kumbensiyunal na imahen ng dumi, sakít, at pagkaagnas na pawang mga pahiwatig ng mortalidad, ay sintomas ng pisikal na degradasyon ni Isideria, na sa puntong iyon ng vida ay isang bangkay na. Ngunit literal din itong pagbabâ ng katawan sa lupa dahil sa oras na iyon, “racdag” ni Isideria ang mga nalalaglag na uod; ekstensiyon sila ng kaniyang katawang dumidiit sa lupa. Lupa rin ang pinakamalápit sa ibabang bahagi ng katawan kabilang ang tiyan, bituka, at mga bahaging ginagamit sa pagdudumi; sa lupa rin bumabalik ang katawan sa kamatayan, at dito rin inililibing. Kinakailangang harapin ng naratibong umiikot sa katawang lupa ng babaeng bida ang pagiging materyal nitó mula sa sinasabing kadalisayan hanggang sa pagiging karima-rimarim.

Dalá-dalá ng katawan ni Isideria ang kalinisan at kawalang-kasalanan sa isang banda, at sa kabila naman, ang mga sugat at mantsa ng pagdurusa at abuso, lalo pa’t sa beaterya kung saan siya nagpepenitensiya, na ang kaniyang banal na katawang pinagpala ng Diyos at Birhen ay parehong patay at buhá—bangkay na muling binuhay, iniligtas na ngunit patuloy na nagdurusa. Ito ang “dalawang katawan ng karima-rimarim” ayon kay Bakhtin: sa pagbigay-pansin sa mga sugat, bútas, at bahagi ng katawan ay nakapagpapasilip ng isang bagong luwal na katawan. At sa paglaladlad ng mga elementong kadalasa’y itinatago, itinatakwil ng karima-rimarim na katawan ang mga hadlang sa paglagos ng panlabas sa panloob, at ng panloob sa panlabas (318). Dahil ang katawan ay “a point of transition in a life eternally renewed, the inexhaustible vessel of death and conception” (Bakhtin, 318), ang katawang naaagnas ay katawan ding paulit-ulit na hinihilom at nilulunasan. Sa ikalawang pagkakataon na binawian ng hininga si Isideria, ang kaniyang kamatayan ay hindi negatibong resolusyon, kundi, ang nararapat na wakas sa búhay ng isang “daragang banal.” Nakamit ni Isideria ang sinasabing “perpektong búhay” sa kaniyang pagkamatay.

Sa paniniwala ng teolohiyang medyibal, mararating lámang ng isang babae ang “perpektong búhay” na nararating ng penitente at asetikong laláking santo kung itatakwil niya ang ‘di umano’y natural na tendensiyang magpatalo sa tukso ng katawan. Karaniwan sa romansang hagiograpiko na pinagbibidahan ng kababaihan ang pagpaparangal sa kadalisayan at pagkabirhen ng martir (Cazelles, 48). Ang kamatayan ni Isideria ay isang pagbalik ng orihinal na kalinisan ng katawan ng búhay ng isang “daragang banal” sa anyo ng kaniyang pagkamartir at pakikipag-isa sa Diyos at Birhen sa kaghinhawaan ng langit. Huling pagtatanghal ng pag-iisa ng panloob na birtud ni Isideria at ng panlabas o pisikal niyang anyo ang kadalisayan ng kaniyang pagkamatay.

Para sa pagbása ng *Vida ni Santa Isideria*, inukritibo ang kritikal na pagsangguni ni Constantinou sa mga idea ni Bakhtin ng karima-rimarim sa pag aaral ng Byzantine hagiography, na binibigyan niya ng puwang ang karima-rimarim na hindi malaya sa kilabot. Sa isang banda, inilulugar ni Bakhtin ang karima-rimarim sa kultura ng folk humor katahi ng kaniyang teorya ng halakhak sa karnabal. Pinapawi ng halakhak ang presensiya ng tákot dahil pinalalaya nitó ang daigdig sa lahat ng kadiliman at katatakutan, at sa gayon ay daigdig na punô lámang ng liwanag at kasiyahan (19, 47). Sa kabila naman, mahirap makita ang pagkakataon para sa pagdiriwang at katatawanan sa kuwento ng pagdurusa ni Isideria, tulad ng mga vita sa panitikang medyibal. Samantálang itinatabi ni Constantinou ang karima-rimarim ni Bakhtin sa “the uncanny” ni Sigmund Freud upang ilarawan ang mga karanasan at imaheng nakapangingilabot at nagdadala ng pangamba (46), kapaki-pakinabang ding itabi rito ang konseptong “hierophany” ni Mircea Eliade. Ang tákot at kilabot sa “uncanny” na misteryo ng katawan ni Isideria ay maaaring makita bilang ang parehong “feeling of terror” na inilalarawan ni Eliade sa pagtatapat ng banal na kapangyarihan (9). Inihahayag ng di-maarak ang kaniyang sarili bilang “wholly other” na katangi-tangi sa karaniwan, at makapagpapadama sa mortalidad—sa ibang salita, sa materyalidad—ng tao (9–11). Lalong nakapangingilabot, ngunit nakamamamangha rin, ang mga “racdag na uod” o nagsilaglagang uod na mistulang gumagalaw at itinutugon ang katawan sa kaniyang paligid, na para bang may sarili itong ahensiya, samantálang parehong gáling kay at bahagi lang ito ni Isideria. Ito rin ang ipinahihiwatig ng huling pagbawi ng Diyos sa búhay ni Isideria sa pagkálát ng malakas na halimuyak na “langitnon”—sa Filipino, literal na makalangit—hindi sa daigdig na ito, at ‘di maláman kung saan nagmumula. Ipinag-utos ng Madre Rectora na ang buong beaterya ay bumangon, mágbukás ng mga bintana, at hanapin ang di-makamundong amoy hanggang sa matunton nila ang nakaluhod na si Isideria, bangkay nang muli.

Sumasang-ayon dito ang pagtalakay ni Constantinou sa gámit ng mga tagpong karima-rimarim upang iharap sa tao ang kadakilaan. Itinatanghal ang partisipasyon ng katawan sa mundo ng espirital ng mga kuwento ng mahimalang paghilom sa mga di-natural na karamdaman (53–54). Para naman kay Bakhtin, ang ganitong masalimuot at magkasalungat na katangian ng karima-rimarim na katawan ang siyang nagbibigay ng “realismo” sa “grotesque realism”: indibidwal at pribado man ang katawan at mistulang hiwalay sa iba pang mga katawan, hindi pinuputol ng karima-rimarim na katawan ang ugnayan nitó sa lupang lumalamon at nagluluwal. Ito ang sinasabi niyang “transfer to the material level, to the sphere of earth and body in their indissoluble unity” (Bakhtin, 19–20). Tema ito na ayon kay Constantinou ay buod ng mga naratibo ng paghilom, at karaniwan sa mga pampanitikan sa hagiograpihong tradisyon (49): “[t]he diseased and suffering body, which is eventually cured by the saint, not only constitutes the main theme of healing stories; it is also the kernel

around which the narrative unfolds, and in effect, it is the very reason for the writing of the story” (43–44). Ang pormula ng karima-rimarim sa vida ay pormula ng kapangyarihan ng banal na Diyos na maghilom: sa *Vida ni Santa Isideria*, ang uod na nakapangingilabot at nakamamangha, dahil parehong nagmula kay Isideria ngunit mistulang may sariling ahensiya sa paggalaw, ay tanda ng banal na kapangyarihang magdulot ng parehong sakit at paghilom. Muli, makikita rito ang gampanin at kahalagahan ng katawan. Sa pisikalidad at materyalidad nitó, na nagkakasakit ngunit hinihilom, ang pag-iisa ng sagrado at di-banal, ng mortalidad ng tao at ng ‘di maarak na kadakilaan ng Diyos. Ang imahen ng katawan ng pumanaw nang si Isideria, na nakaluhod at may halimuyak na hindi sa mundong ito, ay ang banal na kapangyarihang bumabawi ng búhay at nagbibigay rin nitó. Sa pagtatapos ng vida, tagumpay o “triumfo” ang pagpanaw ni Isideria dahil nawakasan na ang kaniyang pagdurusa “sa kawalang kabuluhan nitóng daigdig” (Gañolo linya 400, aking salin), ngunit higit pa’y tagumpay rin ito ng kaniyang ama’t ina na “mula noo’y guminhawa na” (Gañolo linya 444, aking salin)—bumuti na ang paghinga.

ANG PAGPAPATULOY NG SALITA SA KATAWAN

Sa materyalidad ng katawan nagiging posible ang pag-iisa ng sagrado, di-banal (profane), at karima-rimarim. Bukod sa mga misteryo ng katawan ni Isideria, may gámit ang katawan sa pagtawid ng di-banal at sagrado sa pamamagitan ng pagiging dalúyan nitó ng salita at wika. Ginamit ni Isideria ang salita upang maging madeskarte at malampasan ang kaniyang tatlong pagsubok, isang katangian pa rin ng mga babaeng bida sa hagiographic romance (Radulescu, 4). Sa lahat ng pagkakataon, ginagamit ni Isideria ang salita upang manawagan sa Diyos at sa Birhen del Rosario na iadya siya sa panganib. Binasbasan din ng Birhen ang salitang kaniyang gámit upang mangusap sa dalawang laláking nagtangkang pagsamantalahan siya. Ipinahayag ni Isideria na dahil ang kanilang dugo ay “malinao” at sila ay “mahal na tauo, leal, magna caballero,” mahiya sila sa kanilang puri at umasta nang naaayon dito (Gañolo linya 82–89). Naudlot ang masamáng balak ng mga laláki noong naipakita sa kanila ni Isideria ang kanilang loob. Tumatagos sa katawan ang salita, hinahamon ang balát na nagkukubli ng mga lamanloob, at inuudyukan ang tao na ilabas sa mundong pribado at indibidwal ang sarili, at gawin itong pampubliko at panlipunan. Sa huling bahagi ng vida, ang salita ay nása liham na ikinuyom ni Isideria sa kaniyang palad na nabuksan lamang ng kaniyang mga magulang. Dito, ang salita ay ang katotohanan ng kuwento ng búhay at pinagdaanan ni Isideria, na isinasalaysay hindi lámang para sa kaniyang mga magulang at sa mga nása beaterya, kundi para rin sa mga tagapakinig o mámbabasa ng mismong vida. Ginamit na kasangkapan sa paglalahad ng relihiyosong áral ang liham na isinasalaysay rin ang katotohanan ng

pananampalataya sa Diyos at Birhen.

Ang katawan ni Isideria, na sagisag ng kaniyang panloob at panlabas na pagsasagawa ng kabanalan, ay wala na, ngunit ipinagpapatuloy ito ng salaysay sa kaniyang liham. Sang-ayon kay Bakhtin, ang bibig at kamay ay mga bahagi ng katawang bukás sa mundo, at sa gayon ay dalúyan nitó, sa pamamagitan ng salita at salaysay (316). Katawan ang paksa ng kuwento, ngunit nanunuot din sa katawan ang kuwento sa pamamagitan ng pag-usal at pagsulat nitó: kinakailangang ilipat ang kuwento at dumaloy sa mga katawan upang magkaroon ng presensiya, at maging kasalukuyan o buhayang muli, at ipagpatuloy ang tradisyon. Pinarangalan ng mga tao ang búhay ni Isideria, at sa kanilang pag-uwi, dalá-dalá nila ang kaniyang kuwento upang ipagpatuloy sa pamamagitan ng pagtulad, sa sarili nilang mga katawan:

“Ominarog gnani sinda
cabanalan ni Isideria
aso sinda magadan na
natipon gabos sa gloria.”
(Gañolo linya 473–475)⁶

“Tumulad nga sila
sa kadakilaan ni Isideria,
nang kapag sila mamatay na
natipon lahat sa kaluwalhatian.”
(Akin ang salin)

ANG SALITÁNG DUMADALOY AT NAGPAPATULOY SA VIDA

Ginamit man bilang kasangkapan para sa propagandang relihiyoso at nagmula man sa mga dayuhang batis, mahalagang makita ang pagtugon ng Pilipinong manunulat at mámbabasá sa vida. Sa halip na makita ang pagdating at paglaganap ng romansa bilang simpleng pagpalit o pagbura sa mga naunang katutubong anyo ng produksiyong kultural, ipinanukala ni Mojares na nagkakaroon ng “creative deformation of folk forms under the impact of a new culture and, concomitantly, the *naturalization* of foreign forms introduced to native society” (45) [hindi akin ang diin]. Hindi iisang linyar na proseso ang galaw ng tradisyong nananatili at pinananatili ang kaniyang kaanyuaan at pagkabuo. May salik ng dominasyon-subordinasyon ng mga ahensiyang nagpapakilala ng mga bagong materyal at anyong pampanitikan sa patuloy na pag-asimila nitó ng mga bago at minsa’y dayuhang mga elemento. Nakikipagtalában din ang lokal na tradisyong popular sa banyagang tradisyon (Mojares, 20–21).



MGA TALÁ

1. Sa unang pahina ng libretto ng korido (tgn. Larawan 2 sa p. 2) mapapansing nakaprint ang pamagat na gumagamit ng salitáng “agui”, ang salitáng Bikol para

Mas malinaw na natatanaw ang mga puwang sa pananaliksik ng panitikan gámit ang perspektibang nagsasaalang-alang ng mga pormal na katangian ng akda at ng mga tradisyong pinagmulan nitó. Nagpapahiwatig ang parehong salik na mga ito ng mga kumbensiyon na maiuugat din sa mga partikular na yugto ng kasaysayan at sa mga kondisyong humubog dito. Ang suliranin ng anonimong pag-aakda ay alalahanin lámang ng modernong mámbabasá dahil naituturo ng kasaysayan ng hagiograpiya at ng binibigkas na panitikan na hindi nitó pangunahing layunin ang pagiging artistiko. Nangunguna sa layunin ng pag-akda nitó hindi ang pagkilala sa may-akda, kundi ang pagpapaunlad ng panlipunang moralidad. Mauunawaan din, sa gayon, na hindi nakaatang sa indibidwal at personal na pagkamalikhain ng may akda ang hinahanap nating pagiging pampanitikan ng vida, kundi sa katotohanan ng kanilang sinasaysay batay sa sinaunang Kristiyanong tradisyon. Ang mismong pagpapasalin-salin ng vida mula sa Español na batis, na isinalin din mula sa Latin, ay tanda ng pagiging awtentiko ng mga kuwento. Malaki ang gampanin dito ng paggamit ng berso dahil napadalí nitó ang pananatili ng mga salaysay sa alaala ng parehong mananalaysay at tagapakinig sa pamamagitan ng mga pormula sa súkat at tugma. Ipinahihiwatig ng pananatili at paglaganap nitó sa anyong berso ang pagtataas nitó sa bahagi ng lipunan na hindi nakapagbabasá at nakapagsusulat (Cazelles, 4).

Paunang pagbaybay ito sa mga binubuksang usapin ng *Vida ni Santa Isideria* at ng hagiograpikong romansa, mga tekstong matagal na nating naisantabi dahil sa kanilang relihiyoso-didaktiko at konserbatibong nilalaman, na nakikitang kasalungatan ng halagang pampanitikan nitó (Cazelles 7). Marami pang masasabi ang mga susunod na mananaliksik patungkol sa pagiging atrasado ng politika ng babaeng birhen at martir, sa karahasan ng mga magulang sa anak, sa pagpapawalang-sála sa pang-aabuso, sa pagbibihis-laláki ng bida, at iba pang bahagi ng kuwento bukod pa sa iba pang mga pormal na katangian ng vida at sa materyal na produksiyon nitó. Importante at interesanteng balikan ang mga akdang tulad ng *Vida ni Santa Isideria* dahil sa kapasidad nitóng magtaglay ng magkakaiiba at minsa’y magkakasalungat na saloobin: ang pagtala ng mga kuwentong nagmula sa mga Español na tungkol sa kanilang banal at di-banal na mundo at tumutugon sa kanilang mga pangangailangan ay naging muling pag-akda sa kamay ng mga laykong nagsaromansa at humubog dito ayon sa mga lokal at sariling kamalayan. Dalá-dalá at ipinagpapatuloy ng korido ang negosasyon ng mga tunguhin at saloobing ito.

sa daan, sa halip na “agui”, ang salitáng Bikol para sa anak o batà. Ipinagpapalagay ng pananaliksik na ito na tipograpikal na kamalian ang gámit ng salitáng “agui” rito at naipagpalit ang letrang g sa q dahil malinaw na mas akmang panturing sa pariralang “Santa Isideria” ang

“anak”. Ginagamit sa pananaliksik na ito ang itinamang pamagat ng korido.

2. Apat na porsiyento ng 229 na korido, ayon kay Eugenio (“Metrical Romances”).

3. Mayroong labing-isang talâ ng pangalang Isidro o Isidore sa *Ökumenische Heiligenlexikon* ni Schäfer, kabilang ang talâ patungkol kina Isidore of Madrid, Isidore of Sevilla, Isidore of Chios, Isidore of Scete, Isidore of Alexandria, Isidore of Saint Joseph de Loor, Isidore of Egypt, Isidore Bakanja, Isidore Gagelin, Isidore of Takinas, Isidore of Tver, at Isidore of Pelusium. Walang talâ ng búhay ng kahit isa sa kanila ang may pagkakawangis sa koridong vida ni Santa Isideria. Magandang proyekto ng mga susunod na

mananaliksik ang pagsaliksik pa ng mga pagkakatulad at posibilidad ng paghiram ng mga elemento ng Vida o Agui-Agui ni Santa Isideria sa talambuhay ng iba pang mga santo at banal na tao.

4. Isinaayos ang orihinal na teksto ayon sa oktosilabikong taludturan nitô. Sa ganitong ayos, higit na kita ang tugma sa bawat apat na magkakasunod na taludtod at ang sinusundang pormula ng bilang ng pantig.

5. Isinaayos ang orihinal na teksto ayon sa oktosilabikong taludturan nitô.

6. Isinaayos ang orihinal na teksto ayon sa oktosilabikong taludturan nitô.



PASASALAMAT

Pinasasalaman ng may-akda ang tagapangasiwa ng Museo Historico Universidad de Santa Isabel na si G. Luis Banzuela.

MGA SANGGUNIAN

Pangunahing Sanggunian

Gaño, Caring. *Vida o Agui-Agui ni Santa Isideria*. Museo Historico de Universidad de Sta. Isabel, Naga City, Walang Petsa. Makinilyadong manuskrito.

Sekondaryang Sanggunian

Bakhtin, Mikhail. *Rabelais and His World*. Trans. Helene Iswolski. USA: Indiana University Press, 1984.

Bäumli, Franz H. “Medieval texts and the Two Theories of Oral-Formulaic Composition: A Proposal for a Third Theory.” *New Literary History*. Autumn Vol. 16, No. 1. Oral and Written Traditions in the Middle Ages, 1984, 31–49.

Carpio, Cecilia M. “A Study of Bikol Metrical Romances.” Master’s thesis, University of the Philippines Diliman, 1959.

Castro, Jovita Ventura. *Anthology of ASEAN Literatures: Philippine Metrical Romances*. 1985.

Cazelles, Brigitte. *The Lady as Saint: A Collection of French Hagiographic Romances of the Thirteenth Century*. USA: University of Pennsylvania Press, 1991.

Constatinou, Stavroula. “Grotesque Bodies in Hagiographical Tales: The Monstrous and the Uncanny in Byzantine Collections of Miracle Stories.” *Dumbarton Oaks Papers*, Vol. 64, 2010,

43–54. <https://www.jstor.org/stable/41480880>.

Delehay, Hippolyte. *The Legends of Saints*. Trans. Donald Attwater. With a memoir of the author by Paul Peeters. New York: Fordham University Press, 1962.

Eugenio, Damiana. “Introduction.” *Awit and Corrido: Philippine Metrical Romances*. Quezon City: University of the Philippines Press, 1987, xiii–xxxviii.

———. “Metrical Romances.” Updated by Ma. Cecilia Locsin-Nava. *CCP Encyclopedia of Philippine Art*. Cultural Center of the Philippines, 2020. <https://epa.culturalcenter.gov.ph/9/73/1555/>.

Fansler, Dean. “Metrical Romances in the Philippines.” *Journal of American Folk-Lore*, Vol. 29, 1916, 203–34.

Jurilla, Patricia May B. *Tagalog Bestsellers of the Twentieth Century: A History of the Book in the Philippines*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2008.

Hinterberger, Martin. “Byzantine Hagiography and its Literary Genres: Some Critical Observations.” *Nasa The Ashgate Research Companion to Byzantine Hagiography: Volume II: Genres and Contexts*. Inedit ni Stephanos Efthymiadis. 2014.

Manuel, E. Arsenio. “Folk Literature.” *Panorama*. February 1960, 39–50.

Miller, Patricia Cox. *In the Eye of the Animal: Zoological Imagination in Ancient Christianity*. USA: University of Pennsylvania Press, 2018.

Mojares, Resil B. "Barlaan, Urbana at Basio: Three Philippine Proto-Novels." *Philippine Quarterly of*

Culture and Society, March 1976, Vol. 4, No. 1, 46–54.

———. *Origins and Rise of the Filipino Novel: A Generic Study of the Novel until 1940*. Quezon City: University of the Philippines Press, 1983.

Pardo de Tavera, Trinidad. *The Legacy of Ignorantism*. Manila Bureau of Printing, 1921.

Radulescu, Raluca. "Hagiographic Romance." *The Encyclopedia of Medieval Literature in Britain*, 2017, 1–6. doi:10.1002/9781118396957.wbemlb550 Schäfer, Joachim. *Ökumenische Heiligenlexikon*. November 15, 2023, <https://www.heiligenlexikon.de/#>.



Si **SHAUNNAH YSABEL CLEDERA** ay ipinanganak at lumaki sa Naga City, Camarines Sur. Nakapagtapos siya ng masteradong digri sa Araling Pilipino sa ilalim ng Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas, Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Isa siya sa mga tagapagtatag na miyembro ng Magpies, isang kolektibong nakatuon sa collaborative independent production. Miyembro din siya ng Women Doing Philosophy. Kasalukuyan siyang nagtuturo sa Department of Humanities ng Unibersidad ng Pilipinas Los Baños.

Doon Po sa May Dakong-Hulo: Panimulang Pananalambaw sa mga Kuwentong-Bayan ng Valenzuela

ANTHONY BACULBAS GABUMPA

gabumpaanthony@gmail.com

Pamantasan ng Lungsod ng Valenzuela

ABSTRAK

Naging layunin ng pananaliksik na ito na magkaroon ng kauna-unahang pagtitipon at pagsusuri sa halagahan ng bayan batay sa mga kuwentong-bayan ng Valenzuela. Tinawag ang prosesong ito na “pananalambaw”—salitáng Tagalog-Bulacan mula sa salitáng-ugat na “lambaw” o “lambat” na analohiya ng ginampanang pagtitipon at pagsasalà sa mga kuwentong-bayan sa barangay ng Tagalag at Coloong bilang pook na nagsasabúhay ng palaisdaan sa lungsod.

Nagpaahon ang pananaliksik ng labinlimang kuwentong-bayan na may namamayaning paksa ukol sa kabayanihan, kamatayan, kaparusahan sa kasakiman, at pangangalaga sa kalikasan. Habang naglalaro sa katotohanan at katha ang mga naratibo na nakadantay sa “katatakutan” bilang naghaharing pamanang tono, naging pinák (mababa at maputik na daang-tao) ang tono ng sindak sa mga salaysay upang mabúhay sa mamamayan ang kanilang mahahalagang talà sa kasaysayan, kaalamang-bayan, at mga paniniwala. Nása mga kuwentong ito ang: 1) kasaysayan ng pagtatanggol sa bayan kontra sa mga dayuhang mánanákop, 2) danas at naratibong lokal sa pagdating ng baha, 3) paniniwala sa kaparusahan sa kasakiman, at 4) naratibo ng babae bilang mamamayang may mahalagang tungkulin sa kabihasnan. Sa kabuoan, inaasahan na ang pag-aaral ay magiging ambag sa kalipunan ng mga kuwentong-bayang Tagalog kasabay ng lunggating tuluyang makilala ng Valenzuela ang sarili nitóng mga naratibo na magpupuspos sa pagpapatuloy ng pananaliksik at pagpapakalat ng mga kuwento.

Mga susing salita: kuwentong-bayan, pananalambaw, dakong-hulo, katatakutan

ABSTRACT

The objective of this research was to have the first gathering and analysis of the people's local value from their own folk tales in Valenzuela. This process called "pananalambaw," a Tagalog-Bulacan term from the root word "lambaw" or "lambat" which means fish net, a vital material used in the process of culturing the water, is an analogy of the gathering and filtering of folk tales in the barangays of Tagalog and Coloong as a living fishing area of the city.

The research yielded fifteen folktales with prevailing themes of heroism, death, punishment for greed, and conservation of nature. As narratives based on "terror" play with truth and fiction as the reigning heritage tone, the horror of the narratives has become vivid in order to bring alive to the people their important records of history, folk knowledge, and beliefs. These stories include: 1) the history of the country's defense against foreign invaders, 2) local history and narrative of the coming of the flood, 3) belief in the punishment of greed, and 4) the narrative of women as citizens with an important role in civilization. In conclusion, the study aims to contribute to the collection of Tagalog folktales. Along with the greatest vision, Valenzuela will finally recognize its own narratives that will fuel the continuation of research and the dissemination of urban lores.

Keywords: folklore, fish netting, far-end, terror

PANIMULA: LUMULUBOG NA NARATIBONG VALENZUELANO

Buháy na ang panitikang-oral ng mga Pilipino bago pa man pumasok sa teritoryo ng bansa ang mga mananakop. Sa katunayan, isa sa naging kolonyal na proyekto ng kanluran ay ang tipunin ang kaalamang-bayan ng Pilipinas kabilang ang mga kuwentong-bayan sa láyong magmukhang higit na sibilisado ang mga kolonyalistang Español habang binabakuran ang katubigan at kalupaan ng mga Pilipino. Kolonyalista ang mithiin ng mga ito sa págbibiláng at paglilista ng mga kultura. Sa pagpapatuloy ng ganitong pangangamkam sa ngalan ng mga dayo, daragdagan pa ito ng suliranin na ang paraan ng pagpapahalaga sa mga naratibong ito ay nakabatay sa oryentasyong kanluranin o kolonyal. Bunga nitó mababanaag ang katotohanan ng paglubog ng mga kuwento ng iba't ibang rehiyon, lawaligan, probinsiya, o mga lungsod at lalong mahihirapang makaahon sa burak ang mga kuwentong-bayan na isinalin-salin mula pa sa mga ninunong Pilipino (Almario, 16).

Dahil dito, hindi malayong magsanga-sanga pa ang problemang pangkalinangan lalo na sa panahon ng globalisasyon na nagtuturo sa bayang lumimot at magbihis ayon sa halagahan ng kolonya gaya ng karanasan ng Lungsod ng Valenzuela. Kayâ ang patuloy na paglalambat sa pulo-pulong kuwentong-bayan ng Pilipinas at maka-Pilipinong págsalát dito ay malaking hakbang upang patuloy ring makapaglayag ang sariling panitikan. Túngo sa ambagang ito ng panitikang pambansa, lumalantad na napakahalaga ng pagtitipon na magsisimula sa maliliit na piraso ng panitikan mula sa iba't ibang bahagi ng Pilipinas, mapasulok o mapasentro man ng bansa.

Sa loob ng higit dalawampung taon, kinilála ng lokal na pamahalaan ng Valenzuela ang mga Valenzuelanong manunulat ng panitikang pambansa, panitikang lokal,

panitikang popular, at panitikan ng midya mula sa kani-kanilang panahon. Labintatlong manunulat ang tumanggap ng Pagkilala sa Ambag sa Panitikan - Gawad Pio Valenzuela sa pinakaprestihiyosong gantimpala sa mga mamamayan ng Valenzuela na sumusulat ng panitikan at larang ng pamamahayag. Tangan-tangan ng pagbibigay gawad na ito ang pamantayang itinakda ng pamahalaan sa mga tatanggaping natatanging Valenzuelano: (1) dapat ang manunulat o mamamahayag ay ipinanganak at lumaki sa Valenzuela o nanirahan sa Valenzuela sa loob ng 10 taon o higit pa, (2) may napangangalagaan siyang reputasyon ng kredibilidad at integridad sa pagdadala ng balita at impormasyon sa publiko, (3) nagpapakita ng pagkakaroon ng kapasidad na hubugin ang opinyon ng publiko, at iba pa.

Mula sa listahan ng manunulat at mamamahayag na nahamig ng pamantayang ito, isa sa napakatingkad na padrong pinagsasaluhan ng mga tumanggap ng pagkilala ay ang uring panlipunan ng mga manunulat na nása paksiyon ng tradisyonal na intelektuwal. O ang mga nakapagtapos sa mataas na antas ng edukasyon at nanunungkulan bilang mga guro, mamamahayag, at manlilikha para sa midya. Kayâ pangamba ito na ang napagtutuonan lámang sa pagkilala ay lente na nakatutok sa mga manunulat at nása uring peti-burgis bilang boses ng panitikan at naratibo ng lungsod. Sa kritiko nga ng talumpating pang-webinar na *Ang Panitikan ng Valenzuela, ang Valenzuela sa Panitikan*, binanggit na suntok sa buwan kung mababakás sa mayorya ng mga pagsusulat na tumanggap ng Gawad Pio Valenzuela para sa categoryang panitikan ang pook at karanasan ng Valenzuela o ng Polo, Bulacan—na dáting ngalang probinsiya ng Valenzuela (Gracio, 4). Kayâ naman, kapos na maipakilala ang pagka-Valenzuela ng Valenzuela, ang pulo-pulo o tubigang heograpikal na anyo nitó, ang mga mángingisdá at mga mamamayan nitó, kasaysayan ng pananakop, pamimintuho sa Patrong San Roque, mga

pinagsasaluhang karanasan sa tubig-baha, ang putong-pulo, ang arkong-bato, at mga naglipat-bayang angkan sa lungsod na maaaring magtatambis ng natatanging kuwento at wika sa Valenzuela.

Sa papel na ito, tinangkang alamin kung ano-anong mga kuwentong-bayan ng Valenzuela ang malilikom sa mga mamamayan nitó na naninirahan nang hindi bababa ng tatlung taon?, at ano-anong halagahan at pananaw sa mundo ng mga Valenzuelano ang tangan ng kanilang mga kuwentong-bayan?

KASAYSAYANG-BAYAN AT KASAYSAYANG-TUBIG NG VALENZUELA MULA SA IBA'T IBANG SALAYSAY

Kung pag-uusapan ang heograpikal na anyo ng Valenzuela bukod sa mga kapatagan, kaburulan, gulod, at gubat na mayroon ang silangang bahagi nitó, hindi maihihiwalay ang mukha ng mga sapa at ilog bilang estruktura ng bayan sa kanluran. Bago pa ito tawaging Valenzuela, kilalá na ito sa tawag na “Polo” o isla dahil napalilibutan ang bayan at mga nayon ng mga ilog mula hilaga hanggang gawing timog kung nasaan ang Ilog ng Tulyahan. Palibhasa ay malápit sa Maynila, umuugnay ang katubigang ito sa tinatawag ngayong Manila de Bay at Ilog Grande ng Pampanga. Ayon kay Mar Arenas sa kaniyang *Valenzuela: Ang Bayan at Bayani*, maraming katutubong taga-Maynila ang natuklasan ang Bulacan sa pamamagitan ng paglalakbay sa ilog at piniling mamuhay rito. Kayá ang ikinabubuhay ng mga naglipat-pulong katutubo bukod sa pagtatanim ng palay, mais, tubo, at mga gulay ay pamamangka, palaisdaan, o pananalambaw na pinag-aanihan ng mga bangus, apahap, sugpo, alimango, at iba pang biyayang-dagat (73).

Bunga ng pananakop ng mga Español nagkaroon ng pagbabago sa pagpapangalan at pamamahala sa pook, gaya ng pagtawag ditong Polo na isa sa pinakamalaking puwersang kolonyal na nagtulak ng karahasan at pagpapakasakit sa mga mamamayan ng Valenzuela. Bukod sa mga Español, sinalakay rin ang bayang ito ng mga sundalong Ingles habang nagaganap ang noo’y Pitong Taóng Digmaan (*Seven Years’ War*) at ng mga Japones nang sumiklab ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Madilim na bahagi ng kasaysayan nitó ang pagpapahirap at pagpaslang sa daang kalalákihan na inakusahang rebelde mula sa Polo at karatig-bayan ng Obando, Bulacan noong 1944. Habang halos masunog din ang buong Polo at simbahan nitó dahil sa pagsunog sa mga kutang pinagtaguan ng mga mamamayan dahil sa kagagawan ng lábanang Americano-Japones (Arenas, 74–82).

Ayon sa personal na interbyu sa dalubgurong si Roberto Dizon na isinilang sa Wawang Pulo ng Valenzuela, sa kanlurang bahagi ng Valenzuela maririnig ang paggámit ng salitáng “pananalambaw” bilang salitáng Tagalog ng mga Valenzuelano at karatig Bulakenyo sa salitáng pangingisda o pamamansing. Nagmula ito sa salitáng-ugat na “salambaw” o malaking lambat na itinatayo sa mga sapa at sintetik na palaisdaan bilang

pangungultura sa tubig. “Palambawan” ang tawag sa bahagi ng palaisdaang kinultura ng mga mananalambaw o mángingisdâ gámit ang paglalagay ng lambat na magbabantay sa mga pinalalaking isda o hipon (Dizon, 2020). Ito ang ginamit na termino sa papel na ito sapagkat malaking bahagi ng piniling pagpopook ay nauugnay sa tubig at palaisdaan. Itinuturing din itong analohiya ng paghúli sa mga kuwentong-bayan sa Valenzuela. May tatlong paraang ginamit para makapangalap ng mga kuwentong-bayan sa papel na ito. Nása “pamamangka” ang paunang pagtatanong-tanong at paglapit sa kapitan ng barangay at prinsipal ng paaralan, at pag-iiskedyul at paghahanda sa kuwentuhan na nilaman ng kanilang rekomendasyon. Nása “pananalambaw” naman ang aktuwal na pakikipagkuwentuhan, pakikipagpalagayang-loob, pagtatalâ ng propayl ng mga mananaliksik, at panloob o panlabas na balidasyon sa mga nakalap na datos. At, sa “pagpapaahon” naman naisakongkreto ang pagbuo ng transkripsiyon, pagsulat ng kuwento, pag-uuri, at pagdalumat sa sinasabi at halagahan ng mga nasalambaw.

Gaya nga sa binanggit ni Joselito de los Reyes bílang pagpapakilala sa mga akdang isinulat ng mga Valenzuelano sa antolohiyang *Ang Pulo*, kailangang ibandera ang naratibo ng Valenzuela sa iba’t ibang paraan sapagkat ang kaniwang mamamayan ay hindi hiwalay sa kaniyang bayan:

Paraanin ang mga akdang hinugis ng baha, manggagawa, at araw-araw na pakikihamok sa búhay sa amin, sa arkipelago ng Valenzuelandia na nása kontinente ng CAMANAVA Area (1).

Sa pagsasaliksik sa kasaysayang pampook, ipinapakahulugan ang kuwentong-bayan bílang kaalaman—lohika at agham—na panitikan ng mga sinaunang salaysay na walang kinikilalang may-akda (Reyes, 22). Ibig sabihin, kailangang isakatangian nitó na naipapása-pása ng iba papunta sa iba pang mananalaysay mula sa mga táong kabilang din sa bayan. Maaaring nanggaling ito sa mga nakalipas na henerasyon at nakatatanda o kayá ay nagpapaikot-ikot sa kasalukuyan búhat sa ngayon. Sa pagsasaliksik ng mga kuwentong-bayan, pinagtutuonan din sa pag-aaral ang manipestasyon ng mga gawí, halagahan, at kaparaanan ng mga mamamayang pinanggalingan nitó higit sa anyo o porma.

Tinaya ni Pier Kelly sa kaniyang “Excavating a Hidden Bell Story from the Philippines: A Revised Narrative of Cultural-Linguistic Loss and Recuperation” noong 2016 ang kahulugan ng mga baryasyon ng kuwentong-bayan tungkol sa nawawalang kampana ng Eskaya na láyong paahunin ang mga naratibo nitó bílang balon ng aspirasyon ng mga mamamayan na makilala sila bílang pangkat na naggigiit ng katutubong identidad at bumubuo ng arsenal ng pakikitunggali kontra sa kanluraning kaisipan. Layunin ng pag-aaral na maipakitang napakahalagang tuklasin ang kalagayang panlipunang pinanggagalingan ng mga kuwentong-bayan gaya ng kasaysayang pambansa at iba pang kagayang kuwento upang ibangga ang kaisahan ng naratibong Pilipino sa isa’t isa at lalong makita nang

malinaw ang panawagan ng lipunang nagsalaysay nitó sa loob ng mga naratibo.

Nagalugad sa mga umiiral na panimulang saliksik sa mga kuwentong-bayan ng Valenzuela noong 2016 nina Fuentes, Verzosa, at Vili ang estruktura ng morpema ng mga pangalan ng mga barangay sa Valenzuela at sinipat ang pinagmulan at konteksto ng mga pangalang ito. Nakapagtalá ito ng dalawang kuwento at lumitaw sa pag-aaral ang kuwentong-bayan ni “Lingap” mula sa barangay ng Lingunan, at kung bakit Malinta ang tawag sa Malinta na mga kuwento mula sa ikalawang distrito ng kapatagan. Mula sa panimulang mga pagsipat na ito, masasabing may potensiyal ang mga kuwentong-bayan na umiinog sa lungsod na masinop at tuklasin ang dalá nitóng kahulugan para sa bayan. Lalo na at walang antolohiya ng mga kuwentong-bayan ang Valenzuela at malaki rin ang pangangailangan na basahin ito bilang mga akdang pampanitikan at pangkasaysayan.


**PAMAMANGKA SA BAYAN
AT SA DAKONG-HULO**

Ang pangangalap ng datos ay sinimulan sa pamamagitan ng paglapit sa mga pinunò at mamamayan ng barangay Coloong at barangay Tagalag na hanggahan ng panimulang pananalambaw. Binisita at iipinakilala ng mananaliksik ang intensiyon na magsagawa ng paunang pagtitipon at pag-aaral sa mga kuwentong-bayan ng mga barangay sa Valenzuela na napaliligiran ng ilog at mga palaisdaan. Bukas-loob namang nagpaanyaya at umagapay ang mga pinunò, mga guro, at mga mananalambaw na nagbigay ng mga pangalan ng mga táong makatutulong sa pag-aaral.

Sa panimulang pagsasagawa nitó, nakatulong sa pag-iskedyul ng mga mananalaysay ang pag-unawa sa mapa ng Tagalag at Coloong para sa pagtukoy ng layo at lápit ng pupuntahan. Ang heograpikal na anyo ng magkadikit na barangay na ito ay kapuwa pahabang tangway o pahabang islang may iisang pasukán at dulong parte, na kung tawagin ng mga mamamayan ay dakong-bayan at dakong-hulo [tingnan sa Pigura 1]. Mahalagang mabanggit na napaliligiran ito ng iba’t ibang bayan at ilog ng Bulacan gaya ng Meycauayan at Obando, at sariling maliliit na Ilog Tagalag at Coloong na nakaapekto sa aspektong pangkultura at pangwika ng mga barangay na sinasaliksik.

Sa kamalayan ng mga mamamayan, nahahati sa dalawang dako ang kanilang lugar, ang dakong-hulo at ang dakong-bayan. Kung nása loob ng barangay lalo na noong tinatawag pa ang mga itong baryo, ang dakong-hulo ay ang dulong bahagi ng kanilang pulo kung nasaan ang rumaragasang ilog ng Meycauayan. Samantalang ang dakong-bayan naman ay ang papalabas na bahagi ng kanilang barangay kung nasaan ang paaralan, palengke, at simbahan ng bayan ng Polo. Kalimitang mapunò, liblib, tahimik, at malápit sa dulong kailugan ang dakong-hulo dahil sa direksiyon nitóng papalayo sa sentro ng bayan at hindi napupuntahan ng tao. Dito rin kadalasang itinuturo ng mga mamamayan ang mga tahánan ng kuwento ng hiwaga at kababalaghan gaya ng mga engkantong bantay, bolang-apoy, sirena, ulong-pugot, at pangangamoy patis ng paligid. Kasáma ang mga salaysay ng pagkawala, pagkalunod, at pagkamatay.

Bilang bahagi ng pakikipagpalagayang-loob, dumalaw-dalaw ang mananaliksik at nakikiupo sa mga kubo, bangkô sa parke, tabíng palaisdaan, bahay,



Pigura 1. Mapa ng Barangay ng Tagalag at Coloong mula sa Dokumentong Pambayan ng mga Pamaha-laang Barangay, Mapa ng Tagalag at Mapa ng Coloong, 2023.

at saanmang nalililiman at may preskong hangin para marelaks at upang i-set ang pakikipagkuwentuhan. Maingat ding inobserbahan ang pang-araw-araw na bahagi ng kanilang kultura at hanapbúhay upang mas makalubog ang mananaliksik sa danas ng mga kakapanayamin sa kanilang lipunan. Umikot ang puto, kutsinta, biskuwit, mamon, burger, o kaning may ulam na nagsisilbi ring pasasalamat sa bukás-palad na pagbibigay ng oras sa amin. Nakatutulong din sa ilang panimulang engkuwentro ang umagapay sa pagpapakain nila ng inaalagaang bangus, pagsabay sa pamiminlit, ikutin ang palaisdaan sakay ng kanilang niyaring bangka, at humalik sa kamay bílang matandang paraan ng pagmamano ng pagbati at pag-alis. Inisyal na gawain ng kuwentuhan ang pagpapakilala sa layon ng pagdalaw ng mananaliksik. At ipinagpapaalam din sa mga kausap na irekord ang kuwentuhan gámit ang awdiyo-rekord.

Sa mga prosesong ito ng pagpapadaloy, napakahalaga ng maingat na pagtatanong at pakikinig hanggang sa tuluyang magsimula ng pagkukuwento ang mananalaysay. Binubuksan din ng mananaliksik ang sarili na maaaaring magtanong ang mananalaysay upang makabuo ng magaang ugnayan sa isa't isa. Halimbawa ng mga personal na tanong na naibabato ng mga mananalaysay ay “May asawa ka na ba?”, “May pamilya ka na ba?”, “Tagasaan ka?”, o “Katoliko ba ang mga magulang mo?” na tinugunan din ng mga personal na sagot upang magsilbing paghahain ng katapatan sa usapan.

ANG PANANALAMBAW SA MGA KUWENTONG-BAYAN MULA SA TINIG NG MANANALAYSAY

Dalawampung mananalaysay ang nakakuwentuhan sa loob ng isang buwang pangangalap ng datos na nanggaling sa mga nagsasanga-sangang rekomendasyon mula sa mga nakaalam at nakatatandang mamamayan. Labintatlo rito ay babae at pitó ang mga laláki. Walo sa mga ito ay may pampamayanang tungkulin na nauugnay sa palaisdaan at pagtatanim [mángingisdá, namamansing, namamangka, naghahango ng lumot, dáting manananim], limang guro, tatlong opisyal ng barangay (konsehal, sekretarya, tauhan ng barangay), isang promodizer, isang manunulid (trabahador ng pagbuo ng sinulid sa pabrika), isang dáting mananahi, at isang dáting medical secretariat. Sila ay mga nása edad na tatlumpu hanggang walumpu't anim (30–86) na naninirahan sa barangay Coloong at Tagalog nang tatlumpung taon pataas. Karamihan sa kanila ay ipinanganak, nagkapamilya, at nagtrabaho sa barangay ng Tagalog o Coloong mulang pagkasilang, habang ang iba ay nakapangasawa ng tagarito at dito na rin nagtatag ng pamilya hanggang sa pagtanda.

Ang mga kuwentong ibinabahagi nila ay nanggaling sa kanilang alaala at mga kuwentong ipinása sa kanila ng mga nakatatanda (karaniwan ay yuma na),

kamag-anak, o kaibigan. Ayon sa mga mananalaysay, nananatili at may silbi ang mga kuwentong-bayang ito o kung tawagin ng ilan ay “kuwento-kuwento” upang (1) sagutin ang mga tanong ng mga batà o dayong humihingi ng linaw tungkol sa kanilang lugar at iba pang penomeno sa loob nitó, (2) magsilbing libangan, (3) magpatawa, (4) ipaliwanag ang mga kababalaghan at mga kamangha-manghang pangyayari, at (5) mabalikan ang tradisyon, kasaysayan, at ipinamanang katuruan ng mga nakatatanda at kanilang mga ninuno. Ito halimbawa ang malinaw na sagot ng mga guro ng nakapanayam sa Mababang Paaralan ng Coloong gaya nina Ma'am Dom at Ma'am Mila kasáma pa ang ibang guro at lingkod ng simbahan na si Ate Ida na umugat na sa lugar at nakasaksi ng mga kuwento at kung paano ito kumalat sa paraan ng pagpapása-pása ng mga nakatatandang mamamayan. Natatangi rito si Miguela “Ma'am Mila” Salazar, na kilalá ng nakararami bílang retirado at respetadong guro. Iginugol niya ang malaking bahagdan ng kaniyang búhay sa pagtuturo at paglilingkod sa lumalaking mga batà ng Coloong. Siya na nakapag-uuri sa mga hiwaga at kinataktakutang-kuwento sa loob ng paaralan at malinaw na nakapaglalarawan sa anyo ng Coloong sa nakalipas na mga dekada.

Ayon sa *Folktales: A Moral Message from the Past to the Future*, malinaw sa mga sitwasyon ng pagkukuwento na nagiging pangunahing gámit nitó ang maging libangan, nagbibigay ng kaalaman at proteksiyunan ang pananatili ng kultura mula sa isang pamayanan (Dahal, 31). Ang ganitong tungkulin ng mga kuwento ay nagsasanga-sanga talaga dahil habang nakapagpapalipas ng oras ang mga mamamayan nagkakaroon din sila ng mahahalagang impormasyon tungkol sa kanilang bayan, at bigyang-armas ang mga mamamayan lában sa panganib sa loob mismo ng kultura (cultural environment).

Sa paraan naman na ginagámit ng mananalaysay sa pagkukuwento, kakikitaan ito ng naturalidad habang dumudukal sa kanilang kolektibong alaala. Hindi sila natatakot gumamit ng mga lokal na salita na pasulpot-sulpot kong hinihingan ng paglilinaw o paliwanag mula sa kanilang pagkakaunawa; halimbawa ay ang mga salitáng binlit, huya, minandal, o kuliblib na bagaman Tagalog ay banyaga sa akin at hindi nakatalá sa diksiyonaryo. Sapagkat nangyayari ang kuwentuhan sa loob ng kanilang komunidad, mababa o walang tensiyon na namamagitan lalo na at ayon sa kanilang mga pagbabahagi, ang isang tipikal na kuwentuhan ay laman ng pang-araw-araw na pakikipag-ugnayan sa isa't isa gaya ng inúman, ututang-dila sa tahanan o kasabay ng paghahanapbúhay, pagtambay-tambay sa labas, pamamahinga sa mga kubo, pamiminlit, pagpapalipas ng oras sa ilalim ng punò, pagtanaw sa mga palaisdaan, o kayâ ay bahagi ng pagsasalindila ng mga kaalaman ng matatanda at guro sa loob ng eskuwelahan, simbahan, at iba pang mga pagtitipon.

ANG MGA KUWENTONG-BAYAN SA SALAMBAWAN NG VALENZUELA

Pagkatapos ng proseso ng pagsalambaw ng mga naratibo, maingat na isinulat ang mga kuwentong-bayan at muling bumalik sa pamayanan ang mananaliksik upang ipabása o iparinig sa mga nagsalaysay ang naisulat na kuwento. Tiniyak ang katumpakan ng interpretasyon para sa layuning magkaroon ng pagdaragdag, pagbabawas, at rebisyon sa papel bílang panghuling bahagi ng pagsasateksto ng kuwento. Narito ang buod ng mga kuwentong-bayan na naging batayan ng pagsusuri:

Kuwentong-Bayan	Buod
Bolang Apoy	May isang bolang apoy kung tawagin ng mga mamamayan, na namamasyal sa palibot ng Tagalag. Isang nagliliyab na engkantong tila hangin. Madalas itong makikitang pagúlong na lumulutang sa sabana at mga pilapil ng palayan o palaisdaan. May mga gabi na ipinagmamalaki ng bolang apoy ang nagniningas niyang anyo na kitang-kita dahil lumilikha ito ng maliwanag na repleksiyon sa ibabaw ng tubig. Ang turo ng mga namamalaisdaan nang minsan itong makita sa dakong-hulo, ang bolang apoy raw ay tanda ng kaaway at kapahamakan. Ang sabi pa ng matatandang kuwento-kuwento, makikita ang mga itinagong kayamanan ng tao sa ilalim ng lupa kung saan lulutang at lulubog ang bola. Ngunit hindi ito basta-basta maaaring hukayin dahil magiging sanhi ito ng malawakang baha at pagkagunaw ng mundo.
Gintong Inahin	Ang gintong inahing manok kasama ang kaniyang mga gintong akayin ay isang uri ng engkantong puti na nagbibigay ng palatandaan sa tao kung saan matatagpuan ang gusi ng kayamanan sa ilalim ng lupa ng isang bayan. Maaaring maluwag na ipagkaloob ng engkanto ang kayamanang ito sa sinumang may mabuting espiritu o kalooban. Ngunit matandang paalala na sumisingil din ito ng búhay ng sinumang basta-bastang huhukay ng kayamanan nang hindi nagbibigay ng alay. Sa tulong ng mga manggagamot at nakauunawa ng pag-aalay sa mga engkanto, kailangang ibuhos sa lupa ang katas ng sagang puti, isang uri ng baging kung saan nakitang kumalahig ang gintong inahin at ang kaniyang mga sisiw upang makaahon sa ilalim ang kaban ng ginto. Kapag nagtagumpay ang isang may mabuting puso, nagbibigay ang mga engkanto ng iba’t ibang hiyas at iba pang mga kayamanang mahalaga sa tao tulad ng manik, hikaw, kuwintas, singsing, barya, pilak, at ginto.
Mga Sirena sa Tulay	Noon sa dakong-hulo, matatagpuan ang tulay na tinatawiran ng mga mamamayan at mga nagpapasan ng punta na kumakarga sa mga naaning palay at iba pang gulay mula sa sakahan. Sa tuwing inaabot ng des-oras ng gabi ang mga tumatawid, nakaririnig ang mga nagdaraan ang mga magagandang boses ng mga babaeng nagkakantahan sa ibabaw ng tubig. Doon nagpapakita ang mga sirenang naliligo sa ilalim ng tulay sa mga laláking nagpapasan ng punta at mga dayong dumaraan. Mag-ina raw itong naglilinis ng kanilang katawan sa liwanag ng tahimik na buwan. Ang banggit ng mga residente, senyales ang lubhang paglansa ng tubig sa paligid na nariyan na ang mga sirenang namamasyal sa ilog at mga palaisdaan. Paglipas ng panahon, unti-unting humina ang tulay at tuluyang gumuho noong dinumog ng bigat ng mga tao. Bagaman usap-usapan pa rin na nariyan pa rin sila at namamasyal sa tubig lalo na sa mga pagkakataong nangangamoy-patis ang gabi.
Ang Ilog na Humihingi ng Buwis	Noong hindi pa nalulubog ng tubig at palaisdaan ang pilapil na daanan papuntang Ilog Tagalag, mas malayang nakatatwid ang mga tao para maminlit, mamangka, o magpaaraw. Gayunman, sa kabila ng mga kasiyahan ito ay ikinababahala rin ng mga tagarito ang kuwento ng taon-taóng pagkuha ng búhay ng mga laláking dumarayo sa ilog. Iba-ibang bersiyon ang paraan ng pagkuha ng buwis ng ilog. Ika nila, kagawan ito ng sirenang nanghahatak mula sa ilalim ng tubig. Lumilikha ng isang malalim na hoyo ang sirena upang palubugin ang mga bangkang sinasakyan at lunurin ang dayo o laláking maaakit niya. Bukod dito, may mga kuwento ng mga isang babaeng kumakaway sa ilog na humihingi ng tulong sa mga laláking bumibisita. Kaluluwa diumano ito ng dalagang nagbigti sa palaisdaan dahil sa naging kasawian noon sa nobyong pinakamamahál.
Ang Multo ng Babae sa Lambingan	Noon sa Ilog Coloong ay may tinatawag na “lingahan” (ngayon ay Malanday) na may kakahuyan na kung tawagin ay “Lambingan.” Sapagkat malinis at presko pa ang hangin noon, madalas itong pugaran ng mga dayo at mamamayan lalo na kung gabi o piyesta ng San Juan. Tinitindigan ito ng mga nagtataasang mga punò ng sampalok, sinigwelas, mangga, at iba pang punòngkahoy na nagiging tagpuan ng mga magsing-irog na nagsusuyuan. Naroon din ang iba pang mga punò na nakahilig sa isa’t isa at waring sumasabay ng lambingan sa kakahuyan. Tumanda na ito nang nakahapay dahil sa mga nagdaang bagyo. Ika nga ng matatanda, lambingan ang bansag ng mga tagarito dahil, “sa dami ng mga magkakasintahang parang mga palakang nagkapatong-patong.” Des-oras ng gabi, kasagsagan ng pamamahinga ng mga tao, nang may isang babaeng humahagulgol at nagsisisigaw ng saklolo. Humahangos ito mula sa ilog at nagkakakatok upang humingi ng tulong sa mga natutulog. Sa tákot sa naririnig, walang nagbubukas ng pinto. Ayon sa mga kuwento-kuwento, basáng-basà ang buong katawan ng babae at tumatagaktak pa ang tubig mula sa katawan hanggang makarating sa kalsadahan palayo sa lingahan. Kinabukasan, iba’t ibang hinala ang humangos sa pintuan ng mga tao kung saan gáling at saan nakarating ang multo ng babae sa Lambingan. ‘Ika ng matatanda, pinagtangkaan daw itong pagsamantalahan sa ilog. Ang sabi naman ng nakarinig, nakahingi ng tulong ang babae papalayo sa mga humabol sa kaniya habang ang iba ay naghihinalang tuluyan itong naglaho pagdating sa kalsada ng mga tao sa layuning makalayo lámang sa Lambingan.

Ang Nawawalang si Valentina	Pitóng taóng gulang noon nang nawala si Valentina sa baryo ng Tagalag. Bunso ito sa magkakapatid at may maganda at mabilog na pangangatawan. Tumawid ito noon sa tuyò pang lupa ng Tagalag papuntang Coloong kung saan siya huling nakitang tumatakbo-takbo at nakikipaglaro sa ibang batà. Banggit ng mga albularyo, kinuha si Valentina ng “matanda” at dinala ito sa kanilang mundo sa ilalim ng lupa. Hanggang ngayon, 70 taon na ang lumipas ay palaisipan pa rin sa mga mamayang nakakaalala sa kaniya ang pinatunguhan ng tuluyang paglaho ni Valentina sa ibabaw ng mundo.
Si Kulot	Si Kulot ay isang batang laláki, kulot na kulot ang maikling buhok, maitim ang balát, at makikitang nakahubo. Ayon sa suspetsa ng matatanda, ito ay ang tiyanak ng Coloong. Namatay si Kulot sa edad na anim na taon nang hindi man lang nabibinyagan at itinapon ng kaniyang mga magulang sa kulilib na gubat ng dáting baryo. Pinaniniwalaang binibigyang-búhay siya ng tubig at naninirahan sa likod ng matandang paaralan sa tabi ng malawak na palaisdaan.
Batà sa Sanga	Alas-dos noon ng madalíng-araw, pagkatapos ng magdamag na pamamalaisdaan ng tatlong magkakaibigang mángingisdá, sabay-sabay siláng nagtanawan at nag-akayan ng bangka upang makauwi. Pabalik na sila sa pampang nang makarinig sila ng isang batang tawa nang tawa. Umaalingawngaw sa malawak at madilim na palaisdaan ang ingay nitó. Mayâ-mayâ, natanaw nila itong nakaupo sa isang gadaliring sanga ng punò na kung tutuosin ay magiging dahilan ng pagkabali at pagkahulog nitó sa tubig. Sa tantiya ng mga mángingisdá, halos nása apat na taóng gulang ang bata. Hubo’t hubad ito. Nang madama nilang sila ang pinagtatawanan ng misteryosong batà sa sanga, walang lingon-lingong pumaspas ng pamamangka ang tatlong mángingisdá. Kinabukasan ng araw na iyon, tatlong poste sa lugar ang nabuwal. Kahit wala namang dumaang bagyo sa magdamag.
Hinagpis mula sa Tinabunang Balon	May isang tinabunang matandang balon sa dulo ng isang bukirin sa Tagalag, na may maririnig na kapangi-pangilabot na ungol at malakas na hiyaw mula sa ilalim ng lupa. Ang kuwento ng matatanda, hinagpis daw ito mula sa isang nagdurusang kaluluwa na maririnig kung hapon hanggang patakipsilim. Kasagsagan noon ng giyera ng mga Hapon nang nagkampo ang mga gerilya sa dakong-hulo ng manggahan sa loob ng baryo. Sa lugar na ito bumubuo ang mga gerilya ng lungga at mga taguan kung saan nila tatabunan ang sarili ng dahon ng niyog upang hindi makita ng mga kalabang dayuhan. Malaki rin ang silbi ng kutang ito sa oras ng panunukol. Nakatatakas sila nang mabilis gamít ang kahabaan ng ilog na tumatawid patungo sa iba’t ibang baryo ng Bulacan noon. Panahon ng pagkukutá ng mga Hapon sa simbahan ng padakong-bayan, naging usap-usapan sa Tagalag ang isang laláking nagpanggap na maglalangis para makapasok sa looban. Tinatawag nila itong “makapili,” isang Pilipinong nag-eespiya sa mga gerilya para isumbong sa mga Hapon. Sa oras ng pagsusuplong, nagtatalukbong ang makapili ng bayong sa ulo saka itinuturo sa mga Hapon ang kapuwa Pilipinong nagrerebelde laban sa kanila. Kayâ nang malaman ng mga gerilya sa manggahan ang pagmamatyag na ito, palihim nilang dinakip ang maglalako ng langis at inihulog sa balon. Bilang kaparusahan, inilibing nila ito nang búhay sa ilalim ng lupa kung saan siya nagpakasakit hanggang sa kaniyang kamatayan.
Ulong-Pugot sa Akasya	Bukod sa maladagat-dagatang palaisdaan, ang dáting baryo ng Tagalag ay kilalá ring napalilibutan ng iba’t ibang mga punò at halaman na nagiging kanlungan ng hiwaga at katatakutan. Sa isang kulilib na lugar na tinatawag noong Kay Bulaklak ay may lumang bahay na nagsasaboy ng amoy ng sampagita sa daan. Lumalaki ang ulo ng mga napapadaang nag-iigib ng tubig, naghahango ng lumot, o mga nagtatambak sa tuwing maaamoy nila sa hangin ang mababangong bulaklak na inaalay sa mga patay. Sa kabilang dako naman noon ng dáting manggahan ng baryo, ikinukuwento ng mga matatanda na dito ibinaon ang mga bangkay ng mga biktima noong kasagsagan ng giyera ng Hapon. Nangangamoy-patis ang paligid kapag namamasyal na ang mga kaluluwa ng mga ninuno na humihingi ng hustisya at inilibing dito. Isa sa mga nagpapakitang biktima ng karahasang ito ay ang ulong-pugot na lumilitaw sa punò ng akasya. Laláki itong nakasuot nang itim na itim na baro. Lalo pa itong kinatakutan noon dahil pinupugaran ang akasya ng malalaking bayakan na bigla na lang magliliparan sa gabi. May mga kuwento rin noon ng mga magpipilapil na kapag umuulan ay nakakasalubong nila ang ulong-pugot sa daan at nagpaparamdam na naroon na siya sa likuran at sumasabay sa tao sa paglalakad.
Katataga, Nalaglag!	Noong unang panahon, may tungkuling pampamayanan na kung tawagin ay “tagalaglag.” Dalá ang pinatalim na mga itak, umaakyat ang mga babae o laláki sa punò para tagain at ihulog sa lupa ang bunga ng niyog at mga dahon nitó. Esensiyal ang mga dahon gaya ng pagkuha ng mga sasá na madalas ginagamít bilang dingding o bubungan ng mga pawid at bahay-kubo na tiráhan at pinagkakakitaan ng mga tagarito. Isang araw, sa tabi ng masaganang ilog ng mga namiminlit at namamante sa kani-kanilang mga palaisdaan, may isang babaeng tagalaglag ang nag-ipon ng kaniyang gagámiting pangatong. Inakyat nitó ang punò ng bakawan at pinagtataga ang mga sangang gagámitin. Mayâ-mayâ, sa gitna ng paglalaglagan ng mga kahoy, hindi niya namalayan na tinataga na rin ng itak niya ang sanga ng punong kinakapitan. Laking gulat ng lahat nang bumagsak sa ilog ang tumataga ng mga sanga. Kayâ naghalahakan ang mga nakakitang namiminlit at namamansing sa paligid. Ang kuwento-kuwentong biruang ito ang isang kuwentong pinagmulan ng ngalan ng baryo ng Tagalag. ‘Ika nga nila, “Katataga, ayun, nalaglag!”

Alamat ng Tagalog	Noon sa bayan ng Polo, may isang malawak na kapatagang may malusog na lupa. Masagana itong nililinaan ng palay, tuba, pakwan, singkamas, kamatis, talong, kawayan, sitaw, upo, at mga sasa. Maging ang matataas na hibla ng damo ay nagsisilbing palaruan ng mga bata. Nang maglaon, unti-unting naging mapang-abuso ang tao. Araw-araw kung mag-ani sila nang labis, lagpas sa pangangailangan. Kayâ unti-unti ring naubusan ng malusog na pagkaing damo ang mga kalabaw. Pati mga ibon ay nawalan ng mga punong masisilungan. Nagalit ang Bathala sa nakita. Kayâ isang gabi, nagpadala ito ng malalakas na kulog, kidlat, at walang humpay na ulan. Umaga na nang gumising ang mga mamamayan nitô at tumambad sa kanilang malawak na dagat-dagatan na lumunod at lumamoon sa kanilang taniman na kailanman ay hindi na humupa. Dahil dito, nagsimulang magpiyesta ang mga dalag, suwahe, bangayngay, ayungin, kagang, liwalo, tilapya, bidbid, bangus, at biya. Magmula noon, tinawag na ang mga mamamayang nabúhay sa masaganang pagsasaka ang kanilang mga sarili bilang mga "Taga-ilog." Nagsilbi itong pag-alala at pagsisisi sa sala ng paghahangad nang labis ng tao. Ngayon, ang bayang ito ay tinatawag na "Tagalog" na isa sa pinakakilalang barangay na palaisdaan sa Lungsod ng Valenzuela.
Dayong Manananggal	Isang gabi noon sa probinsiya ng Coloong, naiwan ang magkapatid na Lele, pitóng taóng gulang at Ipen, anim na taóng gulang sa kanilang bahay na yari sa kahoy. Napaliligiran pa noon ng malawak na bukid at palaisdaan ang lugar at bihirang mabisita ng koryente. Nang gabing iyon, ang mga magulang at iba pang kapatid nina Lele at Ipen ay nakikinoon ng mga programang pantelebisyon sa tahanan ng kanilang tiyuhin. Maya-maya habang bantay-bantay ng bahay, napansin ng dalawang bata ang isang malaking ibon na papalapit sa kanilang bintana. Sinusubukan nitóng pumasok sa bahay na parang hayok na hayok na mandagit ng tao. Hanggang sa matiyak ng kanilang mata na ang malaking ibon ay isang taóng may malalaking pakpak, putol ang kalahati ng katawan, at may mahabang itim na itim na buhok. Hindi ito makapasok sa bintana sa lapad ng kaniyang anyo. Kayâ noong makatiyempo ang mga bata, dali-daling lumabas ang magkapatid sa pinto ng kusina at tumatakpong nagpunta sa bahay ng tiyuhin para humingi ng tulong sa kanilang magulang. Nagsipaglabasan ang kanilang ama at iba pang taong nakikinoon ng telebisyon nang marinig ang saklolo ng mga bata. Kaniya-kaniya silang damputan ng mga buho ng kawayan para tugisin ang manananggal. Bagaman, lumipas ang magdamag sa paghahanap sa kasukalan ng baryo nang hindi nila ito natutugis. Suspetsa ng matatanda, kanina pa ito nakalipad papalayo nang marinig ang ingay ng tao.
Mga Kaluluwang Pumapara	Hatinggabi noon, mataas pa ang tubig ng pinapahupang baha nang maengkuwentro ni Nanay Ligaya ang maglolong nag-aabang ng masasakyan. Tinanong niya ang mga ito nang makasalubong, aniya "Gabi na po, saan po ang punta ninyong maglolo?" Sagot nila, "Dyan lang, makikisakay at mayroong daraanan." Nang makausad at tumuloy sa lakad, mayâ-mayâ ay humahangos na nagbabala kay Nanay Ligaya ang isang traysikel drayber na, "Mag-ingat ka diyan ate, may dalawang sumakay sa akin, bigla na lang nawala!" na pinagtaasan ng balahibo ng mga nakarinig. Gaya ito ng kuwento ng magsa-sidecar na de-padyak, isang gabi nang nagkaroon ng okasyon sa lugar. Pumara at sumakay ang isang lalaking naka-Amerikana (nakabarong). Palibhasa ay hindi kilala, ipinagpalagay niya itong bisita sa handaan. Matipid itong magsalita at hindi umiimik sa kabila ng pagkukuwento ng drayber. Mayâ-mayâ nang makarating sa highway, nakita niya na lang na wala na siyang kausap sa biyahe. Sa takot, hindi na muling nag-side car ang drayber pagkatapos ng engkuwentro. Ayon sa may kakayahang espiritual sa Coloong, kasama nang naninirahan ng tao ang mga kaluluwa. At ugali ng mga ito na makipaglaro. Ang mga ligaw na kaluluwang ito ay humahanap ng pagkakataon na makausap ang mga may búhay, bumisita, at subukin ang tapang at pandama ng mga tao.
Ang Kuwento ng Mahal na Patrong San Roque	Ayon sa bersiyong kuwento-kuwento ng mga taga-Coloong, si San Roque ang dakilang manggagamot na may kasa-kasamang aso at anghel sa tuwing nagkakawanggawa sa tao. Ang mga namimintuho kay San Roque ay nakaiwas sa malalaláng sakít o napapagaling mula sa mga galis, atake ng epilepsiya, at iba pang mga nakahahawang karamdaman. Napatunayan ito ng mga mamamayan noong pagalingin ng santo ang bayan pagkatapos iprusisyon sa daan dahil sa pananalasa ng salot na sakít na malarya na kumalat sa mga nagbakwit sa gubat. Kayâ sa panahon ng pandemya, ang bilin ng matatanda, hindi dapat natakot ang mga tao na muling iprusisyon ang imahen ni San Roque lában sa COVID-19 sapagkat may kakayahan itong muling pagalingin ang bayan. Isa pang matatandang kausalang bunga ng himala ng San Roque ay paggabay nitô sa tuwing may makakasalubong na asong hindi kilala at may banta na makagat sa daan. Hihingi lámang ng tulong sa santo at babanggit ng maikling dasal, "Mano po San Roque, aso ninyo po'y itabi" o "Mano po San Roque, aso po'y itali ninyo sa poste." Pagkabanggit nitô, dere-deretso lang ang lakad nang walang lingon-likod ay magagabayan na ng San Roque ang nanalangin nang hindi napapahamak. Bukod dito, tumutupad din ang San Roque ng mga panalangin, ang mga unang bumibisita sa simbahan nitô ay maaaring magbitaw ng tatlong kahilingan at diringgin ito ng santo. Hanggang ngayon dahil sa mga himala ng pagpapagaling, at ang patuloy ng pagtindog ng simbahan sa kabila ng mga relihiyon at digmaang dinala ng mga Espanyol, Ingles, at Hapon, taon-taon tuwing Mayo sa Valenzuela ay nagsasagawa ng sayaw-pasasalamat alay kay San Roque ang mga deboto sa bisita ng Mabolo upang tumanaw sa mabuting gawa o humiling ng mapaghimalang kagalingan mula sa dakilang santo.

PAGPAPAAHON SA MGA KUWENTONG-BAYAN AT KATATAKUTAN BÍLANG PABIAYAN NG KAALAMANG-BAYAN AT PAG-UNAWA SA LIPUNAN

Ayon kay Veneracion, bagaman ang lalawigan ng Bulakan ay kuta ng iba't ibang mamamayang may pinanggagalingang iba-ibang ekolohiya, hindi ito naging sagabal sa pagbuo ng isang panlalawigang kultura at kamalayan mula sa kanilang yamang-bukid, tubig, at iba pang materyal na produksiyon (36). Sa pagtukoy ng kaalamang-bayan mula sa mga kuwentong-bayan, mahalagang nakikita ang tahananang naliligid ng tubig at lupain túngo sa pagtuklas ng kakaniyahan nitó bílang kuwentong-bayan (Almario, 28). Bahagi ng mga kuwentong-bayan ng Valenzuela ang pagbanggit sa salaysay ukol sa paglulungaw, kultura ng pananalambaw, hanggang sa naratibo ng baha.

Para sa mga mamamayan, iba-iba ang silbi ng lungaw bílang isang agrikultural na espasyo. Ito ay malalim na hukay sa lupa na ginagamít bílang imbakan ng mga bunga, o anumang itinatabi o itinatapon mula sa gawaing pagtatanim. Sa mga mamamayan ng Bulakan at batay sa mga naratibo, may espesyal din itong tungkulin dahil nagagamít itong maliit na tila kuweba bílang taguan sa tuwing dumarating na ang mga Hapon. Kuta ito upang hindi matanaw ng mga eroplano sa himpapawid o ng mga nagmamatyag sa daan. Kailangan lang takpan ang bunganga nitó ng iba't ibang mga dahon gaya ng niyog o damo upang hindi tuluyang masilip. Ang lungaw kung gayon kasáma ang silong ay metapora ng resistans ng mga mamamayan sa pagpapanatili ng kaligtasan kontra kapahamakan at proteksiyon ng identidad na mayroon sila bílang isang bayan.

Ang mga kuwentong ito ng pagbabaon sa lupa gaya ng itinuturo ng temang mayroon ang “Bolang Apoy” at “Gintong Inahin” sa Tagalog at Coloong ay baryasyon ng mga nawawalang kayamanan at bahagi ng imahinasyon ng pagtatago ng ginto sa lupain ng mga Pilipino. Gaya ito ng nakatagong American silver dollars, Japanese gold bars, at ang mga hinihinalang milyon-milyong yaman ng dáting pangulong Ferdinand Marcos Sr., o ng maalamat na paghahanap sa Yamashita Treasure kaugnay ng pananakop ng mga Hapon. Ang kayamanang ito ay ipinagpalagay na nakatago sa isang lugar na malápit ngunit hindi naaakses o hindi maaabot ng mga ordinaryong tao. Nariyan halimbawa ang kuwento ng isang kampana ng simbahan na itinago ng mga lokal na mamamayan upang maiwasan itong mahulog sa maling mga kamay ng mga dayo (Kelly, 86-87).

Gayundin ang paggamít ng “ginto” bílang namamayaning paksa sa karakter ng gintong nilaláng gaya ng gintong manok na nása kuwento ng “Gintong Inahin.” Pinahahalagahan ito ng mga mamamayan at ipinagtatangol. Ang paniniwalang ito ay maaaring ugat ng iba't ibang suliranin, una ng karahasan dulot ng giyera at pagnanais na magkaroon ng maalwang búhay ng mamamayan dahil sa pananamantala ng mga panginoong maylupa at mga nangangapital.

Samantála, malaganap din ang kultura ng pangingsda sa Valenzuela lalo na nang tuluyang nilamon ng tubig ang mga dáting sakahan at naging pokus ng mga mamamayan ang luminang ng sintetik na palaisdaan. Sa wika pa lámang na ginagamít ng mga ito, makikita na búhay ang pagkukultura sa kanilang mga tubig: namiminilit (binilit), nananalambaw (lambaw), namamalakaya (palakaya), namamante (pante), namamansing (pansing), nangungulong (kulong), namamaril (baril), nangingilaw (pangingsda ng may ilaw), nangangawing o nangangawil (pangawil), namimingwit, namamangka, namimilapil, naghahango ng lumot, at nagtatambak. Ito na mga baryasyon ng iba't ibang proseso ng panghuhuli ng isda o kayâ ay trabahong ukol sa paglinang ng katubigan.

Natuklasan dito na may iba't ibang kaalamang-bayan na isinasapraktika sa pangingsda ang mga mamamayan: (1) may búhay ang mga palaisdaan dahil nagbibigay ito ng pabor sa mga nagtitirá ng húling isda para sa kinabukasan o bago ang bagyo at pinagdaramutan ang mga nagiging sakim gaya ng penomeno ng “pagsamá ng tubig” (fish kill) kung kailan napepeste ang mga isda, (2) upang maiwasan ang pamemeste, dapat patayin ng mga nangingsda ang mga janitor fish, (3) gumagamít ang mga mángingisdâ ng pabiyayaan bílang maliit na lalagyan ng mga nahuhúling isda at tansi (sinulid na ginagamít sa binlit) sa ibabaw ng mga palaisdaan para mailang ang mga langay-langayan at bakaw na dumagit ng mga inaalagaang isda, (4) nakabibingwit ng palaka ang mga mamamayan sa pamamagitan ng pain gámit ang bulaklak ng gumamela, at (5) may ilang residente na nag-aalay muna ng kanin sa tubig bago maglambat o kumulong ng isdang kakainin o ititinda upang maging ligtas sa pag-atake ng mga lamanlupa sa tubig na hinihinalang tinitiráhan ng mga ito.

Ang ganitong mga kaalamang-bayan ay matagal nang nagsisilang ng baryasyon lalo na at inilarawan ni Veneracion na may magkakaibang paraan ng pangingsda sa Bulacan batay sa kondisyong pangkalikasan ng tubig: malalim o mababaw na tubig. Sa pangkatubigang anyo na mayroon ang Valenzuela na may mababaw na daungan, mapansarili ang pamamalakaya na nangyayari dahil halos lahat ng pamilya ay may sariling bangka at baklad na kumukulong sa bawat palaisdaan kung saan palalakihin ang kanilang bininhiang mga itlog ng isda (23). Ang ganitong sistema ay umiikot na kalakaran sa Polo at Obando. Mga bayang lubog sa tubig at pinaupahan na ng pamahalaan sa mga piling kontratista bílang mga palaisdaan upang umani ng mga isdang ikinukulong sa mga baklad at palaisdaan (24). Sa Tagalog at Coloong halimbawa, búhay na búhay pa rin sa mga pamilyang naninirahan sa tabing-palaisdaan ang pangungulong, pamamante, pamiminilit, pananalambaw, at pabiayan. Halimbawa sa kuwentong “Bata sa Sanga,” makikita kung paanong ginagamít na oportunidad ng mga mángingisdâ ang gabi para mas madaling makasalakab ng mga isda. Gumagamít sila ng ilaw upang matanglawan ang mga isda na natutulala sa liwanag sa gitna ng dilim. Sa kuwentong ito rin makukuha ang kaalamang-bayan ng mga mángingisdâ ukol sa biyayang dalá ng tubig.

Dagdag pa, nakabubuo rin ang mga mángingisdâ

ng kaalamang-bayan tungkol sa pag-ulan. Bagaman suliranin ang biglaang bugso nitó sa mga manananim, tumutulong naman sa mga mángingisdá ang ulan upang mas makahuli ng marami dahil lumalápit ang mga isda sa pinakaaplaya. Nalalaman ng lahat ng mamamayang naninirahan sa Tagalog at Coloong na ang ulan at mga baha ay parte na ng araw-araw na búhay ng mga mamamayan. Makikita ito sa kuwento, paraan ng pagpapahayag, at pagsasakaranasan ng mga mananalaysay sa panahon. Halimbawa, isa sa matandang kaalaman sa pagbisita ng ulan o bagyo ay ang kapahamakan na dalá ng kidlat. Ayon sa mga nakatatanda, sa isang bayang laging may balita ng natatamaan ng kidlat kahit tag-araw pa, tiyempuhan ang pagdating nitó. Kapag sumusugod ang kidlat, upang hindi dagitin ng kulog, hindi dapat sumilong sa kahoy ang mga magsasaká at mángingisdá dahil tiráhan iyon ng mga hayop at insekto gaya ng alupihan. Dahil mga hayop ang dinadagit ng kulog at kidlat. Bukod dito, nariyan din ang mga ekspresyon na nag-uugat sa baha gaya ng “Wala nang mga albularyo o manggagamot, tinangay na ng baha,” o ekspresyong “Umihi lang ang palaka, baha na!” na karanasan din ng mga mamamayan sa “Alamat ng Tagalog,” at “Mga Kaluluwang Pumapara.” Samantála, bahagi rin ang ulan sa kuwentong “Si Kulot” na ang pag-ulan sa dapithapon ay senyales ng pagdating ng mga kababalaghan.

Ang kababalaghan na bahagi ng usaping katatakutan ay pamanang tono sa pag-unawa ng lipunan sa Valenzuela. Malaganap ang tono ng katatakutan sa mga kuwento ng mga mananalaysay na may kabuoang labing-apat na naratibo. Mayorya sa mga tonong ito ay gumagámit ng temang kababalaghan at mahikal. Sa katatakutan, makikita kung paano nagpapaulit-ulit ang namamayaning paksa ng gabi, kamatayan, eskuwelahan, multo, engkanto, at iba pang kakaibang nilaláng. Nabubúhay ang ganitong mga pormula ng kuwento sa Valenzuela kasáma ang pananaw-mundo ng mga mamamayan sa mga nilaláng gaya ng bersiyon ng manananggal, sirena, gintong inahin, bolang apoy, tiyanak, at tanda sa punso.

Ang mga kuwentong-bayan na ito na kung tawagin ay mga kuwentong-kababalaghan (wonder tale) ay umiikot sa “tákot” dahil sa mga kakaibang nilaláng na may kamangha-mangha o hindi kumbensiyonal na anyo. Hindi tulad ng karaniwang tao o hayop, hindi konstant ang pag-iral nitó sa mata, at pinaniniwalaang nananahan sa alternatibong mundo gaya ng mga multo, engkanto, at iba pang kakaibang nilaláng. Ayon kay Edgar Samar sa “Tungkol sa Multo,” ang mga multo ay nakasalalay sa presensiya ng mga aktuwal na bagay o mga táong totoong nabuhay. Nagkakaroon lalo ng esensya ang mga multo dahil may kápit ito sa mga bagay na may katotohanan na pangunahing katangian din ng mga kuwentong-bayan. Samakatuwid, sapagkat metapora ng mga kuwentong-lungsod (urban legend) ang mga totoong nangyari sa lipunan, mananatili rin ang mga multo bílang mga karakter ng ganitong naratibo.

Ang mga kataka-takang pangyayaring ito ay kinapalolooban ng mga hindi maabot ng isip ng tao. Ibig sabihin, dahil ang mga pagkakathang-isip na ito ay ipinagpapalagay na kasabay na nangyayari sa

materyal na mundo, tákot ang dinadalá sa mamamayan ng mga bagay na hindi kontrolado at hindi masúkat ng tao. Gaya ng tagpuan ng gabi: ang oras sa isang araw kung kailan lalong nawawalan ng kaseguraduhan dahil sa dilim. O kahihinatnang kapahamakan sa tao lalo na kung ang wakas ng kuwento ay maaaring matapos sa kapahamakan o kamatayan. Isa pa, mahalagang tingnan din ang eskuwelahan, traysikel, usapin ng COVID bílang modernong ubod ng kuwentong-kababalaghan kung saan nangyayari ang napakaraming kuwentuhan at paanakan ng imahinasyon mula sa mga mamamayan. Ayon kay Almario, hindi malábong mangyari ito dahil ang mga kuwentong kababalaghan ay minomoderno o binabago upang makasunod sa panahon at lalong maging kapani-paniwala (221). Tulad ng naging pag-aaral ni Merlie Alunan sa mga susumaton ng Leyte, kasáma sa mga pumupukaw ng imahinasyon na ito ang mga kuwento ng katatakutan, dahil ang pakikinig at pagkukuwento nitó ay maihalalintulad din sa pagbisita sa mundo ng kawalang kaseguraduhan (xxii).

Kapares ito ng kasaysayan na salaysay ng pugót o multo na lumipas ngunit maaaring bigla na lámang bubulaga at magbabalik. Na ang tákot ay maaaring arukin bílang tagapagdala ng kilabot o alayan ng paggalang. At kapag nabubúhay nitó ang mahahalagang lumipas na, nagkakaroon ng tilaok ang mga mamamayan para magising sa dalá-dalá nitóng mensahe. Kayâ sa tulong ng katatakutan bílang pamosong tono ng kuwentong-bayan sa Valenzuela, sisilában nitó na mapag-uusapan ang pananalasa ng umiinit na klima, paglában sa karahasan at pananakop, o pag-alam sa mga pinagdaanan ng kanilang mga ninuno. Na tugon din ng mga mamamayan sa mapanganib na pagnonormalisa ng mga maykapangyarihan sa mga alalahaning panlipunan na dapat iproblematisa. Ang puwersang ito ng “katatakutan” bílang tono ang tumatawag ng pansin upang mabahala ang pamayanan sa inaakala nilang pangkaraniwan.

Batay sa mga ebidensiyang tekstuwal na tinuntungan ng mga naratibo sa salambawan, nakatalá sa mga kuwentong-bayan na may temang katatakutan ang danas at pakikibáka ng mga mamamayan sa marahas na pananakop ng mga dayuhan sa Valenzuela: Kastila, Ingles, at Hapon. Halimbawa, maliwanag ang depiksiyon sa nangyaring pambobomba, pamamaslang, at pagbangga ng mga gerilya sa kalupitan ng mga Hapon. Ayon kay Arenas, noong panahon ng himagsikan sa mga Kastila, namuhi ang mga taga-Polo sa mga dayuhan nang makita nila ang makasariling layon ng banyaga at umabuso sa pakikipag-ugnayan sa mga katutubo. At dahil malápit sa Polo ang Maynila at Pugad Lawin, naging kasapi ang mga mamamayan nitó sa pagbuo ng kuta ng Katipunan at naging dahilan para maging mainit ang mata ng mga nanakop sa mga mamamayan nitó (78). Ang mga sagupaang ito upang palayain ang bayan ay naging tampok na suliraning kinaharap noong panahon ng pananakop. Nagpatuloy pa ang latay ng karahasan at mga pakikibákang ito na makikita sa kuwentong “Hinagpis mula sa Tinabunang Balon” nang isinakatawan ng mga gerilya ang pagtatanggol sa bayan sa tulong ng sistematikong resistans sa dayuhan noong 1942–1944.

At ang walang pagsantong paggawad nila ng parusa sa isa sa Makapiling nagpanggap na maglalangis. Ang mga Makapili na tinawag na Makabayang Katipunan ng mga Pilipino ay ironikong bansag sa mga Pilipinong nakikipagsabwatan sa imperyalistang hukbo ng mga Hapon na trabahong magturo kung nasaan at sino-sino ang mga gerilyang Pilipino na nagpaplano at lumalában sa kolonya ng Hapon. Dahil dito, itinuring silang mga taksil sa bayan.

Pinatutunayan ang kasaysayang ito sa talá ni Arenas mula sa mga tunay na karanasan ng Valenzuela noong sumiklab ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Kung kailan maraming taga-Polo ang nagtanggol sa bayan sa bihis ng pagiging gerilya at naging kakampi ng mga Americano sa pamumuno ni Koronel Edwin Ramsey (80). Bagaman may tumindig bilang resistans, hindi ito naging madali dahil sa mga Makapili na nagkakanulo sa bayan at hindi naglaon ay nagbunga ng pagtortyr at masaker sa halos 100 kalalákihan mula sa Polo at Obando na dinakip, pinahirapan sa liwasan, saka pinagpapatay. Ngunit ang hindi nakasulat sa aklat-pangkasaysayan ng Valenzuela ay ang tákot at karanasan sa dahas sa iba pang Valenzuelanong proletaryo, batà, sibilyan, o mga pamilya na pinipiling laging magtago sa kanilang tahanan o kabukiran.

Dagdag pa sa mga taláng ito ng penetrasyon ng karahasan ng dayo, makikita na saksi ang mahahalagang gusali sa pamayanan gaya ng simbahan at paaralan bilang tagpuan ng mga seryosong usapin at alaala ng mahahalagang pangyayari sa bayan gaya ng mga nása kuwentong “Bolang Apoy” at “Hinagpis mula sa Tinabunang Balon.” Ani ni Arenas, nagpadalá ang mga pampublikong paaralan ang mga Americano at nagpadala sila ng mga gurong sundalo mula sa iba’t ibang bahagi ng bansa. Sa bayan ng Polo, itinatag ang Polo Elementary School noong 1904 kung saan din nadeestino ang iba’t ibang mga gurong Americano (79).

Nang dumating ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig, hindi masúkat ang pinsalang idinulot ng giyera gaya ng pagkasunog ng simbahan ng Polo dahil sa paghuhulog ng mga bomba ng hukbong putí dulot ng pinaniniwalaan nilang pinagkukutaan ito ng mga Japones. Ang pangyayaring ito ng pagbuo at pagkukuta sa sentro ng komunidad ay malinaw ring tinatalakay sa kuwentong “Bolang Apoy” ukol sa pagkakahukay ng ebidensiya ng giyera (bomba, bala ng kanyon, at bungo) na nilalandas sa mga mamamayan ng mahikal na apoy. Ang ganitong pag-iwan o pagbabaon ng ebidensiya ng giyera ng mga Americano ay hindi na iba sa mga Valenzuelano. Katunayan, ayon sa Valenzuela City Cultural and Tourism Development Office, sa Malinta (isa pang barangay sa Valenzuela), may natagpuan noong isang kanyon mula sa naging lábanán ng Americano at taga-Polo sa Malinta. Inilagay ito ng mga Americano matapos ang lábanán para markahan ang pook kung saan napatay si Col. Harry Clay Egbert noong Marso 26, 1899 ng mga sundalong Pilipino at tinatawag ngayong Egbert Memorial Cannon.

Sa madalíng sabi, malinaw na lagakan ang mga kuwentong-bayang tampok ng balik-tanaw sa kasaysayan

suson-suson ng kilabot bílang tono. Ayon kay Samar sa kaniyang *Mga Nilalang na Kagila-gilalas*, matagal nang ginagamit ng ating epiko, alamat, at iba pang matatandang salaysay ang kahiwagaan at katatakutan na may sangkap ng mga kakaibang nilalang (149) at hanggang ngayon ay nabubúhay pa rin ito dahil habang tumataas ang pagiging kakatwa ng kuwento ay lalo ring umaakyat ang pag-asam ng mga mamamayan na maláman ang totoo sa mga pagitan nitó. Ang mga pangunahing karakter na matitiyak pa bílang halimbawa ay ang mga lamanlupa, halimaw, at aswang na mas kilalá sa temang kababalaghan sa panitikan man o lipunan ng Pilipinas. Na bagaman kataka-taka ang mga ito, pakikinggan pa rin ng tao at ipagpapasalin-salin lalo na at nahahaluan pa rin ito ng katangian ng pagiging kapani-paniwala sa kabila ng mahihiwagang nilalang at pangyayari na nása loob ng mga kuwento (Almario, 215). Nagiging sandigan din ito ng kababaan ng loob ng mga mamamayan na nagtuturo sa kanila ng pagsasapraktika ng respeto. Binubúhay rin nitó kung gayon ang matandang paraan ng pagkukuwento ng mga Pilipino búhat pa sa iba’t ibang pangkat etniko ng Pilipinas. Ito rin ang nagtutúlak upang magpatuloy ang pagiging malikhain, kritikal, at pagiging matapang sa kabila ng kawalang kaseguraduhan. Kultural na pagdidikdik din ito dahil nagpapakita ang katutubong kaalaman ng singkretisasyon at pagsabay sa namamayaning paniniwalang Kristiyano na pangunahing katangian ng oral na kultura ng mga Tagalog ang pagsasanib-puwersa ng tradisyong Katoliko sa banggit ni Lazaro sa kaniyang *A Survey of Approaches in Philippine Oral Literature Scholarship* (206).

Nagluluwal ngayon ang unang balangkas pangkasaysayang ito na nása mga kuwentong-katatakutan ang kamalayan na may silbi ang mga kuwento upang magpaalaala ng pangyayari sa nakaraan at paano kumilos ang ninunong mamamayan. Na may dakilang paghahangad ng bayan na hindi maulit ang karahasan at pang-aabuso mula sa kapangyarihang iginigiit ng mga imperyo at ito ay ang rebolusyon ng masa sa pananakop. Sa ganitong diwa, ang pagkukuwento kung gayon ay pagpapanatili rin ng kasaysayang-bayan ng mamamayan.

Kayâ mas nakatatákok ngayon ang hindi paniniwala dito, dahil kung mamamatay ang paniniwala nila na salamin ng araw-araw nilang pagkatakot, pinapaslang nila ang kultura mismo na ang tungkulin ay makapagpamulat ng isip o magbigay ng kamalayan sa mga nangyayari sa lipunan. Ito ngayon ang nagsisilbing pamana sa kasalukuyan na nagpapaikot ng mga paksang kailangang pakinggan at pagpasa-pasahan.

KONGKLUSYON

Sa loob ng mga kuwentong-bayan, isinalaysay nitó ang polaridad ng mga dako na nása heograpikal na mapa ng mga mamamayan: ang dakong-hulo at ang dakong-bayan. Ang dakong-bayan ay talinghaga ng mga kuwentong-bayan ukol sa kolonyalismo, imperyalismo, kapitalismo, at patriyarka na araw-araw kinakabaka ng mga mamamayan na nása gawíng sulok. Pasasaringan ng

mga kuwentong-bayan na rito nakatindig ang simbahang binasbasan ng mga Español, ang paaralang pansikod sa mga puti o naghaharing-uri, ang pamilihan ng mayayaman [gaya ng palengke ng Polo], kasáma pa ang pamahalaang monopolyo rin ng kalalákihan. Batay sa kuwento, ang mga karakter na nása sentralidad ng dakong ito ay ang mga Santong Patron at ang mga bidang kuwento sa fairytale na nása loob ng mga aklat ng Pilipinong mag-aaral.

Datapwat, naroon naman sa kabilang-dako ang dakong-hulo kung saan nahahabi ang mga karakter gaya ng bolang-apoy, mga sirena, ulong-pugot, at ang materyal ng lungaw, balon, at pangangamoy-patis ng paligid. Narito sa dakong-hulo ang talinghaga ng taumbayan ukol sa pagsasarili o awtonomiya. At ang mga karakter na kanilang nilikha at binubúhay ay pagbobodega rin nila ng mga armas sa araw-araw na panahon ng pagsasalba sa identidad. Ibig sabihin, sa kabilang-dulong ito nagaganap ang agaw-búhay, agaw-identidad ng mga Valenzuelano sa mananakop. Na kung isesentro halimbawa ang pagbása sa liyab ng “Bolang Apoy” [ang pinakanauulit na karakter ng kuwentong-bayan sa kamalayan ng mga mananalaysay], mahalaga ang sinasabi ng talinghaga nitó tungkol sa pagtatanggol ng taumbayan sa usapin ng giyerang pisikal at kultural.

Samakatwid, ipinakikita ng mga kuwentong-bayang ito ang larawan ng pagmamalasakit sa identidad at minanang mga kaalamang-bayan. Ang pangunahing silbi nitó na magpaliwanag ng pang-araw-araw na kultura, búhay, at kamalayan ng bayan. Ang ganitong depiksiyon ng kultura ay nakagagampan ng tungkuling isabúhay ang kanilang identidad at ang pag-uulit-ulit na ito ay salamin ng pagpapahalaga sa kultura. Nagiging pugad ng sapin-saping awtentikong kalinangan, wika, at pagkakakilanlan ng bayan na makikita sa kanilang pang-araw-araw na búhay, at sa kanilang mga awtentikong kuwento. At kung huhubarin ang salitáng “takot” mula sa mayorya ng mga kuwentong-bayan, tangan-tangan nitó ang katotohanang humuhubog ang di-materyal na kultura

ng pamumuhay ng mamamayan at nakapagpapaunlad ng sariling identidad bílang panapat sa mga kulturang kolonyal na nagbihis sa kaakuhan ng mga mamamayan nitóng natapos na daantaon.

Kayâ naman mula sa tuklas na ito, iminumungkahi ng pag-aaral sa pamahalaan, akademya, at susunod na iskolar na aaralin ang katulad na paksa sa Valenzuela ang sumusunod na tagubilin. Una, makabuo ng mas malawak na proyekto sa pagtitipon ng mga kuwentong-bayan. Maaaring magsimula ito sa mga barangay, guro, o anumang uri ng mga mamamayan lalo na iyong nása laylayan. Ikalawa, maglaan ng mas mahabang panahon at oras ang susunod na mananaliksik sa pangangalap ng karagdagang kuwentong-bayan. Kasáma ang paggalugad sa iba pang mga mamamayan sa bawat sulok ng Valenzuela na maaari pa ring ibatay sa mapa at kalagayang heograpikal ng Lungsod ng Valenzuela. At ikatlo, magkaroon ng muling pagsasalaysay [retelling] sa loob at labas ng mga pamayanan gaya ng pagsasatula, pagsasadulá, pagsulat ng maikling kuwento, paggawa ng pelikula, sayaw, pagpipinta, at iba pa. Makabubuti rin kung magkakaroon ng silid na magsisilbing repositoryo ng mga panitikang-bayan ng Valenzuela. Kasabay ito ng inkorporasyon ng mga kuwento sa kurikulum ng edukasyon ng Valenzuela mulang elementarya hanggang kolehiyo.

Bílang paglalalahat, gaya ng pananalambaw ng Coloong at Tagalog, ang pagkukuwentuhan sa mga kuwentong-bayan ay pagbabakod sa yamang oral anumang uri ng pagbabago ang dumating sa bayan. At ang mga kuwentong-bayang ito ang nagiging dahilan upang mapalawig ang talakayan sa kultura at sistema ng paniniwala ng isang bayan. Dahil lagi at laging sasalamatin ng pag-aaral na ito na hindi lumilimot ang bayan sa kaniyang sarili. Sagwan ang kanilang alaala at kakayahang magpása-pása ng mga kuwento, magsisilbi itong layag upang labáan ang paglubog ng kanilang identidad sa pusod ng kawalan.



SANGGUNIAN

Adan, Marren Araña, at Fernandez, Rogerick, mga editor. *Ang Pulo*. Tomo 1, blg. 1, 2020. Valenzuela Arts & Literary Society.

Almario, Virgilio. “Ang Pagpanitikan sa Panitikang-Bayan.” *Ang Panitikan sa Panitikang-Bayan*, Manila: Pambansang Komisyon para sa Kultura at mga Sining, 2020, 72–105.

———. “Panggabi ng Lagim.” *Ang Panitikan sa Panitikang-Bayan*, Pambansang Komisyon para sa Kultura at mga Sining, 2020, 215–239.

———. “Sina Juan Tamad, Juan Sadut, Juan Pusong, Pilandok, at ang Kuwentong Nagpapatawa.” *Ang Panitikan sa Panitikang-Bayan*, Manila: Pambansang Komisyon para sa Kultura at mga Sining, 2020,

240–297.

Al-Shwillay, Dhiffaf. “Folklore as Resistance in Postcolonial Narratives and Cultural Practices: Hawaiian, African American, and Iraqi.” Disertasyon, University of Hawai’i, 2019. <http://hdl.handle.net/10125/63497>.

Alunan, Merlie M. *Susumaton: Oral Narrrrative of Leyte*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2016.

Arenas, Mar DJ. *Valenzuela: Ang Bayan at Bayani*. Valenzuela: Museo Valenzuela Foundation, Inc. Valenzuela Historical and Cultural Society, 1997.

Arosa, Sudhir K. “Presentations of Postcolonialism in English.” *Creation and Criticism*, tomo 26 at 27, blg. 7, 2007, 29–42. Inakses noong Mayo 1, 2023.

- www.researchgate.net/publication/342499790_Postcolonialism_Theories_Issues_and_Applications.
- Bartlett, Lesley et al. "The Anthropology of Literacy." *A Companion to the Anthropology of Education*. Unang Edisyon, Black Well Publishing LTD, 2011. www.researchgate.net/publication/230271368_The_Anthropology_of_Literacy.
- Bascom, William R. "Folklore and Anthropology." *The Journal of American Folklore*, tomo 66, blg. 262, 1953, 283–290, JSTOR. Inakses noong abril 8, 2021. www.jstor.org/stable/536722.
- Castillo, Laurence Marvin S. "The (Anti) Colonial 'Awit' of Juan Tamad Didacticism and Subversion in a Colonial Metrical Romance." *Philippine Studies: Historical & Ethnographic Viewpoints*, tomo 65, blg. 3, 2017, 357–386. *JSTOR*. Inakses noong Marso 9, 2021. www.jstor.org/stable/26621923. Naakses noong 9 Marso, 2021.
- Catapang, K, et al. *Pagsusuri sa mga Alamat at mga Kuwentong-Bayan tungkol sa Lawa ng Sampalok at ang Kaugnayan nitó sa Araw-araw na Pamumuhay ng mga Mangingisda ng San Pablo, Laguna*. Unibersidad ng Pilipinas - Los Baños, 2015.
- Dizon, Roberto. Personal na Pakikipanayam. Hunyo 3, 2021.
- Eugenio, Damiana, editor. *Philippine Folk Literature: The Folktales*. Unang Edisyon. Unibersidad ng Pilipinas, Diliman, 2001.
- . *Philippine Folk Literature: The Legends*. Ikatlong Edisyon. Quezon City: Unibersidad ng Pilipinas, Diliman, 2002.
- . *Philippine Folktales: An Introduction*. *Asian Folklore Studies*, tomo 44, blg. 2 (1985): 155–177. doi:10.2307/1178506.
- Fansler, Dean Spruill. "Filipino Popular Tales." *Memoirs of the American Folklore Society*, blg 1, 1921. The American Folklore Society.
- Fuentes, Christian T., Verzosa, Aldhen B., at Vili, Quings-R S. "Istruktura ng Morpema at Pamuhatan ng Pangalan ng mga Piling Lugar sa Lungsod ng Valenzuela: Batayan sa Pagbuo ng Pokloriko sa Valenzuela." Di-gwaradong Pananaliksik, Pamantasan ng Lungsod ng Valenzuela, 2016.
- Gracio, Jerry. "Ang Panitikan ng Valenzuela, ang Valenzuela sa Panitikan." *VALS Webinar: Ang Pulo-pulong Panulat: Ang Panitikan ng Valenzuela, ang Valenzuela sa Panitikan*. Valenzuela Arts and Literary Society Z [Facebook Page]. Inakses noong Agosto 29, 2020 sa www.facebook.com/watch/live/?ref=search&v=409849986660130.
- Javier Jr., Roberto. "Paraan Po: Ang Oryantasyon ng Kapuwa sa Metodo ng Pananaliksik." *Hasaan Journal*, tomo 1, blg. 1, 2016, 21–46. Inakses noong Pebrero 20, 2021. www.ejournals.ph/article.php?id=10346.
- Kelly, Piers. "Excavating a Hidden Bell Story from the Philippines: A Revised Narrative of CulturalLinguistic Loss and Recuperation." *Journal of Folklore Research*, tomo 53, blg. 2, 2016, 86–113. Inakses noong Setyembre 1, 2022. www.jstor.org/stable/10.2979/jfolkrese.53.2.04.
- Lazaro, Patricio B. "A Survey of Approaches in Philippine Oral Literature Scholarship." 1975. Disertasyon, Northwestern University, Inakses noong Abril 21, 2021. www.proquest.com/docview/302786230?accountid=47253.
- Legaspi, Felisa R. "Ang mga Awiting-Bayan ng Bataan: Isang Pag-aaral ng Pampulungan-Pangkasaysayan." Disertasyon, Unibersidad ng Pilipinas Diliman, 1981.
- Maceda, Teresita Jimenez. *PP 399. Pananaliksik sa Panitikan ng Pilipinas*. Unibersidad ng Pilipinas, Diliman, 2018.
- . *Saliksik sa Panitikan at Malikhaing Panulat sa Pilipinas*. Unibersidad ng Pilipinas, Diliman, 2019.
- Majerano, Danim R. "Ang Nagbabanyuhay na Hulagway ng Mutya ng Pasig bilang Lunduyan ng Kahulugan, Kasaysayan, at Kapangyarihan." 2012. Unibersidad ng Pilipinas, Diliman, Graduwadong Pananaliksik.
- Maramba, Asuncion David. *Early Philippine Literature from Ancient Times to 1940*. Mandaluyong: Anvil Publishing Inc., 2006.
- Mata, Roberto C. "Ang mga Ilog sa Loob ng Sinaunang Bayan ng Meycauayan: Ugnayan ng Heograpiya at Tradisyon." *Malay*, tomo 19, blg. 2, (2006): 86–113. www.ejournals.ph/article.php?id=7888. Inakses noong Pebrero 18, 2016.
- Reyes, Wensley M. *Abakada ng Kasaysayang Pampook – Kartilya sa Pananaliksik at Pagsusulat ng Kasaysayan ng Bayan*. Manila: Limbagang Pangkasaysayan, 2020.
- Samar, Edgar Calabia. *Mga Nilalang na Kagila-gilalas*. Quezon City: Adarna House, Inc, 2019.
- Santos, Jose P., editor. *Ang Malulos sa mga Dahon ng Kasaysayan (Mga Ulat ni Don Antonio Bautista)*. Bulacan: Guiguinto Printing Press, 2000.
- Sentro ng Wikang Filipino. *Anotasyon ng mga Tesis at Disertasyon sa Filipino (Tinipon ng Sentro ng Wikang Filipino-UP Diliman)*. Sentro ng Wikang Filipino, Unibersidad ng Pilipinas Diliman, 2018.
- Tuloy ang Progreso, Valenzuela! The Official Website of the City of Valenzuela. *Gawad 2021 Dr. Pio Valenzuela: Pagkilala sa mga Katangi-tanging Valenzuelano*. City Government of Valenzuela, 2011.

www.valenzuela.gov.ph/gawaddrpio/awardee.
Naakses noong 26 Mayo, 2021.

_____. *Tagalag*. City Government of Valenzuela,
2011. www.valenzuela.gov.ph/search/query/tagalag.
Inakses noong Setyembre 1, 2022.

_____. *Coloong*. City Government of Valenzuela,
2011. Inakses noong Setyembre 1, 2022. www.
valenzuela.gov.ph/the_city/barangays/Coloong.

Veneracion, Jaime. *Kasaysayan ng Bulakan*. Manila:
Bahay-Saliksikan ng Kasaysayan, 1986.

Yu, Rosario Torres. "Muling Pagsasalaysay ni Jose Rizal
ng 'Ang Búhay ni Matsing at Pagong': Ang Talas ng
Mahina Lában sa Tusong ng Malakas." *Malay Journal*,
tomo. 25, blg. 1. 2012, 77-90. www.ejournals.ph/
article.php?id=8026.



Si **ANTHONY BACULBAS GABUMPA** o Gâ ay ipinanganak at patuloy na tumutuklas sa Lungsod ng Valenzuela. Nagtapos siya ng programang Batsilyer sa Pansekundaryang Edukasyon, medyor ng Filipino (Cum Laude) sa Pamantasan ng Lungsod ng Valenzuela kung saan siya kasalukuyang instruktur sa kolehiyo ng mga kursong Filipino, panitikan, at pananaliksik. Siya ay may gradwadong digri na Master ng Arte sa Araling Pilipino (Panitikan ng Pilipinas at Antropolohiya) sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Miyembro siya ng iba't ibang organisasyon na nagsusulong ng panitikang Filipino at pagsusulat tulad ng 207 Collective, Valenzuela Arts and Literary Society, at Ateneo National Writers Group. Sa kasalukuyan, ilan sa pinagkakaabalahan niya ay pagbababad sa pagsulat at pagtatanghal ng tula, masining na pagkukuwento, at pananaliksik na nakasentro sa mga kuwentong-bayan ng mga lungsod túngo sa muling pagsasalaysay nitó.

Apat na Dulá ukol sa Adbokasiya ng Positibong Disiplina

FREDYL B. HERNANDEZ

fbhernandez@up.edu.ph

Unibersidad ng Pilipinas Diliman

Philippine Educational Theater Association (PETA)

Philippine High School for the Arts (PHSA)

ABSTRAK

Itinatag ng Philippine Educational Theater Association (PETA) ang Advocate Right to Safety Zone Project for Children na mas kilala sa ARTS Zone Project bilang programang pangkultura na nagsusulong ng adbokasiya sa positibong disiplina at karapatang pambata. Layunin ng programang baguhin ang namamayaning kultura ng dahas sa pagdidisiplina ng mga bata at kabataan. Ang positibong disiplina ay ikinakampanya sa publiko bilang alternatibo sa korporal na parusa, at iba pang porma ng marahas at mapanakit na disiplina.

Isa sa mga naging pangunahing pamamaraan ng pagsisiswalat ng adbokasiya ay ang paglikha ng produksiyong panteatro at paglilibot nito sa mga komunidad at paaralan. Unang nabuo ang dulang *Rated: PG* na tumungo sa mga pangunahing lungsod sa Metro Manila. Nang higit pang pinalawak ang saklaw ng programa, nabuo ang tatlong adaptasyon ng dula sa mga rehiyon sa pakikipagtulungan ng mga grupong panteatrong katuwang sa adbokasiya—ang *Ahh... Bakus! (Ahh... Sinturon!)* ng Youth Advocates Through Theater Arts (YATTA) sa Dumaguete City, *Si Al buda an Tsinelas (Si Al at ang Tsinelas)* ng Sining Banwa sa Legazpi City, at ang *Istoryahe Lang Ko (Kausapin Mo Ako)* ng Teatro Guindengan sa Ozamiz City.

Lilimiin ang estetika ng diyalogo sa teksto ng mga dulang ito na tumatampok sa isang karaniwang mag-anak kasama ang kanilang mga hamong kinakaharap sa buhay, ang kontekstong panlipunan na kanilang nilulugaran, at ang mga naging implikasyon nito sa pagdidisiplina sa mga bata sa loob at labas ng tahanan. Ang mga linya ng mga tauhan sa dula maging ang mga akto ng pakikipagdayalogo sa mga eksena ng pagtatanghal ay nagsisilbing mga lunsaran ng pagbubukas ng mga posibilidad sa mga manonood. Sa pagdanas ng teatro, ang publiko ay kagyat na hinihimok na huwag manatili sa pagkakatali sa isang sarado o walang-kawalang kalagayan na problematisasyon ng pagdidisiplina sa mga bata na kadalasang nagreresulta sa marahas na pamamaraan. Inaanyayahan ang lahat na maging malikhain, buksan ang isipan, at kilalanin ang dignidad ng bawat isa, bata man o matanda, upang ang disiplina ay huwag kailan man ituring bilang kasingkahulugan ng parusa.

Mga susing salita: diyalogo, adbokasiyang panteatro, karapatang pambata, positibong disiplina

ABSTRACT

The Advocate Right to Safety Zone Project for Children, popularly called as the ARTS Zone Project, was established by the Philippine Educational Theater Association (PETA) as a cultural program promoting positive discipline and children's rights. The program seeks to address the prevailing culture of violence in disciplining children and youth. Positive discipline is being campaigned to the public as an alternative to corporal punishment, and other violent and punitive forms of discipline.

*One of the main strategies in the advocacy campaign was the creation of a theater production and its tour to communities and schools. The play, *Rated: PG*, was mounted and toured to major cities in Metro Manila. When the program expanded to the regions, three more plays were created through strategic partnership with other theater groups—*Ahh... Bakus!* (*Ahh... Belt!*) by Youth Advocates Through Theater Arts (YATTA) in Dumaguete City, *Si Al buda an Tsinelas* (*Al and the Slippers*) by Sining Banwa in Legazpi City, and *Istoryahe Lang Ko* (*Talk to Me*) by Teatro Guindengan in Ozamiz City.*

The concept of dialogue as an aesthetic handle will be explored in the textual analysis of the plays which feature an ordinary family and the challenges they face, their social context, and its implications on how children are disciplined within and outside the home. The text as well as the acts of dialogue in the performance serve as gateways in opening up possibilities for change on the part of the audience. In the context of immersing in a theater experience, the public is encouraged to not to be trapped on the problematics of discipline that usually result to violent means. The public is invited to be creative, have an open mindset, and be cognizant of dignity inherent to everyone, to children and adult alike, so as to never equate discipline with punishment.

Keywords: dialogue, theater advocacy, children's rights, positive discipline

Itinatag ang Advocate Right to Safety (ARTS) Zone Project for Children, na mas kilalá sa tawag na ARTS Zone Project, ng Philippine Educational Theater Association (PETA) noong 2009 bilang programang tagapagsulong ng positibong disiplina kasáma ang panawagang ihinto na ang korporal na pagpaparusa sa mga batà. Bunga ang ARTS Zone Project ng mahabang karanasan ng PETA sa pagpapatakbo ng Children's Theater Program (CTP) na binalangkas alinsunod sa mga probisyon ng United Nations Convention on the Rights of the Child (UNCRC). Sa isang punto ng ebalwasyon ng CTP, napagpasiyahan ng pamunuan ng PETA na yakapin ang hámong magkaroon ng programang nakatuon sa isang partikular na bahagi ng karapatang pambata (Belarmino-Cariño, 2). Ito na nga ang nagluwal sa ARTS Zone Project, isang adbokasiyang panteatro na nagsusulong ng karapatang maproteksiyunan ang mga batà sa karahasang nakatago sa pagdidisiplina gaya ng pamamalo at pananakit.

Naging tila kakambal ng ARTS Zone Project ang produksiyong *Rated: PG*, ang banner play ng adbokasiya, lalo na sa mga unang taon ng programa kung saan ipinapakilala pa lámang sa publiko ang layunin nitó. Unang inilibot ang pagtatanghal noong 2011 sa mga piling siyudad sa Metro Manila—Caloocan, Makati, Maynila, Pasig, at Quezon. Upang higit na mapalawak ang bilang ng naaabot na publiko, idinagdag paglaon ang mga lungsod ng Las Piñas at Valenzuela, at ang karatig na bayan ng Cainta, Rizal. Naimbitahan din ang produksiyon na makapagtanghal sa iba't ibang pagkakataon gaya ng pagtitipon ng mga opisyal ng mga lokal na pamahalaan sa Metro Manila, at maging

sa Batasang Pambansa noong kasagsagan ng kampanya para sa panukalang batas hinggil sa positibong disiplina. Naipalabas din ng maraming beses ang produksiyon sa sariling tahanan ng PETA, ang PETA Theater Center, sa Quezon City. Ang video version naman ng produksiyon ay kasalukuyang mapanonood sa PETA YouTube Channel kung saan pumapalo na sa 383K ang bilang ng mga nakapanood nitó (Full Show *Rated: PG*).

Hindi lámang sa Kamaynilaan at sa mga karatig na lugar nanatili ang ARTS Zone Project dahil tinúngo rin nitó ang ilang mga piling lugar sa rehiyon. Isa sa mga taktika ng popularisasyon ng adbokasiya sa mga probinsiya ay ang pagkakaroon ng mga lokal na bersiyon ng *Rated: PG*. Naging katuwang ng programa ang Youth Advocates Through Theater Arts (YATTA) ng Dumaguete City, Negros Oriental sa pagbuo ng *Ahh... Bakus!* (*Ahh... Sinturon!*), isang adaptasyon ng *Rated: PG* sa wikang Bisaya na isinulat ni Junsly Kitay, sa direksiyon ni Ricky Nelson Cimafranca. Sa Legazpi City, Albay bumuo naman ang grupong Sining Banwa ng orihinal na dulá sa wikang Bikol, ang *Si Al buda an Tsinelas* (*Si Al at ang Tsinelas*) na isinulat at idinerehe ni Roe Jalimao, na ang naging estilo ng paglalalahad ng kuwento ay hawíg pa rin sa estruktura ng *Rated: PG*. Sa Mindanao, minabuting gawin ng Teatro Guindengan ng La Salle University sa Ozamiz City, Misamis Occidental ang isang direktang pagsasalin ng *Rated: PG* sa wikang Bisaya na may iilang modipikasyon para sa kanilang bersiyong *Istoryahe Lang Ko* (*Kausapin Mo Ako*) na parehong isinulat at idinerehe ni Felimon Blanco. Nagsimulang lumibot sa mga komunidad sa rehiyon ang mga lokal na bersiyong ito ng *Rated: PG*

noong 2013, at ang pinakahuling pagtatanghal ay noong 2018 para sa PETA Festival of Windows, isang pagtitipon para sa theater for development kaugnay ng selebrasyon sa ikalimampung anibersaryo ng pagkakatatag ng PETA.

Sa pangkalahatang latag ng mga popular na duláng nalimbag o naitanghal, hindi madaling tumukoy ng mga halimbawa na espesipikong pumapaksa sa usapin ng disiplina. Sa pagsisimula ng ARTS Zone Project bilang adbokasiyang panteatro, malinaw sa programa na kailangang tugunan ang pangangailangang bumuo ng isang duláng itatanghal na tuwirang mangungusap ukol sa disiplina. Sa kabila ng nasabing konteksto, hindi naman mapasusubalian ang pagiging pamilyar na pamilyar ng publiko sa mga drama ng disiplina dahil hitik sa ganito ang maraming mga panoorin sa telebisyon at maging sa entablado. Asáhan na kapag tampok sa kuwento ang mga miyembro ng pamilya, lilitaw at lilitaw ang mga dramang ito na bagaman hindi sentrong paksa, madalas namang agad na tumatatak sa memorya ng mga manonood. Hindi ba't napakapopular ng linyang "*Akala mo lang wala! Pero meron! Meron! Meron!*" na ginagamit bilang isang 'hugot line' at biro sa maraming pagkakataon? Tumatak sa marami ang eksenang ito mula sa pelikulang *Bata, Bata... Pa'no Ka Ginawa?* (1998) na unang inilimbag bilang nobelang akda ni Lualhati Bautista. Ang mahusay na pagganap ng mga artista sa pelikula at ang pagkapamilyar ng marami sa mga komprontasyon ng magulang at anak sa loob ng tahánan ang siyang nagdalá rito bilang isa sa mga iconic scene ng pelikulang Pilipino. Ang ipinakita sa nasabing eksena ay nagresulta ng malalim na talab sa damdamin at isipan ng mga manonood hatid ng pagpapanumbalik ng memorya ukol sa mga pamilyar at sariling danas ng disiplina.

Ginagalugad ng pag-aaral na ito kung papaanong isinulong ng duláng *Rated: PG* at ng mga lokal na bersiyon nitó sa rehiyon ang adbokasiya ng karapatang pambata at positibong disiplina. Ang linya ng mga tauhan, at ang mga pamamaraan ng pagsasaentablado ng mga dulá bilang produksiyong panteatro ay itinuturing na mga lunsaran ng posibilidad tungo sa higit na pagtatamasa ng mga batá sa kanilang karapatang maproteksiyunan lában sa dahas partikular ang karahasang nakakubli sa mapanakit na disiplina. Nagbibigay ang mga dulá ng hámon sa publikong manonood na suriin ang mga popular at nakasanayang porma ng pagdidisiplina sa mga batá nang sa ganoon ay lubos na magampanan ng mga nakatatanda ang kanilang tungkulin bilang mga magulang at tagagabay. Hinihimay rin ng pag-aaral ang ilang bahagi sa ugnayan ng isinasakatuparang disiplina at ang kalagayan ng kaayusang panlipunan. Bahagi ng pag-aaral na ito ang pagturing sa mga duláng pinag-aaralan bilang mga artifact ng sining na kabilang sa mga estratehiya ng ARTS Zone Project sa popularisyon ng adbokasiyang ikinakampanya. Masinsing binuo ang bawat produksiyon partikular ang iskrip nang sa ganoon ay parehong malinaw na taglayin ang mga ideyang ipinapanawagan ng adbokasiya at maging kawili-wiling panoorin ng publiko. Sa maraming beses na pagtatanghal ng mga duláng ito, nagagawa ng ARTS Zone Project ang

malawakang pakikipagdiyalogo sa mga miyembro ng komunidad na nagkatipon para tumunghay sa dulá.

ANG REALIDAD NG DISIPLINA BÍLANG TEMA AT KUWENTO NG RATED: PG

Kailangang maipakita sa dulá ang mga pamilyar na eksena ng pagdidisiplina sa mga batá na tipikal na masusumpungan sa maraming mga komunidad sa matatáong lungsod sa bansa. Isa itong tiyak na paraan upang ang kuwento'y kagyat na masakyan ng target na mga manonood na ang karamihan ay mula sa hanay ng panggitnang uri hanggang sa maralitang sektor ng lipunan. Kung ang nilalayan ay malawak na pagsuporta sa adbokasiya, marapat lámang na ibahagi sa hanay na ito ng mga mamamayan ang malinaw na pagkilala sa karapatang pambata at pagpapahalaga sa positibong disiplina bilang alternatibo sa tinatangkilik ng karamihan na marahas na uri ng pagdidisiplina.

Hindi lámang kailangang makita ng mga manonood sa dulá ang namamayaning mga kaisipan at saloobin hinggil sa disiplina, kundi, kailangan ding mahimok ang lahat, batá man o matanda, na mag-isip at limiin ang personal na danas ng disiplina at ng mga posibleng epekto nitó sa sarili at komunidad. Ang mga magulang at matatanda na siyang may atas na tumiyak sa pagtatamasa ng mga batá ng kanilang mga karapatan ay partikular na iniimbitahang suriin ang sarili kung epektibo nga bang nagagampanan ang nasabing papel sa isinasakatuparang pamamaraan ng pagdidisiplina.

Simple at ordinaryo ang kuwentong tinakbo ng *Rated: PG* na isinulat ni Liza Magtoto, isang miyembrong artista-guro ng PETA at premyadong mandudulá. Ang karaniwang pamilyang Pilipino, gaya ng mga pamilyang kinabibilangan ng mga batang nag-aaral sa pampublikong paaralan na nakatirá sa isang tipikal na barangay sa Maynila, ang siyang inikutan ng kuwento. Sentro ang isang mag-anak na ginagawa ang lahat ng deskarte ng mga magulang para tugunan ang mga pangangailangan sa araw-araw. Ang tatay na si Romy ay naghahanapbuhay bilang delivery man gamit ang kaniyang lumang jeepney. Si Joselle, ang maybahay, ay tumutulong na madagdagan ang kita nilang mag-asawa sa pamamagitan ng iba't ibang mapagkakakitaan tulad ng pagtitinda ng mga ready-to-wear (RTWs), pagbubukas ng maliit na sari-sari store sa harapan ng kanilang bahay, at pagkakaroon ng isang maliit na catering service. Bukás din ang isipan ng mag-asawa para sa oportunidad na makapagtrabaho sa ibang bansa upang makapaghanda sa mas malaking gastusin sa pag-aaral ng mga anak balang araw.

Malaking hámon ang kinaharap ng mag-asawa nang ang panganay na si Rosalie na nasa hay-iskul ay tila nagrerebelde bunsod ng hindi pagkakatuigman ng kung anong gusto nitóng gawin sa kung anong gustong ipagawa sa kaniya ng mga magulang. Ang bunsong si Tonton naman na nása elementarya ay nagkaroon din ng problema sa eskuwelahan mula sa pakikipag-away

niya sa kaklase na siyang naging dahilan para ipatawag sa paaralan si Joselle. Ang dilema ng mag-asawa ay kung paano isasagawa ang nararapat at mabisang pagdidisiplina sa kanilang mga anak. Ayaw ulitin ni Joselle ang kalupitang dinanas mula sa kamay ng kaniyang napakaestrikong nanay. Napagtanto niyang ang hatid ng naranasang kalupitan ay ang paglayo ng kaniyang kalooban sa sariling ina, bagay na ayaw niyang mangyari ngayong siya ay isa na ring magulang. Iba naman ang paniniwala ng asawang si Romy ukol sa pagdidisiplina. Naranasan niyang mapakain ng sabon nang minsang mahúling magmurá ng kaniyang tatay kayâ pagpapakain ng sabon o sili ang ginamit niyang panakot sa bunsong si Tonton nang minsang marinig itong nagsalita nang pabaláng sa kaniyang ate.

Ang problematisasyon sa pagdidisiplinang nakasentro sa pamilya ay higit na pinalawak ng mga eksenang nagpapakita sa mas malawak na lipunang kinapapalooban ng mga batà gaya ng mga sitwasyong masusumpungan sa mga paaralan at kapitbahayan. Ipinahahayag ng mga eksenang ito ang katotohanang konektado sa mas malawak na komunidad at pamayanang kinabibilangan ang paghubog sa mga batà bagaman pangunahing ginagawa sa loob ng tahanan. Mamamalas sa mga eksenang ito na malaki ang kinalaman kung paano tinitingnan at pinakikitunguhan ang mga batà sa mga pagkakataóngsila ay dinidisciplina. Halimbawa, matapos magsuntukan sina Tonton at ang kaklase nitóng si Makmak, agad na pina-squat ang dalawa ng gurong si Mrs. Gulanta. Nang magharap naman sina Joselle at si Wilma, ang nanay ni Makmak, dahil sa gulóng kapuwa kinasangkutan ng mga anak, ipinanukala ng huli na ang kailangan nilang gawin ay ang parusahan ang dalawang batà, at higit na mainam kung makikita mismo ng bawat isa sa kanila ang gagawing pagpaparusa sa mga anak. Suhestiyon ni Wilma na murahin niya si Tonton mula ulo hanggang paa samantalang maaari namang tadyakan ni Joselle si Makmak, na ayon mismo kay Wilma ay hindi na masamá dahil mas matindi ang parusang kaniyang ipinanukala sa sariling anak. Nakatatawa ang eksena pero isa itong pagpapakita ng katotohanan ng pagiging awtomatiko ng ilang mga magulang na manakit ng mga anak sakáling may pagkakamaling nagawa ang mga ito. Mapagtatanto ang kaisipan na kung may pagkakamali ang batà, kailangang siyang saktan, at ang katawan pati na ang damdamin ang dapat na pagbalingan, nang sa ganoon ay magtanda o magawang alalahanin ang leksiyong dapat niyang matutuhan.

Isang kabalintunaang sa ngalan ng pagdidisiplina, ang mga magulang at nakatatandang sila sanang inaasahang magbibigay ng proteksiyon sa mga batà ay sila pang nagiging daan o instrumento o tagapagpatupad ng karahasan. Ito ang dahilan kung bakit *Rated: PG* ang pamagat ng dulà. Halaw ito sa ebalwasyong ibinibigay sa mga panoorin sa telebisyon at pelikula na nagpapahiwatig ng pangangailangan ng paggabay ng magulang habang manonood ang mga batà. Ipinupunto ng dulà ang pangangailangang magabayan din ang mga matatanda sa pagganap ng kanilang papel bilang mga magulang at tagapaghubog ng mga batà. Sa

pagdidisiplina bilang isang aspekto ng pagtupad sa tungkulin ng pagiging magulang, nararapat lámang na mapatnubayan din ang matatanda lalo na’t sa maraming pagkakataon ay nagiging kasingkahulugan na ng pagdidisiplina ang paggamit ng karahasan sa mga batà. Tumutukoy ang ‘parental guidance o PG’ sa paggabay na kailangang-kailangan at nararapat ding maibigay sa mga magulang. Sa UNCRC, bahagi ng karapatan ng mga batà ang karapatan ng mga magulang na mabigyan ng suporta o maalalayan sa pagpapalaki ng mga anak. Ayon sa Artikulo 18 at 19 ng UNCRC, kailangang gumawa ang estado ng mga programa para matulungan ang mga magulang na gampanan ang kanilang tungkulin. Bahagi ito ng pagtitiyak na naisasakatuparan ang mga karapatang dapat na tinatamasa ng mga batà.

ANG PAGDIDIPLINA KAKABIT ANG ILANG MATITINGKAD NA ISYUNG PANLIPUNAN

Ang mga bersiyon sa rehiyon ay hindi naging malayo sa pinagbatayang *Rated: PG*. Tampok pa rin ang isang mag-anak na binubuo ng mag-asawa at dalawang anak na siyang iniikutan ng kuwento ng dulà. Mayroong koneksiyon sa mga miyembro ng mag-anak ang iba pang mga tauhang nakapaloob sa samot-saring mga eksenang nangungusap ukol sa pagdidisiplina bilang isang problema. Lumilitaw sa kabuoan ang isang imahen ng komunidad na ang mga naninirahang indibidwal ay may direkta o indirektang ugnayan sa isa’t isa, at sala-salabid o magkakaugnay ang mga kuwento sa dulà.

Bunsod ng konsiderasyong lokalisasyon at kontekstuwalisasyon, naging malinaw na kaibahan ng tatlong bersiyon ng *Rated: PG* sa probinsiya ang pagiging litáw na litáw sa mga ito ng mga isyung kinakaharap ng nilulugarang mga komunidad. Sa simula’t simula, naging layunin na kailangang madaliang masakyan ng target na manonood ang realidad na tinatalakay ng dulà. Ang paggamit ng lokal na lengguwaheng kabesado ng lahat ay hindi lámang pagkakaroon ng matibay na salalayan ng pangungusap ng mga isyu sa komunidad kundi isa sa mga pangunahing salik sa pagbuo sa pangkalahatang porma, itsura, o anyo ng produksiyon. Sa pamamagitan ng paggamit ng mga pamilyar na materyal o lahos sa pagtatanghal, natutulungan ang mga manonood sa “proseso ng identipikasyon at representasyon ng kanilang mga pinanghahawakang pagkakakilanlan na itinatakda ng mga pananaw at pagpapahalaga, kaalaman, tradisyon, kostumbre, paniniwala, at simbolo” (sariling salin mula sa Durden, 280). Dahil madaling nasasakyan ng mga manonood ang proseso ng identipikasyon at representasyon, inaasahang malilikha ang malalim na pagkakasapol sa ikinakampanyang adbokasiya.

Nakahugis sa internal na daynamiks sa tahanan ang tinutukoy ni Glecý Atienza na “dramang buháy na buháy” o mga dramang tumutukoy sa “maaksiyon at hitik sa tunggaliang pangyayari na mula sa tunay na búhay at isinasalaysay sa paraang “buháy,” ibig

sabihin ay gumagalaw, nakalilikha at may kakayahang magpamahi, umaangkop, at nagbabanyuhay” (2), at kung saan itinuturing ang “tahanan bilang lunan ng mga dramang buhay” dahil “nagaganap sa tahanan ang maraming karanasang hitik sa tunggalian at pagkilos” (9). Mula rito, napalilitaw ang mga isyung panlipunan at nabigyang-diin ang mahalagang dimensiyon na hindi kailanman nananatiling personal o domestikong pagdidisiplina sa mga batà. Ang pagiging magulang ay hindi lámang limitado sa loob ng mga tahanan kundi ito ay may kritikal na papel na ginagampanan sa estado ng bansa dahil ayon nga sa sikolohistang si Ma. Lourdes Carandang, “parenting is nation-building” (*Self-worth* 103). Mapagtatantong ang disiplina ay hindi lámang patungkol sa kasalukuyang pagharap sa hámon ng pagresolba o pagtatama sa anumang pagkakamaling nagawa ng isang batà dahil inaasahan din itong magresulta sa hinaharap ng pagtatamo at pagpapanatili ng kaayusan sa lipunan. Hangad ng positibong disiplina ang paghuhubog ng sariling disiplina sa bawat batà (Durrant, 6), may nakatingin mang awtoridad o wala. Hindi kailanman dapat na nakabatay sa tákot at pagpapataw ng parusa ang isinasabuhay na disiplina ng mga mamamayang bumubuo ng isang lipunan.

Ipinakita sa adaptasyon ng YATTA ang problema ukol sa talamak na bentahan ng ilegal na droga kung saan nasasangkot pati ang mga batà dahil sa mismong kagagawan ng mga magulang. Sinabi ni Chuck ang anak nitóng si Malvin, isang estudyante sa elementarya na naghahangad na makasali sa track and field sa intrams ng kanilang paaralan, na ang pagtakbo nang mabilis para maihatid ang bag ay “... ang pinakanindot na training grounds nimo sa pagdalagan” (“... ang pinakamainam na training grounds mo sa pagtakbo”), at pinaliwanagan pang “... ang kinabuhi mura ug lumba ug dalagan, kung makauna ka sa finish line makuha nimo ang reward” (“... ang búhay ay parang karera at takbuhan, kung mauna ka sa finish line ay makukuha mo ang gantimpala”) (Kitay, “Ahh... Bakus!” 7). Madaling nahimok si Malvin at naging determinadong gawin ang iniutos sa kaniya dahil magagamit niya ang makukuhang perang pambayad sa iaabot na bag upang mapalitan ang sira-sirang sapatos na ginagamit niya sa pagtakbo.

Ang manunulat ng *Ahh... Bakus!* at miyembro ng YATTA na si Kitay ay nakaranas mismo na mautusang tumakbo para maghatid ng bag noong siya ay batà pa (personal na panayam). Lumaki siya sa Looc, isang barangay malápit sa Silliman University na may nasasakupang tabing-dagat kung saan matatagpuan ang pantalang pinagdaraungan ng mga barko. Matao ang lugar na ito, tabí-tabí ang kabahayan, at kilaláng pugad ng kaguluhan. Halimbawa, dito nasangkot ang ilan sa kalakaran ng ipinagbabawal na droga. Ginagawang tagatakbo’t tagahatid o runner o courier ang mga batà dahil sakali mang mahuli, hindi naman sila maaaring ikulong alinsunod sa itinatakda ng batas.

Ipinakita sa naturang eksena ang malaking hámon sa pagdidisiplina sa mga pagkakataóngmagulang o nakatatanda ang siya mismong pinagmumulan ng problema. May katotohanan sa popular na kasabihang

“ang mali sa mata ng batà ay nagiging tama” dahil malaki ang pagtingin at tiwalang ibinigay ng mga batà sa mga magulang at nakatatandang hindi lámang itinuturing na tagapagbantay kundi karaniwan ding tinitingala bilang modelo. Inilalarawan na ang bátang umiidolo sa kaniyang magulang o matandang pinagkakatiwalaan ay natututo na “effortlessly, totally, deeply, subliminally” (Carandang, “What is Mindfulness?”).

Maliban sa bentahan ng ilegal na droga, tinalakay rin sa *Ahh... Bakus!* ang isyu ng tumataas na bilang ng kaso ng kabataang nagpapakamatay. Nabuntis ng kasintahang si Daniel ang dalagitang si Emelie Rose na naging dahilan sa halos pagtatakwil ng napakaestrikto niyang nanay na si Emilia. Isa sa kabataang kasa-kasama ni Chuck sa pagbebenta ng droga si Daniel, at hindi nitó magawang panindigan ang bunga ng ginawa nila ni Emelie Rose dahil tákot ang namamayani rito. Labis ang pagiging estrikto ni Emilia dahil ayaw nitóng matulad ang anak sa kalagayang sinapit niya na mag-isang pinalaki ang anak matapos siyang iwan ng asawa. Sa dulo’y naging mas malalà pa sa kaniyang kinatatakutan ang sinapit ng anak nang humantong si Emelie Rose sa pagkitil ng sariling búhay. Bagaman walang direktang sinabi si Emelie Rose ukol sa dahilan ng kaniyang pagpapakamatay, mahihinuhang humantong siya sa sitwasyon kung saan hindi na niya alam kung anong dapat gawin dahil tila ba hinaharap niya ang problema nang mag-isa. Walang siyang tinanggap na pagdamay mula sa kaniyang kasintahan, at ang kaniyang nanay na katangi-tangi niyang pamilya ay halos itakwil siya dahil sa kaniyang nagawa. Hindi ipinakita sa entablado ang akto ng pagpapakamatay. Naging paksa na lámang ito ng usap-usapan. Naging espekulasyon sa paaralan kung ano nga ba ang mabigat na problemang nagtulak kay Emelie Rose upang magpapakamatay. Sa isang kuwentuhan ng magbabarkada, pabirong sinabi ng estudyanteng si Jason na, “Aii sus ... Usa lang ang rason ana, magpapakamatay para mawala na pud ang problema.” (“Ay sus ... Isa lang ang dahilan niyan, magpapakamatay para mawala na nga ang problema.”) (Kitay, “Ahh... Bakus!” 21). Sa madamdaming duweto nina Emelie Rose at Rosalie na nangyari bago ang pagpapakamatay, at búhat sa katatapos lámang na komprontasyon sa kani-kaniyang mga nanay, litáw na litáw ang sentimyento ng kabataan. Hindi sila napakikilingan sa mga bagay na gusto nilang sabihin. Mahihinuha sa paulit-ulit na bahagi ng liriko na ‘nadungog mo ba’ (narinig mo ba) na walang diyalogong namamagitan sa mga pakikipag-usap sa kanilang mga magulang. Kadalasan, patungkol lámang sa kung anong gustong mangyari ng magulang ang namamayani sa mga pag-uusap. Walang puwang ang anak para makapagpahayag ng kaniyang mga saloobin.

Nadungog mo ba ang hunghung sa akong mga luha
(Narinig mo ba ang bulong sa aking mga luha)
Nadungog mo ba ang singgit sa akong mga mata
(Narinig mo ba ang sigaw sa aking mga mata)

Nadungog mo ba ang istorya sa akong mga damgo
(Narinig mo ba ang kuwento sa aking mga

panaginip)
Nadungog mo ba ang akong mga pangandoy
(Narinig mo ba ang aking mga ninanais) ... (9)

Hindi kabilang ang isyu ng pagpapakamatay sa bersiyong *Si Al buda an Tsinelas* ng Sining Banwa pero nahagip din sa duláng ito ang nabanggit na kadahilanan. Pakiramdam ng bátang tauhan ng dulâ na si Al na hindi siya napakikinggan sa loob ng kanilang tahanan. Sa isang eksena ng panaginip, kinausap siya ng bagong pares niyang tsinelas upang paaminin sa ginawang pagkuha sa nakatabing pera sa loob ng kanilang bahay. Habang todo tanggi sa ipinararatang sa kaniya ng mga kausap na higanteng tsinelas ay naibulalas ni Al ang:

Dae kamo nagdadangog sako! Maski anong taramon ko, dae nindo namamate. Gari wara akong tingog digdi sa harong! Wara akong tingog! Dae nindo ako nadadangog! (Hindi kayo nakikinig sa akin! Kahit anong sabihin ko, hindi ninyo nararamdaman. Parang wala akóng boses dito sa bahay! Wala akóng boses! Hindi ninyo ako naririnig!) (Jalimao, 21).

Konektado ang pakiramdam na ito ni Al sa isa sa mga dahilan kung bakit madalas aburido ang kaniyang tatay. Naga-nap ang buong kuwento ng *Si Al buda an Tsinelas* sa Biktori, halaw sa tunay na pangalan ng isang lugar sa Legazpi City, ang Victory Village na binubuo ng dalawang magkalapit na barangay sa tabi ng dagat na ang karamihan ay nabubuhay sa pangingsda. Naging malaking isyu ang reloksyon sa Victory Village dahil kinailangang sirain ang maraming kabahayan at paalisin ang mga pamilyang naninirahan dito nang inayos ang pampang para bigyang daan ang pagtatayo ng Embarcadero de Legazpi, isa sa mga kilalang shopping malls sa siyudad. Nagdesisyon ang direktor at mandudulang si Jalimao na kilalâ rin sa pangalang Sari Saysay na isâma ang isyung ito upang ipakita na ang pakikitungo ng mga magulang sa mga anak, kasama na ang gawain ng pagdidisiplina, ay konektado sa mga pagsubok na kanilang kinakaharap sa araw-araw na búhay. Madaliang napagbubuntunan ng gálit ang mga anak dahil kung minsan matindi ang mga alalahanin at sakit sa ulong pinagdaraan ng mga magulang. Marami sa kanila ang nahaharap sa maraming mga tensiyon sa búhay at hindi nagagawang pangibabawan ang mga sinusuong na hámon. Kayâ, dalâ ng iritasyon, págod, at pagkabalisa, madaliang napagbubuhatan ng kamay, nasisisigawan, at napagsasabihan ng kung ano-anong negatibong bagay ang mga anak. Litâw na litâw ang kalagayang ito sa karakter ng tatay ni Al na isa sa mga nangunguna sa pag-organisa sa kanilang lugar upang tutulan ang demolisyon. Sa kabila ng ipinamalas na determinasyon, dumating ang puntong halos pumayag na ang ama ni Al na umalis sa Biktori hatid ng tákot sa kung anong maaaring sapitin ng kaniyang mag-anak sa hinaharap. Dahil sa banta ng reloksyon, kinailangang mag-usap nina Al at ang kaniyang mga magulang hinggil sa kung ano ang ‘dapat’ o ‘tamang’ gawin, bagay na madalas na ipinagdiin ng mga magulang kapag pinangangaralan o sinesermonan ang mga anak.

PAPA. Nya sisay an makua kaito? Maski arog kita kaini, dae ka maggibo ki maraot. Kun ano an tama, iyo sana an gibuhon mo!

(Eh sino ang kukuha n'on? Kahit táyo ganito, huwag kang gagawa ng masamá. Kung ano ang tama, 'yon lang ang gawin mo!)

AL. *Nadidipisilan magtaram ta nagpupugol ki paghibi.* Ano an... tama?

(*Nahihirapang magsalita dahil pinipigilan ang pag-iyak.* Ano ang... tama?)

PAPA. Ano? *Babadulan giraray ki tsinelas sa may payo.*

(*Ano? Muling hahatawin ng tsinelas sa may bandang ulo.*)

AL. *Pipiriton magsuriyaw.* Ano an tama? Ano an tama, Pa? Nata ika? Nagtugot kang bayadan sana ining harong para maglipat kita? Tama daw ito, Pa? Nagtugot ka sanang pahalion kita digdi?

(*Susubuking sumigaw.* Ano ang tama? Ano ang tama, Pa? Bakit ikaw? Pumayag kang bayáran itong bahay para lumipat táyo? Tama ba 'yon, Pa? Basta ka lang pumayag na paalisin táyo rito?)

Makikigkig si Papa sa tigataram ni Al.

MAMA. Ano ...

AL. *Sige pa an hibi.* Sabi mo digdi sana kita, Pa. Sabi mo dae kita maharale digdi ta digdi mo ako muyang padakulaon. Digdi бага an harong ta. Nata ka nagtugot? Para sa sarong sakong bagas? Tama daw ito, Pa?

(*Tuloy pa rin sa pag-iyak.* Sabi mo dito lang táyo, Pa. Sabi mo hindi táyo aalis dito dahil dito mo ako gustong palakihin. Dito ang bahay natin. Bakit ka pumayag? Para sa isang sakong bigas? Tama ba ‘yon, Pa?) (Jalimao, 22)

Bunsod ng nasabing komprontasyon, nakapagbukas ng saloobin si Al sa kaniyang mga magulang. Mahalaga ang diyalogo sa pagitan ng mga magulang at anak. Binibigyang-daan nitó ang ganap na pagkakaunawaan na walang dudang higit ang bisa kaysa sa marahas na disiplina.

PAGPAPANDAY NG REALIDAD

Ang pangunahing mga tauhan ng *Rated: PG*, ang mag-asawang sina Romy at Joselle, na siya ring pangalan ng mga pangunahing tauhan ng *Ahh... Bakus!* at *Istoryahe Lang Ko*, at ang hindi binigyan ng espesipikong pangalan na sina Papa at Mama ng *Si Al buda ang Tsinelas* ay ang siyang kumakatawan sa mga magulang at nakatatandang tagapangalaga ng mga batà. Sila ang mga magulang na pangkalahatan ay may hindi matatawarang pagmamahal sa kanilang mga anak na pinapahalagahan bilang biyaya ng Maykapal, at pinaghuhugutan ng lakas at inspirasyon sa pagharap sa mga hámon ng búhay. Sa kabiláng banda, sila rin ang maraming mga magulang na madaliang nakapagbubuhay ng kamay sa mga anak dahil kumbinsido sa katwirang walang masamá kung gumamit ng puwersa at dahas sa pagdidisiplina.

Ganoon pa man, dahil pagkalahatang naipakikita at naipadarama ang pagmamahal sa pagkalinga at paglingap at hindi sa mga pamamaraang mapanakit, hindi maitatatwa ang posibilidad ng pagkakahati ng damdamin ng mga magulang ukol sa kung ano nga ba talaga ang nararapat na pagdidisiplina. Dapat bang gawin din ang kinamulang katákot-tákot na pamamalong dinanas mula sa sariling mga magulang dahil nakikita ang sarili na pangkalahatan ay ‘okey’ naman? O, huwag nang gumamit ng dahas dahil tákot lámang ang ibinubunga nitó at hindi naman talaga pagkatuto? Sa *Rated: PG* at sa mga bersiyon nitó sa rehiyon, mapapansin na pangkalahatang sang-ayon ang karakter na mga tatay sa paggamit ng karahasan, samantalang ang mga nanay naman ang ayaw o may alinlangan sa paggamit nitó. Sinasabing may kinalaman sa paggamit at pagdanas ng karahasan sa loob ng tahanan ang kinalakihang pagsaksi at pagdanas ng karahasan ng laláking magulang mula sa sarili niyang tatay, at ang kinalakihang pagsaksi at pagdanas ng karahasan ng babaeng magulang mula sa sarili niyang nanay (Mandal at Hindin sa Ramiro at Luna, 20). Sa kaso ni Joselle sa parehong *Rated: PG* at *Ahh... Bakus!*, iba ang makikitang sitwasyon ukol sa paggamit ng karahasan sa pagdidisiplina.

Batid ni Joselle na hindi naging mabuti ang epekto sa kaniya ng pananakit at paninindak sa pagdidisiplina. Nang maranasan niya halimbawang maipasok sa sako at ibitin sa punò, trauma ang naging búnga nitó sa kaniya. Naging tampulan pa siya ng tawanan nang hindi niya magawang sumali sa sack race. Tuluyang lumayo ang loob niya sa kaniyang ina kayà naman ayaw niyang maulit ang kaparehas na sitwasyon ngayong siya mismo ay isa na ring nanay. Bagaman nauunawaan ang mga bagay na ito, may mga pagkakataong hindi niya maiwasang sumigaw kapag pinapangaralan ang mga anak, o bahagyang mamalo kahit sa harap ng ibang mga tao. At nang minsang sumagot nang pabaláng ang anak na si Rosalie ay agad niya itong nasampal. Sa kabila ng mga nagagawa niyang ito, namamayani sa kaniya ang awa para sa mga anak, at patuloy na binabalikan ang sariling pinagdaanan. Sa dilemang ito ni Joselle napalilitaw ang kahalagahan ng hindi basta pagtanggap at pagsunod sa kung ano ang kinamulatan at patuloy na isinasagawa ng karamihan. Kongkretong ilustrasyon din ito ng realidad ng pagyakap sa positibong disiplina bilang isang proseso; na hindi ang mga perpektong magulang ang halimbawa ng pagdidisiplinang ito kundi yaong nagsusumikap na pag-ibayuhin ang pagganap ng kanilang tungkulin sa kabila ng realidad ng pagmimintis.

Mahalaga ang mga punto ng dilema dahil ito ang nagdadala sa mga manonood na makita ang pagiging komplikado ng búhay. Layon ng mga ito na ipakita ang realistikong pagkasapol sa pagtatagisan ng iba’t ibang konsiderasyon kapag nahaharap táyo sa gawain ng pamimili, pagdedesisyon, at pagsasabuhay ng mga bagay na pinagdesisyunan. Nahuhúli natin halimbawa ang ating sarili na taliwas ang ginagawa kompara sa kung ano ang nauna na nating nalimi na siyang dapat nating gawin. Bagaman hindi naman inilagay sa sako o pinarusahan nang katákot-tákot ni Joselle ang kaniyang mga anak katulad ng mga parusang kaniyang dinanas, ayaw pa rin niyang saktan ang mga ito.

Sa isang teatro ng nagsusulong ng adbokasiya, importante ang pagpapakita ng komplikasyon ng búhay dahil ginagawa nitóng hindi didaktiko ang gawain ng paghimok sa publiko. Ayon kay Emma Durden, isang

kahinaan ng maraming mga produksiyon sa applied theater ang pagkakatali sa pormularyo ng pagtatampok ng mga “positive role-models” sa entablado (272). Nagreresulta ang ganitong modelo ng dulâ sa kawalang realisasyon sa kakayahan ng teatro na dalahin ang mga manonood sa estado ng kontradiksiyon. Ang mabibigat at mahihirap talakaying isyung tulad ng wastong pagpapalaki at pagdidisiplina sa mga batà ay kinapalolooban ng samot-saring emosyon pati na rin posisyon na malamáng na hindi mapalilitaw sa mga palabas na simplistiko at tahasan ang pagpapanukala at paminsang pagdidikta ng mga kailangang gawin. Kailangang makita at maramdaman ng mga manonood ang inilalarawan ni Helen Nicholson na

“messiness of reality” (65)—ang pagsuon sa maraming hindi pagkakatugma-tugma ng mga bagay-bagay nang sa ganoon ay mailapit ito sa realidad ng salimuot na tunay namang matatagpuan sa iba’t ibang karanasan sa búhay. May ginagampanang papel ang dilema sa proseso ng pagpapasimula ng pagbubukas ng isipan dahil ang estado ng pagkaligalig ng mga manonood ay hindi malayong magdalá sa kanila sa pag-iisip at pagkakaroon ng sariling repleksiyon. Itong mga “instances of uneasiness and tension” ay inilalarawan nina Art Babayants at Heather Fitzimmons Frey bilang mga “potential precursors to learning” (xix) sa konteksto ng pagdanas ng publiko sa isang panooring panteatro.

ANG USAPIN NG ‘TAMA’

Kapag nangangaral o pinagsasabihan ng mga magulang ang mga anak bilang bahagi ng pagdidisiplina, lagi’t laging maririnig ang mga linyang: “Tama ba ‘yon?” “Tama ba ang ginawa mo?” “Ito ang dapat mong ginawa dahil ito ang tama.” Hindi ba’t iyan ang mga katagang narinig sa tatay mula sa duláng *Si Al buda ang Tsinelas* nang pangaralan ang anak matapos maláman na kinupit nitó ang pera? Idinidiin ng tatay na sa kabila ng mahirap nilang kalagayan, hindi sila gumagawa ng masamá bagkus yaong tama lámang dahil iyon ang nararapat na gawin. Matapos humugot ng lakas ng loob, sumagot si Al na ipinupunto kung ano nga ba ang ibig sabihin ng salitáng “tama.” Ang sagot na ito ni Al ay hindi upang sabihin na walang mali o katanggap-tanggap ang mangupit dahil inamin niya pa rin sa huli ang pagkakamaling ginawa, humingi ng tawad sa kaniyang tatay, at nangakong hindi na mauulit pa iyon. Ang pagtatanong ni Al ukol sa kung ano ang tama ay patungkol sa nalaman niyang desisyon ng ama na tanggapin ang iniaalok sa kanila kapalit ng relokasyon, bagay na taliwas sa nauna nitóng paninidigan na doon lámang sila mananatili sa Biktori. Sa panig ng tatay, mali ba kung magbago ang isip dahil inaalala lámang niya ang magiging hinaharap ng kaniyang pamilya partikular ang kanilang kaligtasan? Isa pang maaaring malimi mula sa tanong ni Al ay ang ukol sa kung papaano nabubuo ang konsepto ng tama o mali sa murang edad ng mga batà. Ano ang nakapaloob sa proseso ng konstruksiyon ng konseptong ito bilang basehan ng kanilang pagkilos? Nangangahulugan ba na basta na lámang nilang tanggapin ang anumang sabihin ng matatanda sa dahilang sila ay matanda, at ang mga batà ay inaasahang bastang sumunod sa simpleng dahilan na sila ay batà?

Sa *Rated: PG* at sa salin ni Blanco na *Istoryahe Lang Ko*, isang awitin ang may iniaalok na sagot hinggil sa tanong na kung ano ang tama. Tanong din kasi ito ni Tonton matapos sabihin ng kaniyang Ate Rosalie na “... hindi mo ‘ko dapat sundin dahil lang sa mas matanda ako sa ‘yo. Susundin mo ako kasi tama ang sinasabi ko.” (Magtoto, 18). Makikita sa sipi ng kanta sa parehong Tagalog at Bisaya ang tila hindi matapos-tapos na pag-uusisa ni Tonton at ang pagsusumikap ni Rosalie na sagutin ang mahirap na tanong ng kapatid:

ROSALIE. ...

Magaan sa dibdib kung tama

Kung mali naman bakâ mayro’ng masaktan

Kumain ka ng gulay at matulog lagi nang maaga

Mag-“po” at “opo” sa mga matatanda

Makinig ka lagi sa kanila

(Gaan sa dughan kung tama

Kung sayop pud basin naay masakitan

Mokaon kag utan, ug matulog kag sayo

Motahod ka sa mga magulang

Maminaw jud ka nila)

.....

TONTON. (sinasalita) Susundin ko ang anumang iutos ng nakatatanda dahil ito ay tama.

(Ako sundon ang tanang sugo kay sakto sila.)

ROSALIE. (sinasalita) Naku, alam mo parang hindi rin. Eh pano ngayon kung iutos ko na sipain mo yung aso at kumupit ka ng pera. Gagawin mo ba?

(Dili pud. Unsaon kung sugoon ka nako nga sipaon ang iro o kaha mangawat ug kwarta. Buhaton nimo?)

TONTON. (sinasalita) Hindi?

(Dili?)

ROSALIE. (sinasalita) Hindi.

(Dili.)

TONTON. (sinasalita) Kasi?

(Kay ngano man?)

ROSALIE. (sinasalita) Mali.

(Dili sakto.)

TONTON. (sinasalita) Mali?

(Dili sakto?)

ROSALIE. (sinasalita) Oo, mali.

(Oo, dili sakto.)

TONTON. Ba't si tatay

Si tatay di ba matanda?

At mahal niya ako ... yun ay sabi niya

Mas mahal ba niya 'ko 'pag sinasaktan niya ako?

(Nganong si Tatay?

Dili ba diay siya magulang?
Pinangga ko niya ... mao na iyang ingon
Mas pinangga ba kung sige lag pasakitan?)

ROSALIE. Hindi porke't matanda lagi na lang tama

Hindi dahil bata ka laging mali ka na
Mayroong gumagawa ng mali
Kahit na alam naman nilang mali
At hindi lahat ng tama ay nagbubunga ng maganda.

(Dili kay magulang permi nalang tama
Dili pud kay bata sige lang ka'g kasayop
Naa juy mobuhat ug sayop
Bisag kabalo silag sayop
Ug dli tanang tama, moresulta ug maayo)

TONTON. Ano yun? Nakakalito ka naman.

(Makalibog man.)

ROSALIE. Naku, hindi ka diyan nag-iisa

Hanggang ngayon ako'y litong-lito pa rin
Maraming katanungang mahirap sagutin
Madalas di mo alam kung ano ang gagawin.
Alam mo bang merong diyang munting tinig?
Bumubulong siya diyan sa kanang tenga mo
Timbangin ang bagay-bagay at kami ay gagabay
Minsan tama ang desisyon at minsan nama'y hindi
Pero ang mahalaga'y
Pinag-isipang mong maigi ang dapat mong gawin.

(Sus, wala ka diha nag-inusara
Hangtud karon ako naglibog gihapon
Daghang pangutana lisud na tubagon
Kasagaran di ka kabalo kung unsa ang buhaton
Kabalo ba ka nga naay gagmay tingog?)

Sige ra ug hunghung sa imong dunggan
Imong timbang timbangon ug kami moagakay
Usahay sakto ang desisyon ug usahay pud dili
Pero ang importante
Gihunahuna nimu ang angay nga buhaton.)

(Magtoto, 19–20)

(Blanco, 112–113)

Malaki ang kaugnayan ng konsepto ng tama sa usapin ng disiplina dahil sa pangkalahatang prinsipyo na ang sinumang gumawa ng taliwas sa tama ay may kakaharapng konsekuwensiya. Pero madalas, hindi lang simpleng puti at

itim ang masusumpungang kulay na nakapaloob sa isang sitwasyon. Nagtapos ang kanta sa tila pagpapalitaw sa konsepto ng konsensiyang nása kalooban ng bawat isa—na may “munting tinig na bumubulong sa tainga”—bilang mahalagang konsiderasyon ng pagtatakda sa kung ano ang tama o mali. Tunay namang may kinalalagyan ang bagay na ito sa proseso ng personal na pagpapasiya, pero ang higit na mahalaga ay ang hindi bastang pagtanggap sa mga bagay na kinamulatan o nanriyan na gaya na lámang ng mga nakagisnang marahas na pamamaraan ng pagdidisiplina at iba pang mga kaugnay na konsepto, sa halip ang kailangan ay kritikal na pagsusuri—“ang pagtitimbang-timbang ng mga bagay-bagay, at ang pag-iisip nang maigi”—na siyang magiging daan túngo sa mas maayos na pasiya.

DEBRIEFING SESSION: EKSTENSIYON NG DULÀ BÍLANG KONGKRETONG AKTO NG PAKIKIPAGDIYALOGO

Minarapat ng ARTS Zone Project na gawin ang isang bukás na talakayan o talkback. Lo debriefing session pagkatapos ng bawat palabas ng *Rated: PG* upang agad na mapag-usapan ang katatapos lámang na karanasan na panonood ng teatro. Ganito rin ang naging takbo sa palabas ng mga lokal na bersiyon ng dulà sa mga probinsiya. Hindi natatapos sa panonood ang buong pagdanas ng mga indibidwal na sumasadya sa lugar na pinagtatatanghalan para manood ng isang palabas, bagkus, dahil sa talakayan, pumapaloob din sila sa isang espasyo ng pagpapalitan ng mga idea. Hindi lámang nanatiling tagapakinig ang mga manonood sa ibinabahaging kaisipan dahil kung iibigin niya ay maaari din siyang lumahok at magbigay ng kaniyang sariling opinyon at komentaryo; at kung sakali mang magdesisyon siyang huwag sumali sa talakayan, inaasahang may nangyayaring muni sa kaniyang isipan mula sa pakikinig sa nagaganap na palítan ng mga kaisipan ukol sa pagtatanghal.

Ang pagpapalitaw at pagkalap ng mga naiisip, saloobin, at kuro-kuro ay pinasisimulan ng mga nakatalagang aktor bílang mga tagapagpadaloy. Pagkatapos na pagkatapos ng curtain call, suot-suot pa rin ang costume dahil hindi pa nililisan ang entablado, ay agad nilang pinasisimulan ang talakayan. Ginamit bilang gabay sa direksiyon ng pagtalakay ang sumusunod na mga punto:

Empathy – Did the audience see themselves in similar situations as shown in the play?

Message Clarity – Did the audience understand the ineffectiveness of corporal punishment and the need to employ positive discipline?

Agreement and Lessons – Did the audience agree with the message delivered by the play and what were the lessons imparted? (ARTS Zone Project Evaluation sa Balanon)

Pangkalahatan, naging madalíng simulan at pagulungin ang proseso ng diskusyon. Dahil sa pagnanais na lumahok ng marami, may mga pagkakataong umabot ang talakayan ng mahigit 30 minuto na dapat sana ay nása 15 minuto lámang ang target na haba nitó. Ang masigasig na partisipasyon ng mga manonood ay indikasyon na napukaw ang kanilang damdamin para mangusap ng kanilang naiisip at nararamdaman patungkol sa mga bagay na may kinalaman sa katatapos lámang na dulà. Masasabi ring naihanda ng natunghayang pagtatanghal ang partisipasyon ng mga manonood sa talkback session. Ang masinop na pagkakalahad ng mga argumento sa dulà, ang mga magagaang eksena kung saan madaliang nasasakyan ang mga biro at komentaryo maging ito man ay nása iskrip o bahagi na ng kalayaan ng mga aktor na magdagdag ng improbisasyon, pati na ang ilang pagkakataong hiningi ang direktang partisipasyon ng mga manonood sa pagpalakpak at paggaya ng ilang galaw, ay lumilikha ng isang kaligirang bukás na nag-aanyaya at nagbibigay permiso sa sinuman na lumahok at mangusap. Samot-saring mga opinyon, pati na rin emosyon, ang lumilitaw. May mga memoryang nababalikan dahil ang pagbabahagi ng manonood ay kadalasang iniuugnay sa kaniyang personal na karanasan.

Layunin ng talkback session na hindi lámang

sapulin ang inisyal na pakiwari ng madla kundi dalahin ang mga realisasyon at muni mula sa personal na isipan at pakiramdam tungo sa kolektibong espasyong pinagbabahagihan ng mga manonood. Hindi naman kinakailangang nagkakasundo sa opinyon ang publikong magkakasamang nakalugar sa espasyong pinagdausan ng palabas. Sa dahilang realidad ang malawak na pagtanggap sa marahas na disiplina, may mga pagkakataong mariin ang ginagawang pagtatanggol ng ilan kung bakit kailangan at katanggap-tanggap ang pamamalo't pananakit bilang bahagi ng pagdidisiplina. Mamalas sa talastasang ito ng mga kaisipan at pakiramdam ang paglalarawan ni Jill Dolan sa mga manonood na sa pagkikita't pagtatagpo sa teatro ay lumilikha ng "temporary communities" at "sites of public discourse" (10). Mula sa pagdanas ng produksiyong panteatro, ang komunidad na ito ay lumilikha ng imahinasyon ng isang mas maayos na lipunan at mundo. Ang malayang talakayan ay hindi lámang nagpapalawak sa pagninilay ng mga manonood, bagkus ito'y umaalalay rin sa kanila sa kasunod na gawaing paglisan sa teatro upang bumalik sa kanilang mga tahanan at komunidad—mga lugar kung saan talagang nagaganap ang nirerepresentang mga eksenang natunghayan sa entablado. Mga lugar at espasyo

itong tiyak na bahagi sila sa paglikha, pagbibigay-buhay, at pagpapanibago para mapainam ang kaparaanan ng pagdidisiplina sa mga batà.

PANGHULÍNG PUNTO

Malinaw na iniaalok ng mga dulà ang pakikipagdiyalogo bilang mahalagang salik sa maayos at epektibong pagdidisiplina sa mga batà at kabataan. Naglalahad ang mga dulà ng isang imahinasyon kung saan matatamasa ng mga batà ang kanilang mga karapatan at hindi makaranas ng abusong nakatago sa korporal na pagpaparusa. Kakabit ng imahinasyong ito ang patuloy na pagsusumikap upang maging epektibong magulang na nakatutugon sa mga pangangailangan ng mga anak, at nakapagtuturo at nakagagabay sa kanila sa kabila ng mga hámong kinakaharap. Higit sa lahat, ang pagtakwil sa mapanakit at marahas na pagdidisiplina ay imahinasyon ng isang lipunang hindi manhid sa kultura ng karahasan.



MGA SANGGUNIAN

Atienza, Glecly C. "Tanghalan sa/ng Tahanan: Likha at Saliksik sa Dramang Buhay." Bahaginan Research Forum, 20 Nobyembre 2021, Kolehiyo ng Arte at Literatura, Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Lektur. Microsoft Word.

Babayants, Art, at Heather Fitzimmons Frey, mga editor. Introduction "Theatre and Learning: Unwillingly Searching for Tensions." *Theatre and Learning*. E-book, Cambridge Scholars Publishing, 2015, mp. xvii–xxiii.

Balanon, Faye G. *Rated P3G Pamilya, Paaralan, at Pamayanan: A PETA Cultural Campaign*, Philippine Educational Theater Association, 2012.

Bata, Bata... *Pa'no Ka Ginawa?*. Direksiyon ni Chito Roño, tampok sina Vilma Santos, Albert Martinez, Ariel Rivera, Raymond Bagatsing, Carlo Aquino, Serena Dalrymple, atbp., Star Cinema, 1998.

Belarmino-Cariño, Marichu. "ARTS Zone Project Lecture Performance Script." PETA Festival of Windows, Oktubre 28, 2017, PETA Theater Center, Quezon City. Plenary Lecture. Microsoft Word.

Blanco, Felimon. "Istoryahe Lang Ko" halaw sa Rated: PG ni Liza Magtoto. 2013. sa *Istoryahe Lang Ko Production Book*.

Carandang, Ma. Lourdes A. *Self-worth and the Filipino Child*. Anvil Publishing, Inc., 2004.

———. "What is Mindfulness?, A Learning Session." PETA ARTS Zone Project Faculty Training, 14 Marso 2018, PETA Theater Center, Quezon City. Lektur.

Dolan, Jill. *Utopia in Performance: Finding Hope at the Theater*. ProQuest Ebook Central, U of Michigan P, 2000.

Durrant, Joan E. *Positive Discipline in Everyday Parenting*. 3rd Ed., Save the Children Sweden, 2017.

Durden, Emma. "Researching the Theatricality and Aesthetics of Applied Theatre." *Matatu, Journal for African Culture and Society*, vol. 44, issue 1, 2013, mp. 269–91. www.researchgate.net/publication/263354177_Researching_the_Theatricality_and_Aesthetics_of_Applied_Theatre. Inakses noong Pebrero 11, 2023.

"Full Show Rated: PG | ARTS Zone TV." *YouTube*, ini-upload ng Philippine Educational Theater Association, May 10, 2020, www.youtube.com/watch?v=mG0OptDrchE.

Jalimao, Roe. "Si Al buda ang Tsinelas" halaw sa Rated: PG ni Liza Magtoto. 2013. PDF.

Kitay, Junsly. "Ahh... Bakus!" halaw sa Rated: PG ni

- Liza Magtoto. 2013. *Microsoft Word* file.
- . Personal na panayam. Nobyembre 26, 2022.
- Magtoto, Liza. “Rated: PG”, ikawalo at panghuling borador. 2010.
- Morala, Rachel. *A Journey to Change*. Manila: Philippine Educational Theater Association, 2016.
- Nicholson, Helen. *Applied Drama, The Gift of Theater*. UK: Palgrave Macmillan, 2005.
- Ramiro, Laurie S., at Patricia B. Luna. “National Baseline Study on Violence Against Children in the Philippines, Executive Summary.” Council for the Welfare of Children at UNICEF Philippines, 2016. Inakses noong Pebrero 02, 2021. [www.unicef.org/philippines/media/491/file/National%20Baseline%20Study%20on%20Violence%20Against%20Children%20in%20the%20Philippines:%20Results%20\(executive%20summary\).pdf](http://www.unicef.org/philippines/media/491/file/National%20Baseline%20Study%20on%20Violence%20Against%20Children%20in%20the%20Philippines:%20Results%20(executive%20summary).pdf).



Sa Philippine High School for the Arts (PHSA) unang nagsanay sa teatro si **FREDYL BALANA HERNANDEZ**. Nang makapagtapos sa PHSA, lumahok siya ng Metropolitan Teen Theater League (MTTL), ang pangkabataang sangay ng Philippine Educational Theater Association (PETA), na naging daan sa kaniyang paglubog sa mga produksiyong panteatro, palihan, pestibal, at gawaing pangkultura. Sa kasalakuyan, isa siyang senior artist-teacher member ng PETA, at higit na aktibo sa mga gawaing kabilang sa theater for development at theater-in-education. Taóng 2011–2013, naitalaga siyang Associate Program Director ng Advocate Right to Safety Zone Project for Children na mas kilalà sa tawag na ARTS Zone Project, isang adbokasiyang panteatro na nagsusulong ng karapatang pambata at positibong disiplina. Ang malawak niyang karanasan sa pagsasanib ng teatro at gawaing pangkomunidad ang naging daan upang mapabilang siya sa 2019 Arts for Good Fellowship Program ng Singapore International Foundation na naglalayong pag-ibayuhin ang kalagayang panlipunan sa pamamagitan ng mga inisyatiba sa sining at kultura. Hunyo ng nakaraang taon, naging tagapagpadaloy siya sa Young IDEA Lab ng 9th World Congress ng International Drama and Education Association (IDEA) sa Reykjavik, Iceland. Ngayong 2023, natanggap naman siya bilang Fellow ng Salzburg Global Seminar sa ilalim ng programang Asia Peace Innovators Forum kung saan ibinahagi niya ang ambag ng ARTS Zone Project sa paglában sa kultura ng karahasan sa pamamagitan ng malikhaing pangangampanyang iwaglit ang korporal na pagpaparusa sa mga batà sa dahilang ito’y nagiging isa sa mga behikulo ng pamamayagpag ng dahas sa lipunan. Kasalukuyan din siyang bahagi ng senior high school fakulti ng PHSA, at nagtuturo ng pananaliksik at kritisismo sa teatro.

Mga Tula sa Filipino-SOX na Zines: Túngo sa Pagpapakilala ng Multilingguwal at Multikultural na Komunidad sa Timog Mindanao

HANNAH A. LECENÁ

hannah.lecena@phsa.edu.ph

Philippine High School for the Arts, Makiling Los Baños

ABSTRAK

Ang Filipino SOX ay tumutukoy sa pinaghalong mga wika sa Mindanao tulad ng wikang Tagalog, Sebwano, at Hiligaynon na madalas sinasalita at naririnig sa loob ng Rehiyon Dose o SOCCSKSARGEN Region. Sa kasalukuyan, maraming umuusbong na tula sa rehiyon na inilimbag sa anyo ng zines na gumagamit ng hybrid o variety ng wika dulot na rin ng pandarayuhan, heograpikal na lokasyon, at iba pang salik na nakaiimpluwensiya sa pagpapalitan ng kultura at wika ng mga táong naninirahan dito. Sa pag-aaral na ito, nilapatan ng tematikong pagsusuri ang mga teksto ng piling tula na nakasulat sa Filipino SOX o Filipino ng SOCCSKSARGEN. Mula rito, natuklasang bukod sa lokalisasyon ng wika na ipinamalas ng makata, makikita rin ang kaniyang kontekstuwalisadong danas na nakaugat sa kaniyang sariling bayan. Makikita ito sa mga tema sa tula na pawang tumatalakay sa mabubuting kaugalian at kultura ng isang batà na payak na naninirahan sa kanilang banwa. Ang mga tula ring ito ay tungkol sa kabataan ng persona kapiling ang kalikásan at kung paano ito unti-unting nagbago dulot ng ilegal na pagputol ng punò. Lumilitaw rin ang pangungulila sa bayan na kaniyang nilisan. Nabanggit din sa tula ang mga suliranin tulad ng kahirapan, diskriminasyon sa kasarian, at polusyong masasalamin sa realidad na isinasalaysay ng makata. Sa madalíng sabi ay maaaring gamitin ang Filipino-SOX upang isulat ang sariling danas, damdamin at kamalayang panlipunan ng makata at ng kaniyang sariling bayan sa anyo ng zines, sa wika ng kaniyang dila, at sa sinasalita ng kaniyang lingguwistikong komunidad. Isa itong posibilidad at paraan ng pag-aakda ng kaniyang komunidad bilang ambag sa panitikang Pilipino.

Mga susing salita: Filipino SOX, Tema, SOX, Wika, Zines

ABSTRACT

Tagalog SOX, a mixture of Tagalog and other varieties of Visayan language such as Cebuano and Hiligaynon are commonly used within in region 12 or SOCCSKSARGEN. Nowadays, there are emerging poems in the region that are printed and published in the form of zines, using hybrid languages caused by immigration, geographical location, and other factors that influence the culture and language of the people. In this paper, the researcher analyzed selected poems written in Tagalog SOX using thematic analysis. Based on the analysis, it can be said that apart from the localization of language, the contextualized experience of the poet who is rooted in his community can also be seen. The themes of the poems are about good values, costumes and cultural orientation of a child who is simply living in his village. These poems are also about the person's youth with nature and how it gradually changes due to the illegal cutting of trees. This also includes the homesickness or nostalgia of the town he left. Problems such as poverty, gender discrimination and pollution are also mentioned in the poem as part of the reality narrated by the poet. In short, Tagalog-SOX can be used to write the poet's own experience, feelings and social awareness in his own country in the form of zines in the language of his mother tongue; the language spoken by his linguistic community. This is a possibility and a new way of writing his country as a contribution to Filipino literature.

Keywords: Tagalog SOX, Themes, Language, SOX, Zines

PANIMULA

May umiiral nga bang varayti ng “Filipino” sa Mindanao? Ano ang pagkakatulad o pagkakaiba nitó sa Filipino mula sa Katagalugang Luzon? Ang terminolohiyang Filipino SOX sa papel na ito ay nagmula sa terminong Tagalog Sox ng iskolar na si Karlo Galay David na mula sa Kidapawan. Sa kaniyang mga panayam at paskil sa social media, aniya, ang Tagalog SOX ay katawagan para sa diverse na hanay mga lokalisadong creolization ng Tagalog na sinasalita sa Rehiyon 12. Sa pananaliksik na ito, Filipino SOX ang idiniin ng mananaliksik upang isáma sa pagsusuri ang iba pang mga wika sa Mindanao tulad ng Hiligaynon at Sebwano na malayang nagkakahalo. Hindi nakapagtataká ang katotohanang ito dahil tunay ngang isang multikultural at multilingguwal na rehiyon ang SOX o SOCCSKSARGEN. Dagdag pa ni David,

Ang tunay na sentro ng lingguwistikong pagkakaiba-iba at pagsasama-sama sa Mindanao ay ang SOCCSKSARGEN, kung saan ang mga wika ng settler ay mas natural na naghahalo (bagaman sinasabi ko pa rin na hindi ito sapat) sa mga wika ng Moro at Lumad (David, 55; akin ang salin).

Idiniin sa kaniyang pag-aaral ang iba’t ibang pananalita ng mga komunidad sa mga pulo sa Pilipinas lalo sa Timog ng Mindanao na pinaniniwalaang nagsasalita ng iba’t ibang bernakular na wika. Si Rubrico ang unang nag-aral ng Tagalog variety taóng 2011 sa konteksto ng Davao (David, 10).

Inilarawan ni Rubrico ang dalawang uri ng Filipino na sinasalita sa Davao: ang pagpapalit ng koda sa pagitan ng wikang Tagalog at English na tinatawag na Taglish; at ang Tagalog-Sebwano na pagpapalit-koda kung saan siya nakatutok. Tinukoy din niya na ang huling barayti na ito ay tinatawag ding Tagbis, ‘-isang portmanteau ng Tagalog at

Bisaya (isang hindi tumpak na kolokyal na termino para sa Sebwano) (David 10; akin ang salin).

Dulot ito ng pagpapalit-koda at paghahalo-halo ng mga wika mula sa iba’t ibang pangkat dulot na rin ng impluwensiya ng pag-uugnayan ng mga tao mula sa iba’t ibang sulok ng Davao na nagsasalita rin ng Tagalog. Kung gayon, maaaring sabihin na hindi nakapagtatakang maririnig ang pinaghalong Bisaya at Tagalog tulad ng *Makapagod na araw god ito ngayon* (*Nakapagod talaga ang araw na ito*). Ang salitáng “god” ay mga pormularyong panlipunan na madalas ginagamit ng mga Sebwano/Bisaya tulad ng “guid”, “ti” “bala” ng mga Ilonggo gámit ang wikang Hiligaynon. Sa pag-aaral na ito, ginamit ng mananaliksik ang terminong Filipino Sox upang tukuyin ang iba pang barayti ng wika na sinasalita sa komunidad ng mga taga-Rehiyon Dose.

Samantála, sa pag-aaral na “Pagsusuri sa Varayti at Varyasyon ng SOX Tagalog; Isang Komparatibong Pag-aaral,” na isinagawa ng mga mag-aaral ng Mindanao State University noong 2022, lumalabas na may pagbabago sa morpolohiya ng mga pangungusap sa Filipino SOX ngunit ito naman ay nauunawaan pa rin kapag ginagamit.

Sa kaso ng varayti at varyasyon ng Tagalog SOX, naanalisa ng mananaliksik ang mga salik na nakaiimpluwensiya sa morpolohikal na anyo ng unang wika kung saan nababago nitó ang kayarian at anyo ng salita ngunit napananatili pa rin ang payak na kahulugan ng salita (Indayon et al., iv)

Dagdag pa ni David, maaaring magamit ang Davao Filipino sa pagsusulat ng panitikan

Ang Davao Filipino noon ay maaaring gamitin bílang isang wikang pampanitikan, bílang direktang pagsasalita sa diyalogo, sa pagsasalaysay, o bílang di-tuwirang pananalita sa pangatlong panauhan, o bílang bahagi ng pagbibigay-panuto. Ang pag-akses nitó sa higit sa isang leksikon ng wika ay nag-

aalok ng terminological precision pati na rin ang eleganteng pagkakaiba-iba, at ang mga pinagmulan nitó sa kolokyal na paggamit, sa halip na limitahan ito bilang isang paraan lamang ng pagpapahayag, ay maaari gamitin sa iba't ibang paraan (David, 61; akin ang salin)

Katunayan, noong 2021, nagwagi ng Jimmy Balacuit's Literary Awards sa Iligan National Writers Workshop ang mga tula ni Christian Castronuevo mula sa Tacurong City na nakasulat sa Filipino SOX. At na-nominate naman sa Kasingkasing Press sa 2022 Filipino Readers' Choice Awards for Poetry ang "Klaro na Masyado: Poems in Tacurong and Kabacan Tagalog, 2020" ni Gerald Galindez na mula rin sa parehong siyudad, na maituturing na siyang nagpasimula ng Filipino SOX. Ito ay itinuturing na pagsulong ng panitikan sa rehiyon gamit ang sariling wika o sariling paraan ng paggamit ng wika sa pagsusulat ng mga akdang pampanitikan.

KATITIKAN NG MINDANAO AT SOX

Marami-rami na rin ang nagsusulat sa rehiyon, isa ito sa nagpapatunay na sumusulong ang panulatan at panitikang rehiyonal na naglalayong isulat ang iba't ibang danas at katotohanan ng iba't ibang komunidad sa ating mga bayan. Sa Mindanao, may mga antolohiya na nabuo mula sa kontribusyon ng mga manunulat sa iba't ibang bahagi ng rehiyon tulad ng Rehiyon 11 partikular na ang Davao sa pangunguna ng Davao Writers Guild, ang Bukidnon at Iligan na may Bathalad-Mindanao. Ang MSU-IIT naman ay nagsasagawa ng National Writing Workshop taon-taon. Nagkaroon din ng antolohiyang Tinubdan sa Northern Mindanao na nilahukan ng mga manunulat mula sa Cagayan de Oro, Bukidnon, Butuan, at iba pang probinsiya upang iparinig ang sariling boses ng bawat manunulat sa iba't ibang genre kung saan sina Yandug, Paulma, at Cotejar ang nagsilbing editor. Ang Mindanao Harvest 4 naman ay nagkamit ng National Book Award sa kategorya ng Antolohiya sa Wikang Ingles na pinamatnugutan nina Christine Ortega, Jaime Lim, at Ricardo de Ungria. Nagpapatunay na buhay ang panitikan ng Mindanao. Sa pag-aaral ni Christine Ortega na "The Quest for Peace in the Literatures of Mindanao" ay kaniyang isinaad ang sumusunod:

Maraming mga antolohiya, aklat, o teksbuk mula sa Mindanao na isinulat ng mga taga-Mindanao ang nailathala ngunit ito ay kakaunti pa rin dahil sa maraming salik. Ang matapang na pagtatangka lalo na ng iilang editor tulad nina Aida Rivera Ford, yumaong Antonio R. Enriquez, Macario D. Tiu, at Jaime An Lim gayundin ang maagang pagsisikap ng yumaong Alfredo Navarro Salanga at Tita Lacambra Ayala sa Davao ay pinansin ng mga edukador at iba pang manunulat mula sa Maynila ang isang isla na madalas napababayaan at hindi

nauunawaan kung saan nananaig hanggang ngayon ang impresyon ng tunggalian, may digmaan man o wala. (167; akin ang salin)

Mula sa pahayag, mahihinuha ang kahalagahan ng pagtatangkang isulat ang kaganapan sa Mindanao ng mga taga-Mindanao upang maging daan túngo sa kalinaw. Batay na rin sa panayam sa isa sa mga manunulat at historian na si Macariu Tiu, na mula sa Davao, tinanong si Tiu kung ano ang inaasahan niya sa panitikan ng Mindanao, aniya may mga grupo ng manunulat sa pulo at sana ay mas marami pang lumitaw, upang panatilihin ang alab ng panitikan sa Mindanao. Nagsasagawa rin ang mga ito ng mga workshop at nag-publish online. Aniya, nawa'y dumami pa ang kanilang tribu.

Samantála, dagdag naman ni Ortega sa kaniyang pag-aaral sa panitikan at kultura ng Mindanao,

Sa postkolonyal na pagsulat ngayon, ang manunulat sa Mindanao ay nananatitiling tapat sa kaniyang mga kultural na tradisyon na ipinakikita nitó sa mámbabasá—ang pagpapaunawa sa nuances ng isang kultura sa pamamagitan ng wika. Kung ang teksto ay nása Ingles, ito ang sinabi nina Ashcroft, Griffiths at Tiffin tungkol sa pag-agaw ng manunulat sa wika ng sentro at pagpapalit nitó sa isang diskursong ganap na inangkop sa kolonisadong lugar." (Ashcroft, Griffiths, at Tiffin, 1991) (169; akin ang salin).

Ayon sa akda ng Pambansang Alagad ng Sining na si Bienvenido Lumbea, ang pangunahing bisa ng panitikang panrehiyon ay ang panloob na panining nagpapalalim at nagpapatibay sa pag-ugat ng mga akda sa tradisyonal na kultura ng rehiyon (165). Kaugnay nitó, tunay na makikita ang partikularidad ng búhay sa rehiyon tulad ng Rehiyon 12 o SOCCSKSARGEN kung saan matatagpuan ang mga lalawigan ng South Cotabato, Cotabato, Sultan Kudarat at Sarangani, lungsod ng Kidapawan, Tacurong, Koronadal at General Santos. Ang itinuturing na sentro ng panrehiyong sentro nitó ay ang Lungsod ng Koronadal sa South Cotabato at ang sentro ng kalakalan ay ang General Santos. Matatagpuan sa Rehiyon 12 ang iba't ibang grupo at organisasyon ng mga manunulat at artista na nagtatanghal at nagsusulat. Nariyan ang Sigaw-Heneral, Bigkas-Sarangani ng Sarangani Province, Sultan Kudarat Writers Association ng Sultan Kudarat, Tacurong Writers Guild, Sarangani Writers Guild, Manug-isa, SOX Collectives, Maratabat at iba pang pangkat ng mga manunulat na patuloy na nangangasiwa at nagsasagawa ng zines festival at spoken word event bilang pagdiriwang ng sining at panitikan. Katunayan, may mga manunulat na pinarangalan mula sa rehiyon tulad nina Rita Gadi, Estrella Golingay, Romeo Roullo, Mary Anne Ordinario, Generoso Opolencia, Karlo David, Jade Mark Capinanez, Gilbert Tan, Noel Pingoy, Jude Ortega, Michael Jude Tumamac, Mhubarak Tahir, Norman Ralph Isla, Teng Mangansakan, Gerald Galindez, Kurt Comendador, Kwesi Junsan, Paul Randy Gumanao, Nal Andrea Jalando-on, Jim Raborar, Adrian

Pregonir, Alvin Larida, Hannah Leceña, Christian Castronuevo, at Marianne Bullos na pawang nagsusulat sa iba't ibang wika na sinasalita sa loob ng rehiyon partikular na ang wikang Sebwano at Hiligaynon. Mas nakilala pa nga ang pagsusulat dahil sa pagdaraos ng Zines Festival taon-taon kasáma ang mga mag-aaral ng iba't ibang pamantasan at unibersidad sa lungsod. Hindi lámang sa zines fest itinaguyod ng mga manunulat sa rehiyon ang panitikang SOX kundi sa pamamagitan ng pagbuo ng mga grupo o literary community na nagdaraos ng writing workshop, author talk, at mga palihan na makatutulong sa paglinang at paghasa sa mga kakayahan at kasanayan ng mga taga-SOX sa pagsusulat. Kabilang na rito ang 1st SOX Writers Camp noong 2019, ang TAHAD Writing Workshop in Kinaray-a noong 2020, at ang SWL Writing Workshop 2022 na pinangunahan ng Sarangani Writers League. Nagkaroon din ng mga kompetisyon tulad ng SULAT SOX, at LAGULAD PRIZE. Mababása rin ang mga katha ng mga bátang manunulat ng rehiyon sa Cotabato Literary Journal (CLJ) na nagsimula noong 2017. May mga manunulat sa rehiyon na nakatanggap ng publication grant tulad ni Leceña na nakatanggap ng grant mula sa KWF at National Book Development Board noong 2022. Sa kasalukuyan, mayroon ding mga publishing house sa rehiyon tulad ng Aklat-Alamid, Bidadali Press, at ABC children's books.

Sa tagumpay na ito sa larangan ng pagsusulat at pagbabasá ng mga panitikan, patuloy rin ang kabilang pagtatanghal ng spoken word at poetry reading session ang idinaos sa iba't ibang lungsod. Ang mga spoken word ni Galindez na nakasulat sa Filipino SOX ay napakinggan na rin sa Bigkas Pilipinas at sa radyo. Kung gayon, makikita sa mga gawaing ito ang napakaraming posibilidad ng pagkatha at pagtatanghal gamit ang Filipino SOX. Hindi rin maipagkakaila ang pagsibol at paggamit ng iba't ibang anyo ng sining tulad ng spoken word at pagsusulat gamit ang bernakular na wika at mga wikang hybrid o varyasyon ng isa pang wika tulad ng Filipino SOX sa anyo ng zines. Ang zines o mas pinaikling magazines ay isang babasahing kinapalolooban ng mga tula at akda ng sinumang gustong maglathala ng kanilang likhang-sining. At ito ang dinalumat ng papel na ito. Sinuri ng pag-aaral na ito ang mga piling piyesa na nakasulat sa Filipino SOX na nailimbag sa anyo ng zines sa nakaraang Zines Fest 2022 sa Lungsod ng General Santos. Layon ng pananaliksik na sagutin ang sumusunod na tanong: Ano ang tema at pinulungan ng mga tula na nakasulat sa Filipino Sox? Paano nabuo ang varayting ito? At paano ito nagagamit sa pagsasatitig ng hulagway ng panitikang panrehiyon?

WIKA AT KULTURA SA PANITIKAN NG MINDANAO

Ayon kay Jocson (2016) ang wika ang namamagitan upang maunawaan ang sarili, karanasan, kapuwa-tao paligid, mundo, obhetibong realidad, panlipunang realidad, politika, ekonomiya, at kultura (3). Dagdag pa niya,

isa sa katangian ng wika ay ang pagsandig nitó sa kultura. Nangangahulugang magkabuhol ang dalawa, sapagkat sa pananalita at diwa ng isang pangkat matatagpuan ang kaniyang paniniwala at tradisyon. Anuman o sinuman ang mandarayuhan at makaranas ng mga pangyayari, ay matuto ng ibang paraan ng pag-iisip at pamumuhay at tiyak na maiimpluwensiyahan ang wika. Mabilis na lumalawak ang mga salitáng hiram at nagiging bokabularyo kinalaunan. Sa madaling sabi ang wika ay kamalayan. Katunayan, sa bawat pag-aaral ay laging binibigyan ng diin din na ang wika ay kabuhol ng kultura at hindi maaaring mapaghiwalay. Kasabay ng dinamikong pagbabago sa kultura at kaugalian ng lipunan ay ang pagbabago ng kaniyang wika tulad ng pag-usbong ng mga panibagong salita dulot ng nagbabagong panahon. Kayâ marahil ay binanggit din ni Jocson na ang wika ay isang penomeno o pangyayaring panlipunan (38) sapagkat ito ay ginagamit ayon sa gamit o sitwasyong paggamitan nitó. Kayâ hindi maipagkakamaling repleksiyon ng wika at kultura ang isa't isa dahil ang wikang sinasalita ay naiimpluwensiyahan ng uri ng pamumuhay ng isang partikular na pangkat sa lipunan. At ang wika at kultura rin ng isang komunidad ang bumubuo sa panitikan nitó.

Ayon pa nga sa aklat ni Villaluz, na *Nalandangan: Kulturang Kapayapaan ng Inay Malindang ng Talaandig* ang wika ay tulay. Aniya, “ang yaman ng wika ang magsisilbing tulay na magpapalitaw sa mithiin at panlipunang kamalayan. May angking yaman ang bawat wika na nagbibigay ng akmang lasa sa konteksto ng usapin” (142). Nangangahulugan na ang bawat wika ay kalinangan ng bawat pangkat at bahagi ng kanilang identidad at oryentasyon.

Kaugnay nitó, hindi maitatangi na hindi lámang iisa ang wikang ginagamit sa isang multikultural na komunidad tulad ng Mindanao. Dulot ng pandarayuhan at iba't ibang impluwensiya mula sa labas tulad ng akulturasyon o kinship, pananakop, pag-aasawa, paghahanapbuhay, pakikipagkapuwa, pagdami ng mga dayo, heograpikal na aspekto at iba pang salik kayâ maraming nabuong varayti o varyasyon ng wika tulad ng Binisaya ng Sarangani na iba sa Sebwano ng Cebu o tulad ng Hiligaynon sa South Cotabato na kaiba sa Hiligaynon sa Antique o Iloilo. Ayon pa kay Mac Tiu, sa kaniyang foreword sa akda ni Elizabeth Joy Quijano na *Dili Pwede Mogawas*, ang wikang Bisaya ay malayang dumadaloy.

What struck me about the story was the odd use of the spoken Bisaya which I would describe as free-flowing, and which somehow reminded me of the earlier stories of the American writer Jesse Stuart (pahina vii).

Nagustuhan rin niya ang pagtatampok ng mga sugilanong ito ng katutubong kulay (local color).

Layunin ng papel na ito na madalumat ang tema sa mga piling tula na nakasulat sa Filipino SOX na nailimbag sa anyo ng zines. Madalas na ginagamit ng kabataan sa Mindanao ang Filipino SOX at patuloy pa ring pinag-aaralan ang posibilidad nitó sa loob at labas ng akademya.

TEMATIKO AT TEKSTUWAL NA PAGSUSURI

Ang pag-aaral ay isang tematikong pagsusuri sa teksto-ang mga tula ni Christian Castronuevo mula sa sa Lungsod Tacurong ng Rehiyon Dose. Nagmula ang mga piling tula sa nakalimbag na zine mula ng rehiyon na nakasulat sa Filipino SOX partikular na ang zine na pinamagatang “Window Seat Itinerary” ni Castronuevo na lahok sa Zines Fest 2022 na ginanap sa General Santos. Ayon pa sa lektura ni Michael Jude Tumamac noong 2022, ito ay plataporma sa pagpapahayag ng damdamin o kaisipan.

Ang SOX ZINES Fest sa rehiyon ay nagsimula noong 2017 sa pangunguna ng mga manunulat mula sa Rehiyon 12. Lalo na ang reading advocate at awtor ng mga aklat pambata na si Tumamac a.k.a Xi Zuq kasáma ang iba pang manunulat sa rehiyon tulad nina Jude

Ortega, propesor Rossel Audencial ng MSU-GenSan, Doc Noel Pingoy, at iba pa. Ginanap ang unang SOX ZINES Fest sa Lungsod General Santos na dinaluhan ng mga aspiring writer mula sa General Santos, Sarangani, at iba pang karatig na probinsiya. Taóng 2018 nang ginanap ito sa Lungsod Koronadal. Ginanap naman ang sumunod na Zines Fest 2019 sa Tacurong City. Sa gitna ng pandemya, nag-organisa ng SOX ZINES Fest Online noong 2021 at sa Veranza, General Santos City noong 2022.

Dinalumat ng mananaliksik sa pag-aaral na ito ang limang piyesa na nakasulat sa Filipino SOX na nailimbag sa anyo ng zines sa nakaraang zines Fest 2022. Ang pagdalumat na ito ay tumutukoy sa pagsusuri sa teksto ng tula upang tukuyin ang temang lumilitaw sa mga tuláng nakasulat sa Filipino SOX at kung paano ito nabuo.

PAGLALAHAD AT PAGESUSURI NG DATOS

TEMA

Pamagat	Makabuluhang Pahayag	Mga kaisipan sa tula	Tema	Filipino Sox
Perstaym	Grade 3 ako Perstaym ko magpa-Arakan Perstaym din magkain sa karenderya. Giligpit ko ang mga plato Kay ako maghugas.	Mula sa tula, makikita ang kasipagan at pagkukusa ng isang batá sa paggawa tulad ng pagliligpit at paglilinis.	Kasipagan ng isang batá	Giligpit, Magkain
Igib	Malapit na ma-late si Ante Awardan niya ako niyan, Kay hindi ako nakawalis o nakahugas ng plato Pag sobrang inis na yan Magsabi yan, tigil na ako sa pag-aaral, At pabalikin ako sa Isulan. Hindi niya kasi maintindihan Ang kompetisyon sa ginaigiban.	Makikita pa rin ang pagtatrabaho ng isang batang musmos, tulad ng paggawa sa mga gawaing bahay, tulad ng pagwawalis at paghuhugas ng plato, at ang pagtatiyaga nitó na mag-igib sa igiban ng tubig sa kabila ng kompetisyon sa poso.	Pagtitiyaga ng isang batá	Awardan, nakawalis, nakahugas, magsabi, ginaigiban
Ayaw ko mag-uwi	Masaya ako sa mga kaibigan ko sa gubat. Kaya ko magtiwala sa kanila. Salamat sa tikbalang. Salamat sa mga duwende. Salamat sa mga sirena. Salamat sa mga engkanto. Salamat sa mga tiyanak. Salamat sa mga santelmo. Salamat sa mga kuring sa mundo. Lahat ng mga wish ko natupad gid Kay ayaw ko mag-uwi. Ayaw ko mag-uwi.....ayaw ko magsaing.	Sa buong tula, mababasa na ayaw umuwi ng batá sa kanilang bahay. Siya ay dumaan sa gubat at kaniyang ikinuwento ang kaniyang nasaksihan tulad ng mga tikbalang, duwende, sirena sa ilog, at tiyanak na pinaparusahan ang mga kaklase at kakilala niya na may atraso sa kaniya. Wika ng persona masaya siya sa kaniyang mga kaibigan sa gubat. Ito ang itinuring niyang tagapagligtas.	Pagtutol o paglában ng isang batá	Kuring Natupad gid Mag-uwi
Sa Puno ng Narra	Gibalikan ko ang mga lugar Kung saan mga bata pa tayo. Naglakad-lakad ako sa tabi ng Tinanan Pero basura na ang mga nagalutang Nagakagat na ang dilim Pero wala na ang mga kuring mundo, Wala na din kasi ang mga kawayan. Nakita ko din ang mga bungtod sa unahan. Akala ko mga alitaptap. Kaingin pala. Gibalikan ko ang puno ng narra Kung saan tayo nagabayah-bahay Pero hindi ko na makita ang narra Gigawa mo na pala na bahay.	Sa tulang ito mababasa ang tila nagkukuwentong persona tungkol sa kaniyang pagbabalik sa kanilang bayan kung saan nagbago na ang lahat. Kayrami ang nawala dulot ng industrialisasyon at pag-usbong ng komersiyo sa kanilang lugar, maging ang kaniyang kalaro na minahal niya ay naging mayor ng kanilang lugar at ang dáting narra na kanilang tagpuan ay wala na dahil pinutol na ang mga kahoy at kinalbo na ang kagubatan para pagkakitaan o gawing tahanan.	Pag-alala sa pinagmulang probinsiya	Gibalikan Nagalutang Kuring Bungtod Naga-bahay-bahay Gigawa
Tacurong pagod na Ako	Pagod na ako maggising alas kwatro; Magpasok sa school tapos late man din. Pagod na ako makipagsiksikan sa multicab. Wala na ako gana maggawa lesson plan. Pagod na ako sa nagabago bago na mga mukha. Pagod na ako sa mga multo na giiwan na naga-sama-sama sa akin kahit saan. Pagod na ako magsulat ng mga kanta para sa'yo. Pagod na ako magsunog ng mga liham kay hindi mo man din kasi basahin. Pagod na ako magpaikot ng baso. Pagod na ang mga mata ko kada alas dos ng madaling araw. Pagod na ako sa alikabok mo na gipuno na ang mga baga ko. Naghalo na saa dugo. Naglapot. Nagdaloy sa mga ugat At gibalot ang utak at puso. Tacurong, palayain mo na lang ako. Hindi na gid ako makaginhaba.	Sa tulang ito, nais ipabatid ng persona na pagód na siya sa kasalukuyang lagay sa sariling lungsod, mula sa pagsiksik sa sasakyan at paglanghap ng alikabok. Pagód na rin siyang magsulat ng kanta at magsulat ng liham para sa isang minamahal. Makikita at mararamdaman din sa tula ang hirap ng persona sa paghinga o sa pagkabuhay sa ganoong uri ng sitwasyon.	Hinaing sa sariling lungsod	Magpasok Nagabago-bago Giiwan Naga-sama-sama Magpaikot Gipuno Naglapot Gid Makaginhaba

Ang tema ay tumutukoy sa pangunahing kaisipan na maaaring makuha o mahinuha habang binabasa ang isang anyo ng panitikan tulad ng tula.

ZINES: WINDOWS SEAT ITINERARY ni Christian Castronuevo

Mula sa pagsusuri ng mananaliksik, makikita ang sumusunod na tema sa mga tula ni Castronuevo: kasipagan at pagtitiyaga ng isang batà, kung paano mag-isip at kumilos ang isang batà lában sa mundo, pag-alala sa pinagmulang probinsiya, at hinaing sa sariling lungsod. Lutáng na lutáng sa mga tula ni Castronuevo ang sariling kultura ng isang batà sa isang partikular na lipunan. Sa kaniyang tula na “Perstaym” makikita ang kasipagan at pagkukusa ng isang batà sa isang karinderya. Ang akala ng persona ay kailangan niyang iligpit ang sariling pinanggalingan. Makikita ang pagkakawanggawa at pagiging masunurin ng isang batà lalo na sa pagtalima sa mga gawaing bahay. Gawaing bahay din ang kaniyang pinagtuonan sa tulang “Igib.” Pansinin ang linya,

Malapit na ma-late si Ante
Awardan niya ako niyan,
Kay hindi ako nakawalis o nakahugas ng plato
Pag sobrang inis na yan
Magsabi yan, tigil na ako sa pag-aaral,
At pabalikin ako sa Isulan.
Hindi niya kasi maintindihan
Ang kompetisyon sa ginaigiban.

Makikita rin ang pagiging matiyaga ng isang batà sa pag-iigib ng tubig para ipanligo. Makikita rin ang kultura ng pamilyang Pilipino na laging tinuturuan ang mga batà sa pagwawalis ng bakuran at paghuhugas ng plato. Naniniwala ang matatanda na kailangang maalam sa paggawa ng mga gawaing bahay at gawain sa kusina ang mga anak nila. Malayong-malayo sa kuwento ni Juan Tamad at iba pang mga batà na pinarusahan dahil sa katamaran. Katunayan, para pa ngang si Cinderella ang persona dahil tila naglalarawan siya ng kalunos-lunos na kalagayan o pagsisilbi sa kaniyang ante o tita/ tiya. Masisipat din sa tula ang himig ng paghihimagsik sa sariling kalagayan. Kapag natagalan siya sa pag-iigib ay “aawardan” siya ng kaniyang ante. Taliwas sa kahulugan ng “award” o premyo/gantimpala, ginamit ito ng persona upang ipahayag na siya ay “maparurusahan” ng kaniyang tiya. Sa kabataan sa rehiyon, madalas din ay ginagamit ang katagang “award” “best in award” “best in kasaba” upang tukuyin ang salitang *award* bilang negatibong bagay sapagkat taliwas o kabaliktaran ang ibig-sabihin nitó. Nangangahulugan ding tumatalima ang batà sa iniutos sa kaniya ngunit may sapat na rin siyang kamalayan upang maláman na ito ay paraan ng pang-aabuso sa kaniya ng sarili pang kapamilya. Ang mismong akto ng pag-iigib din ay naglalarawan sa kahirapan ng búhay sa probinsiya dulot ng kakulangan

ng serbisyong pampubliko ng pamahalaan.

Ilan sa mga linya sa tula ang nagpapatunay rin ng kompetisyon o politika sa pag-iigib ng tubig:

Ang krus ng buhay ko, timba ng Happy Time,
Yung timba ng tinapay sa patay
Maganda ito kay kagaan lang
Kaso katagal mapuno nung drum.

Nagbanggit ang makata ng kultura tuwing may patay kung saan ang produktong biskuwit na Happy Time ay madalas ngang binibili upang ipameryenda sa mga nakikilamay at nagbabaraha. Isang partikular na detalye sa isang lamay sa probinsiya. Ipinakita rin ng makata sa kaniyang tula ang pagiging multikultural at multilingguwal ng kaniyang komunidad. Inilarawan niya ito sa pamamagitan ng pagbibigay ng detalye sa kaniyang lunan.

Unang igib
Bahay sa harap, nagasamba kay Kristo
Bahay sa kanan, nagasamba sa mga anito.
Bahay sa kaliwa, nagasamba kay Allah.
Ako lang man wala may ginapaniwalaan dito.
Ang alam ko lang, dapat mapuno yung drum
Para di ako mapako sa krus.

Tinalakay ng persona ang iba’t ibang paniniwala at pananampalataya ng kaniyang komunidad. Patunay ang pagbanggit sa pangalang Kristo, Allah, at anito. Inilalarawan ng persona ang iba’t ibang relihiyon sa Mindanao. Sa kabiláng banda, idiniin din ang pagiging inosente ng batà. Nais niya lámang mapunô ang drum upang makaligo na. Sa kaniyang sumunod na tula ay makikita na ang persona bilang batà ay nakahanap ng kakampi sa gubat na kaniyang dinaraan pauwi sa kanila. Mula sa linya ng tula,

Masaya ako sa mga kaibigan ko sa gubat.
Kaya ko magtiwala sa kanila.
Salamat sa tikbalang. Salamat sa mga duwende.
Salamat sa mga sirena. Salamat sa mga engkanto.
Salamat sa mga tiyanak. Salamat sa mga santelmo.
Salamat sa mga kuring sa mundo.
Lahat ng mga wish ko natupad gid
Kay ayaw ko mag-uwi.
Ayaw ko mag-uwi.
.....ayaw ko magsaing.

Binanggit ng makata ang mga elemento na nagpapakita sa kaniya sa gubat tulad ng tikbalang, duwende, sirena, at mga engkanto. Nagpapatunay na naniniwala pa rin ang karamihan ng mga Pilipinong nakatirá sa probinsiya sa mga kababalaghan, poklore, mitolohiya, hiwaga at di-maipaliwanag na mga elemento o fenomeno. Ngunit, hindi tulad sa ibang kuwento na nagiging kalában ang mga ito, sa tula ay tila naging tagapagligtas ito ng persona. Ito ang nagtanggol sa kaniya lában sa kaniyang mga kaklase at kakilala na umalipusta, nang-away at nangutya sa kaniya. Ilang

kuwento na rin ng matatanda sa baryo ang nagsasabi na laging kinakaibigan ng mga elementong ito ang mga bata na laging mag-isa. Tinatawag din sila minsang abyán o aghoy, mga lamanlupa.

Patunay sa linya,
Sa malaking bato, may tao nag igapos,
Si Bernard. Ang hambog ko na seatmate.
Ginnapalibutan siya sa apat na sirena.

Samantála, sa tulang “Sa Puno ng Narra,” ginunita ni Castronuevo ang isang minamahal, gayundin ang kanilang tagpuan, ang Arakan bílang lunan. Sentro sa tula ang narra na sumisimbolo sa kanilang nakaraan, tulad ng paglalaro at pagkukuwentuhan sa lugar na iyon. Inalala ng persona ang kanilang kasaysayan tulad ng pag-alala sa kaniyang kabataan,

Gidala mo ako sa puno ng Narra
Kung saan tayo nagabahay-bahay
Gamit ang mga sakot at mga kahoy na panggatong.

Naglalarawan din ng kapayakan ng búhay ng mga batá sa parang na malayang naglalaro sa piling ng kalikásan. Naglalambitin sa mga punongkahoy at nagtatampisaw sa ilog.

Kung mag-uwi, sa tabi tayo ng Tinanan nagadaan
At ginasabwag natin sa ilog ang mga santan
Kay kulatahin gid ako ni tatay
Pagmag-uwi ako na may korona.
At naglutang ang mga bulaklak sa tubig
Tapos sige lang tayo tawa nang tawa.

Makikita rin sa murang gulang na ang persona ay binubugbog ng kaniyang Tatay kapag umuwi siyang may korona. Makikita ang nararanasang diskriminasyon sa seksuwalidad o gender orientation ng persona. Samantála, isinalaysay rin ng persona ang kaniyang nadama sa pagbabalik sa lugar ng kaniyang minamahal, lugar din ng kaniyang masayang kabataan.

Gibalikan ko ang mga lugar
Kung saan mga batá pa tayo.
Naglakad-lakad ako sa tabi ng Tinanan
Pero basura na ang mga nagalutang
Nagakagat na ang dilim
Pero wala na ang mga kuring mundo,
Wala na din kasi ang mga kawayan.
Nakita ko din ang mga bungtod sa unahan.
Akala ko mga alitaptap. Kaingin pala.
Gibalikan ko ang puno ng narra
Kung saan tayo nagabahay-bahay
Pero hindi ko na makita ang narra
Gigawa mo na pala na bahay.

Isa sa mga idiniin ang pagbabago ng mukha ng kanilang lugar dulot na rin ng pagbabago ng panahon at ang pagbabago ng kaniyang minamahal na nagkapamilya na at naging pinunò sa kanilang lugar. Sa

hulí ay makikita na pinutol na rin ang mga narra tulad ng pagputol ng nakaraan at pagputol sa kinabukasan ng mga taga-Arakan. Binanggit din ng makata ang “kaingin” bílang isang ilegal na gawain ng pagtatanim sa pamamagitan ng pagsunog o pagkalbo sa bukid. Maituturing ding paghihimagsik ang tulang ito lában sa mga di-makatarungang gawain ng tao o pamahalaan, maging sa pag-abuso sa kalikásan. Hindi nalalayo ang usapin ng kaingian sa usapin ng pagmimina o ilegal na pagputol ng mga punongkahoy sa bukid. Mula sa tula ay sisibol ang tanong na kumusta na ba ang bayan at ang mga bukirin?

Sa hulíng tula ng makata na pinamagatang “Tacurong, Pagod na Ako” ay direktang sinabi ng persona na pagód na siya sa pananatili sa isang matrapik at maalikabok na lungsod. Madarama sa mga taludtod ang pagtangi sa bayan ng Arakan na ibang-iba sa lungsod ng Tacurong na siyang lugar ng kaniyang kapaguran.

Pagod na ako maggising alas kwatro;
Magpasok sa school tapos late man din.
Pagod na ako makipagsiksikan sa multicab.
Wala na ako gana maggawa lesson plan.
Pagod na ako sa nagabago bago na mga mukha.
Pagod na ako sa mga multo na giwan
na naga-sama-sama sa akin kahit saan.
Pagod na ako magsulat ng mga kanta para sa’yo.
Pagod na ako magsunog ng mga liham
kay hindi mo man din kasi basahin.
Pagod na ako magpaikot ng baso.
Pagod na ang mga mata ko
kada alas dos ng madaling araw.
Pagod na ako sa alikabok mo
na gipuno na ang mga baga ko.
Naghalo na saa dugo. Naglapot.
Nagdalo sa mga ugat
At gibalot ang utak at puso.

Tacurong, palayain mo na lang ako.
Hindi na gid ako makaginhawa.

Kung ihahalintulad ang Tacurong sa ibang lungsod, maaaring sabihin na hindi ito iba. Tulad ng mga Pilipino sa Kalakhang Maynila na nagiging nang alas-kuwatro ng madaling araw upang bumiyahe sa kahabaan ng kalsada; upang huwag mahuli sa kanilang mga pások sa klase at opisina. Nabanggit din ang pakikipagsiksikan sa multicab na parehong realidad para sa mga tao na nagkokomyut araw-araw para makarating sa kanilang paroroonan. Sa madaling sabi, ang persona ay naglalabas ng hinaing at pagkapagod sa kaniyang kalagayan sa lungsod. Napapagod na siyang magsulat ng kanta na hindi naman binabasa ng isang minamahal. Hindi na rin siya makahinga. Nangangahulugan na may isang lugar siya na gustong lipátan upang makahinga nang maluwag dahil pinapagod siya ng siyudad. Bagay na hindi maitatangi lalo pa sa mga tao na naninirahan sa lungsod na binago ng modernong teknolohiya, makinarya, at uri ng pamumuhay.

FILIPINO SOX: ANO ANG GINASALITA NG BAYAN?

Mula sa talahanayan sa itaas makikita ang pagbabagong morpoponemiko o paglalapi sa mga salita at kataga dahil sa kalikasan nitó na pinaghalong wikang Filipino at wika ng SOX na kinabibilangan ng Binisaya at Hiligaynon at iba pang varayti ng mga wika sa Mindanao.

Sa unang tula ni Castronuevo na “Perstaym,” makikita ang paggamit ng mga salitáng *magkain* at *giligpit* sa halip na kumain at iniligpit. Nagkakaroon ng pagbabago sa pagbuo ng salita at mga kataga dulot ng pagbabago ng paglalapi. Pinaniniwalaang ito ay dahil sa kombinasyon ng mga wika. Tulad ng panlaping mag- na laging ginagamit sa mga salitáng Sebwano na magkaon, maghugas, maglaba.

Grade 3 ako
Perstaym ko magpa-Arakan
Perstaym din magkain sa karenderya.
Giligpit ko ang mga plato
Kay ako maghugas.

Ito ay maituturing na penomenong lingguwistiko o isang pangyayari dulot ng pagbabago ng lipunan. Tulad ng panlaping gi- na madalas makita sa unahan o bago ang salitang-ugat tulad ng “gisabi” “gidala” “giparamdam” at iba pang mga pandiwa na madalas naririnig na ginagamit ng kabataan sa kasalukuyan. Sa kaniyang mga tula ay makikita rin ang pagbabago ng paglalapi tulad ng paggamit ng naka- at mag-, gi- magpa-, naga- tulad ng mga sumusunod na salita: nakahugas, magsabi, gina igiban, nagalutang, nagalapot, at iba pa. Katunayan, ginagamit din ito sa pang-araw-araw na kumbersasyon o pakikipagkomunikasyon. Halimbawa:

Nakasimba ako kanina.
Nakaiyak ako sa sobrang galit.
Nakawalis na ako sa bakuran.
Ikaw na lang magsabi sa kaniya na klase na bukas.

Ilan din sa mga salitáng ginamit niya sa tula ay kapansin-pansin na iba ang pagkakabuo ng mga panlapi at gitlapi ngunit nauunawaan naman ng kausap, mambabasá o tagapakinig tulad ng sumusunod: gibalikan, nagalutang, naga-bahay-bahay, gigawa, magpasok, nagabago-bago, giwan, naga-sama-sama, magpaikot, gipuno at nagalapot. Sa halip na binalikan, lumutang, nagbahay-bahay, ginawa, pumasok, nagbabago, nagsama-sama, pinunô, lumalapot. Gumamit din ang makata ng pinaghalong Ingles at Filipino tulad ng salitáng “awardan” na nangangahulugang mapagagalitan. Kapansin-pansin din ang direktang paggamit ng makata ng mga salitáng Sebwano at Hiligaynon sa tula na makakapagtotoo na hybrid nga at nagko-code-switch ang lengguwahe na kaniyang ginamit sa tula. Patunay ang sumusunod na salita: bungtod, kuring, gid at makaginhawa. Ang bungtod ay salitang Sebwano na nangangahulugang bukid o bukirin, ang salitang kuring ay mula sa Hiligaynon na

nangangahulugang pusa at makaginhawa na salitang Sebwano na nangangahulugang makahinga.

Patunay na mga linya:
Nakita ko din ang mga **bungtod** sa unahan.
Salamat sa mga **kuring** sa mundo.
Hindi na gid ako **makaginhawa**.

Kung susuriing mabuti, hybrid nga ang lengguwahe na ginamit sa tula bunsod na rin ng halo-halong wika na ginagamit ng mga tao sa Rehiyon Dose na binubuo ng mga Kristiyano, Muslim, at Lumad at iba pang naninirahan sa loob ng komunidad dulot ng pandarayuhan. Sa kabila ng pagbabagong ito ng paggamit ng wikang Filipino na karamihan ay nása wikang Tagalog, nauunawaan pa rin naman ng mga mambabasá at nakikinig.

PAANO INILALARAWAN NG FILIPINO-SOX ANG PANITIKAN NG SOX AT NG MINDANAO SA PANGKALAHATAN?

Batay sa Pambansang Alagad ng Sining na si Lumbera, isang malaking usapin pa rin kung ano nga ba ang panitikang rehiyonal at kung ano ang bumubuo ng pambansang panitikan. Ngunit, idiniin niya na ang manunulat ang namimili ng mga salita, at manunulat din ang nagpapahiram ng laman ng kaniyang kamalayan sa mga salita upang magkaroon ng kahulugan ang mga ito (165). Ang mga manunulat tulad ni Castronuevo na gumagamit ng hybrid na wika partikular na ang pinaghalong Tagalog-Binisaya-Hiligaynon ng rehiyon ay maaaring kumakatawan sa komunidad ng madla na nagsasalita ng ganoong wika sa ganoong paraan; dahil si Castronuevo ay palipat-lipat din ng tirahan habang lumalaki. Sa sanaysay ni Lumbera na “Panitikang Panrehiyon Panitikang Pambansa: Magkabuklod at Magkarugtong” na matatagpuan sa kaniyang akda na *Writing The Nation*, idiniin niya na mahalagang linangin ang panitikang rehiyonal at ang mga panitikang nakasulat sa bernakular upang maiakda ang pambansang panitikan (156). Dagdag pa, ang panitikan ng rehiyon ay nakatuon sa patuloy na paglalarawan sa mga espesipikasyon ng búhay at danas sa dako pa rito ng mundo, bagay na isinulat ni Castronuevo sa kaniyang tula sa anyo ng zines.

LAGOM AT KONGKLUSYON

Ang mga tula ni Christian Castronuevo sa kaniyang zine na “Window Seat Itinerary” ay gumagamit ng Filipino SOX o pinaghalong wikang Filipino at iba pang barayti ng wikang Binisaya at Hiligaynon. Bukod sa lokalisasyon ng wika na ipinamalas ng makata, makikita rin ang kaniyang kontekstuwalisadong danas na nakaugat sa kaniyang sariling bayan. Makikita ito sa mga tema sa tula na pawang tumatalakay tungkol sa mabubuting kaugalian at magagandang kultura ng isang batà na payak na naninirahan sa kanilang lugar tulad ng

kasipagan. Ang mga tula ring ito ay tungkol sa kaniyang kabataan kapiling ang kalikasan, ang ilog, púnong narra, at bukirin na unti-unti nang nagbabago kaya lumilitaw ang pangungulila sa lungsod na kaniyang nilisan. Mababása rin sa mga tula ang panlipunang kamalayan at kultura ng makata dahil sa litaw na pagbanggit sa mga problema tulad ng illegal logging, polusyon, kahirapan, at diskriminasyon sa kasarian. Ibig-sabihin, maaaring gamitin ang Filipino SOX upang isulat ang sariling danas at damdamin ng makata at ng kaniyang sariling bayan sa anyo ng zines sa pamamagitan ng paggamit at paghahalo-halo ng mga wika na sinasalita ng kaniyang lingguwistikong komunidad. Maituturing itong isang

posibilidad sa paggamit ng wika at pagkatha ng panitikan ng rehiyong multikultural at multilingguwal. Isang patunay rito ang pagkilala ng iilang timpalak sa mga tula ni Gerald Galindez na gumagamit din ng Filipino SOX. Ang zines naman ni Kyle Cherifaith Bago mula sa probinsiya Sarangani ay naipagbili sa MOA noong nakaraang Manila Book Festival na may pamagat na "Hangad at Gusto ko Maglangi" na kakikitaan ng pagpapalit ng koda mulang Filipino tungong Bisaya. Kagaya ng mga tulang nabanggit, ang tula ni Castronuevo ay isang pagtatangka na isulat ang wikang alam ng manunulat, ang wikang kaniyang ginagamit at naririnig sa kaniyang banwa.



SANGGUNIAN

Castronuevo, Christian. "Window Seat Itinerary." Zines. 2022

David, Karlo Antonio G. "Davao Filipino and its Literary Possibilities." MA Thesis, Silliman University, 2014.

Lumbera, Bienvenido. *Writing the Nation/Pag-aakda ng Bansa*. Quezon City: University of the Philippines Press, 2000.

Indayon Lynard et al. *Pagsusuri sa Varayti at Varyasyon ng SOX Tagalog: Isang Komparatibong Pag-aaral*. General Santos: Mindanao State University-General Santos, 2022.

Jocson Magdalena O. *Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino*. Quezon City: Vibal Group, Inc., 2016.

Quijano, Elizabeth Joy. *Dili Puwede Mogawas (Can't Go Out) and Other Stories*. Davao: Ateneo de Davao Press. 2021

Villaluz, Geraldine. "Nalandangan: Kulturang Kapayapaan ng Inay Malinandang ng Talaandig." UPD-Sentro ng Wikang Filipino, 2014.

Elektronikong Sanggunian:

Ortega, Christine F. "The Quest for Peace in the Literatures of Mindanao." *Unitas Journal*. <https://unitasust.net/wpcontent/uploads/2018/07/UNITAS-91-1-Christine-Ortega-Quest-for-Peace.pdf>.

Lektura:

Tumamac, Michael Jude. *The World of Zine-Making*. SWL. Alabel. Pahinga at Paghinga: A Creative Writing Workshop. October 31, 2022.



Si **HANNAH A. LECENÁ** ay nagtuturo ng Malikhaing Pagsulat sa Philippine High School for the Arts Makiling Los Baños, Laguna at kasalukuyang kumukuha ng doktorado sa Malikhaing Pagsulat sa UP-Diliman. Isa siyang spoken word performer mula sa Kiamba, Sarangani, Rehiyon 12. Nakapagperform siya sa Perfurmatúra 2020 Pandemic Edition, Perfurmatúra 2023 at PEN Philippines' Free the word ng Cultural Center of the Philippines. Fellow siya ng mga palihan tulad ng Davao Writers Workshop, Silliman National Writing Workshop, IYAS, Kritika DLSU, Iligan, 5th Amelia Lapena Bonifacio Writing Workshop, Gemino Abad Seminar-Workshop for Teachers in Creative Writing, at Palihang Rogelio Sicat. Ang kaniyang mga sugilanon at nobela ay nakatanggap ng Jimmy Balacuit Literary Awards for Fiction, Satur Apoy-on Prize First Place taóng 2020 at 2023, 2nd Place PNU sa Normal Awards Nobelang Pangkabataan, at Grand Prize Winner sa Lampara Prize-Middle Grade Category. Mababása ang kaniyang mga maikling kuwento sa *Diliman Review*, *Dx Machina Volume 5*, *Luntian Online Journal*, *Kawing Referred Journal*, *AGOS Referred Journal*, *TLDTD*, *Dagmay*, *Takos Referred Journal*, *Santelmo: Liwanag sa Dilim*, antolohiyang Anti-Katha na inilimbag ng The Philippine Writer Series 2023, atibapa. Siya ang awtor ng *Jonas: Nobela sa Wikang Sebwan* na inilathala ng Komisyon sa Wikang Filipino. Recipient ng Publication Grant 2022 ng National Book Development Board para sa kaniyang nobelang pangkabataang *Si Duday Taga-Baybay*.

Kayamanan, Pag-aasam, at Paghilom sa Ad-dēm ng mga Ibaloy

L.A. E. PILUDEN

lepiluden@up.edu.ph

Unibersidad ng Pilipinas Baguio

ABSTRAK

Nakatalâ sa saliksik ni Ramon P. Santos, *Ang Repertoryong Pantinig ng Ibaloi sa Kabayan* (2017), ang isang *ad-dēm*, isang awiting tumatawag sa mga kabunyan at ang kani-kanilang daláng biyaya sa mundo ng mga Ibaloy: ang *balitok* (ginto), *kintoman* (puláng bigas), *nowang* (kalabaw), at ang *polos* (gâbi). Ang mga kasangkapang ito ay may taglay na pagpapakahulugang nakapaloob sa kabuuáng *chiva* (sistema ng mga naratibo at pagkukuwento) ng mga Ibaloy sapagkat hindi maaaring ihiwalay ang talakayan ng panitikang Ibaloy sa *chiva* na lumilinang dito. Bukod sa pagiging talâ nitô ng kasaysayang pangkalinangan ng mga Ibaloy, inilalarawan ng *ad-dēm* ang kanilang konsepto ng kayamanan; gayundin ang katutubong artikulasyon ng pag-asam at paghilom.

Mga susing salita: *ad-dēm*, *chiva*, awiting bayan, tradisyong pabigkas

ABSTRACT

Ramon P. Santos records in *The Vocal Repertoire of the Ibaloi from Kabayan* (2017) a folk song called the *ad-dēm*, recited during a healing ritual, and a song that invokes a pantheon of Ibaloy spirits to bring their blessings to the world of the Ibaloy: the *balitok* (gold), *kintoman* (red rice), *nowang* (water buffalo), and the *polos* (gábi plant). These elements are charged with a system of meaning and symbolisms contained in the Ibaloy *chiva*, the collective term for narratives and the storytelling activities among the Ibaloy. The present paper describes the *ad-dēm* as a unique record of Ibaloy cultural history, as well as an entrypoint into the discussion of the Ibaloy concept of wealth and an indigenous articulation of healing.

Keywords: *ad-dēm*, *chiva*, folk song, oral tradition

ANG AD-DĒM BÍLANG TEKSTO NG PAGHILOM

Ang katimugang bahagi ng lalawigang Benguet ang itinuturing ng mga Ibalóy¹ bílang ili o báyang pinagmulan. Matatagpuan sa bahaging ito ang mga ili ng Kabayan, Tuba, Itogon, Bokod, Sablan, Tublay, La Trinidad, Kapangan, Atok, at ang siyudad ng Baguio. Kung hindi tumutukoy sa mismong pangkat, Ibaloy o Ivadoy o Inibaloy din ang tawag sa wikang sinasalita ng mga Ibaloy.

Sa saliksik ng Pambansang Alagad ng Sining sa Musika na si Ramon P. Santos na pinamagatang *Ang Repertoryong Pantinig ng Ibaloi sa Kabayan*, tampok ang isang *ad-dēm* na tila binabalangkas ang kasaysayang pangkalinangan ng mga Ibaloy,

Kimosad si Kabigat Bumaba si Kabigat
Inkosad toy balitok to Dalá ang kaniyang ginto
Sikatoy imbaknang cha. Nagpayaman sa kanila.

Kimosad si Bugan Bumaba si Bugan
Inkosad toy kintoman Dalá niya ang kintoman
Sikatoy imbaknang cha. Nagpayaman sa kanila.

Kimosad si Lumawig Bumaba si Lumawig
Inkosad toy nowang to Dalá niya ang kalabaw
Sikatoy imbaknang cha. Nagpayaman sa kanila.

Kimosad si Bangan Bumaba si Bangan
Inkosad toy polos to Dalá niya ang gábi
Sikatoy imbaknang cha. Nagpayaman sa kanila.

Inilarawan ng awitin sa pamamagitan ng pag-uulit

¹ “Ibaloy” at hindi “Ibaloi” ang tinatanggap ngayong tamang baybay, bagaman mas laganap ang baybay na “Ibaloi” sa ilang mga etnograpiya partikular na sa mga kolonyal na dokumento. Ang pagbabago ay dulot ng napormalisang ortograpiya ng wikang Ibaloy sa paglulunsad ng *Ibaloy Dictionary* noong 2011 at ang *Ortograpiya ni Ibalóy* ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) noong 2016.

² Ang “kabunyan” ay maaaring gamiting bílang pangngalang pantangi o pambalana. Sa obserbasyon ni Claude Moss (1920) ang salitang “bungí” (o “buni”) ng mga Kankanaey at Ibaloy ay may kahulugang “magdasal.” Kung ituring na salitang-ugát ng “Kabunian” o “kabunyan” ang “bungí” o “buni,” ang kabunyan ay tutukoy sa “kanino man iniaalay ang mga dasal.” Kumikiling ako sa salitang “kabunyan” sapagkat may bahagyang pagkakaiba ang kahulugan sa mga konotasyong taglay ng salitang “diyos” (gods) sa tradisyong Hudeo-Kristiyano.

at paralelismo ang panteon ng mga kabunyang² may kani-kaniyang handog sa sangkatauhan; mga biyayang ikinabuhay ng mga sinaunang Ibaloy: ang *balitok* (ginto) na naging batayan ng mga ili sa sinaunang Benguet at kalaunan ay tagpuan ng katutubo at kolonisador; ang *kintoman* (puláng bigas) na hudyat ng agrikultura bílang sumunod na kabuhayan ng mga Ibaloy; ang *nowang* (kalabaw) na bumuo sa mga baknang; at ang *polos* (gábi) bílang koneksiyón ng mga Ibaloy sa kayamanang hindi materyal.

Nakapaloob ang mga kasangkapang ito sa mas malawak na *chiva*, ang termino ng mga Ibaloy sa pagkukuwento at sa kuwento mismo; ang iba’t ibang uri ng naratibong naging saligan ng mga simbolo, talinghagà, at tradisyong nagsasaysay sa karanasang Ibaloy. Inilalarawan ni Fong (2017) ang *chiva* bílang ang

lahat ng anyo ng pagkukuwento at pagbabahagi ng mga salaysay tulad ng mga kuwentong-bayan, talaangkanan, tradisyon, at alamat. Sa maraming komunidad ng Ibaloy noon, naaalala pa rin ng mga tao ang ilang anyo ng *chiva*. Pinahalalagahan ng kultura ng Ibaloy ang mga indibidwal na maingat makinig (matmatnëng) at may kakayahang isalaysay muli ang mga narinig na kuwento (maríba) (i).

Kung ang tradisyon ay isang prosesong nagpapatuloy sa kasalukuyan, ang addēm bílang bahagi ng *chiva* ng tradisyónal na lipunang Ibaloy ay maaaring gamitin muli para sa ating panahon. May potensiyál ito

na magdala ng mensahe ng paghilom at paghaharaya ng isang mas makatarungang mundo.

Kaagapay ng pagbása sa ad-dëm ang pagbáling sa iba pang mga teksto tulad ng mga alamat, paniniwala, alaala, at lahat ng namamayaning tema o mga *archetypes* na nakasalikop sa pangkalahatang chiva. Hindi maaaring basahin ang ad-dëm na hiwalay sa chiva na pinagkuhanan ng mga kahulugan.

Isa ring bukal ng yaman ang mismong ad-dëm bílang teksto. Hindi tulad ng mga sekular na awiting-bayan ng mga Ibaloy gaya ng *ba-div* na kinakanta sa kahit anumang okasyon, ang ad-dëm ay kinakanta sa ritwal kayâ bihira at halos hindi na binibigkas sa kasalukuyan. Magkaniig ang ritwal at ang tradisyong pabigkas na nagsasaysay rito, sapagkat isang pagganap ng mitolohiya ang ritwal. Ang ad-dëm ay inaawit sa ritwal na kung tawagin ay *badjog*.

Ang badjog ay isinasagawa ng isang tao o isang mag-anak upang anyayahan ang kaluluwa ng mga pumanaw na ninuno na sabihin ang sanhi ng karamdaman sa mag-anak at kung bakit kayâ hindi malusog ang pagtubo ng mga tanim sa bukirin... Ang badjog ay itinuturing na unang bahagi ng pagdaraos ng pachit (peshit, padit), isang pagdiriwang na nangangailangan ng malaking gugulin. Kapag walang káya ang nagdadaos ng badjog, tinatapos na rito ang pagtitipon at hindi na tumutuloy sa isang pachit. Kung minsan, ang badjog ay sinasabing pachit ng mahihirap sapagkat tatlong baboy lámang ang kinakatay rito (Santos, 95).

Bílang mga ritwal ng paghilom, ang pachit at badjog ay maraming ginagampanan sa lipunan ng mga sinaunang Ibaloy. Ang paghilom na tinatamasa ng ritwal ay hindi lámang paghilom ng pangangatawan at kaisipán kundí paghilom din sa mga hidwaan sa komunidad, at paghilom sa lupa para sa mas masaganang pagtubo ng mga tanim. Ang pachit at badjog ay tinitingnan din bílang obligasyon ng mga may kakayahang magbahagi ng mga biyaya sa kapuwa.

Naging mahalaga rin ang papel ng mga ganitong ritwal-pigíng sa lalong pagpapatibay ng ugnayan sa pagitan ng *baknang* (mayayaman) at *abitëg* (mahihirap) sa tradisyonal na lipunang Ibaloy. Baknang ang mga angkanag nagmamay-ari ng malalawak na lupain, mga minahán ng balitok, at mga rancheria. Sa pamamagitan ng mga pachit mas pinaigting ng mga baknang ang kanilang impluwensiya sa komunidad. Pinapakain nila ang mga abitëg, at ang abitëg ay inaasahang maglingkod sa mga baknang na nagsasagawa ng pachit. Samantala ang baknang na hindi nagsasagawa ng pachit ay hindi iginagálang at hindi pinaglilingkuran sapagkat ipinagdadamot niya ang kaniyang mga biyaya. Kayâ naman ang mga ritwal-pigíng ay tagpuan kung saan ang katayuan ng baknang at abitëg ay dumaraan sa transaksyon. Ito ang turo ng isang kuwentong-bayang

nakatalâ sa etnograpiyang *Nabaloi Tales* ni Claude Moss:

If the rich do not give feasts so that the poor may eat, the rich will lose property and become poor. If the poor do not help the rich, their poverty will increase, and they will die.

Once the rich and the poor quarreled. The rich went to one place to live, and the poor went to another place to live. The poor people all became thin, because they had no meat. The rich lost much property, because there was no poor to help them (318–9).

Dulot ng mga transpormasyon sa tradisyonal na lipunan ng mga Ibaloy gaya ng tuluyang pagbabago sa ugnayan ng tao at kalikásan, ang pag-angkin sa mga lupain ng mga Ibaloy ng mga kolonyal na awtoridad at ang pag-iral ng Baguio bílang colonial hill station ng mga Americano, naglaho na rin ang mga ritwal na nagpapatnubay sa isang kaayusang nakadepende sa kasunduan ng baknang at abitëg. Sa pagkawala ng ritwal, nawala rin ang mga naratibo, kuwento, at awiting kaniig ng mga ito.

Kayâ binabalikan ko rito ang ad-dëm na tila isang artifak ngayon. Dakila ang tungkulin nitó sa panahon ng ritwal—ang magtawag ng paghilom. Sa kasalukuyan, pinalilibutan táyo ng mga bagong ritwal ngunit walang paghilom. Naglaho na ba ang bisâ ng isang ad-dëm? Ano pa ang maaaring umusbong na mga bagong pagpapakahulugan sa ad-dëm sa kabila ng paglipat mula sa tradisyong pabigkas tungo sa nakasulat na teksto? Kailangan itong bigyan ng saysay para sa ating panahon, at hayaang maging artikulasyon muli ng ating paghilom.

ANG AD-DËM BÍLANG DOKUMENTO NG CHIVA AT KASAYSAYANG PANGKALINANGAN

Lumilitaw sa ad-dëm ang pag-iisip na may kamalayan sa kasaysayan, sapagkat ang mga binanggit na mga biyayang nagmumula sa mga kabunyan ay mga kasangkapang naglinang sa lipunang Ibaloy. Ang balitok na dalá ni Kabigat ang siyang naging batayan ng paglulugar sa Benguet, at dalá nitó ang pag-usbong ng agrikultura (ang kintoman na dalá ni Bugan) at pagrarrantso (ang nowang mula kay Lumawig) bílang kabuhayang Ibaloy, at ang buhay-ritwal na sinasagisag ng polos na dalá ni Bangan.

Magsisimula ang kasaysayan ng mga Ibaloy sa balitok. Ayon sa mga historyador, ang mga sinaunang Ibaloy ay umakyat sa mga bundok mula sa Pangasinan³ para sundan ang pinagmulan ng ginto. Sa kaniyang mga saliksik tungkol sa mga sinaunang Ibaloy, binibigyang-diin ng arkeologong si Michael Canilao na ang balitok, hindi agrikultura, ang naging batayan ng pag-usbong ng mga ili sa Benguet:

³ Maaaring tingnan bílang ebidensiya ng common ancestry ang kalapitan ng wikang Ibaloy sa wikang Pangasinan.

Gold played a crucial role in the earliest remembered times in Ibaloi society. In fact, gold extraction may have been the main attraction for the early peopling of the Benguet mountains. We know that the Ibaloi are offshoots of the pre-Hispanic Pangasinan who ventured into the mountains because of gold... Then and again, archival-ethnohistorical sources have shown that gold is a major player in early settlement selection. Even the oral traditions from time to time mention how central gold was to the formative development of Ibaloi culture (47).

Sa unang saknong ng ad-dēm na isinalin ni Santos, ang balitok ay kayamanang nagmula kay Kabigat, ang kabunyang madalas tawagin sa mga dasal at awitin. Sa mitolohiyang Ibaloy, siya ang pangunahing personipikasyon ng kabunyan: minsan ay tagalikha ng sangkatauhan, minsan ay kabunyan ng lindol at ng kidlat, minsan ay kabunyan ng balitok.

Hindi lámang iisa ang mito ng balitok sapagkat katangian ng oral na naratibo ang magkaroon ng iba't ibang barayti. Walang iisang orihinal o pangunahing bersiyon. Kung mayroon mang mas laganap na bersiyon, madalas ito ay bersiyong isinulat, isinalin, at inilimbag sa mga teksbuk o etnograpiya. Bagaman may iba't ibang barayti ang mito, sa tradisyong pabigkas man o sa panitikan, may nagingibabaw pa ring mga archetypes na laging unibersal at pamilyar gayundin sa kanilang estruktura kung saan ang mga di-nagbabago at paulit-ulit na tema ay patuloy na lumilitaw.

Sa mga mas popular na bersiyon ng mito ng balitok, ilang tema ang nangingibabaw: (1) ang balitok ay nagmula sa katawan: katawan ng kabunyang nása mortal na anyo, katawan ng isang dambuhalang punò, katawan ng isang mailap na usa o alíngo, o katawan ng isang malaking ahas; (2) ang gawaing pagkuha o paghúli sa balitok ay bumubuo ng bagong pook o humahantong sa kaganapang magbabago sa hubog ng lupa at kaayusan ng mundo; at (3) ang natamong balitok ay hindi kinikimkim kundi ibinabahagi sa kapuwa.

Ekolohikal ang pangangatawan ng balitok. Hindi lámang ito isang uri ng metal na kinukuha sa lupa sa pamamagitan ng ekstraksiyon. Ito ay may taglay na hiwaga at búhay, iniuugnay sa mga pangangatawang may kinalaman sa espirital na paglalakbay. Tutubo ang balitok mula sa nabubulok na katawan ng isang matandang babae o sa katawan ng isang buntis; ang pagtutugma ng kamatayan at pagsilang. Ang nabubulok na katawan ay tatakpan ng isang *palfok*, ang malaking kalderong karaniwang ginagamit sa mga ritwal-pigíng⁴. Ang dambuhalang punò ay tutubo mula sa katawan at magsisilbing tila *axis mundi* na nag-uugnay ng tao sa kabunyan. Sa pagputol ng tao sa gintong punò, pinutol din niya ang pinal na ugnayan sa banal. Dulot ng hiwalayang ito ang kasalukuyang kaayusan ng mundong

walang mga kabunyan.

Sa bersiyon ng mito ng balitok na idinokumento ni Cecile Cariño, may dahilan ang mga kabunyan sa pagkakaloob nila ng punòng yari sa balitok:

‘Aking mga anak,’ ang sabi niya, ‘dahil inilagay ko kayo sa kabundukan, handog ko sa inyo ang ginto, pilak, at tanso. Ang bawat isa sa iyong mga bundok ay naglalaman ng isang sanga ng malaking punò na ibinigay ko sa inyo. Sa mga bundok niyo maaaring hukayin ang inyong mga *osok* (mga minahán). Ang mga dahon ay itinaapon sa mga ilog at doon maaaring salain ang ginto. Ipagpalit niyo ang mga bakal na ito sa mga kapatid ninyo sa kapatagan para sa asin, asukal, at bigas na kakailanganin niyo para sa iyong sarili at sa iyong mga anak. Hinding-hindi mo mararamdaman ang kakapusan (203).

Ang pagtuklas ng balitok ay nagbukás ng mga bagong landas sa mga Ibaloy. Binuksan ng mga ito ang mga rutang mag-uugnay sa ili ng mga Ibaloy sa ibang mga bayan, at ang palítan ng mga produkto ang magpapaunlad sa mga industriyang inangkin na rin nila tulad ng agrikultura at di-kalaunan ay ang pagrarrantso. Inukit ng balitok ang kalupaan. Sinasabing nagkaroon ng mga lindol, pagbaha, at pagguho ng lupa na dulot ng pagputol sa ginintuang punò. At sa pagkaputol ng punò, ang iba't ibang bahagi tulad ng mga sanga at dahon ay ikinalat sa mundo. Kung saan ito napadpad, doon na rin nagtayò ng ili ang mga Ibaloy, kayâ ang balitok ay nagmistulang mga muhon ng mga komunidad sa Benguet. Sa bersiyon ng mito ng balitok na ikinuwento ni Felipe Cosalan:

Nang maláman ng mga tao na ang punò ay ginto, hinangad nilang paghati-hatian ito. Isang araw, napagkasunduan nilang itumba ang punò. Nang gawin nila ito, bumagsak ang pinakamalaking bahagi ng punò sa bandáng Antamok. Ito ang dahilan kung bakit malalaki ang ginto sa nabanggit na lugar. Dahil ubod ng laki ang punò, ang mga ugat nitò ay bumagsak sa Sangilo, Balatok, at Antamok. Ang ibang bahagi ng punongkahoy ay natumba sa bandáng hilaga ng Benguet. Ang mga sanga ay kumalat sa Halsema Highway hanggang sa Lepanto, Mankayan. Ang mga sangang maliliit ay ikinalat sa iba't ibang lugar ng Benguet na pinagminahán ng mga tao (203).

Kung sa mga mito ay balitok ang sanhi ng mga lugar o naging batayan sa paglulugar, gayundin ang balitok sa mga kuwentong-bayan kung saan ang ginintuang katawan ay isang mailap na hayop. Hinuli ng isang sinaunang mangangaso ang ginintuang usa. Hinati

⁴ Isang archetype ang tema ng diyos na namamatay para sa ikabubuhay ng sangkatauhan. Sa mga primitibong relihiyon ang nabubulok na katawan ng diyos ang nagpapataba sa lupa, at lupa ang pinagkukunan ng tao ng lakas. Kinakain ang diyos tuwing ritwal. Ito ang nagbibigay kaayusan sa mundo.

niya ito at ipinamahagi sa mga tao. Gayundin sa mag-asawang naghanap ng matitirhan sa Balegbeg hanggang sa natuklasan nila ang alingo na may gintong balahibo. Doon nila itinayo ang kanilang tirahan at pinaghatian ang alingo sa mga kasámahan.

Sinasalamin ng pagbabahagi ng balitok sa kapuwa ang paniniwala ng mga Ibaloy sa kaugaliang tinatawag na *sagaok*. Ang pagsasagaok ay ang pagbubukás ng isang minahán para pakinabangan ng lahat ng miyembro ng komunidad. Obligasyon ng isang nakatuklas ng *naba* o gold ore (o kayâ ang may-ari ng minahán) na tawagin ang kapitbahay at ilan pang mga kasámahan para sa pagproseso ng ginto sapagkat ang pagmimina ay hindi pagsisikap ng indibidwal lámang ngunit ito ay gawaing kolektibo. Inaasahan ang pagbabahagi ng balitok sa lahat ng tumulong sa pagproseso at kung sinuman ang hindi sumunod sa sagaok (ang hindi magtawag ng mga kapitbahay o kasámahan sa komunidad) ay makararanas ng malas gaya na lang ng biglaang pagkawala ng ginto. Patuloy ang mga biyaya mula sa mga anito sa sinumang hindi ipinagdadamot ang balitok sa kapuwa.

Kaakibat ng pag-angkin ng kayamanan ang maayos na pakikisalamuha sa kapuwa. Hindi layunin ang paglikom sapagkat ang pagkuha ng balitok ay hindi dapat hihigit pa sa kinakailangan ng panahon. Nakaugat ito sa paniniwala ng mga Ibaloy na ang labis na pagkuha mula sa likás na yamang ipinagkaloob ng mga kabunyan ay laging humahantong sa kalamidad.

Kayâ ang mga tradisyonal na pamamaraan ng mga Ibaloy sa pagmimina ay nanatiling payak, kung saan hindi kinakailangan ang sopistikadong teknolohiya sapagkat hindi pangmalawakan ang saklaw ng mga minahán at hindi pangmaramihan ang kinukuhang balitok sa mga bundok (Canilao, “Transformations,” 156). Nariyan ang balitok na dinadala sa mga malalayong lugar at ipinangangalakal; ito ang nagpayaman sa mga Ibaloy sapagkat ang pagiging bukás ng isang lipunan sa kalinangan ng iba ay may dulot na pakinabang. Ang sagaok ang siyang nagbabagong-ano sa naba upang ito ay maging ganap na balitok; binibigkis ng pagprosesong ito ang komunidad.

Balitok din ang siyang nagbukas ng Benguet sa kolonyal na tagpuan. Ang mga minahán ng Igorot⁵ ang pangunahing salik ng pagpasok ng mga Español sa Cordillera sa hulíng mga dekada ng ikalabing-anim na dantaon (Scott, 9), partikular na ang mga minahán sa timugang bahagi ng Cordillera na kinabibilangan ng mga lupaing Ibaloy; ang pangunahing pinagkukunan ng balitok sa Luzon (Caballero, 15).

Bagamat hindi nagtagumpay ang mga Kastila na sakupin ang mga minaháng Igorot, nagdulot ang

kanilang mga ekspedisyong ng mga pagbabago sa pamumuhay ng mga Ibaloy. Sa katunayan, upang hindi pa mabighani ang mga dayuhan sa presensiya ng ginto sa mga bundok, tuluyang iniwasan ng mga Ibaloy ang pagmimina at naghanap ng ibang mapagkukunan ng ikabubuhay (Canilao, “Transformations,” 161).

Sa panahon naman ng mga Americano, minadali ng imperyalistang taktikang benevolent assimilation ang pagbukas ng ilang mga minahán, kayâ lalo pang naudyok ang mga Ibaloy na maghanap ng alternatibong kabuhayan. Sa pagpapatupad ng Philippine Bill ng 1902 na nagbigay karapatan sa mga mamamayan ng Estados Unidos na magbukas ng mga minahán sa Pilipinas (Canilao, “Transformations” 158), at ang nangyaring Gold Rush noong dekada 1930 kung saan dinumog ang bulubunduking Benguet, tuluyan nang napatigil sa kaugaliang pagmimina ang mga katutubong Ibaloy matapos ang pitóng dantaon (Canilao, “Transformations,” 159).

Dulot ng paglipat ng pangkabuhayan mula sa pagmimina túngo sa pagrarrantso at pagtatanim ng palay, tila nabawasan ang sikad ng balitok sa paglinang ng kulturang Ibaloy. Ayon sa pananaliksik ni Canilao, sa ilang tradisyong pasalita ng mga Ibaloy ngayon, bihirang banggitin ang balitok at pagmimina bílang sanhi ng pagbuo ng mga sinaunang pamayanan. Ngayon, sa namamayaning naratibo ng mga baknang, agrikultura ang siyang tinutukoy na batayan ng pagtayô ng mga sinaunang komunidad (Canilao, “Of Gold” 38). Sa kasalukuyan, ang balitok sa Benguet ay patuloy na minimina ng mga malalaking korporasyon. Ang balitok na dalá ni Kabigat ang “nagpayaman sa kanila.”

Kaakibat ni Kabigat ang pagdating ni Bugan, ang kaniyang asawa o minsan naman ay kapatid na babae. Kalauna’y bumabâ naman ang kabunyang si Bugan, kasunod ni Kabigat. Maging kabilang man sa tumbalang Kabigat at Bugan o bílang pangunahing kabunyang tinatawag sa mga asal, si Bugan ay karaniwang binabanggit sa mga ritwal na madalas ay may kinalaman sa palay at sa paghilom⁶.

Matagal nang kamote at gábi ang pangunahing pagkain ng mga Ibaloy (Afable, 896) at mas nahulíng magtanim ng palay ang mga Ibaloy kung ikukumpara sa mga pangkat sa hilaga ng Benguet kung saan nakatirá ang mga Kankanaey, Bontok, at Ifugao. Gayunpaman, sinubukan din ng mga Ibaloy na magtanim ng palay sa binahang mga taniman ng gábi noong unang bahagi ng ikalabing-siyam na dantaon nang unang bumisita si Galvey doon.

Sa katunayan, ang mga unang *payyo* o rice terraces ng mga Ibaloy ay ginawa ng mga manggagawang

⁵ Sa mga kolonyal na pagsasaysay, binansagan ng mga Kastila ang mga Ibaloy at ibang pangkat sa Cordillera bílang *infeles* dahil sa kanilang aktibong pagsalungat sa pagsalakay ng mga kolonyal na awtoridad. Pinaigting ng diskurso ng mananakop ang mistulang pagkakaiba o pagka-Other ng mga grupong hindi sumailalim sa pananakop kaya’t nabuo ang salitang *igorotes* o Igorot bílang kolektibong pagbansag sa mga pagano ng bulubunduking Cordillera. Ginamit din ang bansag para paigtingin ang pagkakaiba ng tagapatag sa taga-bundok. Patuloy pa rin ang bisa ng mga ganitong konstrak sa pagharaya sa mga katutubo ng rehiyong Cordillera. Sa bernakular, itinuturing ngayon ng mga Ibaloy, Kankanaey, at Bontoc ang salitang “Igorot” bílang positibo at hindi mapanlait na pagbansag sa mga taga-Cordillera—isang reklamasyon sa termino na para sa ilang taga-Benguet at Mountain Province ay hindi malaking dilema.

⁶ Ilan sa mga ritwal na ito: ang *bekak* na isinasagawa pagkatapos ng unang ani ng palay para masigurado ang kalusugan ng pamilya; ang *batbat* na isa ring ritwal ng paghilom ng anumang uri ng sakit; ang *diyaw* na isinasagawa sa palayan pagkatapos itanim ang mga binhi; at ang *kosdey* na isinasagawa para sa pagpaparami pa lalo ng ani tuwing panahon ng tagtuyot

Kankanaey, at balitok ang ipinambayad sa kanila. Masasabi ring ang mga Ibaloy at ang kanilang dating kaaway na pangkat mula sa hilaga ay nagpalitan ng kalinangan; balitok kapalit ng teknolohiya sa pagtanim ng palay (Afable, 896). Malamáng si Bugan ay kabunyang hiniram din ng mga Ibaloy sa mga kalapit na pangkat sa hilaga sapagkat may kabantugan din si Bugan sa mga naratibong bayan ng mga Kankanaey at Ifugao.

Sinasalamin ng mga kuwentong-bayan ng mga Ibaloy ang palitang ito kung saan ang palay ay nagmumula lagi sa tirahan ng estranghero o sa purok ng mga kabunyan. Malinaw na ang pagtatanim ng palay ay industriyang iipinakilala sa mga Ibaloy at ito ang nagsilbing pandagdag sa kinagawiang kamote at gabi. Pinapawi ng bigas ang gútom, katulad ng imahe ng “pagdami” ng bigas kapag nagiging kanin sa palayok. Kawángis ang pagpaparami ng mga biyaya. At tulad ng pagbabahaging nagaganap sa sagaok, ang mga tauhan sa mga alamat ng palay ay bibigyan ng mga anito at kabunyan ng bigas na kanila ring ipamamahagi sa kapuwa. Sapagkat ang kintoman na handog ni Bugan, yaong puláng bigas ng mga taga-Benguet, ay maituturing ding ibang uri ng balitok dahil sa angking kapuláhan⁷.

Kintoman din ang pangunahing kasangkapan sa paggawa ng tapëy na siya ring mahalagang bahagi ng mga ritwal, kayá ito ang itinatanging bigas ng mga anito. Sinasabi ring ang tubig mula sa pinakulong kintoman ay ginagamit bílang pandagdag sa gatas ng mga sanggol. Tunay ngang ang kayamanang handog ni Bugan sa mga Ibaloy ay isang mundong sinusustento ng kasaganahan at pagbubukas-palad.

Isa sa mga naging alternatibong kabuhayan ng mga Ibaloy sa pagmimina ang pagtayô ng mga rancheria. Ito ang pagdating ni Lumawig sa kamalayan ng mga Ibaloy, sapagkat ang diyos na ito ay kilalá bílang tagapagparami ng mga hayop.

Tulad ni Bugan, si Lumawig ay malamáng isa rin sa mga kabunyang hiniram ng mga Ibaloy mula sa kanilang mga datig sa hilaga. Sa katunayan, sa mga kanta at mito ng mga Ibaloy, bihirang banggitin si Lumawig, ngunit siya naman ang pangunahing kabunyan ng mga Kankanaey at Bontok. Malaki ang kahalagahan at tungkulin ni Lumawig sa mga Bontok sapagkat siya ang itinuturing na dakilang manlilikha ng kanilang kultura. Maaaring ipalagay na sa kadahilanang si Lumawig din ang henyong may kapangyarihang paramihin ang mga usa sa gubat at mga alagang baboy, ipinataw rin sa kaniya ang kapangyarihang makapagparami ng mga nowang sa pastulan ng mga Ibaloy.

Itong pagbáling ng mga Ibaloy sa pagrarrantso ang nagpaigting sa katayuan ng mga baknang o mayayamang angkan sa Benguet, sapagkat ang bílang ng mga nowang ay tumutugma rin sa lawak ng nasasakupang lupain. Kung ang balitok ang nagparami ng nowang, balitok din ang isa sa mga salik na nagwakas dito dulot ng pagpasok ng mga kolonisador na inaasam ang ginto ng Benguet.

“The 1700s Spanish reports for cattle on the slopes of Mt. Santo Tomas tell of this direct result of Benguet gold sales in Agoo. The cattle economy was revived in the 1800s, and in the early twentieth century, the American government reported 25,000 head in Benguet. Most of these had to be moved out of the city as the construction of Baguio’s center began” (Afable, 896).

Ang ugnayang baknang at abitëg ay tuluyang naglaho dalá ng pagtaboy sa mga báka at kalabaw at sa pagkawala ng mga pastulan. Espasyo at pagkakalugar, lalo na sa ngayo’y kinikilalang siyudad ng Baguio, ang tuluyang nawala sa mga baknang.

ANG AD-DĒM BÍLANG TEKSTO NG PAGGUNITA AT PAG-ASÁM

Sa pinakahuling saknong ng itinampok na ad-dēm, ang polos na dalá ni Bangan ay naaangkop na kasangkapan sa naratibo ng paghilom. Hindi basta “gabi” ang binanggit kundi ang “polos” na tumutukoy sa bahagi ng halamang gabi na itinatanim. Inaalay ang polos tuwing ritwal ng mga yumao dahil ito raw ang itinatanim ng mga kaluluwa ng mga ninuno sa kabílang mundo. Ang polos ay itinuturing isa sa mga kayamanang handog ng mga kabunyan, inilalarawan ang mahalagang partisipasyon ng mga ninuno sa pagbibigay ng yaman. Ang tagapagdala ng polos ay si Bangan na minsan ay pangalan ng laláki at minsan din ay pangalan ng babae. Ang kaniyang pangalan ay nagmula sa salitang *baeng* o *baang* na tumutukoy sa mga hardin o ang mga lugar malapit sa bahay kung saan inilibing ang mga yumaong kaanak.

Dalá ng napagkasunduang pagpapakahulugan ng polos na handog ni Bangan, mahalaga rin ang kapakanan ng mga kaluluwa at ng mga hindi nakikitang elemento sa pangkalahatang pag-iral ng tao sa mundo sapagkat ang paggunita ay kayamanan din.

Kung babalikan ang mga naunang tinawag na kabunyan sa ad-dēm, lumilitaw na ang pagkabaknang ay nakabatay hindi lámang sa balitok, kintoman, nowang, at iba pang materyal na kayamanan, kundi ang kanilang kaakibat na pagpapakahulugan sa espiritwal at mitolohikal na búhay ng mga Ibaloy.

Tunay ngang hindi maaaring basahin ang ad-dēm na hiwalay sa chiva na pinagkuhanan ng mga kahulugan, sapagkat ang balitok ay nag-uungkat ng kolektibong alaala tungkol sa mismong pagbuo ng pagkakakilanlang Ibaloy, at gayundin ang mga napagkasunduang sistema ng pagpapakahulugang inuungkat ng mga elementong ito.

Higit pa sa paggunita, ang ad-dēm ay naghahayag ng pag-asám; hindi lámang dokumento ng nakaraan kundi hangárin. Sa isang ritwal-pigíng tulad ng pachit,

⁷ Sa mga sinaunang lipunan, ang kategorya ng kapuláan ay tumutukoy sa mga sinaunang puwersa ng apoy, luwad, dugo, kalawang, at ilang mga kakulay na mineral na matutuklasan sa kalikasan. Isa na rito ang ginto, ang metal na pinakamadaling ihulma sa anumang hugis at anyo, di-kinakalawang, di-kumukupas ang ningning, at karaniwang itinatangi bílang simbolo ng kayamanan at kabanalan.

kasáma ng man-ad-dēm⁸ ang mambunong⁹ sa pagtawag ng mga kabunyan at ang handog nilang mga biyayang makapagbibigay-yaman sa lahat. Pagkatapos ng mga dasal mula sa mambunong, kumakanta ang mga man-ad-dēm:

Dioso, Kabunian, tomango num agsaya balitok?
Dioso, Kabunian, tomango num agsaya pagui?

Ano, Kabunian, ang magpapayaman sa amin kung hindi ang ginto?

Ano, Kabunian, ang magpapayaman sa amin kung hindi ang palay?¹⁰

Ayon kay Moss, inuulit ang mga linyang ito habang ang salitang *balitok* ay pinapalitan ng *pagui* (palay), kamote, nowang, o anumang kasangkapang itinuturing na materyal na kayamanan. Maaaring basahin ang nauulit na mga taludtod ng ad-dēm bilang pagpapahayag ng tindi ng damdamin o ang “pag-aantas ng kasidhian” na inilarawan ni Yapan sa kaniyang pagsusuri ng pag-uulit bilang katangian ng ating katutubong panitikan:

“Mahigpit ang kaugnayan ng pag-uulit sa pangangasiwa ng kasidhian. Nása estruktura mismo ng pag-uulit ang makalikha ng mga antas ng papatinding kasidhian, sa pagiging maulit, o sa pagkalusaw ng kasidhian, sa paghinto ng mga pag-uulit. Nása kalibrasyon ng mga gagawing pag-uulit ang regulasyon din ng mga antas ng kasidhian. Mapapansing nása pinakahimaymay ng mga ritwal sa pagpatay at pagkamit ng mga agimat sa katutubong pamayanan ang mismong estruktura ng pag-uulit. Napakahalagang salik sa anumang ritwal ang ehersisyo ng pag-uulit” (46).

Laganap din ang mga taludturang inuulit sa mga dasal ng mga mambunong tuwing pachit, ang ritwal-piging na tinutupad din ang kapangyarihan ng isang “agimat sa katutubong pamayanan.” Sa talâ ni Moss¹¹ ng mga dasal at kuwento sa pachit, mapapansin ang paulit-ulit na paggamit ng pag-uulit:

(1) *Kadasantaka. Datokantaka:*
ombaknangka, onbaknangak, onbaknang i makabali. On palpaladka, onpalpaladak, onpalpalad i makabali.

Pinahiran ka na. Ito ang sinasabi ko sa iyo: yumaman ka nawa, yumaman ako nawa, yumaman nawa ang may-ari ng tahananang ito. Mabuhay ka, mabuhay ako, mabuhay ang may-ari ng tahananang ito.

(2) *Datokantaka: mabodinka i*
magasak, mabodinak i magasak, mabaodin

i makabali m magasak. Datokantaka agi:
ampakpakanka i magabay, ampakpakanak i magabay, ampakpakan i makabali i magabay.

Ito ang sinasabi ko sa iyo: Nawa’y pagpalain ka, nawa’y pagpalain ako, nawa’y pagpalain ang may-ari ng tahananang ito. Ito ang sinasabi ko sa iyo: Magbunga nawa ang iyong pinakain, magbunga nawa ang pinakakain ko, magbunga nawa ang pinapakain ng may-ari ng tahananang ito.

(3) *Sikama Kabigat chi inaykayang,*
Kabigat chi inachalum, Kabigat chi inakawa,
Kabigat chi panbodoy ni akou, Kabigat chi ditopan, Kabigat chi panbodoy ni chanom,
Maseken chi inaychalum, Akodau chi inaychalum, Maseken chi kadinoki chi chanom,
Akodau chi kadinoki chi chanom; sikayo angitocho ngiay pachit ja ibakbnangmi i ipalpaladmi. Sikama Bakching ja tinodan ni Kabunian ja apomi. Sikam i itoroan ngiay ja nunong, tap inbunonganmo i bimaknang i pimalpalad. Abatankoso ni bunongmo, albatankoso ni bunongmo say onbaknangmi tan onpalpaladmi.

Ikaw Kabigat ng kataas-taasan, Kabigat ng kailaliman, Kabigat ng pinakagitna, Kabigat sa pagsikat ng araw, Kabigat ng kanluran, Kabigat sa pagtaas ng mga ilog. Maseken ng kailaliman, Akodau ng kailaliman, Maseken sa lagusan ng tubig, Akodau sa lagusan ng tubig; ituro ninyo ang pachit, payamanin ninyo kami, pahabain ninyo ang aming buhay. Ikaw Bakching na tinuruan ni Kabunian, ituro ninyo ang dasal, dahil yumaman ang mga ipinagdasal mo at binigyan ng mahabang búhay. Ituro ninyo ang dasal para kami ay yumaman at humaba ang aming búhay.

Ayon kay Yapan, hindi kinakailangang may kaakibat na representasyon ang mga inuulit, at hindi lámang ito tila mga memory mnemonics na gumagabay sa mismong pagbigkas. Maaaring tingnan ang mga inuulit bilang indikasyon o kalibrasyon ng kasidhian.

Dahil kinakanta ito sa konteksto ng ritwal, ang ad-dēm ay naghahayag ng daing na tumitindi ang epekto sa pamamagitan ng pag-uulit, kayâ ang inaasam na pagbaknang ng mga tao ay inihahayag nang paulit-ulit: “Sikatoy imbaknang cha” (Nagpayaman sa kanila), “ibakbnangmi i ipalpaladmi” (payamanin ninyo kami, pahabain ninyo ang aming búhay), “ombaknangka, onbaknangak, onbaknang i makabali” (yumaman ka nawa, yumaman ako nawa, yumaman nawa ang may-ari ng tahananang ito).

Angkop dito ang salitang Ibaloy na *tolod* na

⁸ mangangawit ng ad-dēm, karaniwa’y mga kababaihan

⁹ pangunahing tagapagdasal; ang namamatnugot sa mga ritwal, karaniwa’y lalaking malawak ang kaalaman sa chiva

¹⁰ Mula sa dokumentasyon ni Claude Moss na *Nabaloi Law and Ritual* (1920); ang salin sa Filipino ay akin.

¹¹ Mula sa dokumentasyon ni Claude Moss na *Nabaloi Law and Ritual* (1920); ang salin sa Filipino ay akin.

tumutukoy hindi lang sa mismong gawaing “tumulong” kundi pati na rin sa pagnanasang mas palakasin pa ang epekto ng isang ritwal¹². Masasabing ang pag-uulit ay isang uri ng tolod dahil tinutulungan niyang itulak ang pagkakatatupad ng inaasam.

Sa gayon, maaaring basahin ang ad-dēm kaugnay ng iba pang mga tradisyong pasalita ng Ibaloy, ang sekular man o ang para sa ritwal. Magkatulad ang sekular na ba-diwa at ang ad-dēm ng ritwal sa mga layong magtawag at mag-tolod para sa biyaya, kasaganahan, at paghilom. Masasabi rin kayâ nating ito na ang poetika ng isang awiting Ibaloy?

LAGOM

Bilang isang tekstong kaagapay ng isang ritwal na bihira nang isinasagawa, ang ad-dēm ay tila naging isang nakasulat na artifak na lámang ng animistikong nakaraan ng mga Ibaloy. Ngunit kung muling susuriin, taglay pa rin niya ang sistema ng paninimbolo at pagpapakahulugang napagkasunduan ng ilang henerasyon—ang kabuuang chiva na patuloy na naglilining sa paghaharaya at pagsasaysay ng mga Ibaloy. Sa pamamagitan ng pagtawag sa mga kabunyan, tinatalâ ng ad-dēm ang kasaysayang pangkalinangan ng mga Ibaloy. Tinutukoy ang balitok, kintoman, nowang, at polos bilang mga kasangkapan sa pagpapakayaman, at sa pamamagitan nitô, nag-uungkat din ng konsepto ng kayamanang hindi lámang materyal kundi ang mga kaakibat na mga kaugalian. Hindi lámang talâ ng nakaraang mga kaugalian ang ad-dēm; ito rin ay

¹² Ibaloy Dictionary. “Tolod” v. [also, to make something effective, efficacious. “Itodod (jo) iyay 9ja) sagawsaw mi.” (Make this sagawsaw ritual of ours effective.)]



SANGGUNIAN

Afable, Patricia. “Notes on Ibaloy Cultural History: A Photographic Essay.” *Ibaloy Dictionary*. Baguio: Diteng and Cordillera Studies Center, University of the Philippines Baguio, 2011.

Caballero, Evelyn J. *Gold from the Gods: Traditional Small-Scale Miners in the Philippines*. Giraffe Books, 1996.

Canilao, Michael Armand P. *Of Gold, Spanish Conquistadors, and Ibaloi Generational Memory*. Baguio: Cordillera Studies Center, University of the Philippines Baguio, 2011.

Canilao, Michael Armand P. “Transformation in Ibaloi Gold Extraction from the Protohistoric Period to the Current Era (14th c.- 20th c.)” *Agham Tao*, vol. 20, 2011, 146–64.

Cariño, Cecile. “The Golden Tree of the Ibalois: A

paghaharaya at pag-aasam para sa isang mundong mas patas, kung saan ang pagkamkam ay salot ng isang lipunan, at ang kasaganahan ay karapatan ng lahat.

GLOSARI

abitëg - tumutukoy sa mga Ibaloy na walang kakayahang magsagawa ng mga pachit at iba pang mahahabang ritwal na nangangailangan ng mas malaking pondo

ad-dēm - inaawit tuwing badjog

badjog - isang ritwal kung saan ang mga kaluluwa ng mga pumanawa na ninuno ay inaanyayahan upang tukuyin ang sanhi ng karamdaman ng isang nagkasakit na mag-anak; unang bahagi ng mas mahabang ritwal na kung tawagin ay pëshit

baknang - tumutukoy sa mga mayayamang angkan ng mga Ibaloy; madalas ito ang mga pamilyang nagmamay-ari ng mga malalawak na rancheria; mga pamilyang may kakayahang magsagawa ng mga pachit kung saan kinakailangang pakainin ang buong komunidad.

balitok - ginto

chiva - kabuoang katawan ng mga naratibo at tradisyon na inihatid sa pamamagitan ng pagkukuwento at tradisyong pasalita

kintoman - pulang bigas

man-ad-ad-dēm - taga-awit ng ad-dēm

nowang - kalabaw

pachit/pëshit - mas mahabang ritwal ng paghilom na kinabibilangan ng badjog; dahil sa kahabaan nitô, ang mga baknang lang ang may kakayahang magsagawa nito

polos - bahagi ng halamang gabi na itinatanim muli at isang handog sa mga kaluluwa upang makapagtanim din sila ng polos sa kanilang mundo

Folktale.” *Folklore Studies*, vol. 17, 1938, 201–3, <https://doi.org/10.2307/1177384>.

Cosalan, Felipe. “Ang Pinagmulan ng Ginto sa Benguet.” *Mga kaalamang-bayan ng Cordillera: Is-istoriya shi Tubday, is-istolya id Sagada, a-apoh ad Ifugao*. Manila: Komisyon sa Wikang Filipino, 2013.

Moss, Claude R. *Nabaloi Law and Ritual*. California: University of California Press, 1920.

Moss, Claude R. *Nabaloi Tales*. University of California Press, 1924.

Santos, Ramon P. *The Vocal Repertoire of the Ibaloi from Kabayan / Ang Repertoryong Pantinig ng Ibaloi sa Kabayan*. Quezon City: University of the Philippines Press, 2017.

Yapan, Alvin B. “Ang Pag-uulit sa Katutubong Panitikan.” *Reading the Regions 2: Philippine Folk and Oral Traditions*. Manila: National Commission for Culture and the Arts.

Si **L.A. PILUDEN** ay isang Kankanaey-Ilokano-Ibaloy, ipinanganak sa Bauko, Mountain Province at lumaki sa Baguio City; dating guro sa St. Mary's School of Sagada; kasalukuyang nagtuturo ng panitikan sa Unibersidad ng Pilipinas Baguio kung saan siya nagtapos ng BA Language and Literature; kumukuha ng MA Language and Literature sa parehong unibersidad; nagsusulat tungkol sa folklore at panitikan ng kinagisnang Cordillera partikular ang mga Ibaloy at Kankanaey; miyembro ng Ubbog Cordillera Writers at Baguio Writers Group.

Pagsibol, Pagsulong, Paglihis, at Pagwawasto: Mga Talâ hinggil sa Kasaysayan ng Pag-unlad ng Rebolusyonaryong Gawaing Pangkultura at Pampanitikan sa Panay (1970-2005)

ROGER FELIX SALDITOS

Salin sa Filipino ni:

KARLO MIKHAIL I. MONGAYA

kimongaya@up.edu.ph

Unibersidad ng Pilipinas Diliman

ABSTRAK

Salin ito ng sanaysay na isinulat sa wikang Hiligaynon ni Roger Felix V. Salditos, isang manunulat at rebolusyonaryong martir mula sa Kanlurang Kabisayaan. Inilatag ng sanaysay ang pag-unlad ng rebolusyonaryong gawaing pangkultura at pampanitikan na isinagawa ng kilusang rebolusyonaryo sa Isla ng Panay mula sa taóng 1970 hanggang 2005. May mahabang kasaysayan ang Panay ng pagsiklab ng mga pag-aalsang magsasaká. Mayaman din itong bukal ng rebolusyonaryong panitikan at sining na sinikap bigyan ng panimulang dokumentasyon at pagsusuri sa sanaysay ni Salditos. Mula sa punto de bistan akademiko, may makabuluhang ambag ang sanaysay ni Salditos sa pagpapalawak at pagpapalalim ng mga naunang pagsisikap na imapa ang naabot at mga hanggahan ng mga produksiyong kultural at pampanitikan sa Isla ng Panay at Kanlurang Kabisayaan

Mga susing salita: Roger Felix Salditos, Panitikang Hiligaynon, Panitikang Rebolusyonaryo, Panitikang Pilipino, Isla ng Panay

ABSTRACT

This is a translation of an essay written in the Hiligaynon language by Roger Felix V. Salditos, a writer and revolutionary martyr from Western Visayas. It lays down the development of revolutionary literary and cultural work in Panay Island from the year 1970 to 2005. Panay has a long history of peasant revolts. It is also a rich wellspring of revolutionary literature and art that Salditos sought to give a preliminary documentation and analysis in this essay. From an academic perspective, the essay contributes to expanding and deepening earlier endeavors to map the feats and boundaries of literary and cultural production in Panay Island and the Western Visayas.

Keywords: Roger Felix Salditos, Hiligaynon Literature, Revolutionary Literature, Philippine Literature, Panay Island

INTRODUKSIYON

Sa pakikibáka lában sa kolonyalismong Español, nagkaroon ng malaking papel ang kilusáng propaganda at kilusáng reporma ng uring ilustrado na tumayó bílang isang kilusáng pangkultura na nagbigkis sa taumbayan lában sa paghaharing Español. Kasáma sa kilusáng ito si Lopez Jaena, isang túbong Iloilo na naging isa sa mga tagapagtatag ng *La Solidaridad*. Kasáma rin niya sina Melecio Figueroa, Telesforo Sugang ng Capiz, at Victorino Mapa na kasapi ng Juventud Escolar Liberal.

Ngunit higit na mapagpasiya ang pagtatatag ng balangay ng Katipunan sa Isla ng Panay na unang isinagawa sa mga baryo ng Lezo at Malinao, Aklan sa pamamagitan nina Candido Iban at Francisco Castillo. Siláng dalawa ay mga marinerong Aklanon na nagwagi sa loteriya at ginamit ang premyo upang bumili ng imprenta para sa paglalathala ng *Kalayaan*, ang pahayagan ng Katipunan. Ang pagtatatag ng Katipunan at ang distribusyon ng pahayagan nitó ay nagsilbing dalúyan ng rebolusyong pangkultura—patriyotiko at anti-kolonyal—ng rebolusyong 1896. Maraming pag-aalsa ang mga Panayanon. Itinakwil ni Teresa Magbanua ang tradisyonal na papel ng kababaihan upang lumahok sa rebolusyon. Itinuon ng isang kompanya ng mga Tiradores ng Culasi ang kanilang mga baril lában sa mga Español at sumapi sa puwersa ni Leandro Fullon ng Katipunan. Sumulong ang Rebolusyong 1896 ngunit panandalian lámang ito dahil sa pananalakay ng imperyalismong Estados Unidos at pagputok ng Digmaang Filipino-Amerikano ng 1899.¹

Ang konsolidasyon ng nasyonalismo sa hanay ng taumbayan ay ipinahayag sa mga anyong kultural na lumaganap sa panahon ng paghaharing US sa mga unang dekada ng ikadalawampung siglo. Hindi naging madali ang pagbura nitó sa pamamagitan ng mga panlilinlang ng mga kolonyalista at panununog ng mga banwa tulad ng ginawa nila sa Dumangas, Dueñas, Igaras, at marami pa sa Panay. Lumitaw ang mga manunulat at makatang Hiligaynon na nagpahayag sa mga aspirasyon ng bayan. Dumami ang mga pahayagan

sa probinsiya. Lumaganap ang mga rebolusyonaryong sulatin na nagpanawagan ng pagkilos at pagkamit ng tunay na kalayaan lában sa imperyalismong US. Higit na panunupil ang reaksiyon ng US sa pagpataw nitó ng Batas Sedisyon noong Nobyembre 4, 1901. Pakay ng mga mananakop ang demonisasyon sa mga Katipunero na patuloy na lumalában sa mga kabundukan ng Janiuay at Lambunao sa Iloilo.

Sa panahon ng kolonyal na paghahari ng imperyalismong US, kinasangkapan mismo ang kultura—ang edukasyon at relihiyon, kalakip ang Protestantismo, upang linlangin ang taumbayan. Sa Tapaz, Capiz, pinakawalan ang mga Amerikanong misyonero at pinalitan ang katutubong pangalan ng mga baryo sa mga pangalan ng mga presidenteng Amerikano tulad ng McKinley, Wright, Roosevelt, at Taft. Ginamit nila ang mga atrasadong paniniwala ng taumbayan tulad ng “aswang” at ang kuwento ni Teniente Gimo sa Dueñas upang ihiwalay ang mga lumalában sa mga mananakop.² Isinagawa ito kasabay sa papatinding pananalakay ng Philippine Scouts at sa huli ng Philippine Constabulary na itinatag ng US upang lipulin ang mga puwersang anti-imperyalista. Kabílang sa mga inatake ang mga espontanyong puwersa ng mga Puláhanes ng Passi at Calinog, ang mga puwersa ni Oto Valentin sa Maasin, at ang mga Yntrencherado ng Hilagang Iloilo. Umabot ng mahigit sampung taon bago tuluyang nalipol ang paglában ni Crispulo “Impong” Evangelio ng Hilagang Panay.

Nagpatuloy ang paglaganap ng kritisismong panlipunan na pinaypayan ng patuloy na umaalab na diwang makabayan na pumupuna sa mga opisyal ng gobyerno, kapitalista, at Amerikano na tinatanaw bílang mga salarin sa sumisidhing krisis ng kabuhayan na tumama sa mga pinakamahirap sa Isla ng Panay at Negros. Sa paglaganap ng mga diskursong Marxista at sosyalista sa kilusáng paggawa sa mga unang dekada ng ikadalawampung siglo ay lumaganap at tumampok ang mga welga ng manggagawa. Sa Panay, inorganisa ang Federacion Obreros de Filipinas (FOF) sa pamumuno ni Jose Nava, na bukod sa pagiging lider-manggagawa ay isang tanyag ding mandudulá at peryodista. Nag-organisa

¹ Tingnan ang *The Struggle against the Spaniards and the Americans in Western Visayas* (1998) ni Henry Funtetcha at *The Katipunan in Aklan* (1997) ni John Barrios.

² Tinatalakay ito sa sanaysay ni Salditos na “Ang Pag-alsa sang mga Mangunguma sa Panay batuk sa mga Dumuluong kag Paggamit sang “Aswang” bílang sangkap sang Nagaharing Sahi sa Pamahug kag Saywar” (2016).

at naging inspirasyon ng maraming produksiyong pampanitikan at artistiko ang mga kilusáng manggagawa at organisasyong lokal tulad ng Katilingban sang mga Inanak sa Pangabudlay [Kapisanan ng mga Anakpawis] at Katilingban sang Mamumugon sa Filipinas [Kapisanan ng mga Manggagawa ng Pilipinas]. Matapang silang lumaban. Sa taóng 1922, nakamit nila ang pagtatag ng sariling militanteng pahayagan sa Español, ang *La Prensa Libre*. Ang FOF ay naging malakas sa Visayas at maging sa Mindanao. Noong taóng 1930, itinatag ang Partido Komunista ng Pilipinas (PKP-1930) sa pamumuno ni Crisanto Evangelista.³

Naging mahalagang puwersang militar na lumaban sa panananalakay ng imperyalistang Hapones ang ang Hukbo ng Bayan Lában sa Hapon (HUKBALAHAP) na itinatag ng PKP-1930 noong 1942. Ngunit hindi nagkaroon ng presensiya ang HUKBALAHAP sa Isla ng Panay sa panahon ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Ang mga patriyotikong gerilya na lumaban sa mga Hapon dito sa isla ay naglunsad ng kauna-unang ambus lában sa mga tropang Hapon sa Bundok Dila-Dila sa Calinog, Iloilo.⁴ Binigyang-representasyon ang mga taon ng digma sa mga obrang kultural, lalo na sa anyong komposo. Kalakhan nitó ay anonimo bílang bahagi ng kultura ng paglában, lalo na sa kanayunan. Sa pagbalik ng imperyalismong US sa Tigbauan, Iloilo, lubusan nang natalo ang Hapon sa balanse ng digma. Itinatag ng US ang isang papet na republika noong 1946 sa pamumuno ni Manuel Roxas, ang unang tutang pangulo na nagmula sa Panay. Sinundan siya nang iba pang mga papet na pangulo na patuloy na naghahari hanggang sa kasalukuyan.

Ang dominanteng kultura ay kontrolado ng US at kaniyang mga lokal na galamay. Ang mga huling henerasyon ng manunulat ay mga produkto ng sistema ng publikong paaralan at masmidya na nakatuon sa pagkonsumo ng mga Americanong eksport kalakip na ang mga pelikulang Hollywood. Gayunpaman, kinatawan ng rebelyong Huk na pinamunuan ng PKP-1930 ang kultura ng paglában at paglantad sa kabulukan ng mga naghaharing uri sa gitnang bahagi ng dekada 1940 hanggang sa maagang parte ng dekada 1950.⁵

Mula dekada 1960 hanggang 1980, tumindi ang krisis ng sistemang mala-kolonyal at mala-piyudal at hindi kinakailangan ng ganitong sitwasyon ng romantisismo o romantikong realismo. Ang panahong ito ay humihingi ng matitibay na proletaryadong rebolusyonaryo na makakasulóng ng isang komprehensibong kilusán para sa panlipunang pagbabago kalakip na ang pag-usbong ng isang bagong kultura na naging sangkap sa pagbagsak ng pasistang diktadura ni Marcos noong 1986.

Totoong kontrolado ng rehimeng Marcos ang masmidya sa pagpataw nitó ng Batas Militar noong

1972, ngunit hindi nitó mapigilan ang pag-unlad ng isang kontra-kultura ng paglában. Hindi nitó nalipol ang pakikibáka para sa tunay na kalayaan at demokrasya na naglalarawan sa totoong kalagayan ng taumbayan sa rehiyon at naglatag ng alternatibong lipunan. Malaki ang papel dito ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) na muling-itinatag noong 1968 at ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) na itinatag noong 1969 at dumating sa Isla ng Panay noong taóng 1971.⁶ Maraming manunulat sa Hiligaynon, Kinaray-a, at Aklanon ay sumapi sa kilusáng lihim at nagpatuloy ng pagsulat doon o kayâ ay tuwirang sumapi sa armadong pakikibáka.

Ang progresibo at rebolusyonaryong pakikibáka sa rehiyon at sa buong bansa ay nagbigay ng dinamismo at kasiglahan at nagdulot ng pagrebolusyonisa sa kultural, pampanitikan, at artistikong ekspresyon sa isla. Ang kalinangang bayan na ito ay ibinunga ng paghaharap ng mga progresibo at rebolusyonaryong puwersa sa realidad ng paghaharing militar at patuloy na tumitinding krisis. Ang praktika ng pakikibáka ang naging materyal para sa malikhaing pagbabalangkas ng samu't-saring anyong kultural—prosa, panulaan, sining, dulâ, at iba pa na kumakatawan ng isang makabayan, makamasa, at siyentipikong katangian. Maraming manunulat at manggagawang pangkultura ang nahubog sa kilusáng ito. Kahit na hindi kinikilala sa mga dominanteng institusyon, ang lumalawak nitóng impluwensiya at linya ay hindi na mababalewala. Ang katotohanang ito sa Isla ay hindi na maisasantabi ng sinumang obhetibong manunulat at kritiko na kumikilala sa papel ng mga rebolusyonaryong puwersa sa pamumulaklak ng maraming bagong panitikan at sining mula sa nakaraan hanggang sa kasalukuyan.

PAGSIBOL NG REBOLUSYONARYONG PRODUKSIYONG PANGKULTURA AT PAMPANITIKAN (1970–1984)

Ang pagsisikap na ipatuloy at paunlarin ang gawaing pangkultura ay hindi lumitaw na espontanyo sa gitna ng panunupil ng diktadurang Marcos. Ito'y isinulong sa kabila ng panganib, ito'y ipinaglában, pinatuluhan ng dugo at pawis, at maging ng búhay. Ito'y may sinasandigang mga prinsipyo.

Pagpapataas sa kultural na nibel ng masa. Nang maabot ng unang pangkat sa pagsisiyasat ang Isla ng Panay noong 1971, tinukoy ang mga hanggahan ng Aklan-Iloilo-Capiz bilang mga estratehikong sona para sa pag-oorganisa at pagpapalawak sa mga kalapit na mga lugar. Binuo ang unang yunit ng BHB sa isla.⁷ Inorganisa nila ang masa at pinakilos lában sa mga tulisán,

³ Basahin si McCoy (Ilo-ilo fractional conflict in a colonial economy, Iloilo Province, Philippines, 1937-1955; “A Queen Dies Slowly”; at “The Iloilo General Strike” para sa mas detalyadong pagsasalaysay sa kasaysayan ng mga tunggalian ng uri sa Iloilo at Negros sa panahong ito.

⁴ Tingnan din ang *The War in Panay* (1952) ni Doromal at *Guerrilla warfare on Panay Island in the Philippines* (1977) ni Manikan.

⁵ Mas idinedetalye ni Salditos ang naging kinahinatnan ng rebelyong Huk sa Isla ng Panay sa sanaysay na “Halaud – Ang Pulá nga Suba sa Kasaysayan kag Paghimakas sang Panaynon” (2015).

⁶ Tingnan ang 2008 na panayam ni Delia Aguilar kay Ma. Luisa Posa Dominado sa *Bulatlat*.

⁷ Hindi naging matagumpay ang mga panimulang pagtatangkang buoin ang unang prenteng gerilya sa silangang patag ng Capiz, Panay

despotikong panginoong maylupa, at pangangagaw ng lupa para sa mga pastulan. Upang mapataas ang kanilang kultural na lebel, tinuruan ang masa ng mga sistemang pangkalinisan at medikal at mga sistema sa pagpapataas ng produksiyong agrikultural. Ipinakilala sa kanila ang pamamaraang siyentipiko at tinuruan sila sa mga kalagayang panlipunan at pakikibakang rebolusyonaryo. Inilunsad ng Partido ang programang literasiya at numerasiya noong 1973 sa prenteng gerilya sa hanggahan ng Aklan at Capiz, at noong 1976 sa iba pang prenteng gerilya sa hanggahan ng Aklan at Antique kung saan pinagkaitan ng pag-aaral ang kabataan.⁸

Dito papasok ang paglikha ng mga binalaybay, komposo, adaptasyon ng mga awit, at maiikling kuwento na ginamit para sa mga programang literasiya-numerasiya at mga gawaing propaganda-edukasyon. Sa mga unang taon, bitbit ng mga kadre at aktibista ang mga awit mula sa mga lungsod na isinalin mula sa Filipino. Mula sa taóng 1975 at mga sumunod na taon, ang pagsulong ng mga karanasan ng mga kasáma⁹ at masa ay sinalamin sa paglawak ng mga tema at paksa ng mga isinagawang sining at panulat. Maraming mga tula at mga isinaling awit ang inangkop sa Aklanon sa mga bundok ng Aklan at Hilagang Antique, at sa Kinaray-a sa mga hanggahan ng Capiz-Iloilo-Aklan.

Sa mga huling taon ng 1970 at 1981, makikita na ang anyo at nilalaman ng gawaing pangkultura ay umunlad kasabay sa pagsulong ng mga kampanyang masa at pagkilos na anti-piyudal at anti-militarisasyon. Pagdating ng taóng 1981, ipinakilala ng mga kasáma mula sa ibang rehiyon ang iba pang mga anyo tulad ng sayaw, mima, at simpleng iskit. Isinagawa rin ang pagsasáma sa mga anyong tradisyonal tulad ng komposo, lúwa, at ambahan ng Sentral Panay. Noong 1981, inilunsad ang isang kumperensiya sa gawaing pangkultura sa Panay. Higit nitóng binigkis ang mga subhetibong puwersa upang mapasulong ang gawaing ito.

Rebolusyonaryong peryodismo. Nakamit sa panahong ito ng mga prenteng gerilya at puting purok¹⁰ sa Panay ang kapasidad na lumikha ng mga rebolusyonaryong pahayagan. Inilabas noong 1976 ang *Igrab* bilang rehiyonal na rebolusyonaryong pahayagan sa Kanlurang Kabisayaan. Una namang lumabas ang *Daba-Daba* bilang rebolusyonaryong pangmasang pahayagan sa Aklan at Hilagang Antique noong 1977. Nariyan din ang *Daba-Daba Newsfiles*, ang suplementong edisyong English ng *Daba-Daba* na lumabas noong 1979 para sa mga propesyonal at panggitnang puwersa.¹¹ Lumabas naman ang *Paghimakas*, ang rebolusyonaryong pangmasang pahayagan sa Timog Negros noong 1981. Nang inilunsad ang kampanya sa rebolusyong agraryo

sa Hilaganang Panay noong 1981, inilabas naman ang *Pandayan* bilang dalúyan ng mga oryentasyon, pagtatása, at paglalagom sa mga danas at aral para sa mga organisador at mga aktibista ng mga partikular na prenteng gerilya.

Lumitaw pa ang mas marami pang mga rebolusyonaryong pangmasang pahayagan sa isla bukod sa mga nabanggit. Isinilang ang *Inaway Banwa* bilang pangmasang pahayagan sa Hilagang Panay noong 1980. Nariyan ang *Partisano* na naging lihim na pangmasang pahayagan sa Metro Iloilo noong 1983, ang *Martsa* na naging rebolusyonaryong pangmasang pahayagan sa Timog Panay noong 1984, at ang *Puláng Sidlangan* na naging rebolusyonaryong pangmasang pahayagan sa Silanganang Panay noong 1988. Noong 1985–1986, inilabas naman ang *Kontradiksiyon* bilang politikal na journal ng rehiyon na naglalaman ng mga tása at lagom ng mga kampanya at iba pang panawagan ng Partido na hindi mailakip sa *Daba-Daba*.

Sa pangkabuoan, kalakip sa nilalaman ng mga nabanggit na rebolusyonaryong pangmasang pahayagan ang mga editoryal, balita, balita-analisis, panayam, lathalain, satire (tulad ng kolum na *Alipalok* sa *Daba-Daba*), mga seksiyong pampanitikan, komiks (tulad ng Caduy sa *Daba-Daba*), glosaryo para sa pag-angkop ng wika, feedback, at mga anunsyo. Kasáma ng mga pahayagang ito ang mga manipesto, praymer, at iba pang anyong nakasulat para sa mga partikular na isyu, kampanyang masa, at pagkilos.

Ramdamngkaaway ang epekto ng rebolusyonaryong panitikan kayâ napilitan siláng maglabas ng sariling mga reaksiyonaryong diyaryo. Nariyan ang “Giya” sa wikang Aklanon sa pangunguna ng PC-INP sa probinsiya ng Aklan (sina Capt. Felix Muchada at Capt. Blanco Pamatay ang nása likod nitó), ang “Silahis” na bersiyong Filipino ng PC-INP Aklan, at ang “Dabu-Dabu: Pamatay sa Kalayo” na bersiyong Kinaray-a naman ng PC-INP sa Antique. Paisa-isa siláng tumigil nang 'di pa matapos ang taóng 1983 at binawi ang pagbánat sa rebolusyon sa pamamagitan ng mga estasyon ng radyo.

Noong 1980–1981, umabot ang sirkulasyon ng *Daba-Daba* sa Guimaras at Negros Occidental at inilathala sa mga edisyong Hiligaynon at Aklanon. Sa ikalawang hati ng 1981, nagpasiya ang Partido sa rehiyon na gawing rehiyonal na pahayagang pangmasa sa Panay ang *Daba-Daba*. Tumayó naman ang *Paghimakas* bilang rehiyonal na pahayagang pangmasa sa isla ng Negros. Mula sa mga nakamimiyograp na isyu sa una nitóng labas noong Pebrero 1977, at ang reproduksiyon nitó sa pamamagitan ng desentralisadong paglimbag na V-type sa apat na mayor na prenteng gerilya, isang prenteng partisano, at

noong 1971 (Sison, “Summing Up Our Experience After Three Years”). Mas naging mabunga ang armadong pag-oorganisa sa mas estratehikong mga bulubunduking hanggahan sa Central Panay (Salditos, “Halaud”).

⁸ Tinatalakay ito sa “Roger Felix V. Salditos and agrarian class struggles in Panay Island, Philippines” ni Mongaya (forthcoming).

⁹ Tumutukoy ang mga kasáma rito sa mga aktibista at kadre na sumulong ng rebolusyonaryong simulain bilang mga kalahok ng kilusáng mapagpalaya. Tingnan si (Mongaya, “Models of Revolutionary Action”).

¹⁰ Sa wika ng kilusáng rebolusyonaryo, tumutukoy ang mga “puting purok” o “white area” sa mga kinikilusang lugar ng kilusán sa labas ng mga sonang gerilya o “puláng purok” na mga teatro ng aktuwal na pakikidigmang gerilya.

¹¹ Para sa kilusáng rebolusyonaryo, ang mga panggitnang puwersa ay tumutukoy sa mga edukadong seksiyon ng lipunan na nagsisilbing mga tagahulma ng opinyon at sa gayon ay mahalagang puwersa na dapat mahamig sa panig ng rebolusyon (Sison, “Our Urgent Tasks,” 389).

mga puting purok sa Panay, narating ng pahayagan ang antas ng offset na paglimbag sa imprenta sa mga taóng 1985 hanggang sa dekada 1990.¹²

Sa pakikipagpalitan sa ibang mga rehiyon, nakarating sa Panay ang iba pang mga pahayagan kahit na limitado ang kopya. Nagsilbi ang mga itong sanggunian upang matutuhan ang kalagayan sa ibang mga rehiyon: *Paghimakas* (Negros), *Pakigbisog* (Central Visayas), *Larab* (Eastern Visayas), *Dangadang* (Hilagang Luzon), *Asdang* (Hilagang Mindanao), *Silyab* (Bicol), *Kalatas* (Timog Katagalugan), *Pulang Silangang* (Gitnang Luzon). Habang patuloy ring tinatangkilik ang mga pambansang pahayagan tulad ng *Ang Bayan*, ang pahayagan ng pamunuan ng Partido, *Liberation*, *Balita ng Malayang Pilipinas*, atbp.

Mga songbuk, antolohiya, awit, at pagsasalin. Noong 1980, inilathala ng Integrated Regional-Provincial Propaganda, Publication and Translation Staff (IRPPTS) ang isang songbuk na naglalaman ng mga rebolusyonaryong awit at tula sa Hiligaynon, Aklanon, at Filipino na may kalakip na mga sketch at drawing. Lumabas din ang typescript ng koleksiyon ng mga tula na “War Poems from Panay” ni Servando Magbanua na may introduksiyon ni Ka Girom. May mga tula na sulat ni Norman Paisano “Ka Girom” Armada at Bayani Obrero. Kinatha ni “Andante Arador” Jose Percival Estocada¹³ Jr. ang mga popular na kanta “Ako Mangunguma” na isinalin sa Filipino at pinasikat ng grupong Patatag sa kanilang album na *Nagbabagang Lupa* at “Sugilanon nga Tumandok” na tungkol naman sa pasismo ng PC.

Mulang 1981 hanggang 1984, dumami ang bilang ng mga materyales para sa propaganda, gawaing pangkultura, at edukasyon na isinalin sa Hiligaynon at Aklanon. Sinimulan ang pagsasalin ng *Ang Bayan* sa Hiligaynon sa pagtatag ng korespondensiya ng rehiyon sa pambansang organo. Isinalin sa Hiligaynon at Aklanon ang mga awit mula sa Silangang Kabisayaan at iba pang mga lugar. May mga salin ng mga teksto ng mga kursong pangmasa at pampartido, mga babasahin at sanggunian, at mga gabay para sa partikular na linya ng gawain—mga manwal sa gawaing militar, medikal, at iba pang tungkulin. Sa panahong ito rin naglabas ng gabay sa pagsasalin ang kawanihan ng mga organo ng sentral na pamunuan ng Partido upang magkaroon ng komon na mga prinsipyo at konsiderasyon para sa pagsasalin ng

Filipino sa iba pang wika sa rehiyon.

Tumampok ang teatrang gerilya sa panahong ito sa pamamagitan ng mga iskit, dulâ, mima, at sayaw, na isinama sa mga tula at awit. Itinanghal ang mga ito ng mga buong-panahon at lokal na mga aktibista sa iba’t ibang okasyon mula sa mga seremonya ng pagtatapos sa mga programang literasiya, rebolusyonaryong kasal, selebrasyon ng anibersaryo ng Partido at Hukbo, pulong ng masa, at iba pang internal na mobilisasyon ng Partido at Hukbo tulad ng pagsasanay ng militar at pag-aaral ng Batayang Kursong Pampartido.¹⁴

Kinatha ni Edward Oliver De la Fuente¹⁵ ang mga orihinal na kanta “Awit sa Kasal” at “Pasismo” (para sa mga biktima ng Bakong Massacre sa Culasi, Antique noong 10 Disyembre 1981)¹⁶ na inangkop sa tono ng awit ni Freddie Aguilar na “Bulag, Pipi at Bingi.” Binigyan niya rin ng orihinal na tono ang “Bilin” na mula sa tula ni Pete Lacaba na isinalin ni Rio Roja sa Aklanon at Hiligaynon. Kabilang sa iba pang mga tula ni Ka Edward ang “Indi Makahueat Rong Panahon,” “Sining Kagab-ihon,” at “Tribute To Ka Dimas” na isinulat bilang parangal kay Ka Rene Baldomero na namatir noong 1981.

Tampok sa panahong ito ang mga tula ni Rio Roja, Rubio Rus Lucha, o Rojo Sangre. Nariyan din ang kolaborasyon nina “Ka Kristin” Jojie Paduano at Bayani Obrero para sa pagkatha ng orihinal na kanta “Inspirasyon” at “Bilin sa Anak,” at iba pang tula tulad ng “Alimpuros.” Naglabas din si Jaime Kasanag at ibang mga kasama na walang sagisag—panulat ng koleksiyon na “Mga Sinipad nga Dahon sang Madyaas.” Kinatha ni Jaime Kasanag ang mga orihinal na kanta “Nguynoy sa Tunga sang Katalunan,” “Permi naton Dumdumon,” “Sa Lubos nga Pag-alagad sa Pumulyo,” at “Dali Na!” na pumapatungkol sa mga kampanya ng konsolidasyon ng Front Guerrilla Unit ng BHB sa isla noong 1982–1983.

Si Ka Lito, isang kadre mula sa Negros noong 1980–1981, ang nagbigay ng orihinal na tono sa mga tula ni Norman Paisano Armada at iba pang makata tulad ng “Bag-ong Hangaway sang Banwa” at “Mabuhì ka Kaupod” (alay sa alaala ng martir na si Ka Girom). Ginawan niya rin ng tono ang kaniyang mga orihinal na lirikong komposisyon tulad ng “Inay, Ako’y Aalis” at “Paalam na Kasama.” Bago pa nitò, maraming awiting Aklanon ang isinulat at binigyan ng mga adaptasyon sa

¹² Ang prenteng gerilya ay mga espasyo sa kanayunan, lalo na sa mabundok at masukal na bahagi nitò, kung saan inilulunsad ng mga rebolusyonaryo ang pakikidigmang gerilya. Ang prenteng partisano ay mga lugar sa mga lungsod at patag kung saan inilulunsad ang pakikidigmang partisano.

¹³ Naging tagapagsalita ng National Democratic Front-Panay si Estocada sa panahon ng usapang pangkapayaan sa pagitan ng gobyerno at kilusang rebolusyonaryo noong 1986. Pinaslang siya ng mga ahente ng militar sa Iloilo City sa kalagitnaan ng mga negosasyong ito. Bago nadeestino sa Isla ng Panay noong 1976 ay kasapi siya ng Kabataang Makabayan habang nag-aaral ng Geodetic Engineering sa UP Diliman. Pinangunahan niya ang Kawanihan sa Edukasyon at Propaganda ng PKP sa rehiyon sa panahon ng kaniyang pagkamatay. Bukod sa pangalang Andante Arador, ginamit din ni Estocada ang pangalang Servando Magbanua upang pirmahan ang kaniyang mga tula. Mababasa ang ilan sa kaniyang mga tula sa koleksiyong *STR, Mga Tula ng Digmang Bayan sa Pilipinas* (1989).

¹⁴ Tingnan ang *Bangon: Antolohiya ng mga Dulang Mapanghimagsik* (1998) na pinapatnugutan nina Glecy C. Atienza, Bienvenido L. Lumera, at Galileo S. Zafra para sa ilang halimbawa ng mga dulâ ng kilusang lihim.

¹⁵ Si De La Fuente ay naging martir ng kilusang rebolusyonaryo noong Abril 20, 1984. Sinalvage siya at dalawa niyang kasama ng militar sa bayan ng Ibayay, Aklan. Halos isang dekada na siyang aktibo sa kilusang rebolusyonaryo sa panahong ito. Una siyang naging aktibo sa Kabataang Makabayan (KM) sa Central Philippine University (CPU) sa Iloilo City. Nagpasiya siyang lumahok sa armadong pakikibaka noong taóng 1973 matapos siyang dinakip at binugbog ng militar dahil sa pagsulat ng mga islogang anti-diktadura sa kanilang kampus (Bantayog ng mga Bayani Foundation Inc., 113–114).

¹⁶ Tingnan din ang salaysay ng Human Rights Violations Victims Memorial Commission hinggil sa Culsai Massacre ng 1981.

mga awiting popular: “Kakwati” (sa tono ng “Matud Nila”), “Maghanda ka Kaupod” (sa tono ng “Tayo na sa Antipolo”), “Rong Partido Komunista” (sa tono ng “South of the Border”), “Rong Rebolusyon sa Atong Nasyon” (sa tono ng “Pandan Rosas”), “Gyera’t Banwa (sa tono ng “Dagohoy”), “Madugay na Kitang Ginhimuslan” (sa tono ng “Sampaguita”), upang mabanggit ang ilan.

Noong 1983, inilabas ang unang isyu ng *Sublak* bilang pamapanitikan ng Panay upang konsolidahin ang mga nalikhang akdang kultural at itulak ang marami na lumikha pa ng mas maraming komposisyon. Noong Pebrero 2001 na lámang muling inilathala ang *Sublak* matapos temporaryong natigil ang publikasyon nitó noong taóng 1987. Ang *Ulos*, ang pambansa-demokratikong folio ng ARMAS na may pambansang saklaw, ay patuloy ring nakarating sa isla. Nitóng huli, ang isang isyu ng *Ulos* ay nakatuon sa mga akda mula sa Panay, kabilang na ang “Sa Anak” ni Ka Pinay, “Datus sa Kabuhi” ni Mayamor, at “Language of Reality” ni Mary Jane Dumaplin na inilathala sa pangalang Ka Tingting.

Isinagawa rin ang isang kumperensiya sa rebolusyonaryong peryodismo ng mga manunulat at artistang biswal sa Visayas sa pangunguna ng kawanihan ng *Ang Bayan*. Dinaluhan ito ng mga istap ng *Daba-Daba* ng Panay, *Paghimakas* ng Negros, at *Pakigbisog* ng Gitnang Kabisayaan ngunit hindi nakarating ang delegasyon mula sa *Larab* ng Silangang Kabisayaan. Nagkasundo ang mga kalahok na magkaroon ng regular na palitan ng mga danas at akdang pangkultura. Sa okasyong ito, ipinása ng mga taga-Panay ang ilang akdang pampanitikan sa Burong Kultural ng pambansang pamunuan ng Partido at sa *Liberation*. Ang mga isinuniteng ito nina Jaime Kasanag, Servando Magbanua at Rio Roja ay inilakip sa koleksiyon ni Kris Montañez na *STR, Mga Tula ng Digmang Bayan sa Pilipinas* (1989) at *Muog: Ang Naratibo ng Kanayunan sa Matagalang Digmang Bayan sa Pilipinas* (1998). Sa panahon ding ito ipinalaganap ang mga tape at songbuk ng album na *Pag-ibig sa Tinubuang Lupa* (1982).

Bukod sa rebolusyonaryong peryodismo, mga anyong kultural sa kanayunan, at mga album ng musika ng mga progresibo at rebolusyonaryo, aktibo ring isinagawa ang paglabas ng mga manipesto, polyeto, praymer, OP-OD,¹⁷ OP-Balsa, istrimer at banner ng mga islogan sa kanayunan at mga lungsod ng isla ng Panay at Negros. Aktibo rin sa panahong ito ang mga legal na dalúyan ng mga progresibong manunulat sa mga tinaguriang “micro-media” ng mga parokya ng simbahan. Ilang halimbawa nitó ang *Mukeat* sa isang lugar sa Aklan, *Manalagna* sa isang malaking simbahan sa Iloilo, at ilan pa sa ibang lugar ng Negros. Naging dalúyan din ng pagpapalaganap ng pambansa-demokratikong linya at progresibong kaisipan sa kabataan ang mga publikasyong mag-aaral sa mga unibersidad at kolehiyo.

ANG PANAHON NG Pagsulong ng REBOLUSYONARYONG PRODUKSIYONG KULTURAL AT PAMPANITIKAN (1985–1987)

Ang taóng 1984 ay idineklara ng kilusáng rebolusyonaryo bilang pinakamabungang taon para sa gawaing pangkultura. Sa pagpasok ng 1985 hanggang sa pag-aalsa sa EDSA noong 1986, pinanghawakan ng Partido sa Panay ang malinaw na direksiyon sa gawaing pangkultura. Nagresulta ito sa konsolidasyon at paglikha ng mga akdang kultural na may iba’t ibang anyo, kapuwa sa larangang legal at ilegal, at sa mas malawak na pagpapalaganap at pag-unlad ng nilalaman. Ang bolyum at kumulatibong awtput ay may kontribusyon sa pagbubuklod sa sambayanan sa tamang pagsusuri sa mga kalagayang panlipunan patúngo sa pagpapataksik ng pasistang diktaturang Marcos noong 1986. Ang kantitabong datos ay nagpapakita na bukod sa pagpapanatili at paglabas ng mas maraming rebolusyonaryong pahayagan ay naging mas popular pa ang mga manipesto, praymer, poster, at komiks lalo na sa kanayunan. Inilathala ang isang bersiyong komiks ng *Espesyal na Kursong Masa* para sa magsasaka. Ginawa ring komiks na inilapat sa mga slides at ibinahagi sa masa at mga alyado ang salin sa Hiligaynon ng *Maikling Kurso sa Lipunan at Rebolusyong Pilipino*.

Naglabas ang *Sublak* ng mga tape recording ng mga awiting rebolusyonaryo noong 1987. Sa taóng 1984, nagkaroon ng brektru ang beta production at dokumentasyon tulad ng isinagawa sa paglibing kay Edward de la Fuente. Sa panahon ding ito, ipinadalá sa labas ng bansa ang isang kawani ng rehiyonal na buro para sa propaganda, edukasyon, at kultura upang magsagawa ng pagsasanay sa dokumentasyon at produksiyong bidyo. Aktibo ang gawaing pangkultura sa hanay ng hukbong bayan at masa. Mas maraming kanta ang umabot sa rehiyon at mas marami pa ang kinatha batay sa sariling mga danas. Aktibong inilunsad ang mga dulá, mima, pagtutula, at mga sayawan.

Mahalaga rin ang mga pag-unlad sa mga puting-purok, lalo na sa mga sentrong urban. Tampok dito ang konduktor ng mga konsiyertong musikal ng mga alyadong musikero at pag-isponsor ng mga konsiyerto ng progresibong grupo tulad ng Patatag. Ang samahán ng mga musikero ay pinalawak at naging aktibo sa mga aktibidad na ito. Higit na mahalaga ang pagiging aktibo ng mga grupong panteatro ng mga alyansang legal at organisasyon sa mga komunidad at paaralan sa antas hay-iskul at kolehiyo. Inilunsad ng mga alyansa ang mga malalaking pagtatanghal at pagtitipong kultural. Nakaugat din ang mga pagtatanghal sa mga malalaking mobilisasyon tulad ng lakbayan, welgang bayan,¹⁸ martsa-rali, at vigil. Isa na rito ang vigil noong 1986 sa pagkamartir ni Jose Percival Estocada, Jr. na pinarangalan sa loob ng halos isang linggo sa St.

¹⁷ Ang OP-OD ay tumutukoy sa Operasyong Pinta-Operasyong Dikit, ang pagpipinta at pagdidikit ng mga panawagang rebolusyonaryo at islogan sa mga pader at lansangan.

¹⁸ Maaaring basahin ang artikulong “Sosyo-Semyotiks ng Welgang Bayan” ni Mongaya tungkol sa welgang bayan bilang isang partikular na anyo ng pagkilos.

Clements, Iloilo bago siya inilibing. Mas marubdob ang mga pag-unlad sa larangan ng teatro sa karatig na isla ng Negros.¹⁹

Isa pang tampok sa panahong ito ang paggamit ng sining biswal sa mga mural sa Panay at lalo na sa Negros, sa mga pader, wide canvass, at effigy. Isang malaking salik nitó ang pagtatag ng mga alyansa at organisasyon ng mga progresibong artistang biswal na minaksimisa sa mga kampanyang masa. Ang mga legal na organisasyon ng magsasaka ay nailában din ang pagkakaroon ng regular na airtime sa mga estasyon ng radyo na naging dalúyan ng mga progresibong akda, talakayan ng isyu, kasaysayan, at mga anunsiyo.

Ang kombinasyon ng lahat ng ito, mula sa kumulatibong punto de bista, ay nagpayaman ng isang kulturang bayan na may oryentasyong pambansa demokratiko sa iba't ibang larangan at anyo ng mga kilalá at di-kilaláng manggagawang pangkultura, artista, at manunulat. Signipikante itong nag-ambag sa pag-unlad ng mga sulatin at ekspresyong pampanitikan ng Hiligaynon at nagpayabong sa Hiligaynon bilang isang wika.

Ang mga akdang ito ay tumuon sa paglában sa mga mapagsamantala at mapang-aping kalagayan at krisis na pinatinidi ng diktadurang Marcos. Ang sitwasyong politikal sa taóng 1984–1985 ay naging higit na paborable sa kilusán. Tumindi ang krisis panlipunan at mga kontradiksiyon sa pagitan ng mga naghaharing uri, lalo na pagkatapos ng pagpaslang kay Ninoy Aquino noong 1983 at mga pigapit ng pagsulong ng armadong pakikibáka at pagkilos ng iba pang puwersang rebolusyonaryo. Ang sentimyento ng mainstream na panitikan at masmidya sa rehiyon ay hindi na masusupil ng blokeng Marcos-Benedicto-militar. Bumaha sa mga lungsod ang mga babasahin, lalo na ang mga poster, istrimer, OP-OD, at OP balsa na may mga islogan. Maging si Conrado Norado, isang manunulat sa Hiligaynon na gobernador noon ng Iloilo, ay napilitang lumahok sa mga pagkilos at rali ng taumbayan noong 1985 at nagsagawa ng mga hakbang upang maibsan ang kumukulong gálit ng masa sa diktador.

Bago pa man at sa gitna mismo ng tigil-putukan noong 1986, ilang press conference ang ipinatawag ng Partido sa Panay sa loob ng mga sonang gerilya na dinaluhan ng mga kasapi ng nakalimbag at brodkas na masmidya. Isang halimbawa nitó ang okasyon ng pagpapalaya ng isang bihag ng digma na nangyari sa Miag-ao, Iloilo. Bago nitó, epektibong ginagampanan ang gawaing media liaison bilang bahagi ng gawaing alyansa. Sa ilang pagkakataon, ang mga progresibo at rebolusyonaryong puwersa ay naging tagalikha ng balita, nilalaman ng mga diyaryo, at paksa sa mga talakayan sa diyaryo. Ang mga awiting BHB na inirekord ng mga manggagawa sa midya, mga pagbigkas ng tula, at mga pahayag ng kilusang rebolusyonaryo ay ibinrodkas sa radyo. Ang sitwasyong ito ay nagdulot din sa

pagpapaluwag sa espasyo ng masmidya sa paglawak ng “demokratikong espasyo” sa panahon ng pagkapangulo ni Corazon Aquino at pagputok ng iba't ibang opinyon at malakas na impluwensiya ng kilusán at ng mga produksiyong kultural nitó.

Batay sa linyang pambansa-demokratiko, ang mga Panayanon ay lumikha ng kultura at panitikang hindi natali sa rehiyonalismo, kundi, nakadugtong at sumaklaw ng kritikalidad at paglában mula sa nakaraan hanggang sa panahon ng paghaharing militar. Ang kilusán sa kanayunan ay lumikha ng sarili nitóng panitikan. Produktibo maging ang mga bílanggong politikal kalakip ang kanilang mga awit, tula, at kard, atbp. at ang kilusáng lihim sa mga lungsod. Ang rebolusyonaryong kultura at panitikan ay naging sandata para sa pagpukaw, pagbibigay pag-asa, pag-oorganisa, at pagpapakilos ng sambayanan. Ito'y naging materyal na puwersa na nagbuklod sa taumbayan sa isang isla sa iisang sentimyento at nag-ambag sa pangkalahatang pagsisikap ng sambayanang Pilipino upang pabagsakin ang diktadurang Marcos. Maging ang mga mainstream na sulatin, mga anyo ng ekspresyong pampanitikan, musika, at sining biswal ay nahikayat ng mga sulatíng progresibo at rebolusyonaryo na lumahok sa daluyong na ito.

ANG PAGHUPA BUNGA NG PAGLIHIS AT ATAKE NG TOTAL WAR (1987–1991)

Sa ikalawang hati ng dekada 1980, makikita pa rin natin ang puwersa ng gawaing kultural na dumadaloy sa mga bukás na kultural na aktibidad. Ngunit apektado na ito sa mga salpok ng tumitinding panunupil sa ilalim ng “Total War” ni Pangulong Corazon Aquino sa mga pulá at putíng purok.²⁰ Higit na mahalaga ang pansamantalang panginigabaw ng maling linya bago ang paglunsad ng Ikalawang Dakilang Kilusáng Pagwawasto sa isla sa unang hati ng dekada 1990.

Sa kabila ng panawagan para isang “kulturang opensiba” ng DUNGOG, ang bukás na pederasyon ng mga organisasyon at alyansang kultural na saklaw ang buong Kabisayaan, may malinaw na paghina sa mga kultural na aktibidad simula sa pagkatapos ng tigil-putukan ng 1986–1987. May ilang eksensiyon kalakip ang ilang aktibidad tulad ng malaking konsiyerto noong 8 Marso 1987, Araw ng Kababaihan, na nagpatampok ng mga orihinal na komposisyon at pakikibáka ng kababaihan at sa teatrical na drama-dulá ng grupong Subli. Tinipon ang mga rekursu at puwersa sa panahong ito upang maisagawa ang Uranyum 235, isang konsiyerto lában sa Baseng Militar ng US noong Disyembre 10, 1987 na inilunsad sa pamamagitan ng alyansang Muklat nga Mangangambong sa Yloylo (AMAY).

Pinaslang ng militar si Servando Magbanua o Jose Percival Estocada Jr. noong Hulyo 1986 sa harap ng

¹⁹ Ito ang paksa ng tesis ni Rosario Cruz Lucero na “Negros Occidental 1970–1986: The fall of the sugar industry and the rise of people’s theater.”

²⁰ Tingnan ang mga aklat na *Creating the Third Force* (1987) ni Walden Bello at *Policing America’s Empire* (2011) ni Alfred McCoy tungkol sa kasaysayang ito.

St. Paul's Hospital. Bahagi ito ng mga operasyong may pambansang saklaw ng rehimeng Aquino na tinarget din ang mga Olalia at si Lean Alejandro.²¹ Ang mga komunidad sa palibot ng Metro Manila ay pinugaran ng mga vigilante tulad ng Bantay Banwa, Alsa Masa, Bantay Dagat, at Field Force ng PC-INP nina Sgt. Elinsano at Capt. Bonifacio. Reaksiyon ito sa mga maling linya ng oryentasyong opensiba ng kilusáng masa sa mga lungsod at ang militaristang pagpapainit ng mga operasyong partisano at gawaing gangster tulad ng “Operasyon Platinum” na umigting sa mga taóng 1987–1989.

Naglunsad ang kaaway ng sunod-sunod na malalaking operasyon sa pangunguna ni Gen. Raymundo Jarque (na sa dulo ay sumapi sa NPA)²² na paisa-isang lumupig sa mga prenteng partisano (sa sentral na kapatagan ng probinsiya ng Iloilo at karatig na Isla ng Guimaras) at sa mga prenteng gerilya sa buong isla ng Panay mulang 1987 hanggang 1989. Kasáma rito ang Oplan Mayflower, Oplan Summersault, Oplan Rollingstone, Oplan Habagat, at Oplan Amihan. Unang nilusob ng kaaway ang Metro Iloilo-Aleoson Complex upang putulin ang kagyat na ruta ng kilusáng masa at hindi mailalantad ang mga kasunod na pagsalakay sa mga prenteng gerilya. Hinigpitan ang kontrol sa masmidya at naging darling ng midya si Jarque.

Nagkaroon ito ng malaking epekto sa kilusáng masa sa anyo ng mas maliliit na mobilisasyon, pag-oorganisa, at paglahok sa mga grupong kultural sa mga pamayanan dulot ng militarisasyon ng mga puting purok, pagsosona ng mga komunidad, panghaharass, intimidasyon, at black propaganda. Ang grupong kultural sa Capiz, ang Samahan ng Makabayang Manunulat at Artista, ay binuwag dahil sa pananakot. Ang isang lider nitó ay sinalvalge ng Alsa Masa sa Dacuton, Dumarao. Sa labas ng eksternal na salik sa mga atake ng kaaway, nariyan din ang mga internal na problema ng kilusán sa anyo ng mga paglihis. May epekto rin ito sa mga puwersa na nagsagawa ng gawaing kultural sa porma ng kawalan ng konsolidasyon, disorientasyon, at pagkalito.

Nagkaroon ng pansamantalang pag-atras ng progresibo at rebolusyonaryong kilusán sa isla sa antas ng 1978–1979, ayon sa pagsusuma ng Partido sa isla. Ang maling linya ay umugat maging sa gawaing kultural, sa mga insureksiyonistang mobilisasyon, sa opensibang oryentasyon ng kilusáng urban, at sa militarismo at adbenturismong militar sa armadong pakikibáka.²³ Ang mga rebolusyonaryong pahayagan ay pansamantalang

itinigil ang operasyon. Maraming puwersa at mga akdang kultural ay “nawala” kalakip na ang mga tula ng maraming awtor, maiikling kuwento, sanaysay, dagli, iskrip ng mga dulá, retrato, poster, komiks, mga salin ng teksto sa Hiligaynon, tape, at slides. Ngunit natirá pa rin ang tradisyong oral, mga kanta, at tula na naisaulo ng masa, at ang mga akdang naiwan ng mga kasáma sa mga lugar na pinagtaguan na naaalala nila. Sa panahon ng pagwawasto, ang mga natirá at bagong henerasyon ng kasáma ay nagpursiging kopyahin at kuning muli ang mga akdang ito mula sa masa. Kailangan nilang muling sulatin ang mga kantang naisaulo ng masa at mga mag-aaral ng programang literasiya ng kilusán noong 1974 na nakaalala pa sa mga itinuro sa kanila.

ANG IKALAWANG DAKILANG KILUSÁNG PAGWAWASTO AT MULING PAGLAKAS NG GAWAING KULTURAL (1992–2005)

I nilunsad ng Partido ang Ikalawang Dakilang Kilusáng Pagwawasto noong 1992 at naging epektibo ito sa isla simula sa taóng 1993. Isinalin ang mga dokumento ng pagwawasto at masiglang pinag-aralan ng masa at mga alyado. Ang mga sulatin at ekspresyong pampanitikan sa panahong ito ay nakatuon sa pagwawasto, muling-pagpapatibay ng mga batayang prinsipyo, pagbabalik sa gawaing masa, at muling-pagbubuo habang nakikipagtunggali sa mga oportunistang traydor.²⁴ Naging abalá ang mga kadre sa pamumuno ng gawaing teritoryal para sa armadong pakikibáka, pagbubuo ng base, at pamumuno ng masa para sa rebolusyong agraryo, kampanyang masa, at mga pagkilos sa sentrong urban.

Sa kanayunan, iilang manunulat at artista lámang, tulad nina Rio Roja, Mayamor, P. Francisco, Rubio Rus Lucha, at Ka Sylvia, ang nakapaglaan ng oras para sa pagsusulat sa mga unang taon ng dekada 1990. Ilan sa mga komposo na kinatha ang “Bukid sang Danao,” “Kahoy nga Kamandag,” at “TO sa Malinao.” Ngunit ang mga mas nakababatang henerasyon na produkto ng pagwawasto at kilusáng kabataan nang maagang 1990, tulad ni “Ka Tingting” Mary Jane Dumaplin, ay nagsimula na ring magsulat.

Unti-unting naging aktibo muli ang pagsusulat ng mga tula, awit, at komposo nang muling sumigla ang mga kampanyang masa at taktikala na opensiba upang makapag-ipon ng lakas matapos iwinasto ang problema

²¹ Ang mag-amang si Felixberto “Ka Bert” Olalia at Atty. Rolando “Ka Lando” Olalia ay mga bantog na lider-manggagawa sa panahon ng Batas Militar. Si Ka Lando ay pinaslang ng mga ahente ng militar noong Nobyembre 12, 1986. Si Lean Alejandro ay kilalang lider-aktibista mula sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman na pinatay rin ng mga ahente ng militar noong Setyembre 19, 1986 (Center for Trade Union and Human Rights).

²² Sumapi si General Jarque sa hanay ng PKP-BHB sa Isla ng Negros noong 1995 (Pabico “Raymundo Jarque”).

²³ Ang insureksiyon ay tumutukoy sa isang armadong popular na pag-aalsa sa mga lungsod. Para sa PKP-BHB, napapanahon ang mga insureksiyon sa mga huling bahagi ng kanilang digmang bayan. Pinupuna nila bílang insureksiyonista at adbenturistang militar ang paghahangad ng mga insureksiyon sa mga maagang yugto ng armadong pakikibáka. Tingnan ang *The Second Rectification Movement* (2023) ni Jose Maria Sison.

²⁴ Noong dekada 1990, nahati ang kilusáng rebolusyonaryo na pinamunuan ng Partido Komunista ng Pilipinas dahil sa mga pagkakaibang ideolohikal. Ang mga kadre at aktibista na pumaloob sa mga posisyong Maoista ng sentral na pamunuan ng PKP ay tinawag na mga reaffirmist habang ang mga tumalikod sa mga prinsipyong ito ay tinawag namang mga rejectionist. Mababása ang posisyong reaffirmist sa librong *The Second Rectification Movement* (Sison). Tingnan din sina Pabico at Quimpo para sa ibang perspektiba.

ng konserbatismo. Ang mga awit at komposong “Bugas, Binhi, Bulong,” “Igpahu,” at “Sang Kami Naghulag” ay naging resulta ng kontra-gutom at kontra-militarisasyong kampanya sa Hilagang Panay.

Noong 1998, ipinása ang isang koleksiyon ng sulatin nina P. Franco, Mayamor, at Rio Roja sa *Ulos*. Lumabas din ang ilang sulatín sa *Sublak* noong Pebrero 2001. Inilathala sa *Ulos* ang ilang sulatín ni Ka Sylvia sa gitna ng dekada 1990. Inilathala naman ang ilang sulatín ni Ka Pinay at Mary Jane Dumaplin sa seksiyong kultural ng *Liberation*. Kalakip din sa koleksiyong *Muog* (1998) ang ilang sulatín mula sa Panay.

Ngunit ang mga sulatín ng mas nakababatang manunulat ay mamumulaklak talaga sa huling bahagi ng dekada 1990 at maagang dekada 2000. Nariyan ang mga salin ng piling tula nina Mao Zedong at Ho Chi Minh. Bumalik ang publikasyon ng *Daba-Daba* noong 1998 matapos ang walong taóng temporaryong pagkatigil ng operasyon nitó, nagpatuloy ang produksiyon ng mga praymer, at dumating din sa isla ang ilang kopya ng *Ulos*. Nagpatuloy ang hámon para sa patuloy na pagsusulat at pagkatha. Dahil sa wastong linya ng kilusáng pagwawasto, naging mas aktibo ang kilusáng urban lalo na ng kabataan at mga manggagawa. Ginatungan ito ng tumitinding krisis, sunod-sunod na pagtaas sa presyo ng langis, at iba pang epekto ng imperyalistang globalisasyon. Idinala rin ang kilusán sa kanayunan sa mga puting purok. Isang malaking salik dito ang pagputok ng mga usapin ng Tumandok noong 1996 lában sa pangangamkam ng lupa ng 3rd Infantry Division. Sumáma ang maraming artista, manggagawang pangkultura, at mga akademiko sa Tumandok indigenous people’s assembly sa taóng iyon. Naging interesado sila sa mga usapin ng Tumandok. Napukaw sila na kumatha ng mga likhang-sining hinggil sa temang ito at magsagawa ng mga eksibisyon sa mga mall at paaralan.²⁵

Sumunod ang sentenaryo ng Rebolusyong 1896. Ang kampanyang ito ay nagbunga ng album na *Sentenaryo sa Mata sang Proletaryado*. Naglalaman ang album ng mga orihinal na kanta sa Filipino, Hiligaynon, at Ingles tulad ng “Muling Pagtibayin.” Ginawa itong isang dulá para sa teatro na itinanghal nang ilang beses.

Huminog ang sitwasyon hanggang ang kilusáng talsik lában kay Joseph Estrada ay rumurok sa EDSA 2. Ipinamalas din ng muling-paglakas ng kilusáng masa ang pagsigla rin ng gawaing kultural mula sa musika (regular na mga konsiyerto), teatro (regular na mga pagtatanghal), sining biswal (mga eksibisyon, mural, at mga plakard na biswal), at panitikan (pagbabasá ng tula at paglabas ng *Bugkos*).

Naging tampok din ang paggawa ng mga pelikula at pagpapalabas ng mga bidyo sa panahong ito. Naimpluwensiyahan ang mga lokal na gumagawa ng pelikula sa rehiyon. Naengganyo rin ang mga film festival sa Lungsod Iloilo na maglabas ng mga progresibo at makabuluhang pelikula tulad ng *Hulot* at *Binukot*. Ang

partikular na danas na ito ay sinalamin sa paglabas ng koleksiyon ng tula ni Ka Saludes na *Nagapabilin sa Kabuhi* noong 1998.

Noong Pebrero 2001, nakamit ang layunin na muling-buhayin ang *Sublak* upang tipunin at konsolidahin ang mga akda ng mga kasáma sa kanayunan at lungsod. Gaya ng inaasahan, ang lupon ng editor ng *Sublak* ay binaha ng maraming sulatín kayâ binigyan nitó ng priyoridad ang mga bagong makata.

Naging mas aktibo ang gawaing kultural sa kanayunan. Kinatha ni Ka Sylvia ang “Sibwagan” hinggil sa isang taktikal na opensiba na nangyari noong 2003. Tinipon din ni Bayani Obrero ang kaniyang mga naunang sulatín upang malathala. Kinailangang bawiin ni Rubio Rus Lucha ang kaniyang mga akdang naiwan sa isang corrupted file sa kompyuter at naging matagumpay dito. Nása ikatlong serye na ng kaniyang nobelang *Can-awan* si Rio Roja matapos maisulat ang unang dalawang tomo at ang *Dalugdog sa Setyembre*. Kinailangan ding i-salvage ni Mayamor ang bulto ng kaniyang mga tula at naratibong sulatín. Nagsulat din si Kasámang Bag-ong Andres ng ilang mga kasaysayan upang mapunan ang kawalan ng historikal na representasyon sa Panay at sa papel nina Ka Waling-Waling Coronacion Chiva at Ka Andres Togonon sa pagtatatag ng kilusáng rebolusyonaryo sa isla noong dekada 1970.²⁶ Nagtulungan ang mga matatandang kadre upang maalala ang kasaysayang ito upang maisulat at maipása sa mga bagong henerasyon ng rebolusyonaryo. Kalakip na rito ang pagsusulat ng mga parangal sa mga martir na kumakatawan sa mga komand ng BHB mga prenteng gerilya sa isla.

Patuloy na pinalalaganap ang mga klasikong kanta na kinatha nina Andante Ardor, Servando Magbanua, at Jaime Kasanag dahil sa kanilang patuloy na halaga. May mga kanta rin mula sa bagong album tulad ng *Alab ng Digma*, *Dakilang Hamon*, at *Anak ng Bayan* na unti-unti ring lumaganap. Nariyan din ang *Rosas ng Digma* na isinasailalim sa kritika.

Noong 2002–2003, muling pinagtibay ang papel ng Partido sa gawaing pangkultura. Kabilang ng tungkuling ito ang pagbalangkas ng mga oryentasyon at gabay para sa mga puwersang nagsagawa ng gawaing kultural at ang iba’t ibang larangan nitó tulad ng pagkatha ng mga komposisyon, iskit, at dulá, paglikha ng mga mini-mural, at pagsagawa ng mga presentasyong kultural at kampanya para sa edukasyon. Kasabay ito sa pagbubuo ng mga pangmasang organisasyon na pinatitibay at pinatataas ang nibel bilang bahagi ng kaisahan ng isang kumperensiya sa gawaing masa sa panahong ito. Naging masigla rin ang gawaing kultural sa hanay ng hukbo lalo na sa mga platoon na naitakda bilang batayang pormasyon kasáma ang seksiyong politikal na namumuno nitó.

Ang kalát-kalát na mga akda ng mga kadre, mandirigma, at aktibistang masa ay tinipon sa mga antolohiya. Isa na rito ang *Pabalon kag iban* ng

²⁵ Ang mga Tumandok ang mga katutubo sa Sentral Panay. Tingnan ang librong *Land and Life* (2022).

²⁶ Tingnan ang sanaysay ni Salditos na “Remedios Paraiso-Gomez (Kumander Liwayway) kag Coronacion Chiva-Togonon (Kumander Waling-Waling: Kababainhan nga Kumander kag mga Martir sang Pungsodnon-Demokratikong Paghimakas sang Pumulyo.”

Binalaybay na naglaman ng mga tula mula sa Sentral Panay sa mga taóng 2003–2004. Sumunod dito ang koleksiyon ng sulatín mula sa mga kasáma sa Timog Panay na may pamagat na *Tinipon nga mga Sinulatan-Globe*. Kalakip dito ang mga sulatín ng kabataang manunulat na pupunò na sa isang tomo kung titipunin lahat—Ka Ella Manindugan, Liwayway Paglaum, Ka Soliman, KD Armada, Ka Riza, Candido Iban II, Ka Gyne, at iba pa.

Bukod dito, naisasáma rin sa kultural na seksiyon ng websayt ng PKP ang mga dihital na kopya ng *Daba-Daba*, mga press release, at pahayag ng Partido at Waling-Waling Command, *Sublak*, at iba pang mga sulatín mula sa Panay. Kalalabas sa panahong ito ang *Rebanek*, mga tinipong dagli at anekdota ni Rubio Rus Lucha na pinunan ni Mayamor, ang koleksiyon ng tula ni Mayamor na *The Enemy's Son and Other Poems* at *Mga Hihwalaybay nga Waay Prosodyo*, at ang *Pila ka Binalaybay ang Akon Gingikanan* ni Bayani Obrero.

Nagpatuloy ang paglikha ng sining biswal mula sa paggawa ng mga card, disenyo ng T-shirt para sa uniporme ng hukbo, mga drawing sa *Daba-Daba* at *Sublak*, at mga visual aid sa *Anahaw*; silkscreen ng mga biswal para sa *Maikling Kurso sa Lipunan at Rebolusyong Pilipino at Espesyal na Kursong Masa*, at iba pang isketch at drawing.

Naging malaking pag-unlad din ang paggamit ng mga produksiyong multi-media at presentasyong bidyo sa larangan ng gawaing kultural. Nagpatuloy pa rin ang mga tradisyonal na pagtatanghal pangkultura tulad ng pag-awit ng koro, pagbabasá ng mga tula, sayaw, drama at teatro sa hanay ng mga mandirigma, masa, at alyado. Ngunit pinataas ng multimedia ang kalidad ng teatro, musika, panulaan, pagsulat ng iskrip, potograpiya, at sining biswal bilang produksiyon. Naglabas ang rehiyon ng Panay ng mga dokumentaryo tulad ng “Panait sang Tumandok,” “Waling-Waling,” at “Tubong-tubong sa Hunyo” na nagtalá sa kampanyang militar noong 2004. Nagkaroon din ng awdyo-biswal na pahayag ang Partido para sa kaniyang ika-37 anibersaryo na ibinahagi sa masmidya. Mas marami nang materyal ngayon na oras na lamáng ang kailangan upang magawan siláng lahat ng produksiyong multimedia. Patuloy rin na ipinalalabas ang mga dokumentaryo at pelikula sa mga mandirigma sa sonang gerilya, mga masa, at alyado. May mga bagong binalaybay na isinulat para sa mga kampanyang militar, pagpaparangal kay Waling-Waling sa Setyembre, mga produksiyong multimedia, at marami pang iba.

Mas marami pa ang kailangang tipunin, pakinisin, ikritika, i-encode, at aprobahan. Ngunit sa tamang panahon, natatanaw natin ang karagdang mga tagumpay sa gawaing kultural habang nakakamit natin ang mga pag-unlad sa ating demokratikong rebolusyong bayan. Hindi lamáng natin binabago ang bulok na kultura kundi maging ang materyal na batayang panlipunan na

²⁷ Nagsimula ang orihinal na talata sa sumusunod na sipi. Hindi ko na ito inilakip sa mismong katawan ng teksto dahil sa katangiang kondiyantiyorial nitó na tumutugon sa partikular na panawagang politikal ng kilusáng rebolusyonaryo sa panahon ng pagsusulat ng sanaysay: “Ang kilusán para sa pagpapataksik ng rehimeng Arroyo sa mga puting purok at ang pagsulong ng mga taktikal na opensiba sa kanayunan ay diyalektikal na naglulugar sa mga artista at mga manunulat upang mahasa sa gitna ng pagkilos habang kumakatha at nagpapayaman sa nilalaman at anyo ng gawaing kultural. Sa parehong paraan, nabuklod din nitó ang puwersa ng sambayanan para sa pagpapataksik ng rehimeng Arroyo.”

nása ubod nitó.²⁷

TALÂ NG TAGASALIN

Ang sanaysay na ito ay orihinal na isinulat sa wikang Hiligaynon ni Roger Felix V. Salditos, isang manunulat at rebolusyonaryong martir mula sa Kanlurang Kabisayaan. Sa sanaysay na ito, gumamit si Salditos ng mga historikal, politikal, at kultural na mga batis na madalas ay hindi pamilyar sa mga karaniwang mámbabasá sa labas ng kagyat na tagpuan na kinikilusan ng awtor. Ito ang rason ng paglagay ko ng mga talâ upang maipaliwanag ang ilang nilalaman nitó. Dinagdagan ko na rin ang sanaysay ng mga listahan ng sanggunian upang makatulong sa mga mámbabasá na interesadong magbasá ng higit pa tungkol sa paksa.

Inilata ng Salditos sa kasalukuyang sanaysay ang isang masaklaw na kasaysayan ng rebolusyonaryong gawaing pangkultura at pampanitikan sa Isla ng Panay mula sa dekada 1970 hanggang sa taóng 2005. Bilang namumunong kadre ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP), kabilang sa kaniyang mga tungkulin ang pangangasiwa ng komite sa edukasyon at propaganda ng Partido sa rehiyon (*Daba-Daba*, 4). Nakatuon ang sanaysay sa enumerasyon at paglalarawan sa mga akdang pampanitikan at mga produksiyong pangkultura na isinagawa ng mga rebolusyonaryo, aktibista, at kasáma na kahanay ng kilusáng rebolusyonaryo na pinamumunuan ng PKP. Ang ilang bahagi ng artikulo ay mailalakip sa introduksiyon ng patnugutan ng Oktubre 2006 isyu ng *Ulos*, ang rebolusyonaryong pangkulturalang journal na pinangangasiwaan ng Artista at Manunulat ng Sambayanan o ARMAS.

Ang Isla ng Panay ay isa sa mga nangungunang rehiyon sa produksiyon ng pagkain sa Pilipinas. Malapít na magkarugtong ang kasaysayan ng Panay sa pag-usbong ng ekonomiyang hacienda sa karatig na Isla ng Negros noong ikalabingsiyam dantaon. Pinaggalingan ang isla ng libo-libong mga migranteng manggagawang bukid na namasukan sa malalawak na plantasyon sa Negros habang sa daungan sa siyudad ng Iloilo naman ipinaraan ang tone-toneladang asukal para sa eksport (McCoy, “A Queen Dies Slowly,” 318–326). Taháman din ang isla ng mga katutubong Tumandok na napanatili ang kanilang kultura sa harap ng banta ng kolonyalismo at agresyong pangkaunlaran sa pangunguna ng estado (Bañez, 132–134; Talledo, 112–114). Ang matinding kahirapan ng atrasadong ekonomiyang agraryo ay mahalagang salik sa pagsiklab ng mga pag-aalsang pesante sa dalawang isla mula sa panahon ng paghaharing kolonyal hanggang sa kasalukuyan. Ito rin ang konteksto sa paglahok ni Salditos at marami mula sa kaniyang henerasyon sa PKP na sa pamamagitan ng armadong grupo nitóng Bagong

Hukbong Bayan (BHB) ay patuloy na naglulunsad sa pinakamahabang insurhensiyang komunista sa daigdig (Mongaya, “Roger Felix Salditos and Agrarian Class Struggles in Panay Island, Philippines”, 3–5).

Isinilang si Salditos sa bayan ng Ilog sa Negros Occidental noong 1958. Lumaki siya sa pamilya ng mga maralitang magsasaká. Pumasok siya sa seminaryo sa Lungsod Bacolod ngunit noong 1979, hindi na niya tinapos ang kaniyang pag-aaral. Buong panahon na siyang kumilos para sa kilusáng rebolusyonaryo. Nadestino siya sa Isla ng Panay kung saan inalay niya ang kaniyang búhay sa pagsusulong ng rebolusyonaryong pagbabago sa piling ng mga másang pesante at katutubong Tumandok. Noong Agosto 15, 2018, pinaslang ng militar si Salditos at anim niyang kasámahan sa San Jose, Antique. Ayon sa mga awtoridad, nanlában sina Salditos at ang tinaguriang “Antique 7” ngunit tumitindig ang mga grupo sa karapatang pantao na walang lában siláng minasaker ng mga puwersa ng estado (Burgos; *Daba-Daba*, 4).

Mas kilalá si Salditos sa kaniyang mga sagisag-panulat na Mayamor at Maya Daniel na ginamit niya upang pirmahan ang kaniyang mga binalaybay at sining biswal. Ang kaniyang mga binalaybay ay inilathala hindi lámang sa mga peryodikong kultural ng kilusáng rebolusyonaryo kundi maging sa ilang publikasyong komersiyal. Kalakhan ng kaniyang mga akdang pampanitikan ay tinipon sa mga sariling-gawang chapbook na ibinahagi sa kaniyang mga kasáma at kaibigan. Hindi na naging sákop ng kaniyang sanaysay ang transisyon mula sa paglikha ng mga anyong pampanitikan at kultural gámit ang tradisyonal na midya patúngo sa págsamantalá sa mga makabagong espasyo na binuksan ng internet at iba pang makabagong teknolohiya. Ngunit mula sa taóng 2015 ay naging aktibo si Salditos na isiwalat ang kaniyang mga binalaybay at iba pang akda sa wordpress website na <https://mayadanielblog.wordpress.com> at Facebook account gámit ang sagisag-panulat na Maya Daniel (Mongaya, “Pag-aakda ng isla ng Panay bilang pook ng paglában,” 97). Inilathala ng Sentro ng Wikang Filipino-UP Diliman ang ilan niyang tula na tinipon at sinalin ng kapuwa niyang rebolusyonaryong makata na si Kerima Tariman sa librong *50: Mga Binalaybay ni Roger Felix Salditos* (2020).

Mula sa punto de bistang akademiko, may makabuluhang ambag ang sanaysay ni Salditos sa pagpapalawak at pagpapalalim ng mga naunang pagsisikap na imapa ang naabot at mga hangganan ng mga produksiyong pangkultura at pampanitikan sa Isla ng Panay at Kanlurang Kabisayaan (Hosillos, 1–4; Alunan, 337–339). Mahalaga ang pagtatalá at paglalarawan ni Salditos sa mga tampok na rebolusyonaryong akdang pampanitikan at pangkultura at pagsasakonteksto nitó sa mga pangunahing tunggaliang panlipunan sa Panay mula sa panahon ng

paghahari ng diktadurang Marcos at lampas sa panahong ito. Maaaring maging lunsaran ang panimulang hakbang ni Salditos sa mas komprehensibong pananaliksik na mas may higit na tuon sa pagpapayaman sa kaalaman hinggil sa paksang ito. Isang paalala rin ito sa mga iskolar at maging sa mga aktibista sa kahalagahan ng dokumentasyon at pag-aartsibo ng mga produksiyong kultural at pampanitikan na nagmumula sa larang ng samot-saring tunggaliang makauri at panlipunan.

Bílang pagkilala sa pinagmulang kalinangan ni Salditos, ginamit kong batayan sa pagsasalin ng sanaysay ni Salditos ang “Gabay sa Pagsasalin” at “Ilang Punto Tungkol sa Ispeling, Bokabularyo, at Balarilang Pilipino” na inilakip sa aklat na *Kilusáng Pambansa-Demokratiko sa Wika* (1992) ni Monico M. Atienza. Hindi nakapaloob sa politikal na institusyonal na balangkas ng kilusáng rebolusyonaryo ang aking pagsalin kay Salditos kung kayâ mas tumuon ako sa antas ng “pagsasaling batay sa kahulugan” kaysa sa prinsipyo ng “pagsasalin batay sa konteksto” na siyang tumatayong teoretikal na edipisyo ng pagsasalin sa loob ng kilusán (De Villa, 145–159). Inilarawan ng isang tagasalin ang panulaan ni Salditos bílang “pagsasakongkreto ng búhay na danas ng mga inaapi” na ipinahayag sa karaniwang wika. Inilarawan niya halimbawa ang pagkalugi ng agrikultura dulot ng liberalisasyon bílang “matinding sakít ng tiyan” (Abalajon, 290). May parehong kayarian ang prosa ni Salditos. Simple at deretso sa punto ang mga ito.

Relatibong naging madalí ang pagsasalin mula sa Hiligaynon ni Salditos patúngo sa Filipino dahil sa kaniyang paggamit ng mga termino at konseptong payak sa kilusáng rebolusyonaryo sa iba’t ibang dako ng Pilipinas. Ngunit nanatili pa rin ang mga hámon sa pagsasalin. Ikalawang wika ko ang Hiligaynon na natutuhan lámang nang nag-aral ako ng batsilyer sa Unibersidad ng Pilipinas Visayas sa Iloilo. Pero tadtad din ng Kinaray-a ang Hiligaynon ni Salditos na sumasalamin sa wika ng mga pesante at katutubong Tumandok na kaniyang kinikilusan bílang isang rebolusyonaryo sa mga kabundukan ng Panay. Ang tanging signipikanteng modipikasyon ko sa orihinal na teksto ay ang paglakip ng pangalawang pamagat na “Pagsibol, Pagsulong, Paglihis, at Pagwawasto” na nagsusuma sa daloy ng sanaysay. Pinaikli ko rin ang ilang ulo ng mga seksiyon.

Nagpapasalamat ako kay Ruth Salditos, ang kabiyaik ng awtor, sa pagbibigay ng pahintulot upang maisalin at mailathala ang sanaysay na ito sa *Daliyan: Journal ng Wikang Filipino*. Nagpapasalamat din ako kina John Ian Alenciaga, Cynthia Deduro, Siegfried Deduro, Tomas Talledo, at iba pang mga kasáma mula sa Panay na sumuporta sa pagsisikap na ito. Salamat din sa mga kapuwa-patnugot na sina Dr. Raniela Barbaza at Dr. Mary Jane Rodriguez-Tatel at sa dalawang peer reviewer para sa makabuluhang komentaryo at mungkahi.

MGA SANGGUNIAN

Abalajon, Eric. "Mayamor: Four Poems." *Tripwire: A Journal of Poetics* 19, 2023, 289–290.

Aguilar, D. "Interview with Ma. Luisa (Luing) Posa Dominado." *Bulatlat*, April 28, 2008. <https://www.bulatlat.com/2008/04/28/interview-with-ma-luisa-luing-posa-dominado/>.

Alunan, Merlie M. *Sa Atong Dila: Introduction to Visayan Literature*. Quezon City: University of the Philippines Press, 2015.

Atienza, Glec, Bievenido Lumbera, at Galileo Zafra. *Bangon: Antolohiya ng mga Duláng Mapaghimagsik*. Quezon City: UP Office of Research Coordination, 1998.

Atienza, Monico. *Kilusáng Pambansa-Demokratiko sa Wika*. Quezon City: Sentro ng Wikang Filipino-Unibersidad ng Pilipinas, 1992.

Bañez, Ma. Arve. "The Political Biography of Dalama: From Binukot to Revolutionary." *Tambara* 19 (2002): 123–38.

Bantayog ng mga Bayani Foundation Inc. *Ang Mamatay Nang Dahil Sa 'Yo: Heroes and Martyrs of the Filipino People in the Struggle Against Dictatorship 1972-1986*. Vol. 1. Manila: National Historical Commission of the Philippines, 2015.

Barrios, John, M. Cichon, at D. Ilio. *The Katipunan in Aklan*. Manila City: National Centennial Commission, 1997.

Bello, Walden. *Creating the Third Force: US Sponsored Low Intensity Conflict in the Philippines*. San Francisco, CA: The Institute for Food and Development Policy, 1987.

Burgos, Nestor. "Soldiers, Cops Massacred 7 Alleged NPA Rebels in Antique, Families Say." *Philippine Daily Inquirer*, August 17, 2018. <https://newsinfo.inquirer.net/1022373/army-troops-police-massacred-7-alleged-npa-members-in-antique-families-say>.

Center for Trade Union and Human Rights. *Buhay at Dugo ng Anakpawis... Alay sa Bayan: Antolohiya ng Talambuhay ng mga Bayani ng Ating Panahon*. Manila: CTUHR, 1987.

Daba-Daba. "Ka Dudi: Propagandista kag Edukador sang Rebolusyon." *Daba-Daba*, August 2020, 4–6.

De Villa, Ma. Theresa L. *Teorya at Praktika ng Pagsasalin ng Philippine Society and Revolution ni Amado Guerrero, 1968–1982*. Quezon City: UP Center for Integrative and Development Studies, 2002.

Doromal, J. D. *The War in Panay: A Documentary History of the Resistance Movement in Panay during World War II*. Manila: Diamond Historical Publications, 1952.

Firmeza, Ruth, et al. *STR, Mga Tula Ng Digmang Bayan Sa Pilipinas*. Pilipinas: LINANG Kilusán sa Paglilintang ng Rebolusyonaryong Panitikan at Sining sa Kanayunan, 1989.

Guillermo, Gelacio. Pat. *Muog: Ang Naratibo ng Kanayunan sa Matagalang Digmang Bayan sa Pilipinas*, ng Instityut sa Panitikan at Sining ng Sambayanan (IPASA). Quezon City: University of the Philippines Press, 1998.

Hosillos, Lucila V. *Hiligaynon Literature: Texts and Contexts*. Quezon City: Aqua-Land Enterprises, 1992.

HRVVMC. "Honoring the Martyrs of the Culasi/Bacong Bridge Massacre of 1981." Human Rights Violations Victims' Memorial Commission, December 20, 2020. <https://hrvvmemcom.gov.ph/culasi-bacong-bridge-massacre-of-1981/>.

Labiste, Ma. Diosa. "Two women honored as martyrs in the resistance to Marcos dictatorship." *Women Writing Women*, December 5, 2017. <https://womenwritingwomen.com/2017/12/05/two-women-honored-as-martyrs-in-the-resistance-to-the-marcos-dictatorship-2/>.

Land and Life: The Tumandok People of Panay and Their Struggle. Iloilo City: Iloilo Legal Assistance Center & Taiwan Foundation for Democracy, 2022.

Lanzona, V. *Amazons of the Huk Rebellion: Gender, Sex, and Revolution in the Philippines*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2010.

Lucero, Rosario Cruz. "Negros Occidental 1970-1986: The fall of the sugar industry and the rise of people's theater." PhD Dissertation, University of the Philippines, Diliman, 1990.

Manikan, G. *Guerilla Warfare on Panay Island in the Philippines*. Quezon City: Bustamante Press, 1977.

McCoy, Alfred. "A Queen Dies Slowly: The Rise and Decline of Iloilo City." *Philippine Social History: Global Trade and Local Transformations*, inedit nina Alfred McCoy at Ed C. de Jesus, 297–358. Quezon City: Ateneo de Manila University, 1982.

—. Ilo-ilo Fractional Conflict in a Colonial Economy, Iloilo Province, Philippines, 1937–1955. PhD Dissertation, Yale University, 1978.

—. *Policing America's Empire: The United States, the Philippines, and the Rise of the Surveillance State*.

Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2011.

—. “The Iloilo General Strike: Defeat of the Proletariat in a Philippine Colonial City.” *Journal of Southeast Asian Studies* 15, blg. 2, 1984, 331–64.

Mongaya, Karlo Mikhail I. “Models of Revolutionary Action: The Kasáma in *Ang Bayan* during the Anti- Dictatorship Struggle (1982–1985).” *Kritika Kultura* 39, 2022, 458–97. <https://dx.doi.org/10.13185/KK2022.003922>.

—. “Pag-aakda ng isla ng Panay bilang pook ng paglában: Ang mga binalaybay ni Mayamor / Maya Daniel / Roger Felix Salditos.” *Daliyan Journal ng Wikang Filipino* 27, blg. 1, 2021, 96–116.

—. “Roger Felix Salditos and Agrarian Class Struggles in Panay Island, Philippines.” *Agrarian South: Journal of Political Economy*, 13, blg. 1, 2024, 1–31. <https://doi.org/10.1177/22779760241226810>.

—. “Sosyo-Semyotiks ng Welgang Bayan: Representasyon ng Panlipunang Aktor sa Rurok ng Anti-Diktadurang Pakikibáká.” *Humanities Diliman* 19, blg. 2, 2022, 34–73.

Pabico, Alex. “Raymundo Jarque.” *Philippine Center for Investigative Journalism*. February 2, 2006. <https://web.archive.org/web/20201124103449/https://old.pcij.org/stories/raymundo-jarque/>.

—. “The Great Left Divide.” *The Investigative Reporting Magazine* V(2): April–June 1999. <https://web.archive.org/web/20100615074927/https://pcij.org/imag/SpecialReport/left.html>.

Quimpo, Nathan G. *Contested Democracy and the Left in the Philippines After Marcos*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2008.

Salditos, Roger Felix. [Maya Daniel]. “Halaud – Ang Pula nga Suba sa Kasaysayan kag Paghimakas sang Panaynon.” *Mayadanielblog*, 5 Nobyembre 2015. <https://mayadanielblog.wordpress.com/2015/11/05/9/>.

—. “Remedios Paraiso-Gomez (Kumander Liwayway) kag Coronacion Chiva-Togonon (Kumander Waling-Waling: Kababainhan nga Kumander kag mga Martir sang Pungsodnon-Demokratikong Paghimakas sang Pumulyo.” *Mayadanielblog*, Nobyembre 5, 2015. <https://mayadanielblog.wordpress.com/2015/11/05/14/>.

—. “Ang Pag-alsa sang mga Mangunguma sa Panay batuk sa mga Dumuluong kag Paggamit sang ‘Aswang’ bilang sangkap sang Nagaharing Sahi sa Pamahug kag Saywar.” *Mayadanielblog*, Enero 22, 2016. <https://mayadanielblog.wordpress.com/2016/01/22/sanaysay-ang-pag-alsa-sang-mga-mangunguma-sa-panay-batuk-sa-mga-dumuluong-kag-paggamit-sang-aswang-bilang-sangkap-sang-nagaharing-sahi-sa-pamahug-kag-psy-war/>.

Salditos, Roger Felix. *50: Mga Binalaybay ni Roger Felix Salditos (Mayamor / Maya Daniel)*, salin ni Kerima Lorena Tariman. Quezon City: Sentro ng Wikang Filipino University of the Philippines Diliman, 2020.

Sison, Jose Maria. “Our Urgent Tasks.” Sa *Selected Readings from the Works of Jose Maria Sison*, 340–95. Paris: Foreign Languages Press, 2021/1976. <https://foreignlanguages.press/wp-content/uploads/2021/11/B07-Selected-Readings-of-Jose-Maria-Sison-4th-Printing.pdf>.

—. “Summing Up Our Experience After Three Years.” Sa *Foundation for Resuming the Philippine Revolution*, 375–410. The Netherlands: International Network for Philippine Studies, 2013/1972.

Sison, Jose Maria [Armando Liwanag]. *The Second Rectification Movement: Writings by Armando Liwanag*. Paris: Foreign Languages Press, 2023/1992.

Talledo, Tomas. “Construction of Identity in Central Panay: A Critical Examination of the Ethnographic Subject in the Works of Jocano and Magos.” *Asian Studies* 40, blg. 1, 2004, 111–23.

Ulos. “Umaagos ang Rebolusyong Pangkultura sa Isla ng Panay!” *Ulos*, October 2006, 9–25.



Si **ROGER FELIX SALDITOS** (1958–2018) ay isang manunulat at rebolusyonaryong martir mula sa Kanlurang Kabisayaan. Mas kilalá sa kaniyang mga sagisag-panulat na Mayamor at Maya Daniel, kinikilala si Salditos ng ilang iskolar bilang isa sa mga pinakamahusay na makata mula sa hanay ng kilusáng rebolusyonaryo na nagsusulat sa wikang Hiligaynon. Inilathala ng Sentro ng Wikang Filipino-UP Diliman ang ilan niyang tula sa librong *50: Mga Binalaybay ni Roger Felix Salditos*.

Si **KARLO MIKHAIL I. MONGAYA** ay katuwang na propesor sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman, Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas. Siya ay associate editor sa *Agrarian South Research Bulletin* at manunulat para sa Global Voices.



Internasyunal na Lupon ng mga Editor

Romulo P. Baquiran, Jr. PhD

Unibersidad ng Pilipinas
Pilipinas

Joi Barrios-LeBlanc, PhD

University of California Berkeley
USA

Rowena Cristina L. Guevara, PhD

Unibersidad ng Pilipinas
Pilipinas

Ramon G. Guillermo, PhD

Unibersidad ng Pilipinas
Pilipinas

Emmanuel M. Luna, PhD

Unibersidad ng Pilipinas
Pilipinas

Fidel R. Nemenzo, PhD

Unibersidad ng Pilipinas
Pilipinas

So Obata, PhD

University of Shizuoka
Japan

Dina Joana Ocampo-Cristobal, PhD

Unibersidad ng Pilipinas
Pilipinas

Masanao Oue, PhD

Osaka University
Osaka, Japan

Victor Paz, PhD

Unibersidad ng Pilipinas
Pilipinas

Rogelia Pe-Pua, PhD

University of New South Wales
Australia

Epifanio San Juan, Jr. PhD

Philippine Cultural Studies Center
Connecticut, USA

Sachi Takahata, PhD

University of Shizuoka
Japan

Nicanor G. Tiongson, PhD

Unibersidad ng Pilipinas
Pilipinas

Rolando B. Tolentino, PhD

Unibersidad ng Pilipinas
Pilipinas

Tereso S. Tullao Jr. PhD

Pamantasang De La Salle
Pilipinas

Galileo S. Zafra, PhD

Unibersidad ng Pilipinas
Pilipinas

Ang Banal na Búhay at Ang Karima-rimarim na Katawan:
Pagsusuri ng Isang Vidang Bikol
Shaunnah Ysabel V. Cledera

Doon Po sa May Dakong-Hulo:
Panimulang Pananalambaw sa mga Kuwentong-Bayan ng Valenzuela
Anthony Baculbas Gabumpa

Apat na Dulâ ukol sa Adbokasiya ng Positibong Disiplina
Fredyl B. Hernandez

**Mga Tula sa Filipino-SOX na Zines: Túngo sa Pagpapakilala ng Multilingguwal
at Multikultural na Komunidad sa Timog Mindanao**
Hannah A. Leceña

Kayamanan, Pag-aasam, at Paghilom sa Ad-dēm ng mga Ibaloy
L.A. E. Piluden

Pagsibol, Pagsulong, Paglihis, at Pagwawasto:
**Mga Talâ hinggil sa Kasaysayan ng Pag-unlad ng Rebolusyonaryong
Gawaing Pangkultura at Pampanitikan sa Panay (1970–2005)**
Roger Felix Salditos
Salin sa Filipino ni: Karlo Mikhail I. Mongaya

